
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2018

# Liahona



## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Dalawang Bagong Apostol Sinang-ayunan

Bagong mga General Authority at General Auxiliary Officer Sinang-ayunan

Pitong Bagong Templo Ibinalita



Ang Unang Panguluhan

*Sinang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson (gitna) bilang ika-17 Pangulo ng Simbahan sa ika-188 Taunang Pangkalahatang Kumperensya. Ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan ay sina Pangulong Dallin H. Oaks (kaliwa) at Pangulong Henry B. Eyring.*

# Mga Nilalaman Mayo 2018

Tomo 21 • Bilang 5


## Sesyon sa Sabado ng Umaga

6 **Kapita-pitagang Kapulungan**
*Pangulong Henry B. Eyring*

9 **Mga Natatanging Kaloob mula sa Diyos**
*Pangulong M. Russell Ballard*

12 **Ako Ba ay Anak ng Diyos?**
*Elder Brian K. Taylor*

15 **Kung Paanong Pinatawad Kayo ng Panginoon, ay Gayon Din Naman ang Inyong Gawin**
*Elder Larry J. Echo Hawk*

17 **Ang Puso ng Isang Propeta**
*Elder Gary E. Stevenson*

21 **Hanggang sa Makapitongpung Pito**
*Elder Lynn G. Robbins*

24 **Ang Propeta ng Diyos**
*Elder Neil L. Andersen*

## Sesyon sa Sabado ng Hapon

28 **Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

29 **Ulat ng Church Auditing Department, 2017**
*Kevin R. Jergensen*

30 **Maamo at Mapagpakumbabang Puso**
*Elder David A. Bednar*

34 **Isa Pang Araw**
*Elder Taylor G. Godoy*

36 **Mga Kabataang Babae sa Gawain**
*Bonnie L. Oscarson*

39 **Ang Nakapagliligtas na mga Ordenansa ay Magbibigay sa Atin ng Kagila-gilalas na Kaliwanagan**
*Elder Taniela B. Wakolo*

42 **Pagtuturo sa Tahanan—Isang Masaya at Sagradong Responsibilidad**
*Devin G. Durrant*

46 **Family History at Gawain sa Templo: Pagbubuklod at Pagpapagaling**
*Elder Dale G. Renlund*

## Pangkalahatang Sesyon ng Priesthood

50 **Ano ang Kailangang Maunawaan ng Lahat ng Mayhawak ng Aaronic Priesthood**
*Douglas D. Holmes*

54 **Pambungad na Pananalita**
*Pangulong Russell M. Nelson*

55 **Ang Elders Quorum**
*Elder D. Todd Christofferson*

58 **Masdan! Hukbong Kaygiting**
*Elder Ronald A. Rasband*

61 **Inspiradong Pagmiministeryo**
*Pangulong Henry B. Eyring*

65 **Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

68 **Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos**
*Pangulong Russell M. Nelson*

## Sesyon sa Linggo ng Umaga

75 **Tanggapin ang Banal na Espiritu Bilang Inyong Patnubay**
*Elder Larry Y. Wilson*

78 **Matibay na Nangagkakaisa**
*Reyna I. Aburto*

81 **Dalisay na Pag-ibig: Ang Tunay na Tanda ng Lahat ng Tunay na Disipulo ni Jesucristo**
*Elder Massimo De Feo*

83 **Ang Magtitiis Hanggang sa Wakas ay Siyang Maliligtas**
*Elder Claudio D. Zivic*

86 **Mapasainyo ang Kanyang Espiritu**
*Pangulong Henry B. Eyring*

89 **Maliliit at Karaniwang mga Bagay**
*Pangulong Dallin H. Oaks*

93 **Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay**
*Pangulong Russell M. Nelson*

## Sesyon sa Linggo ng Hapon

97 **Si Cristo Ngayo'y Nabuhay**
*Elder Gerrit W. Gong*

98 **Ang mga Propeta ay Nagsasalita sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo**
*Elder Ulisses Soares*

100 **Paglilingkod**
*Pangulong Russell M. Nelson*

101 **"Makapiling at Palakasin Sila"**
*Elder Jeffrey R. Holland*

104 **Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas**
*Jean B. Bingham*

107 **Narito, ang Tao!**
*Elder Dieter F. Uchtdorf*

111 **Ito ay Tungkol sa mga Tao**
*Bishop Gérald Caussé*

114 **Maghandang Humarap sa Diyos**
*Elder Quentin L. Cook*

118 **Magpatuloy Tayo**
*Pangulong Russell M. Nelson*

72 **Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw**

119 **Ulat sa Estadistika, 2017**

120 **Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya**

121 **Mga Balita sa Simbahan**

137 ***Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Melchizedek Priesthood at Relief Society***




# Ang Ika-188 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**Sabado ng Umaga, Marso 31, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Mervyn B. Arnold. Pangwakas na Panalangin: Elder W. Mark Bassett. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: "O Kaylugod na Gawain," *Mga Himno,* blg. 89; "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15, isinaayos ni Wilberg; "Tinig ng Propeta," *Mga Himno,* blg. 16, isinaayos ni Murphy; "Magpunyagi, Mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43; "Ang mga K'wento Kay Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 36, isinaayos ni Murphy; "Ang Manunubos Ko'y Buhay," *Mga Himno,* blg. 77, isinaayos ni Wilberg.

**Sabado ng Hapon, Marso 31, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks. Pambungad na Panalangin: Elder Mark A. Bragg. Pangwakas na Panalangin: Elder Peter F. Meurs. Musika ng pinagsama-samang mga choir mula sa mga institute of religion sa Salt Lake City, Utah; Marshall McDonald at Richard Decker, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: "Halina, Tinig ng Propeta'y Dinggin," *Mga Himno,* blg 14. isinaayos ni Matthews at Goodliffe, "Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?" *Mga Himno,* 74, isinaayos ni McDonald at Parker; "Piliin ang Tama," *Mga Himno,* blg. 145; medley, isinaayos ni McDonald: "Bilang Mga Kabataan Sion," *Mga Himno,* blg. 158, at "Ang Bakal na Gabay," *Mga Himno,* blg. 174; "Tutungo Ako Saanman," *Mga Himno,* blg. 171, isinaayos ni Wilberg.

**Sabado ng Gabi, Marso 31, 2018, Sesyon sa Priesthood**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: M. Joseph Brough. Pangwakas na Panalangin: Elder K. Brett Nattress. Musika ng isang priesthood choir mula sa Brigham Young University-Idaho; Randall Kempton, Paul Busselberg, at David Lozano-Torres, mga tagakumpas; Brian Matthias at Andrew Unsworth, mga organista: "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, isinaayos ni Busselberg, inilathala ng Sharpe Music Press; "O Diyos sa Langit," *Mga Himno,* blg. 59, isinaayos ni Busselberg, inilathala ng Sharpe Music Press; "Praise to the Lord, the Almighty," *Hymns,* blg. 72; "Rise Up, O Men of God," *Hymns,* blg. 324.

**Linggo ng Umaga, Abril 01, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Russell M. Nelson. Pambungad na Panalangin: Elder S. Mark Palmer. Pangwakas na Panalangin: Elder Joaquin E. Costa. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Clay Christiansen at Richard Elliott, mga organista: "On This Day of Joy and Gladness," *Hymns,* blg. 64; "Si Cristo Ngayo'y Nabuhay," *Mga Himno,* blg. 120, isinaayos ni Wilberg; "Isinugo, Kanyang Anak," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 20-21, isinaayos ni Hoffheins; "Panginoo'y Hari!" *Mga Himno,* blg. 33; "Siya'y Nabuhay!" *Mga Himno,* blg. 119, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford University Press.

**Linggo ng Hapon, Abril 01, 2018, Pangkalahatang Sesyon**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks. Pambungad na Panalangin: Elder Weatherford T. Clayton. Pangwakas na Panalangin: Elder Valeri V. Cordón. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Brian Matthias, mga organista: "Brightly Beams Our Father's Mercy," *Hymns,* blg. 335, isinaayos ni Murphy; "Nasa Puso ng Pastol," *Mga Himno,* blg. 134, isinaayos ni Wilberg; "Manunubos ng Israel," *Mga Himno,* blg. 5; "Mahalin ang Bawat Isa," *Mga Himno,* blg. 196, isinaayos ni Wilberg; "Magpatuloy Tayo," *Mga Himno,* blg. 148, isinaayos ni Elliott, inilathala ni Jackman.

**Makukuhang mga Mensahe sa Kumperensya**
Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya online sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha rin ang mga video at audio recording sa Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na angkop sa mga miyembrong may kapansanan ay makukuha sa disability.lds.org.

**Sa Pabalat**
Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.
Likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

**Mga Retratong Kinunan sa Kumperensya**
Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kinuha nina Cody Bell, Janae Bingham, Mason Coberly, Randy Collier, Weston Colton, Allessandra DeAgostini, Ashlee Larson, Brian Nicholson, Leslie Nilsson, Matt Reier, Christina Smith, Dave Ward, at Mark Weinberg.



**MAYO 2018 TOMO 21 BLG. 5**
**LIAHONA 14751 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Hugo E. Martinez
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Francisca Olson
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa Liahona para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.



## Index ng mga Tagapagsalita

Aburto, Reyna I., 78
Andersen, Neil L., 24
Ballard, M. Russell, 9
Bednar, David A., 30
Bingham, Jean B., 104
Caussé, Gérald, 111
Christofferson, D. Todd, 55
Cook, Quentin L., 114
De Feo, Massimo, 81
Durrant, Devin G., 42
Echo Hawk, Larry J., 15
Eyring, Henry B., 6, 61, 86
Godoy, Taylor G., 34
Gong, Gerrit W., 97
Holland, Jeffrey R., 101
Holmes, Douglas D., 50
Jergensen, Kevin R., 29
Nelson, Russell M., 54, 68, 93, 100, 118
Oaks, Dallin H., 28, 65, 89
Oscarson, Bonnie L., 36
Rasband, Ronald A., 58
Renlund, Dale G., 46
Robbins, Lynn G., 21
Soares, Ulisses, 98
Stevenson, Gary E., 17
Taylor, Brian K., 12
Uchtdorf, Dieter F., 107
Wakolo, Taniela B., 39
Wilson, Larry Y., 75
Zivic, Claudio D., 83

## Indeks ng mga Paksa

Aaronic Priesthood, 50
Aklat ni Mormon, 12
Banal na katangian, 12, 30
Biyaya, 21
Diyos Ama, 12, 78, 81
Espiritu Santo, 75, 86, 93, 98
Family history, Kasaysayan ng pamilya, 36, 46, 114
First Presidency, 17, 93
Gawaing misyonero, 114
Gawain sa templo, 36, 46, 114, 118
Home, 42, 111
Home teaching, 100, 101
Jesucristo, 9, 12, 15, 21, 24, 30, 34, 39, 75, 78, 81, 83, 86, 89, 93, 97, 98, 104, 107, 111
Joseph Smith, 12, 39, 86, 93, 97
Kaamuan, 30
Kabutihan, Katuwiran, 114
Kagalakan, 34
Kamatayan, 107
Kapalaluan, Pagmamalaki, 30
Kapita-pitagang kapulungan, 6, 17, 24, 93
Korum ng Labindalawang Apostol, 17, 93
Korum ng priesthood, mga, 54, 55, 58, 61, 104
Melchizedek Priesthood, 55, 58, 65
Mga Anak, 12, 42
Mga Kabataan, 104
Mga ordenansa, 39, 46, 50, 97, 114, 118
Organisasyon ng Simbahan, 17, 58, 101
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 12, 42, 83
Pagbabayad-sala, 12, 15, 34, 39, 50, 81, 93, 97, 107
Paggaling, pagpapagaling, 46
Paghahanda, 114
Paghahayag, 75, 93
Paghihirap, 107
Pag-ibig sa Kapwa-tao, 61
Pagiging ama, 65
Pagiging ina, 12
Pagkabuhay na Mag-uli, 89, 97, 107
Pagkadisipulo, 36, 81, 104, 107, 111, 118
Pagkakaisa, 58, 78, 114
Pagkamarapat, 65, 75
Paglilingkod, 54, 55, 58, 61, 68, 78, 86, 100, 101, 104, 111
Paglilingkod, 9, 36, 54, 55, 61, 65, 68, 78, 81, 101, 104
Pagmamahal, 54, 78, 81, 86, 100, 101, 104
Pagpapakumbaba, 30, 86
Pagpapatawad, 15, 21, 81
Pagsisisi, 21, 24, 50, 75, 83, 89, 107
Pagsunod, 24, 83, 86, 89
Pagsunod sa propeta, 17, 24, 58, 98
Pagtitiis, 83
Pagtuturo, 17, 42, 50
Pamilya, Mag-anak, 42, 65
Panalangin, 42, 75, 78, 83, 86, 93
Pananampalataya, 9, 24, 50, 86, 98, 118
Pangkalahatang kumperensya, 118
Pasko ng Pagkabuhay, Easter, 93, 97, 107
Plano ng kaligtasan, 34, 81
Priesthood, 65, 68, 100
Propeta, mga, 9, 17, 24, 30, 97, 98
Relief Society, 100, 104
Responsibilidad, 36, 114
Sabbath, 9
Sakramento, 9, 21, 39, 83
Sakripisyo, 34
Tagumpay, 21
Templo, mga, 97
Tipan, mga, 39, 83, 97, 111, 118
Tungkulin sa Simbahan, mga, 65, 93
Visiting teaching, 100, 101
Young Men, 36
Young Women, 36, 100



# Mga Tampok na Kaganapan sa Ika-188 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

Ang pangkalahatang kumperensyang ito ay makasaysayan sa maraming dahilan, kabilang na ang pagbabago ng mga korum ng Melchizedek Priesthood at pagsisimula ng bagong yugto ng paglilingkod. Ngunit malamang ang pinaka-inabangan ay ang ating indibidwal na pagkakataon na sang-ayunan si Pangulong Rusell M. Nelson bilang ika-17 Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

### Isang Kapita-pitagang Kapulungan

Nang tayo ay tumayo at sinang-ayunan ang bagong propeta at Pangulo, ang itinaas nating mga kamay ay hindi binilang ng kahit na sinong tao na tagatabi ng mga talaan; ang mga ito ay nabilang sa langit bilang isang tipan sa Diyos.

Sa buong kumperensya, nakakita tayo ng ebidensiya na ito ang Simbahan ng Tagapagligtas, na ginagabayan Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod. Nakita natin ang pwesto ng isang buhay na propeta na may kinalaman sa atin—hindi namamagitan sa atin at sa Tagapagligtas ngunit katabi natin at itinuturo ang daan patungo sa Tagapagligtas. Naranasan natin ang pagkakataon na makatanggap ng "personal na kumpirmasyon na ang pagkatawag kay Pangulong Nelson ay nagmula sa Diyos" at pag-angkla ng "ating mga kaluluwa sa Panginoong Jesucristo [sa pamamagitan ng] pakikinig sa mga isinusugo niya" (tingnan sa Elder Neil L. Andersen sa pahina 26).

- Maaari mong mas malaman pa ang tungkol kay Pangulong Russell M. Nelson sa 16 pahina na special supplement na kasama sa May 2018 *Ensign* at *Liahona*.

### Pagsang-ayon sa mga Bagong Lider

Bukod pa sa pagsang-ayon kay Pangulong Nelson, sinang-ayunan din natin ang higit pa sa 70 bagong mga lider.

- Tingnan ang listahan ng mga nasang-ayunan, kabilang ang mga bagong Area Seventy, sa pahina 6–8, 28–29.
- Basahin ang maiikling mga bayograpiya ng mga bagong lider sa pahina 121.

### Pagbabago sa mga Korum at Ministering

Bagamat pinapatnubayan ng mga propeta, ang mga pagbabago na inanunsyo sa kumperensya ay "mga halimbawa ng paghahayag [mula sa Diyos] na gumagabay sa Simbahang ito simula pa noong umpisa nito," sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland (tingnan sa pahina 101).

- Basahin ang mga tagubilin sa pagbabago ng mga korum mula kay Pangulong Nelson, Elder D. Todd Christofferson, at Elder Ronald A. Rasband, simula sa pahina 54.
- Basahin ang mga tagubilin sa ministering mula kay Pangulong Nelson, Elder Holland, at Sister Jean B. Bingham, simula sa pahina 100.
- Humanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito at instructional resources sa news section sa pahina 132–133.

### Karagdagang mga Templo

Upang bigyang-diin ang "ating mensahe sa mundo" na "inaanyayahan natin ang lahat ng anak ng Diyos sa magkabilang panig ng tabing na lumapit sa kanilang Tagapagligtas, tanggapin ang mga pagpapala ng banal na templo, magkaroon ng walang-hanggang kagalakan, at maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan," nag-anunsyo si Pangulong Nelson ng pitong bagong mga templo.

- Alamin kung saan itatayo ang pitong bagong templo, sa pahina 133. ■





**Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# Kapita-pitagang Kapulungan

Mga kapatid, hiniling ni Pangulong Nelson na ako ang mangasiwa sa gawain ng kapita-pitagang kapulungan na siyang dahilan kaya tayo nagtipon.

Napakahalaga ng okasyong ito sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo.

Mula pa noong Oktubre 10, 1880, nang sang-ayunan si John Taylor na humalili kay Brigham Young bilang propeta, tagakita at tagapaghayag, at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, bawat isa sa mga okasyong ito ay tinawag nang isang kapita-pitagang kapulungan ng mga miyembro ng Simbahan para ipaalam ang tinig ng Simbahan.

Magbobotohan tayo ayon sa mga korum at grupo. Saanman kayo naroon, inaanyayahan kayong tumayo kapag hinilingan at ipakita sa pagtataas ng kamay kung sasang-ayunan ninyo ang mga pangalang babanggitin. Boboto lamang kayo kapag pinatayo na kayo.

Magmamasid ang mga General Authority na nakatalaga sa Tabernacle at sa Assembly Hall sa Temple Square sa botohang gagawin sa mga pagtitipong iyon. Sa mga stake center, isang miyembro ng stake presidency ang magmamasid sa botohan. Kung may botong hindi sang-ayon, ang mga mga indibidwal na hindi sumang-ayon ay nararapat na makipag-ugnayan sa kanilang mga stake president.

Magpapatuloy na tayo. Muli, tumayo at bumoto lamang kapag hinilingan.

Tumayo po lamang ang Unang Panguluhan.

Iminumungkahing sang-ayunan ng Unang Panguluhan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan





ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang mga sang-ayon na Unang Panguluhan, mangyaring ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan ng Unang Panguluhan si Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo at si Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan ng Simbahan.

Ang mga sang-ayon na miyembro ng Unang Panguluhan ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan ng Unang Panguluhan si Dallin Harris Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si Melvin Russell Ballard bilang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon na miyembro ng Unang Panguluhan ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan ng Unang Panguluhan bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit Walter Gong, at Ulisses Soares.

Mga miyembro ng Unang Panguluhan, mangyaring ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan ng Unang Panguluhan ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Mga miyembro ng Unang Panguluhan, ay mangyaring ipakita lamang.

Mangyaring umupo na po ang Unang Panguluhan.

Inaanyayahan namin sina Elder Gong at Elder Soares ngayon na maupo kasama ang Korum ng Labindalawa.

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa lamang, kabilang sina Elder Gong at Elder Soares ay mangyaring tumayo.

Iminumungkahi na sang-ayunan ng Korum ng Labindalawang Apostol si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang



Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila ng Unang Panguluhan.

Ang mga sumasang-ayon na miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, mangyaring ipakita lamang.

Magsiupo na po kayo.

Tumayo po lamang ang mga General Authority Seventy at mga miyembro ng Presiding Bishopric.

Iminumungkahi na sang-ayunan ng lahat ng General Authority Seventy at mga miyembro ng Presiding Bishopric si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila ng Unang Panguluhan.

Ang mga sumasang-ayon na General Authority Seventy at mga miyembro ng Presiding Bishopric, mangyaring ipakita lamang.

Magsiupo na po kayo.

Tumayo po lamang ang mga susunod saanman kayo naroon: Lahat ng Area Seventy, inordenahang mga patriarch, at lahat ng miyembro ng high priests at elders quorum.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang sinumang di sang-ayon, ipakita lang.

Umupo na po.

Lahat ng miyembro ng Relief Society —ibig sabihin, lahat ng babaeng disiotso anyos pataas—tumayo po lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila.

Lahat ng sang-ayon, magtaas lamang ng kamay.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Maaari na kayong umupo.

Lahat ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood lamang—ibig sabihin, lahat ng inordenang priest, teacher, at deacon —tumayo lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila.

Lahat ng sang-ayon, magtaas lamang ng kamay.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Maaari na kayong umupo.

Ang mga kabataang babae na edad dose hanggang disiotso ay mangyaring tumayo lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila.

Lahat ng sang-ayon, magtaas lamang ng kamay.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Maaari na kayong umupo.

Ngayon, lahat ng miyembro, saanman nakatipon, kasama na ang lahat ng tumayo kanina, magsitayo po lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama ang kanyang mga tagapayo at mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ayon sa pagkabanggit at pagsang-ayon sa kanila.

Lahat ng sang-ayon, magtaas lamang ng kamay.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Maaari na po kayong umupo.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagmamahal at suporta. ■



**Ni Pangulong M. Russell Ballard**
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Mga Natatanging Kaloob mula sa Diyos

*Ang buhay ay maaaring mapuspos ng pananampalataya, galak, kaligayahan, pag-asa, at pagmamahal kapag may katiting tayo ng tunay na pananampalataya kay Cristo.*

Mga kapatid, katatapos lang nating makilahok sa isang kapita-pitagang kapulungan, isang kaugaliang mababakas sa Biblia nang magtipon ang sinaunang Israel upang damhin ang presensya ng Panginoon at ipagbunyi ang Kanyang mga pagpapala.[1] Pribilehiyo nating mabuhay sa panahon na naipanumbalik ang sinaunang kaugaliang ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.[2] Hinihimok ko kayong itala sa inyong personal journal ang nadama ninyo sa napakasagradong okasyong ito na nilahukan ninyo.

Kamakailan, nagpaalam tayo sa ating mahal na kaibigan at propetang si Pangulong Thomas S. Monson. Bagama't nangungulila tayong lahat sa kanya, lubos tayong nagpapasalamat na tumawag na ang Panginoon ng bagong propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, para mangulo sa Kanyang Simbahan. Sa maayos na paraan nagsimula na tayo ngayon ng isang bagong kabanata sa kasaysayan ng ating Simbahan. Ito ay isang mahalagang kaloob ng Diyos.

Nang sang-ayunan natin si Pangulong Nelson sa pagtataas ng kamay, naging mga saksi tayo sa harap ng Diyos at kinilala natin na siya ang nararapat humalili kay Pangulong Monson. Sa pagtataas ng kamay, nangako tayong makinig sa kanyang tinig kapag tumatanggap siya ng tagubilin mula sa Panginoon.

Sinabi na ng Panginoon:

"Kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang [ibig sabihin ang Pangulo ng Simbahan] mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito . . . ;

"Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya."[3]

Mahigit 60 taon ko nang kilala ang ating bagong propeta at pangulo. Nakapaglingkod na akong kasama niya sa Korum ng Labindalawa nang 33 taon, at saksi ako na matagal na siyang inihahanda ng Panginoon na maging namumunong apostol at propeta natin para pangasiwaan ang lahat ng susi ng banal na priesthood sa lupa. Bawat isa nawa sa atin ay lubos siyang suportahan at ang kanyang mga tagapayo at sundin ang kanilang tagubilin. Nagagalak rin kami na makasama sina Elder Gong at Elder Soares bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus, isang kaganapang ipinagdiriwang natin sa dakilang katapusan ng linggong ito ng Easter, nagpakita Siya sa Kanyang mga disipulo at sinabi, "Kapayapaan ay sumainyo: *kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo.*"[4] Pansinin ang dalawang isinagawa—isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak. Isinusugo ng Anak ang Kanyang mga tagapaglingkod—mortal na kalalakihan at kababaihan—para isagawa ang Kanilang gawain.

Hindi tayo dapat magulat na malaman na ang mga taong tinawag para gawin ang gawain ng Panginoon ay hindi perpektong mga tao. Nakadetalye





ang mga pangyayari sa mga kuwento sa banal na kasulatan tungkol sa kalalakihan at kababaihang tinawag ng Diyos upang magsagawa ng isang dakilang gawain—mabubuting anak na lalaki at babae ng ating Ama sa Langit na tinawag na maglingkod sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan, nagsisikap na gawin ang lahat, ngunit wala pa ni isang perpekto sa kanila. Totoo rin iyan sa atin ngayon.

Dahil totoong mayroon tayong mga kahinaan at pagkukulang, paano natin susuportahan at tutulungan ang isa't isa? Nagsisimula iyan sa pananampalataya—tunay at taos na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Pananampalataya sa Tagapagligtas ang unang alituntunin ng doktrina at ebanghelyo ni Cristo.

Ilang taon na ang nakararaan bumisita ako sa Holy Land. Nang maparaan kami sa isang tanim na mustasa, nagtanong ang direktor ng BYU Jerusalem Center kung nakakita na ako ng buto ng mustasa. Hindi pa kaya huminto kami. Ipinakita niya sa akin ang mga buto ng mustasa. Nagulat ako sa liit ng mga ito.

Pagkatapos ay naalala ko ang mga turo ni Jesus: "Sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito'y lilipat; at walang magiging imposible sa inyo."[5]

Kung may pananampalataya tayo na sinliit ng buto ng mustasa, matutulungan tayo ng Panginoon na alisin ang mga bundok ng kawalang-pag-asa at pagdududa sa mga gawain sa ating harapan habang naglilingkod tayo sa mga anak ng Diyos, kabilang na ang mga kapamilya, miyembro ng Simbahan, at hindi pa miyembro ng Simbahan.

Mga kapatid, ang buhay ay maaaring mapuspos ng pananampalataya, galak, kaligayahan, pag-asa, at pagmamahal kapag may katiting tayo ng tunay na pananampalataya kay Cristo—kahit sinliit ito ng buto ng mustasa.

Naalala ni Elder George A. Smith ang isang payo sa kanya ni Propetang Joseph Smith: "[Sinabi niya sa akin na] hindi ako dapat [panghinaan] ng loob kahit anong hirap ang pumaligid sa akin. Kung ako ay ibaon sa pinakamalalim na hukay ng Nova Scotia at ang [buong] Rocky Mountains ay maibunton sa akin, hindi ako dapat [panghinaan] ng loob kundi umasa, manampalataya, at manatiling matapang at ako ay makaaahon sa ibabaw ng bunton."[6]

Dapat nating alalahanin ang sinabi ni Pablo: "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa [sa pamamagitan ni Cristo] na nagpapalakas sa akin."[7] Ang malaman ito ay isa pang mahalagang kaloob ng Diyos.

Bukod pa sa mga kaloob na nabanggit ko, marami pang iba. Ilan lang ang tatalakayin ko ngayon—ang kaloob na araw ng Sabbath, sakramento, paglilingkod sa iba, at ang walang-kapantay na kaloob ng Diyos sa atin na ating Tagapagligtas.

Ang kapangyarihan ng araw ng Sabbath ay para maranasan sa simbahan at sa tahanan ang tuwa, galak, at init ng madama ang Espiritu ng Panginoon nang walang gambala.

Napakaraming tao ang halos nakadepende ang buhay sa Internet sa kanilang mga smart device—mga screen na nag-iilaw sa kanilang mukha gabi't araw at mga earplug sa kanilang tainga na humahadlang sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu. Kung hindi tayo magbibigay ng panahon na iwaksi ang mga electronic device, baka tayo lagpasan ng mga pagkakataong marinig ang tinig Niya na nagsabing, "Magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios."[8] Hindi masamang gamitin ang mga kaunlaran sa teknolohiya na binigyang-inspirasyon ng Panginoon, ngunit maging matalino tayo sa paggamit nito. Alalahanin ang kaloob na araw ng Sabbath.

Ang pagpapalang tumanggap ng sakramento ay hindi dapat maging pangkaraniwan kailanman o isang bagay lamang na ginagawa natin sa sacrament meeting. Pitumpung minuto lang iyon sa isang buong linggo na nakakatigil tayo sandali at nakakatagpo ng higit na kapayapaan, galak, at kaligayahan sa ating buhay.

Ang pagtanggap ng sakramento at pagpapanibago ng ating mga tipan ay isang patunay natin sa Panginoon na lagi nga natin Siyang naaalala. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay isang mapagmahal na kaloob ng Diyos.

Ang pribilehiyong maglingkod sa mga anak ng Ama sa Langit ay isang pagkakataong masundan ang halimbawa ng Kanyang Mahal na Anak sa paglilingkod sa isa't isa.

Ang ilang pagkakataong maglingkod ay pormal—sa ating pamilya, mga tungkulin sa Simbahan, at paglahok sa mga organisasyong naglilingkod sa komunidad.

Ang mga miyembro ng Simbahan—kapwa ang kalalakihan at kababaihan

—ay hindi dapat mag-atubili, kung nais nila, na tumakbo para sa anumang katungkulan sa anumang antas ng pamahalaan kung saan sila nakatira. Ang ating tinig ay kailangan ngayon at mahalaga sa ating mga paaralan, lungsod, at bansa. Kung saan may demokrasya, tungkulin natin bilang mga miyembro na iboto ang marangal na kalalakihan at kababaihan na handang maglingkod.

Maraming pagkakataong maglingkod na hindi pormal—hindi itinatalaga—at dumarating kapag tumutulong tayo sa ibang mga taong nakikilala natin sa buhay na ito. Alalahanin na itinuro ni Jesus sa abugado na dapat nating mahalin ang Diyos at ang ating kapwa tulad sa ating sarili gamit ang Mabuting Samaritano bilang halimbawa.[9]

Ang paglilingkod ay nagbibigay ng pagkakataon na maunawaan natin ang buhay at ministeryo ni Cristo. Naparito Siya upang maglingkod, tulad ng itinuturo sa mga banal na kasulatan, "gayon din naman ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa marami."[10]

Maaaring naibigay ni Pedro ang pinakamagandang paglalarawan ng ministeryo ng Tagapagligtas sa lupa sa anim na salita nang tukuyin niya si Jesus, "na naglilibot na gumagawa ng mabuti."[11]

Ang Panginoong Jesucristo ang pinakamahalaga sa lahat ng kaloob sa atin ng Diyos. Sabi ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makapaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko."[12]

Naipahayag ni Nephi ang kahalagahan ng ating Tagapagligtas nang sabihin niyang, "Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan."[13] Kailangan nating isentro ang ating buhay kay Cristo sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.

Dapat nating alalahanin na ang Kanyang pangalan ang nakasulat sa ating mga sambahan; nabinyagan tayo sa Kanyang pangalan; at nakumpirma, naorden, na-endow, at nabuklod sa kasal sa Kanyang pangalan. Tumatanggap tayo ng sakramento at nangangakong taglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan—at maging tunay na mga Kristiyano. Sa huli, hinihilingan tayo sa panalangin sa sakramento na "lagi siyang alalahanin."[14]

Sa paghahanda natin para sa Easter Sunday bukas, alalahanin natin na si Cristo ang kataas-taasan. Siya ang matuwid na Hukom, ang ating tapat na Tagapamagitan, pinagpalang Manunubos, mabuting Pastol, ipinangakong Mesiyas, tunay na Kaibigan, at marami pang iba. Isa nga Siyang napakahalagang kaloob sa atin ng Ama.

Sa ating pagkadisipulo, marami tayong ginagawa, alalahanin, at tungkulin. Gayunman, ang ilang aktibidad ay kailangang maging batayan palagi ng ating pagiging miyembro ng Simbahan. "Dahil dito," pag-utos ng Panginoon, "maging matapat; tumayo sa katungkulang aking itinalaga sa iyo; *tulungan* ang mahihina, *itaas* ang mga kamay na nakababa, at *palakasin* ang tuhod na mahihina."[15]

Ito ang Simbahang kumikilos! Ito ang dalisay na relihiyon! Ito ang ebanghelyo sa tunay na kahulugan nito kapag tinulungan, itinaas, at pinalakas natin ang mga may espirituwal at temporal na pangangailangan! Para magawa ito, kailangan natin silang bisitahin at tulungan[16] upang tumibay sa kanilang puso ang kanilang patotoo tungkol sa pananalig sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.

Nawa'y tulungan at pagpalain tayo ng Panginoon na mapahalagahan ang maraming mahalagang kaloob natin mula sa Diyos, kabilang na ang pagiging miyembro natin sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Dalangin ko na mapuspos tayo ng pagmamahal sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit at makita natin ang kanilang mga pangangailangan at maging handa tayong sagutin ang kanilang mga tanong at alalahanin tungkol sa ebanghelyo sa malilinaw at magigiliw na paraan na magpapaibayo sa pag-unawa at pagpapahalaga sa isa't isa.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas. Ang ituturo sa atin sa pangkalahatang kumperensyang ito ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng inspirasyon mula sa mga apostol at propeta, General Authority, at kababaihang Pangkalahatang Opisyal ng Simbahan. Nawa'y mapasa bawat isa ang kagalakan at kapayapaan ng Panginoon ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Richard E. Turley Jr., *Encyclopedia of Mormonism* (1992), "Solemn Assemblies," 3:1390–91.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:70.
3. Doktrina at mga Tipan 21:4–5.
4. Juan 20:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Mateo 17:20.
6. George A. Smith, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 273.
7. Mga Taga Filipos 4:13.
8. Mga Awit 46:10.
9. Tingnan sa Lucas 10:25–37.
10. Mateo 20:28.
11. Mga Gawa 10:38.
12. Juan 14:6.
13. 2 Nephi 25:26.
14. Doktrina at mga Tipan 20:77, 79.
15. Doktrina at mga Tipan 81:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
16. Tingnan sa Santiago 1:27.





**Ni Elder Brian K. Taylor**
Ng Pitumpu

# Ako Ba ay Anak ng Diyos?

*Paano mararanasan ng bawat isa sa atin ang kapangyarihan ng pag-unawa sa ating banal na pagkatao? Nagsisimula ito sa paghahangad na makilala ang ating Diyos Ama.*

Kamakailan ay nagsimba kami ng mabait kong ina sa aming lumang kapilyang bato. Naakit ako sa maliliit na boses na nagmumula sa Primary room na dati kong pinasukan ilang dekada na ang nakararaan, kaya bumalik ako at inobserbahan ko ang maalagang mga lider na itinuturo ang tema ngayong taon: "Ako ay Anak ng Diyos."[1] Napangiti ako nang maalala ko ang matiyaga at mapagmahal na mga guro, na sa oras ng pagkanta namin noon ay madalas tumingin sa akin—ang magulong batang iyon sa dulo ng upuan—na parang sinasabing, "Anak ba siya *talaga* ng Diyos? At sino ang nagsugo sa kanya rito?"[2]

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na buksan ang ating puso sa Espiritu Santo, na "nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios."[3]

Malinaw at mahalaga ang sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ikaw ay anak ng Diyos. Siya ang ama ng iyong espiritu. Sa espirituwal, marangal ang iyong pinagmulan, ikaw ay supling ng Hari ng Langit. Isaisip ang katotohanang iyan at manangan dito. Kahit maraming henerasyon sa iyong mortal na mga ninuno, anuman ang lahi o mga taong kinakatawan mo, ang tala ng angkang pinagmulan ng iyong espiritu ay maisusulat sa iisang taludtod. Ikaw ay anak ng Diyos!"[4]

"Kapag . . . nakita mo ang ating Ama," paglalarawan ni Brigham Young, "makikita mo ang isang nilalang na matagal mo nang kilala, at yayakapin ka Niya, at magiging handa kang yumakap at humalik sa Kanya."[5]



### Ang Malaking Digmaan tungkol sa Banal na Pagkatao

Nalaman ni Moises ang kanyang banal na pamana nang makausap niya ang Panginoon nang harapan. Kasunod ng karanasang iyon, "dumating si Satanas na [nanunukso]," na may banayad ngunit masamang layunin na pasamain ang pagkatao ni Moises, na "nagsasabing: Moises, *anak ng tao,* sambahin mo ako. At . . . tumingin si Moises kay Satanas at nagsabi: Sino ka? Sapagkat masdan, ako ay *anak ng Diyos*."[6]

Ang malaking digmaang ito tungkol sa banal na pagkatao ay patuloy na pinagtatalunan habang patuloy na dinaragdagan ni Satanas ang kanyang mga pamamaraan para sirain ang ating pananalig at kaalaman tungkol sa ating kaugnayan sa Diyos. Salamat na lang at nabiyayaan tayo ng malinaw na pagkaunawa sa ating tunay na pagkatao sa simula pa lang: "At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis,"[7] at ipinapahayag ng mga buhay na propeta, "Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos."[8]

Ang malaman ang mga katotohanang ito nang may katiyakan[9] ay tumutulong sa atin na madaig ang lahat ng klase ng pagsubok, problema, at paghihirap.[10] Nang matanong ng, "Paano natin matutulungan ang mga nahihirapan sa [isang personal na hamon]?" itinuro ng isang Apostol ng Panginoon, "Ituro sa kanila ang kanilang pagkatao at layunin."[11]

### "Ang Pinakamakapangyarihang Kaalamang Taglay Ko"

Ang makapangyarihang mga katotohanang ito ay nagpabago ng buhay ng kaibigan kong si Jen,[12] na noong tinedyer pa ay naging dahilan ng malagim na aksidente. Bagama't malubha siyang nasaktan, naging napakasakit niyon sa kanya dahil namatay ang drayber ng kotseng nabangga niya. "May nawalan ng ina at kagagawan ko iyon," sabi niya. Si Jen, na ilang araw lang

ang nakalipas bago iyon ay tumayo at nagsabing, "Tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin,"[13] ay nag-alinlangan na ngayon, "Paano pa Niya *ako* mamahalin?"

"Lumipas na ang pisikal na paghihirap," sabi niya, "pero hindi ko inisip na gagaling ang aking emosyonal at espirituwal na mga sugat."

Para patuloy na mabuhay, itinago ni Jen ang kanyang nadarama, at naging masungit at manhid siya. Pagkaraan ng isang taon, nang magawa na niyang ikuwento ang aksidente, hinikayat siya ng isang inspiradong tagapayo na isulat ang mga katagang "Ako ay anak ng Diyos" at sambitin niya ito nang 10 beses araw-araw.

"Madaling isulat ang mga salita," paggunita niya, "pero hindi ko masambit ang mga ito. . . . Napakahirap niyon, at hindi talaga ako naniwala na gusto ako ng Diyos bilang Kanyang anak. Namamaluktot ako at umiiyak."

Makalipas ang ilang buwan, nagawa na rin iyon ni Jen araw-araw. "Ibinuhos ko ang buong kaluluwa ko," sabi niya, "sa pagsusumamo sa Diyos. . . . At nagsimula na akong maniwala sa mga salita." Ang paniniwalang ito ay nagtulot sa Tagapagligtas na paghilumin ang kanyang sugatang kaluluwa. Ang Aklat ni Mormon ay naghatid ng kapanatagan at lakas ng loob sa Kanyang Pagbabayad-sala.[14]

"Nadama ni Cristo ang aking mga pasakit, kalungkutan, at panunurot ng budhi," pagtatapos ni Jen. "Nadama ko ang dalisay na pag-ibig ng Diyos at noon lang ako nakaranas ng isang bagay na napaka-makapangyarihan! Ang pagkabatid na ako ay anak ng Diyos ang pinaka-makapangyarihang kaalamang taglay ko!"



#### Paghahangad na Makilala ang Ating Diyos Ama

Mga kapatid, paano mararanasan ng bawat isa sa atin ang kapangyarihan ng pag-unawa sa ating banal na pagkatao? Nagsisimula ito sa paghahangad na makilala ang ating Diyos Ama.[15] Pinatotohanan ni Pangulong Russell M. Nelson na, "May makapangyarihang nangyayari kapag hangad ng isang anak ng Diyos na malaman pa ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak."[16]

Ang pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas at pagsunod sa Kanya ay tumutulong sa atin na makilala ang Ama. "Siyang . . . tunay na larawan ng kaniyang [Ama]," [17] itinuro ni Jesus, "Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama."[18] Bawat salita at gawa ni Cristo ay naghahayag ng tunay na katangian ng Diyos at ng ating kaugnayan sa Kanya.[19] Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland, "Sa paglabas ng dugo sa bawat butas ng katawan at sa hiyaw ng dalamhating nagmula sa kanyang mga labi, hinanap ni Cristo ang lagi Niyang hinahanap—ang Kanyang Ama. 'Abba,' paghiyaw Niya, 'Papa.' "[20]

Tulad ng masigasig na paghahanap ni Jesus sa Kanyang Ama sa Getsemani, mapanalangin ding hinanap ng batang si Joseph Smith ang Diyos, noong 1820, sa Sagradong Kakahuyan. Matapos mabasa ang "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios,"[21] nagtungo roon si Joseph upang manalangin.

"Ako'y lumuhod," ang isinulat niya kalaunan, "at nagsimulang ialay ang mga naisin ng aking puso sa Diyos. . . .

". . . Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanang na tamang-tama sa tapat ng aking ulo. . . .

". . . Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—[Joseph,] *Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*"[22]

Kapag sinunod natin ang mga halimbawa ng Tagapagligtas at ni Propetang Joseph sa masigasig na paghahanap sa Diyos, mauunawaan natin sa tunay na paraan, tulad ni Jen, na kilala tayo ng ating Ama sa pangalan, at na tayo ay Kanyang mga anak.

Sa mga bata pang ina, na madalas mahirapan at malunod sa pagsisikap na magpalaki ng "isang henerasyong kayang labanan ang mga kasalanan,"[23] huwag ninyong maliitin kailanman ang inyong mahalagang papel sa plano ng Diyos. Sa mahihirap na sandali—marahil kapag hinahabol ninyo ang mga batang musmos at naamoy ninyo na nasusunog na ang niluluto ninyo sa kusina na mapagmahal ninyong inihanda para sa hapunan—dapat ninyong malaman na pinababanal ng Diyos ang inyong pinakamahihirap na araw.[24] "Huwag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo,"[25] payapa Niyang muling tiniyak. Ikinararangal namin kayo habang ginagampanan ninyo ang inaasam ni Sister Joy D. Jones, na nagsabing, "Nararapat na maunawaan ng ating mga anak ang kanilang banal na pagkatao."[26]

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na hanapin ang Diyos at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak. "Walang ibang lugar," sabi ni Pangulong Nelson, "na itinuro [ang mga katotohanang iyon] nang mas malinaw at makapangyarihan kaysa sa Aklat ni Mormon."[27] Buksan ang mga pahina nito at malaman na ginagawa ng Diyos ang "lahat ng bagay para sa [ating] kapakanan at kaligayahan";[28] na Siya ay "maawain at mapagbigay, hindi madaling magalit, matiisin at puno ng kabutihan";[29] at na "pantay-pantay ang lahat sa [Kanya]."[30] Kapag kayo ay nasasaktan, nawawala, natatakot, nagagalit, nagugutom, at parang nag-iisa kayo sa pinakamahihirap ninyong pagsubok sa buhay[31]—buklatin ang Aklat ni Mormon, at malalaman ninyo na "hindi tayo pababayaan ng [Diyos] kailanman. Hindi Niya tayo iniwan noon, at hindi Niya tayo iiwan kailanman. Hindi Niya ito magagawa. Hindi likas sa Kanya [na gawin ito]."[32]

Nagbabago ang lahat kapag nakilala natin ang ating Ama, lalo na ang ating puso, habang tinitiyak ng Kanyang magiliw na Espiritu ang ating tunay na pagkatao at malaking kahalagahan sa Kanyang paningin.[33] Kasama natin ang Diyos sa pagtahak sa landas ng tipan habang hinahanap natin Siya sa ating mga pagsamo sa panalangin, pagsasaliksik sa banal na kasulatan, at mga pagsisikap na sumunod.

#### Ang Kadakilaan ng Katangian ng Diyos—Ang Aking Patotoo

Mahal ko ang Diyos ng aking mga ama,[34] "ang Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan,"[35] Makapangyarihang Diyos, na kasama nating nananangis sa ating mga kalungkutan, matiyaga tayong pinarurusahan sa ating kasamaan, at nagagalak kapag hinahangad nating "[talikuran] ang lahat ng [ating] kasalanan upang makilala [Siya]."[36] Sinasamba ko siya, na laging isang "Ama ng mga ulila,"[37] at kasama ng mga nag-iisa. Nagpapasalamat akong mapatotohanan na nakilala ko ang aking Diyos Ama, at pinatotohanan ko ang mga kasakdalan, katangian, at "kadakilaan ng [Kanyang] katangian."[38]

Bawat isa nawa sa atin ay tunay na maunawaan at pahalagahan ang ating "kabataang pangako"[39] bilang anak ng Diyos sa pagkilala sa Kanya, "ang iisang Dios na tunay, at siyang [Kanyang] isinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo"[40] ang taimtim kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

##### MGA TALA

1. Tingnan sa *2018 Outline for Sharing Time: I Am a Child of God,* lds.org/manual/primary.
2. Tingnan sa "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189.
3. Mga Taga Roma 8:16.
4. Boyd K. Packer, "To Young Women and Men," *Ensign,* Mayo 1989, 54.
5. Brigham Young, "Discourse," *Deseret News,* Okt. 1, 1856, 235.
6. Moises 1:12–13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. Genesis 1:26.
8. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
9. Sabi ni Joseph Smith, "Ang unang alituntunin ng ebanghelyo ay malaman nang may katiyakan ang katangian ng Diyos" (mula sa King Follett sermon, Abr. 7, 1844; sa *History of the Church,* 6:305).
10. Tingnan sa Alma 36:3, 27.
11. Russell M. Nelson, sa Tad R. Callister, "Our Identity and Our Destiny" (Brigham Young University devotional, Ago. 14, 2012), 1, speeches.byu.edu.
12. Binago ang pangalan.
13. "Tema ng Young Women," *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (2009), 3, PersonalProgress.lds.org.
14. Tingnan sa 2 Nephi 2; 6–9; Mosias 2–5; 14–16; Alma 7; 34; 39–42; Helaman 14; 3 Nephi 11; Moroni 7.
15. Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katangian ng Diyos, hindi nila nauunawaan ang kanilang sarili" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 40).
16. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 61.
17. Sa Mga Hebreo 1:3.
18. Juan 5:19.
19. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Ang Kadakilaan ng Diyos," *Liahona*, Nob. 2003, 70–73.
20. Jeffrey R. Holland, "The Hands of the Fathers," *Liahona,* Hulyo 1999, 19.
21. Santiago 1:5.
22. Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17.
23. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 97.
24. Tingnan sa "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, taludtod 4.
25. Isaias 41:10.
26. Joy D. Jones, sa Marianne Holman Prescott, "2018 Primary Theme 'I Am a Child of God' Teaches Children Their Divine Identity," Church News section ng LDS.org, Ene. 5, 2018, news.lds.org.
27. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" 61.
28. Helaman 12:2; tingnan din sa 2 Nephi 26:24.
29. *Lectures on Faith* (1985), 42.
30. 2 Nephi 26:33.
31. Gustung-gusto ko ang nakaaantig na kuwento ng matandang lalaking pioneer na nagpatotoo, kasunod ng kanyang karanasan sa pagtawid sa kapatagan: "Kami ay nagdusa nang higit pa sa anumang bagay na maiisip ninyo at maraming namatay sa pagkalantad sa lamig at gutom, ngunit narinig ba ninyong namintas ang isa sa grupong iyon na nakaligtas? *Wala ni isa sa grupong iyon ang nag-apostasiya o tumalikod sa Simbahan kailanman, dahil bawat isa sa amin ay nakalagpas nang may tiyak na kaalaman na ang Diyos ay buhay dahil nakilala namin siya sa pinakamatitindi naming paghihirap"* (sa David O. McKay, "Pioneer Women," *Relief Society Magazine,* Ene. 1948, 8)
32. George Q. Cannon, "Remarks," *Deseret Evening News,* Mar. 7, 1891, 4.
33. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10.
34. Tingnan sa Mga Gawa 5:30; 22:14; "Diyos na Lubhang Makapangyarihan," *Mga Himno,* blg. 40.
35. Moises 1:3; tingnan sa Apocalipsis 15:3; 21:22–23; 3 Nephi 4:32; Doktrina at mga Tipan 109:77; 121:4.
36. Alma 22:18.
37. Mga Awit 68:5; tingnan din sa Santiago 1:27.
38. *Lectures on Faith* (1985), 42.
39. "Adhikain Ninyo'y Ituloy," *Mga Himno*, blg. 157.
40. Juan 17:3.



**Ni Elder Larry J. Echo Hawk**
Ng Pitumpu

# Kung Paanong Pinatawad Kayo ng Panginoon, ay Gayon Din Naman ang Inyong Gawin

*Matatanggap nating lahat ang di-masambit na kapayapaan at pakikiisa sa ating Tagapagligtas kapag natuto tayong magpatawad nang malaya sa mga taong "nagkasala sa" atin.*

"Datapuwa't nang unang araw ng sanglinggo pagkaumagang-umaga, ay nagsiparoon sila sa libingan, na may dalang mga pabango na kanilang inihanda.

"At nasumpungan nilang naigulong na ang bato mula sa libingan.

"At sila'y nagsipasok, at hindi nila nangasumpungan ang bangkay ng Panginoong Jesus.

"At nangyari, na samantalang sila'y nangatitilihan dahil dito, narito, tumayo sa tabi nila ang dalawang lalake na nakasisilaw ang mga damit:

"At nang sila'y nangatatakot at nangakatungo ang kanilang mga mukha sa lupa sinabi nila sa kanila, bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?

"Wala siya rito, datapuwa't nagbangon."[1]

Bukas, Easter Sabbath, gugunitain natin sa espesyal na paraan ang nagawa ni Jesucristo para sa atin: "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na anak, upang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."[2] Sa huli, mabubuhay tayong mag-uli tulad Niya, upang mabuhay magpakailanman.



Sa pamamagitan ng himala ng sagradong Pagbabayad-sala ni Jesucristo, matatanggap din natin ang kaloob na kapatawaran ng ating mga kasalanan at masasamang gawa, kung tatanggapin natin ang oportunidad at responsibilidad na magsisi. At sa pamamagitan ng pagtanggap ng kinakailangang mga ordenansa, pagtupad ng mga Tipan, at pagsunod sa mga kautusan, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan at kadakilaan.

Ngayon, nais kong magtuon sa kapatawaran, isang mahalaga at dakilang kaloob na alok sa atin ng ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo.

Isang gabi ng Disyembre noong 1982, nagising kami ng asawa kong si Terry sa isang tawag sa telepono sa bahay namin sa Pocatello, Idaho. Nang sagutin ko ang telepono, hikbi lang ang narinig ko. Sa huli, hirap na sinabi ng kapatid ko na, "Patay na si Tommy."

Nilagpasan ng isang 20-anyos na drayber na lasing, na tumatakbo nang mahigit 85 milya (135 km) bawat oras, ang isang stoplight sa labas ng bayan ng Denver, Colorado. Malakas siyang sumalpok sa kotseng minamaneho ng bunso kong kapatid na si Tommy, at agad silang namatay ng kanyang asawang si Joan. Pauwi sila sa bata pang anak nilang babae pagkatapos ng isang Christmas party.

Tumungo kaagad kaming mag-asawa sa Denver at pumunta sa punerarya. Nagtipon kami ng aking mga magulang at kapatid at nagdalamhati sa pagkamatay ng mahal naming sina Tommy at Joan. Namatay sila dahil sa isang walang-saysay na krimen. Lungkot na lungkot kami, at nagsimula akong magalit sa binatang nagkasala.

Si Tommy ay naglingkod bilang abugado sa United States Department of Justice at magiging mananaggol para protektahan ang mga lupain ng Native American at ng likas na yaman sa darating na mga taon.

Pagkaraan ng ilang taon, nilitis at sinentensyahan ang binatang

responsable sa pagkamatay ng isang tao dahil sa ilegal na pagmamaneho ng sasakyan. Sa kanilang patuloy na dalamhati at kalungkutan, dumalo ang aking mga magulang at panganay na kapatid na si Katy sa paglilitis. Naroon din ang mga magulang ng lasing na drayber, at matapos ang pagdinig, naupo sila sa isang bangko at umiyak. Nakaupo sa malapit ang aking mga magulang at kapatid habang sinisikap nilang pigilan ang kanilang damdamin. Makalipas ang isang sandali, tumayo ang aking mga magulang at kapatid at nagpunta sa mga magulang ng drayber at pinanatag at pinatawad ang mga ito. Nagkamay ang mga lalaki; naghawak-kamay ang mga babae; naroon ang matinding lungkot at luha para sa lahat at pagkilala na parehong matindi ang pagdurusa ng dalawang pamilya. Nanguna sina Inay, Itay, at si Katy sa kanilang tahimik na lakas at tapang at ipinakita nila sa aming pamilya kung paano magpatawad.

Ang pagpapatawad sa mga sandaling iyon ay nagpalambot sa puso ko at nagbukas ng landas tungo sa paghilom. Sa paglipas ng panahon natutuhan kong mas naising magpatawad sa iba. Sa tulong lamang ng Prinsipe ng Kapayapaan gumaan ang aking masakit na pasanin. Lagi kong hahanap-hanapin sina Tommy at Joan, ngunit ginugunita ko sila ngayon nang may di-mapigil na galak dahil natuto na akong magpatawad. At alam ko na magkakasama-sama kaming muli bilang pamilya.

Hindi ko sinasabing palagpasin natin ang mga gawaing labag sa batas. Alam na alam natin na mananagot ang mga tao para sa kanilang mga krimen at pagkakasala sa iba. Gayunpaman, alam din natin na, bilang mga anak na lalaki at babae ng Diyos, sinusunod natin ang mga turo ni Jesucristo. Dapat tayong magpatawad kahit parang hindi nararapat patawarin ang iba.

Itinuro ng Tagapagligtas:

"Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan:

"Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama [sa] inyong mga kasalanan."[3]

Matatanggap nating lahat ang di-masambit na kapayapaan at pakikiisa sa ating Tagapagligtas kapag natuto tayong magpatawad nang malaya sa mga taong "nagkasala sa" atin. Ang pakikiisang ito ay naghahatid ng kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay sa paraang di-mapag-aalinlanganan at di-malilimutan kailanman.

Ipinayo ni Apostol Pablo:

"Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Diyos, . . . ng isang pusong mahabagin, ng kagandahang-loob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod;

"Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa . . . *na kung paanong pinatawad kayo [ni Cristo], ay gayon din naman ang inyong gawin*."[4]

Ipinahayag ng Panginoon Mismo:

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan.

Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao."[5]

Ang mga turo ng ating Tagapagligtas at Manunubos ay malinaw; ang makasalanan ay kailangang handang patawarin ang iba kung inaasahan niyang mapatawad.[6]

Mga kapatid, may mga tao ba sa ating buhay na nagkasala sa atin? Nagkikimkim ba tayo ng tila lubos na makatwirang hinanakit at galit? Hinahayaan ba nating humadlang ang pagmamalaki sa ating pagpapatawad at paglimot? Inaanyayahan ko tayong lahat na lubos na magpatawad at hayaang maghilom ang ating kalooban. At kahit hindi dumating ngayon ang pagpapatawad, dapat ninyong malaman na kapag hinangad at pinagsikapan natin ito, darating ito—tulad ng nangyari sa akin nang mamatay ang aking kapatid.

Tandaan din ninyo na mahalagang bahagi ng pagpapatawad ang patawarin ang ating sarili.

"Siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan," wika ng Panginoon, "ay siya ring patatawarin, at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito."[7]

Nakikiusap ako na alalahanin at sundin nating lahat ngayon ang halimbawa ni Jesucristo. Sa krus sa Golgota, sa Kanyang pagdurusa, binigkas niya ang mga salitang ito: "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[8]

Sa pagkakaroon ng mapagpatawad na espiritu at pagkilos ayon dito, tulad ng aking mga magulang at panganay na kapatid, maaari nating makamtan ang pangako ng Tagapagligtas: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man."[9]

Pinatototohanan ko na darating ang kapayapaang ito sa ating buhay kapag sinunod natin ang mga turo ni Jesucristo at sinundan natin ang Kanyang halimbawa sa pagpapatawad sa iba. Kapag nagpatawad tayo, ipinapangako ko na palalakasin tayo ng Tagapagligtas, at dadaloy ang Kanyang kapangyarihan at kagalakan sa ating buhay.

Ang libingan ay walang laman. Si Cristo ay buhay. Kilala ko Siya. Mahal ko Siya. Nagpapasalamat ako sa Kanyang biyaya, ang nagpapalakas na kapangyarihang sapat upang paghilumin ang lahat ng bagay. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Lucas 24:1–6.
2. Juan 3:16.
3. Mateo 6:14–15.
4. Mga Taga Colosas 3:12–13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Doktrina at mga Tipan 64:9–10.
6. Tingnan sa James E. Talmage, *The Articles of Faith*, 12th ed. (1924), 110.
7. Doktrina at mga Tipan 58:42.
8. Lucas 23:34.
9. Juan 14:27.



**Ni Elder Gary E. Stevenson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Puso ng Isang Propeta

*Maaari tayong magalak na natawag na ang propeta ng Panginoon at na isinasagawa na ang Kanyang gawain sa paraang sinabi Niya.*

Taimtim kong ipinagdasal na mapasa bawat isa sa atin ang Espiritu Santo ngayon sa dakilang okasyong ito. Lubhang napakaganda ang nasaksihan nating lahat nang sang-ayunan ang ika-17 propeta ng dispensasyong ito sa kapita-pitagang kapulungan.

Nang humingi ako ng patnubay na malaman ang paksang gustong ipatalakay sa akin ng Panginoon ngayon, natuon ang aking isipan sa pag-uusap namin ng bagong tawag na Unang Panguluhan kamakailan. Sa pag-uusap na ito, ganito ang sabi ng isa sa mga tagapayo: "Umaasa ako na lubos na nauunawaan ng mga miyembro ng Simbahan ang kahalagahan ng naganap sa pagtawag sa ating bagong propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, at ang kahalagahan at kasagraduhan ng kapita-pitagang kapulungan na magaganap sa pangkalahatang kumperensya." Sinabi pa niya, "Sampung taon na ang nakalipas, at marami, lalo na sa mga kabataan ng Simbahan, ang hindi na maalala o hindi pa nararanasan ito."



Pinagnilayan ko ang mga naranasan ko dahil dito. Ang unang propetang naaalala ko ay si Pangulong David O. McKay. Katorse anyos ako nang pumanaw siya. Naaalala ko ang kawalang naramdaman ko dahil sa pagpanaw niya, ang luhaang mga mata ng aking ina, at ang lungkot na nadama ng buong pamilya. Naaalala ko kung paano ko nasambit nang natural ang mga salitang "Pagpalain po Ninyo si Pangulong David O. McKay" sa aking mga dalangin na kung hindi ako nakatuon sa aking sinasabi, kahit matapos siyang pumanaw, kusang lalabas iyon sa bibig ko. Inisip ko kung iyon pa rin ang mararamdaman at maiisip ko sa mga propetang kasunod niya. Ngunit halos tulad ng mga magulang na nagmamahal sa bawat isa sa kanilang mga anak, nakadama ako ng pagmamahal, kaugnayan, at patotoo kay Pangulong Joseph Fielding Smith, na sumunod kay Pangulong McKay, at sa bawat propeta mula noon: sina Harold B. Lee, Spencer W. Kimball, Ezra Taft Benson, Howard W. Hunter, Gordon B. Hinckley, Thomas S. Monson, at ngayo'y si Pangulong Russell M. Nelson. Lubos kong sinang-ayunan ang bawat propeta sa pagtataas ng kamay—at masiglang puso.

Sa pagpanaw ng bawat isa sa ating mahal na mga propeta, natural lang na makadama ng lungkot at kawalan. Ngunit ang ating kalungkutan ay may kahalong galak at pag-asa habang nararanasan natin ang isa sa malalaking pagpapala ng Panunumbalik: ang pagtawag at pagsang-ayon sa isang buhay na propeta sa lupa.

Dahil diyan, magsasalita ako tungkol sa banal na prosesong ito na sinunod sa nakalipas na 90 araw. Ilalarawan ko ito sa apat na bahagi: una, ang pagpanaw ng ating propeta at ang pagbuwag sa Unang Panguluhan; pangalawa, ang panahon ng paghihintay na

muling maorganisa ang bagong Unang Panguluhan; pangatlo, ang tungkulin ng bagong propeta; at ikaapat, ang pagsang-ayon sa bagong propeta at sa Unang Panguluhan sa kapita-pitagang kapulungan.

### Ang Pagpanaw ng Isang Propeta

Noong Enero 2, 2018, sumakabilang-buhay ang mahal nating propetang si Thomas S. Monson. Sasapuso natin siya magpakailanman. Nagpahayag ng kanyang nadarama si Pangulong Henry B. Eyring sa pagpanaw ni Pangulong Monson na lubos na naglalarawan sa ating damdamin: "Ang magiging sagisag ng kanyang buhay, tulad sa Tagapagligtas, ay ang kanyang pagmamalasakit na tumulong sa bawat maralita, maysakit—maging sa lahat ng tao—sa buong mundo."[1]

Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Tulad ng paglalaho ng isang bituin sa ating pananaw, may isa pa tayong natatanaw, at nagpasimula ng buhay ang kamatayan.

"Walang katapusan ang gawain ng Panginoon. Kahit kapag pumanaw ang isang malakas na pinuno, ni isang saglit ay hindi nawawalan ng pinuno ang Simbahan, salamat sa kabaitan ng Maykapal na ginawang walang katapusan at walang hanggan ang kanyang kaharian. Tulad ng dati nang nangyari . . . bago ang dispensasyong ito, mapitagang sinasarhan ng isang lahi ang libingan, pinapahiran ang kanilang mga luha, at ibinabaling ang kanilang tingin sa hinaharap."[2]

### Ang Apostolic Interregnum o Panandaliang Pamamahala ng mga Apostol

Ang panahon sa pagitan ng pagpanaw ng isang propeta at ng muling pag-oorganisa ng Unang Panguluhan ay tinatawag na "apostolic interregnum." Sa panahong ito, ang Korum ng Labindalawang Apostol, sa pamumuno ng quorum president, ay samasamang naghahawak sa mga susi ng pamumuno sa Simbahan. Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith, "Palaging may namumuno sa Simbahan, at kung ang Panguluhan ng Simbahan ay nawala sanhi ng kamatayan o iba pang dahilan, dahil dito ang susunod na mamumuno sa Simbahan ay ang Labindalawang Apostol, hanggang sa muling [maorganisa] ang panguluhan."[3]



Ang pinakahuling apostolic interregnum ay nagsimula nang pumanaw si Pangulong Monson noong Enero 2 at nagtapos makalipas ang 12 araw noong araw ng Linggo, Enero 14, 2018. Noong umagang iyon ng Sabbath, nagpulong ang Korum ng Labindalawa sa silid sa itaas ng Salt Lake Temple sa diwa ng pag-aayuno at panalangin, sa pamumuno ni Pangulong Russell M. Nelson, senior na Apostol at Pangulo ng Korum ng Labindalawa.

### Pagtawag ng Bagong Propeta

Sa sagrado at di-malilimutang pulong na ito, sa pagsunod sa isang matatag na huwaran sa pagkakaisa at pagkakasundo, nakaupo ang mga Kapatid ayon sa seniority sa isang semicircle ng 13 upuan at nagtaas ng mga kamay para sang-ayunan muna ang organisasyon ng Unang Panguluhan at pagkatapos ay para sang-ayunan si Pangulong Russell Marion Nelson bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pagsang-ayong ito ay sinundan ng pagtayo ng Korum ng Labindalawa nang pabilog at pagpapatong ng mga kamay sa ulo ni Pangulong Nelson upang siya ay ordenan at italaga, na ang susunod na pinaka-senior na Apostol ang nagbibigay ng basbas.

Pagkatapos ay binanggit ni Pangulong Nelson ang kanyang mga tagapayo na sina Pangulong Dallin Harris Oaks, Pangulong Henry Bennion Eyring, na si Pangulong Oaks ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si Pangulong Melvin Russell Ballard ang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kasunod ng gayon ding mga boto ng pagsang-ayon, bawat isa sa mga Kapatid na ito ay itinalaga ni Pangulong Nelson sa kani-kanilang katungkulan. Napakasagradong karanasan nito, na may pagbuhos ng Espiritu. Ibinabahagi ko sa inyo ang aking tiyak na patotoo na ang kalooban ng Panginoon, na taimtim naming ipinagdasal, ay lubos na nakita sa mga aktibidad at kaganapan sa araw na iyon.

Nang maorden si Pangulong Nelson at muling maorganisa ang Unang Panguluhan, nagwakas ang apostolic interregnum, at nagsimula nang kumilos ang katatalagang Unang Panguluhan at, ang nakakatuwa, hindi sila tumitigil ni isang segundo sa pamumuno sa kaharian ng Panginoon sa lupa.

#### Kapita-pitagang Kapulungan

Ngayong umaga, natapos ang banal na prosesong ito ayon sa utos na nakabalangkas sa Doktrina at mga Tipan: "Sapagka't lahat ng bagay ay kailangang maisagawa nang may kaayusan, at sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon sa simbahan, sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya,"[4] at "tatlong Namumunong Mataas na Saserdote, . . . pinagtibay ng pagtitiwala, pananampalataya, at panalangin ng simbahan, ang bumubuo ng isang korum ng Panguluhan ng Simbahan."[5]

Inilarawan ni Elder David B. Haight ang isang nakaraang kaganapan ng nilahukan natin ngayon:

"Tayo ay mga saksi at kalahok sa isang napakasagradong okasyon—isang kapita-pitagang kapulungan na magsasagawa ng mga bagay na makalangit. Tulad noong unang panahon, nagkaroon ng maraming pag-aayuno at panalangin ang mga Banal sa buong mundo upang makatanggap sila ng pagbuhos ng Espiritu ng Panginoon, na damang-dama . . . sa okasyong ito ngayong umaga.

"Ang kapita-pitagang kapulungan, tulad ng ipinahihiwatig ng tawag dito, ay nangangahulugan ng isang sagrado, payapa, at mapitagang okasyon kung kailan nagtitipun-tipon ang mga Banal sa pamamahala ng Unang Panguluhan."[6]

Mga kapatid, maaari tayong magalak —sumigaw pa ng "Hosana!"—na natawag na ang tagapagsalita ng Panginoon, isang propeta ng Diyos, at na nasisiyahan ang Panginoon na isinasagawa ang Kanyang gawain sa paraang sinabi Niya.

#### Pangulong Russell M. Nelson

Ang prosesong ito na inorden ng langit ay humahantong sa isa pang propetang tinawag ng Diyos. Tulad ni Pangulong Monson na isa sa pinaka-kahanga-hangang mga taong nanirahan sa mundong ito, gayon din si Pangulong Nelson. Lubos siyang naihanda at naturuan mismo ng Panginoon na pamunuan tayo sa panahong ito. Isang malaking pagpapala sa atin na nariyan ang mahal nating si Pangulong Russell M. Nelson ngayon bilang ating mapagmahal at tapat na propeta—ang ika-17 Pangulo ng Simbahan sa huling dispensasyong ito.

Si Pangulong Nelson ay tunay na isang pambihirang tao. Nagkaroon ako ng pribilehiyong maglingkod sa Korum ng Labindalawa na siya ang aking quorum president nang mahigit dalawang taon lang. Naglakbay akong kasama niya at namangha ako sa kanyang sigla, dahil kailangang magmadali ang isang tao para makaagapay sa bilis niya! Sa kabuuan, nakabisita na siya sa 133 bansa sa buong buhay niya.

Ang kanyang pagtulong ay para sa lahat, bata at matanda. Mukhang kilala niya ang lahat at mahusay siyang makatanda ng pangalan. Pakiramdam ng lahat ng nakakakilala sa kanya ay paborito niya sila. At gayon din ang bawat isa sa atin—dahil sa tunay na pagmamahal at pagmamalasakit niya sa lahat.

Ang pagsasama namin ni Pangulong Nelson ay sa mga tungkulin namin sa simbahan, subalit naging pamilyar din ako sa kanyang propesyon bago siya tinawag bilang General Authority. Tulad ng alam ng marami sa inyo, si Pangulong Nelson ay isang bantog na heart surgeon at, sa simula ng kanyang propesyon, isa siyang pioneer sa pag-imbento ng heart-lung machine. Nagtrabaho rin siya sa research team na sumuporta sa unang open-heart surgery sa isang tao noong 1951, gamit ang heart-lung bypass. Si Pangulong Nelson ang nag-opera sa puso si Pangulong Spencer W. Kimball bago ito naging propeta.

Ang nakakatuwa, nang wakasan ng pagtawag kay Pangulong Nelson sa Labindalawa 34 na taon na ang nakararaan ang kanyang *propesyon bilang doktor* sa pagpapalakas at pag-opera sa puso, nagpasimula ito ng *ministeryo bilang Apostol* na nakalaan sa pagpapalakas at pag-opera sa puso ng libu-libong tao sa buong mundo, na bawat isa ay napasigla at napagaling ng kanyang mga salita at karunungan, paglilingkod, at pagmamahal.

#### Isang Pusong Tulad Kay Cristo

Kapag naiisip ko ang pusong tulad kay Cristo sa araw-araw na gawain, nakikita ko si Pangulong Nelson. Wala pa akong nakilalang sinuman na nagpapakita ng katangiang ito sa mas mataas na antas kaysa kay Pangulong Nelson. Pambihirang pribilehiyo para sa akin ang mapunta sa posisyon na



makita ko mismo ang mga katibayan na si Pangulong Nelson ay may pusong tulad kay Cristo.

Ilang linggo lang matapos akong matawag sa Labindalawa noong Oktubre 2015, nagkaroon ako ng pagkakataong makita nang malapitan ang nakaraang propesyon ni Pangulong Nelson. Naanyayahan akong dumalo sa isang kaganapan kung saan pinarangalan siya bilang tagapagbunsod sa pag-oopera sa puso. Pagpasok ko sa lugar, nagulat akong makita ang napakaraming propesyonal na naroon upang parangalan at kilalanin ang nagawa ni Pangulong Nelson maraming taon na ang nakararaan bilang doktor at surgeon.

Noong gabing iyon, maraming propesyonal ang tumayo at nagpahayag ng kanilang paggalang at paghanga sa katangi-tanging kontribusyon ni Pangulong Nelson sa kanyang espesyalidad sa medisina. Kahanga-hanga ang sinabi ng bawat isa sa mga naglahad tungkol sa iba't ibang nagawa ni Pangulong Nelson, ngunit mas nabigla ako nang kausapin ko ang lalaking katabi ko sa upuan. Hindi niya ako kilala, pero kilala niya si Pangulong Nelson bilang si Dr. Nelson, na direktor ng thoracic surgery residency program sa isang medical school noong 1955.

Ang lalaking ito ay dating estudyante ni Pangulong Nelson. Marami siyang ikinuwentong alaala. Ang higit na kawili-wili ay nang ilarawan niya ang estilo ni Pangulong Nelson sa pagtuturo, na ayon sa kanya ay dahilan kaya siya kilalang-kilala. Ipinaliwanag niya na halos lahat ng pagtuturo sa mga residente sa heart surgery ay isinagawa sa operating room. Doon, inobserbahan at isinagawa ng mga residente ang operasyon sa ilalim ng pangangasiwa ng faculty, bilang laboratory classroom. Ikinuwento niya na ang kapaligiran sa operating room sa ilalim ng ilang faculty surgeon ay magulo, pagalingan, mahirap, at makasarili. Inilarawan ng lalaking ito na mahirap ang kapaligirang iyon, kung minsan pa nga'y nakakawala ng respeto. Dahil dito, pakiramdam pa ng mga residenteng surgeon ay dito madalas na nakasalalay ang kanilang propesyon.



Ipinaliwanag niya ang kakaibang kapaligiran sa operating room ni Pangulong Nelson. Doon ay tahimik, payapa, at marangal. Malaki ang respeto sa mga residente. Gayunman, matapos ipamalas ang isang pamamaraan, inasahan ni Dr. Nelson sa bawat isa sa mga residente ang pinakamataas na pamantayan sa pag-opera. Inilarawan pa ng lalaking ito kung paano lumabas ang pinakamagagandang resulta sa pasyente at ang pinakamagagaling na surgeon mula sa operating room ni Dr. Nelson.

Hindi man lang ako nagulat diyan. Nakita ko ito mismo at talagang nagpala ito sa akin sa Korum ng Labindalawa. Pakiramdam ko naging isa ako, kahit paano, sa kanyang "tine-train na mga residente."

Si Pangulong Nelson ay may katangi-tanging paraan ng pagtuturo sa iba at pagwawasto sa positibo, magalang, at nakasisiglang paraan. Siya ang sagisag ng pusong tulad kay Cristo at isang halimbawa sa ating lahat. Mula sa kanya, natututuhan natin na anuman ang ating sitwasyon, ang ating puso't pag-uugali ay maaaring umayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ngayo'y malaking pagpapala sa atin ang sang-ayunan ang ating propetang si Pangulong Russell M. Nelson. Sa buong buhay niya, nagampanan niya ang napakarami niyang tungkulin bilang estudyante, ama, propesor, asawa, doktor, priesthood leader, lolo, at Apostol. Ginampanan niya ang mga tungkuling ito noon—at patuloy itong ginagampanan—na may puso ng isang propeta.

Mga kapatid, ang nasaksihan at nalahukan natin ngayon, isang kapita-pitagang kapulungan, ay humahantong sa aking patotoo na si Pangulong Russell M. Nelson ang buhay na tagapagsalita ng Panginoon sa buong sangkatauhan. Idinaragdag ko rin ang aking patotoo sa Diyos Ama, kay Jesucristo, at sa Kanyang papel bilang ating Tagapagligtas at Manunubos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Henry B. Eyring, sa Marianne Holman Prescott, "Apostles Share Thoughts about President Thomas S. Monson on Social Media," Church News section ng LDS.org, Ene. 12, 2018, news.lds.org.
2. Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Abr. 1970, 118.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 269.
4. Doktrina at mga Tipan 28:13.
5. Doktrina at mga Tipan 107:22.
6. David B. Haight, "Solemn Assemblies," *Ensign,* Nob. 1994, 14.



**Ni Elder Lynn G. Robbins**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# Hanggang sa Makapitongpung Pito

*Sa buhay na puno ng mga hadlang at kahinaan, nagpapasalamat tayong lahat sa mga ikalawang pagkakataon.*

Ang mga pagkakamali ay bahagi na ng buhay. Imposible kang matutong tumugtog ng piyano nang buong husay nang hindi nakakagawa ng libu-libong pagkakamali—baka nga milyon pa. Para matuto ng ibang wika, mahaharap sa kahihiyan ang isang tao sa paggawa ng libu-libong pagkakamali—baka nga milyon pa. Kahit ang pinakamahuhusay na atleta sa mundo ay palaging nakakagawa ng mga pagkakamali.

"Ang tagumpay," sabi nga, "ay hindi nangangahulugan na hindi ka mabibigo kailanman, kundi paulit-ulit kang mabibigo nang hindi nawawala ang kasigasigan."[1]

Nang maimbento niya ang bombilya, ibinalitang sinabi ni Thomas Edison, "Hindi ako nabigo nang 1,000 beses. Ang bombilya ay inimbento sa 1,000 hakbang."[2] Tinawag ni Charles F. Kettering ang mga kabiguan na "mga karatula ng daliring nakaturo sa tamang daan tungo sa tagumpay."[3] Sana'y maging aral sa karunungan ang bawat pagkakamaling nagagawa natin, na ginagawang batong tuntungan ang mga hadlang.

Ang matibay na pananampalataya ni Nephi ay nakatulong sa kanya na malagpasan ang sunud-sunod na kabiguan hanggang sa makuha niya sa huli ang mga laminang tanso. Sampung beses na nagtangka si Moises na itakas ang mga Israelita mula sa Egipto bago siya nagtagumpay.

Maaari tayong magtaka—kung sina Nephi at Moises ay kapwa nasa paglilingkod sa Panginoon, bakit hindi nakialam at tumulong ang Panginoon na magtagumpay sila sa una nilang pagtatangka? Bakit Niya sila hinayaan—at bakit Niya tayo hinahayaan—na mahirapan at mabigo sa mga pagtatangka nating magtagumpay? Sa maraming mahahalagang sagot sa tanong na iyan, narito ang ilan:

- Una, alam ng Panginoon na "ang [mga] bagay na ito ay magbibigay sa [atin] ng karanasan, at para sa [ating] ikabubuti."[4]
- Pangalawa, tinutulutan tayo nitong "[matikman] ang pait, upang [ating] matutuhang pahalagahan ang mabuti."[5]
- Pangatlo, para patunayan na "ang pagbabakang ito ay sa Panginoon,"[6] at sa pamamagitan lamang ng Kanyang biyaya natin maisasakatuparan ang Kanyang gawain at magiging katulad Niya tayo.[7]
- Pang-apat, para tulungan tayong magkaroon at magtamo ng maraming katangian ni Cristo na hindi maaaring padalisayin kundi sa pamamagitan ng pagsalungat[8] at "sa hurno ng paghihirap."[9]

Kaya, sa buhay na puno ng mga hadlang at kahinaan, nagpapasalamat tayong lahat sa mga ikalawang pagkakataon.

Noong 1970, na bagong freshman ako sa BYU, nag-enrol ako sa isang panimulang kurso sa essentials of physics na itinuro ni Jae Ballif, isang bantog na propesor. Pagkatapos ng bawat yunit ng kurso, nagbibigay siya ng pagsusulit. Kung nakatanggap ng C ang isang estudyante at gusto niya ng



mas mataas na marka, pinapakuha siya ni Professor Ballif ng ibang pagsusulit tungkol din sa materyal na iyon. Kung nakatanggap ng B ang estudyante sa ikalawang pagsusulit at hindi pa rin siya masaya, puwede siyang kumuha ng pagsusulit sa ikatlo at ikaapat na pagkakataon, at patuloy pa. Sa pagbibigay sa akin ng maraming ikalawang pagkakataon, tinulungan niya akong maging mahusay at sa huli ay nagtamo ako ng A sa kanyang klase.

Di-pangkaraniwan ang kanyang katalinuhan bilang propesor na naghikayat sa kanyang mga estudyante na patuloy na sumubok—na ituring ang kabiguan na isang aral, hindi isang trahedya, at huwag matakot sa kabiguan kundi matuto mula rito.

Kamakailan tinawagan ko ang kahanga-hangang lalaking ito 47 taon mula nang kunin ko ang kanyang kurso sa physics. Tinanong ko siya kung bakit handa siyang magbigay sa mga estudyante ng walang-limitasyong pagkakataong pataasin ang kanilang marka. Ang sagot niya: "Gusto kong pumanig sa mga estudyante."

Kahit nagpapasalamat tayo sa mga ikalawang pagkakataon kasunod ng mga pagkakamali, o kabiguang makaunawa, namamangha tayong lahat sa biyaya ng Tagapagligtas na nagbibigay sa atin ng ikalawang pagkakataong madaig ang kasalanan, o mga kabiguan sa ating mga pasiya.

Wala nang higit na panig sa atin kaysa sa Tagapagligtas. Hinahayaan Niya tayong kumuha at muling kumuha ng Kanyang mga pagsusulit. Para maging katulad Niya, kailangan ng napakaraming *ikalawang pagkakataon* sa ating araw-araw na mga pakikibaka sa likas na tao, tulad ng pagpigil sa mga pagnanasa, pagkatutong magtiyaga at magpatawad, pagdaig sa katamaran, pag-iwas na magkaroon ng mga pagkukulang, at marami pang iba. Kung likas sa tao ang magkamali, ilang kabiguan ang kailangan bago maging banal ang ating likas na pagkatao? Libu-libo? Mas malamang na milyon.

Batid na nagkalat ang mga pagsubok sa makitid at makipot na landas at na magkakaroon tayo ng mga kabiguan araw-araw, nagbayad ng walang-hanggang halaga ang Tagapagligtas para mabigyan tayo ng maraming pagkakataong kailangan upang matagumpay na makapasa sa ating pagsubok sa buhay. Maaaring ang oposisyong hinahayaan Niya ay kadalasang tila napakabigat at halos imposibleng kayanin, ngunit hindi Niya tayo iniiwang walang pag-asa.

Para muling patatagin ang ating pag-asa kapag naharap tayo sa mga pagsubok sa buhay, laging handa at nariyan ang biyaya ng Tagapagligtas. Ang Kanyang biyaya ay isang "kapangyarihang mula sa Diyos [na tumulong o magpalakas], . . . na [nagpapahintulot] sa kalalakihan at kababaihan na . . . magkaroon ng buhay na walang hanggan at kadakilaan [*matapos* nilang gawin ang lahat ng makakaya nila]."[10] Ang Kanyang biyaya at mapagmahal na mata ay nakatutok sa atin sa buong paglalakbay natin habang Siya ay nagbibigay-inspirasyon, nagpapagaan ng mga pasanin, nagpapalakas, naghahatid, nagpoprotekta, nagpapagaling, at kung hindi naman ay "[tumutulong sa] kanyang mga tao," kahit madapa sila sa makipot at makitid na landas.[11]

Pagsisisi ang kaloob ng Diyos na laging matatamo na nagtutulot at nagbibigay-kakayahan sa atin na paulit-ulit na mabigo nang hindi nawawala ang kasigasigan. Ang Pagsisisi ay hindi Niya alternatibong plano sakali mang mabigo tayo. Pagsisisi *ang* Kanyang plano, batid na gagawin natin ito. Ito ang ebanghelyo ng pagsisisi, at tulad ng sabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "habambuhay natin itong pag-aaralan."[12]

Sa habambuhay na pag-aaral na ito na magsisi, ang sakramento ang itinalagang paraan ng Panginoon para patuloy na matamo ang Kanyang kapatawaran. Kung nakikibahagi tayo nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, nag-aalok Siya sa atin ng lingguhang kapatawaran habang umuusad tayo sa sunud-sunod na kabiguan sa landas ng tipan. Sapagkat "sa kabila ng kanilang mga kasalanan, ang aking kalooban ay napupuspos ng pagkahabag sa kanila."[13]

Ngunit ilang beses nga ba Niya tayo patatawarin? Gaano katagal ang Kanyang mahabang pagtitiis? Sa isang okasyon tinanong ni Pedro ang Tagapagligtas, "Panginoon, makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin na siya'y aking patatawarin? hanggang sa makapito?"[14]

Siguro, akala ni Pedro *pito* lang ay sapat na para bigyang-diin ang kahangalang magpatawad nang napakaraming beses at na dapat magkaroon ng hangganan ang kabaitan. Bilang





tugon, sinabi ng Tagapagligtas kay Pedro na ni huwag magbilang—na huwag magtakda ng mga limitasyon sa pagpapatawad.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Hindi ko sinasabi sa iyo, Hanggang sa makapito; kundi, Hanggang sa makapitongpung pito."[15]

Walang alinlangan na hindi itinaas ng Tagapagligtas ang limitasyon sa 490. Kahalintulad iyan ng pagsasabi na ang pagtanggap ng sakramento ay may limit na 490, at sa ika-491, mamamagitan ang tagasuri sa langit at sasabihing, "Ikinalulungkot ko, ngunit expired na ang iyong card ng pagsisisi—mula ngayon, bahala ka na sa sarili mo."

Ginamit ng Panginoon ang matematika ng makapitumpung pito bilang metapora ng Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala, pagmamahal, at biyaya. "Oo, at *kasindalas* na magsisisi ang aking mga tao ay akin silang patatawarin sa kanilang mga pagkakasala laban sa akin."[16]

Hindi niyan ibig sabihin na ang sakramento ay nagiging lisensya para magkasala. Isang dahilan iyan kaya isinama ng Panginoon ang pariralang ito sa Aklat ni Moroni: "Ngunit kasindalas na sila ay magsisi at humingi ng kapatawaran, *nang may tunay na layunin,* sila ay pinatatawad."[17]

Ang tunay na layunin ay nagpapahiwatig *ng tunay na pagsisikap* at tunay na pagbabago. "Pagbabago" ang pangunahing salitang ginagamit na pantukoy ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan sa *pagsisisi:* "Ang pagbabago ng pag-iisip at kalooban na nagdudulot ng pangkalahatang bagong saloobin sa Diyos, sa sarili, at sa buhay."[18] Ang klase ng pagbabagong iyon ay nagbubunga ng espirituwal na *paglago.* Ang ating tagumpay, kung gayon, ay hindi nagmumula sa *sunud-sunod* na kabiguan, kundi sa *paglago* mula sa sunud-sunod na kabiguan nang hindi nawawala ang kasigasigan.

Tungkol sa *pagbabago,* isipin ang ideyang ito: "Ang mga bagay na hindi nagbabago ay nananatiling gayon pa rin." Ang malinaw na katotohanang ito ay hindi para insultuhin ang inyong katalinuhan kundi iyon ang malalim na karunungan ni Pangulong Boyd K. Packer, na idinagdag pa na, "At kapag hindi na tayo nagbabago—*tapos na tayo.*"[19]

Dahil ayaw nating maging *tapos* hanggang sa maging katulad tayo ng ating Tagapagligtas,[20] kailangan nating patuloy na magbangon tuwing madadapa tayo, na may hangaring patuloy na lumago at umunlad sa kabila ng ating mga kahinaan. Sa ating mga kahinaan, muli Niyang tiniyak sa atin, "Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan."[21]

Sa pagtingin lamang sa mga retrato o sa mga tsart ng paglaki sa mahabang panahon malalaman kung lumalaki nga tayo. Gayundin, karaniwa'y hindi mapapansin ang ating espirituwal na paglago maliban kung gunitain natin ang nakaraan. Katalinuhan ang regular nating isipin ang nakaraan sa gayong paraan para makita ang ating pag-unlad at mabigyang-inspirasyon tayo na "magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa."[22]

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa mapagmahal na kabaitan, tiyaga, at mahabang pagtitiis ng mga Magulang sa Langit at ng Tagapagligtas, na nagbibigay sa atin ng napakaraming ikalawang pagkakataon sa ating paglalakbay pabalik sa Kanilang piling. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ang siping ito ay naiugnay sa iba't ibang awtor, pati na kina Abraham Lincoln at Winston Churchill.
2. Thomas Edison, sa Zorian Rotenberg, "To Succeed, You Must Fail, and Fail More," Nob. 13,2013, insightsquared.com.
3. Charles F. Kettering, in Thomas Alvin Boyd, *Charles F. Kettering: A Biography* (1957), 40. Ang siping ito ay maiuugnay din kay C. S. Lewis.
4. Doktrina at mga Tipan 122:7. Kahit ang Tagapagligtas ay "natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis" (Sa Mga Hebreo 5:8). Bagama't ang mga talatang ito ay tumutukoy sa paghihirap at pagdurusa dahil sa ating kapaligiran o di-kanais-nais na mga kalagayan, ang mga pagkakamaling nagagawa natin ay para na rin sa ating ikabubuti kung matututo tayo mula rito.
5. Moises 6:55.
6. I Samuel 17:47; tingnan din sa 1 Nephi 3:29.
7. Tingnan sa Jacob 4:7.
8. Tingnan sa 2 Nephi 2:11.
9. Isaias 48:10; 1 Nephi 20:10.
10. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Biyaya"; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Alma 7:12.
12. Russell M. Nelson, sa Dallin H. Oaks at Neil L. Andersen, "Repentance" (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 26, 2015), 11.
13. Doktrina at mga Tipan 101:9.
14. Mateo 18:21.
15. Mateo 18:22.
16. Mosias 26:30; idinagdag ang pagbibigay-diin.
17. Moroni 6:8; idinagdag ang pagbibigay-diin.
18. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Magsisi, Pagsisisi," scriptures.lds.org.
19. Boyd K. Packer, Kingsland Georgia Stake conference, Ago. 1997.
20. Tingnan sa 3 Nephi 27:27.
21. II Mga Taga Corinto 12:9; tingnan din sa Eter 12:27.
22. 2 Nephi 31:20.



**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Propeta ng Diyos

*Ang propeta ay hindi tumatayo sa pagitan natin at ng Tagapagligtas. Sa halip, tumatayo siya sa ating tabi at itinuturo ang daan patungo sa Tagapagligtas.*

Idinaragdag ko ang aking pagbati ng pagtanggap kina Elder Gerrit Gong and Elder Ulisses Soares sa walang katulad na pagkakapatiran ng Korum ng Labindalawa.

Sa ating pagsang-ayon kay Pangulong Russel M. Nelson bilang propeta ng Panginoon at bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay naging bahagi ng isang banal na pagtitipon na iniutos ng Diyos—banal dahil ang mga naganap sa nakalipas na oras ay hinintay sa langit simula noong bago pa likhain ang mundo. Ang Panginoong Jesucristo, na namamahala sa Kanyang gawain, ay iniharap ngayong araw sa pamamagitan ni Pangulong Eyring, ang Kanyang propeta, ang Kanyang itinalagang pinuno, sa atin, ang Kanyang pinagtipanang tao, upang pahintulutan tayong maipahayag sa madla ang ating kahandaang sang-ayunan siya at sundin ang kanyang mga payo.

Sa mga milyun-milyong miyembro na hindi natin kasama rito sa Conference Center, gusto kong malaman ninyo na ang Espiritu ng Panginoon sa gusaling ito sa oras na sinasang-ayunan si Pangulong Nelson ay eksakto sa inaasahan ninyo—puno ng espirituwal na kapangyarihan. Ngunit ang ating pagtitipon na may patnubay ng Diyos ay hindi lamang nagaganap sa Conference Center na ito kundi maging sa buong mundo—sa mga simbahan sa Asya, Africa, at Hilagang America; sa mga tahanan sa Gitna at Timog America at Europa; sa mga may bubong na patyo sa Pasipiko at sa mga isla sa dagat. Ang pagtitipong ito ay nakararating saan mang bahagi ng mundo kayo naroroon, kahit na ang inyong koneksiyon ay sa pamamagitan lamang ng audio ng inyong smartphone. Ang ating mga itinaas na kamay ay hindi binilang ng ating mga bishop, subalit tiyak na ang mga ito ay nakita sa langit, sapagkat ang ating tipan ay sa Diyos, at ang ating gawain ay itinatala sa aklat ng buhay.

#### Pinipili ng Panginoon ang Kanyang Propeta

Ang pagpili ng isang propeta ay ginagawa Mismo ng Panginoon. Walang pagkampanya, walang debate, walang pagpapakitang-gilas para makakuha ng posisyon, walang pagtatalo, kawalan ng tiwala, kalituhan, ni kaguluhan. Pinagtitibay ko rin na ang kapangyarihan ng langit ay nasa amin sa itaas na silid ng templo nang palibutan namin nang may panalangin si Pangulong Nelson at nadama ang di-maikakailang pagpapatibay ng Panginoon sa kanya.

Ginawa ang pagpili kay Pangulong Nelson para maglingkod bilang propeta ng Diyos matagal na panahon na ang nakalilipas. Ang mga salita ng Panginoon kay Jeremias ay angkop din kay Pangulong Nelson: "Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa."[1] Tatlong taon na ang nakararaan, si Elder Nelson, sa edad na 90 ay ikaapat mula sa pinakaunang tinawag, at dalawa sa tatlong mas naunang tinawag na Apostol ay mas bata sa kanya. Ang Panginoon, na may hawak sa buhay at kamatayan, ang pumipili ng Kanyang propeta. Si Pangulong Nelson, sa edad na 93, ay nasa napakabuting kalusugan. Umaasa tayo na makakasama natin siya sa



*Carcassonne, France*



*Si Pangulong Nelson kasama ang kanyang ika-118 apo sa tuhod.*

susunod na isa o dalawang dekada, subalit ngayon ay sinusubukan namin siyang hikayatin na iwasan ang pag-ski.

Bagama't sinasang-ayunan natin ang propeta bilang itinalaga ng Panginoon, nililinaw ko na ang tanging sinasamba natin ay ang Diyos, ang ating Ama sa Langit, at ang Kanyang banal na Anak. Sa pamamagitan lamang ng mga kabutihan, awa, at biyaya ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo tayo muling makababalik sa Kanilang piling balang araw.[2]

#### Bakit Natin Sinusunod ang Propeta?

Gayunman, itinuro sa atin ni Jesus ang isang mahalagang katotohanan tungkol sa mga tagapaglingkod na Kanyang isinusugo sa atin. "Ang tumatanggap sa inyo," sabi Niya, "ay ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin."[3]

Ang pinakamahalagang tungkulin ng propeta ng Panginoon ay ang magturo sa atin ng tungkol sa Tagapagligtas at akayin tayo sa Kanya.

Maraming makatwirang kadahilanan para sundin natin si Pangulong Russel M. Nelson. Kahit hindi mga kabilang sa ating relihiyon ay itinuturing siyang matalino. Siya ay naging isang doktor ng medisina sa edad na 22, isang iginagalang na doktor na nag-oopera ng puso, at isang kilalang tagabunsod ng pag-unlad ng open-heart surgery.

Kinikilala ng iba ang kanyang karunungan at paghatol: siyam na dekada ng pag-aaral tungkol sa buhay at kamatayan, namumuhay na hindi makasarili, nagmamahal at nagtuturo sa mga anak ng Diyos sa bawat sulok ng mundo, at patuloy na pinauunlad ng karanasan sa pagkakaroon ng 10 anak, 57 apo, at 118 na apo-sa-tuhod (ang pinakahuling bilang na ito ay madalas na tumataas, ang ika-118 ay ipinanganak lamang nitong nakaraang Miyerkules.)

Masasabi ng mga lubos na nakakikilala kay Pangulong Nelson kung paano niya hinarap ang mga paghihirap sa buhay nang may pananampalataya at tapang. Nang mamatay sa sakit na kanser ang kanyang 37-taong-gulang na anak na si Emily, na iniwan ang isang mapagmahal na asawa at limang maliliit na anak, narinig ko siyang nagsabi, "Ako ay kanyang ama, isang doktor ng medisina, at isang Apostol ng Panginoong Jesucristo, subalit kailangan kong iyuko ang aking ulo at tanggaping 'Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.'"[4]

#### Bantay sa Tore

Bagamat hinahangaan natin ang lahat ng mararangal na katangiang ito, bakit natin sinusunod si Pangulong Nelson? Bakit natin sinusunod ang propeta? Dahil ang Panginoong Jesucristo ang tumawag sa kanya at nagtalaga sa kanya na maging Kanyang bantay sa tore.

Ang Carcassonne ay isang kahanga-hangang lungsod na napaliligiran ng pader sa France na itinayo noong kalagitnaan ng panahon. Nagsitaasan ang matataas na tore sa loob ng mga protektadong pader na ito, na itinayo para sa mga bantay na tatayo sa mga toreng iyon buong araw at gabi, na nakatutok ang atensiyon sa kalayuan para magbantay sa kaaway. Kapag nakakita ang bantay ng paparating na kaaway, ang kanyang tinig ng babala ang pumuprotekta sa mga tao sa Carcassonne mula sa nakaabang na panganib na hindi nila nakikita.

Ang propeta ay isang bantay sa tore na pumuprotekta sa atin mula sa mga espirituwal na panganib na maaaring hindi natin nakikita.

Sinabi ng Panginoon kay Ezekiel: "Ikaw . . . ay inilagay ko na bantay sa sangbahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita [mula] sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang akin."[5]

Madalas tayong nagsasalita tungkol sa ating pangangailangan na sumunod sa mga propeta, subalit isipin ang mabigat na pasaning ibinibigay ng Panginoon sa Kanyang propeta:





"[Kung] ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masasama . . . , [at] ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasamaan, . . . ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay."[6]

#### Isang Mas Matibay na Personal na Patotoo

Tinatanggap natin si Pangulong Nelson tulad ng magiging pagtanggap natin kina Pedro o Moises kung nabuhay tayo sa kanyang panahon. Sinabi ng Diyos kay Moises: "Ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain."[7] Pinakikinggan natin ang propeta ng Panginoon nang may pananampalatayang ang kanyang mga salita ay "mula sa sariling . . . bibig [ng Panginoon]."[8]

Ito ba ay bulag na pananampalataya? Ito ay hindi ganoon. Ang bawat isa sa atin ay mayroong espirituwal na patotoo sa katotohanan ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Sa pamamagitan ng ating sariling kalooban at pagpili, itinaas natin ang ating mga kamay ngayong umaga upang ipahayag ang ating pagnanais na sang-ayunan ang propeta ng Panginoon sa pamamagitan ng ating "pagtitiwala, pananampalataya, at [mga] panalangin"[9] at sundin ang kanyang payo. Mayroon tayong pribilehiyo bilang mga Banal sa mga Huling Araw na tanggapin ang isang personal na kumpirmasyon na ang tawag ni Pangulong Nelson ay mula sa Diyos. Bagama't halos tatlong dekada nang personal na nakikilala ng aking asawang si Kathy si Pangulong Nelson at walang pag-aalinlangan sa kanyang banal na balabal, nang siya ay inorden at itinalaga, sinimulan ng aking asawa na basahin ang mga mensahe ni Pangulong Nelson sa nakalipas na 34 na taon, nananalangin para sa mas malalim na katiyakan ng kanyang tungkulin bilang propeta. Ipinapangako ko sa inyo na magkakaroon kayo ng ganitong mas malalim na patotoo kapag hinangad ninyo ito nang may pagpapakumbaba at pagkamarapat.

Bakit handang-handa tayong sundin ang tinig ng ating propeta? Para sa mga masigasig na nagnanais ng buhay na walang hanggan, ang tinig ng propeta ay naghahatid ng espirituwal na kaligtasan sa maligalig na mga panahon.

Nabubuhay tayo sa planeta na puno ng malalakas na tinig na nagiimpluwensya sa atin. Ang internet, ang ating mga smartphone, ang ating napakaraming mapaglilibangan ay mapilit sa pag-impluwensiya sa atin, umaasa na bibilhin natin ang kanilang mga produkto at aayon sa kanilang mga pamantayan.

Ang tila walang katapusang impormasyon at opinyon ay nagpapaalaala sa atin ng mga espirituwal na babala sa mga banal na kasulatan tungkol sa "[pagpapahapay] dito't doon,"[10] "itinutulak ng hangin,"[11] at lubos na naiimpluwensiyahan ng "katusuhan" ng mga "lalang ng kamalian."[12]

Ang pag-angkla ng ating mga kaluluwa sa Panginoong Jesucristo ay nangangailangan ng pakikinig sa Kanyang mga isinusugo. Ang pagsunod sa propeta sa magulong mundo ay tulad ng pagkakabalot sa isang nakagiginhawa at mainit na kumot sa isang napakalamig na nagyeyelong panahon.

Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng katwiran, debate, pagtatalutalo, lohika, at pagpapaliwanag. Ang pagtatanong ng "Bakit?" ay nakakabuti sa maraming aspeto ng ating buhay, pinahihintulutan na magabayan tayo ng ating talino sa napakaraming pagpipilian at desisyong hinaharap natin sa bawat araw.

Subalit ang tinig ng Panginoon ay kadalasang dumarating nang walang paliwanag.[13] Matagal na panahon na bago pa man napag-aralan ng mga tao sa akademiya ang tungkol sa epekto ng pagtataksil sa pagtitiwala ng mga asawa at anak, ipinahayag na ng Panginoon, "Huwag kang mangangalunya."[14] Maliban sa pagtitiwala sa katalinuhan, pinahahalagahan natin ang kaloob na Espiritu Santo.

#### Huwag Kayong Mabibigla

Ang tinig ng propeta, bagama't magiliw kung bumigkas, ay kadalasang isang tinig na humihikayat sa atin na magbago, magsisi at magbalik sa Panginoon. Kung kinakailangan ng pagtatama, huwag natin itong ipagpaliban. At huwag tayong mabahala kung ang nagbababalang tinig ng propeta ay taliwas sa mga popular na opinyon ng ating panahon. Ang mga pangungutya ng nayayamot na mga taong hindi sumasampalataya ay palaging kaagad na ibinabato matapos na magsalita ang propeta. Kapag mapagpakumbaba ninyong sinunod ang mga payo at turo ng propeta ng Panginoon, ipinapangako ko sa inyo ang dagdag na pagpapala ng kaligtasan at kapayapaan.

Huwag kayong mabibigla kung ang inyong mga personal na pananaw sa simula ay hindi palaging lubos na umaayon sa mga turo ng propeta ng Panginoon. Ito ang mga pagkakataon ng pagkatuto, ng pagpapakumbaba, kapag tayo ay lumuluhod para manalangin. Nagpapatuloy tayo sa paglakad nang may pananampalataya, nagtitiwala sa Diyos, nalalaman na darating ang panahon na makatatanggap tayo ng dagdag na espirituwal na kaliwanagan mula sa ating Ama sa Langit. Inilarawan ng isang propeta ang di-maikukumparang kaloob ng Tagapagligtas nang ganito: "ang kalooban ng Anak ay mapasasakop sa kalooban Ama."[15] Ang pagsuko ng ating kalooban sa kalooban ng Diyos, sa katunayan, ay hindi talaga pagsuko subalit pagsisimula ng isang maluwalhating tagumpay.

Susubukan ng ilan na labis na suriin ang mga salita ng propeta,

nahihirapang tukuyin kung ano ang tinig ng propeta at kung ano ang kanyang personal na opinyon.

Noong 1982, dalawang taon bago matawag na General Authority, sinabi ni Brother Russell M. Nelson, "Hindi ko kailanman tinanong ang aking sarili ng, 'Kailan nagsasalita ang propeta bilang isang propeta at kailan hindi?' Ang interes ko ay kung 'Paano ako magiging mas katulad niya?'" Idinagdag niya, "Ang aking [pilosopiya ay] ang ihinto ang paglalagay ng tandang pananong sa mga pahayag ng propeta at sa halip ay lagyan ang mga ito ng tandang padamdam."[16] Ganito pinili ng isang mapagpakumbaba at espirituwal na tao na ayusin ang kanyang buhay. Ngayon, matapos ang 36 na taon, siya ay naging propeta ng Panginoon.

#### Dagdagan ang Inyong Pananampalataya sa Tagapagligtas

Sa aking personal na buhay, nalaman ko na kapag mapanalangin kong pinag-aralan ang mga salita ng propeta ng Panginoon at maingat at matiyaga kong espirituwal na iniayon ang aking kalooban sa kanyang mga turo, ang aking pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay palaging nadaragdagan.[17]



Kung pipiliin nating isantabi ang kanyang payo at sabihing mas nakaaalam tayo, hihina ang ating pananampalataya at magiging malabo ang ating walang hanggang pananaw. Ipinapangako ko na kung mananatili kayong di-natitinag sa pagsunod sa propeta, madaragdagan ang inyong pananampalataya sa Tagapagligtas.

Sinabi ng Tagapagligtas, "Lahat ng propeta . . . ay nagpatotoo sa akin."[18]

Ang propeta ay hindi tumatayo sa pagitan natin at ng Tagapagligtas. Sa halip, tumatayo siya sa ating tabi at itinuturo ang daan patungo sa Tagapagligtas. Ang pinakamalaking responsibilidad at ang pinakamahalagang kaloob sa atin ng propeta ay ang kanyang tapat na patotoo, ang kanyang tiyak na kaalaman, na si Jesus ang Cristo. Tulad ni Pedro noong unang panahon, ipinahahayag ng ating propeta, "[Siya] ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay."[19]

Balang araw, sa pagbabalik-tanaw natin sa ating mortalidad, magagalak tayong lumakad tayo sa mundo sa panahon ng isang buhay na propeta. Sa araw na iyon, dalangin kong masabi natin na:

Nakinig kami sa kanya.

Naniwala kami sa kanya.

Pinag-aralan namin ang kanyang mga salita nang may pagtitiyaga at pananampalataya.

Ipinagdasal namin siya.

Sumuporta kami sa kanya.


Naging mapagpakumbaba kami para masunod siya.

Minahal namin siya.

Iniiwan ko ang aking sagradong patotoo na si Jesus ang Cristo, ang ating Manunubos at Tagapagligtas, at na si Pangulong Russel M. Nelson ang Kanyang itinalagang propeta sa mundo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Jeremias 1:5.
2. Tingnan sa 2 Nephi 2:8.
3. Mateo 10:40.
4. Personal na alaala; tingnan din sa Spencer J. Condie, *Russell M. Nelson: Father, Surgeon, Apostle* (2003), 235.
5. Ezekiel 33:7.
6. Ezekiel 33:8.
7. Exodo 4:12.
8. Doktrina at mga Tipan 21:5.
9. Doktrina at mga Tipan 107:22.
10. Mga Taga Efeso 4:14.
11. Santiago 1:6.
12. Mga Taga Efeso 4:14.
13. Sinabi minsan ni Pangulong Elder Dallin H. Oaks:
    "Sa isang panayam noong 1988 . . . Ipinaliwanag ko ang aking pananaw sa mga nagtatangkang ipaliwanag ang banal na paghahayag gamit ang dahilang ibinibigay ng tao:
    "'Kung magbabasa kayo ng mga banal na kasulatan na iniisip ang tanong na ito, "Bakit iniutos ng Panginoon ito o bakit niya iniutos iyon," makikita ninyo na sa halos isandaang utos walang ibinigay na anumang dahilan. Hindi pamantayan ng Panginoon ang magbigay ng mga dahilan. Tayong [mga tao] ang nagbibigay ng mga dahilan sa paghahayag. Maaari tayong magbigay ng mga dahilan sa mga kautusan. Kapag ginawa natin iyan, sarili lang nating dahilan iyan. May ilang tao na nagbibigay ng mga dahilan [sa paghahayag] . . . , at talagang napapatunayang mali ang mga ito. May aral na matututuhan diyan. . . . Napagpasiyahan ko na noon pa man na may pananampalataya ako sa kautusan at wala akong pananampalataya sa mga dahilan o paliwanag na ibinibigay dito.' . . .
    "'. . . Ang lahat ng mga pagpapaliwanag na ito para sa akin ay peligrosong bagay na hindi naman dapat gawin. . . . Huwag nating gawin ang pagkakamaling nagawa noon, . . . pagtatangkang ipaliwanag ang paghahayag. Ang mga paliwanag na ito ay halos gawa-gawa lamang ng mga tao. Ang mga paghahayag ay ang sinasang-ayunan natin bilang kalooban ng Panginoon at diyan makikita ang kaligtasan'" (*Life's Lessons Learned* [2011], 68–69).
14. Exodo 204:14.
15. Mosias 15:7.
16. Russell M. Nelson, sa Lane Johnson, "Russell M. Nelson: A Study in Obedience," *Tambuli,* Ene. 1983, 26.
17. Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring: "Ang isa pang kamalian ay ang maniwala na ang karapatang piliin o hindi piliing sundin ang payo ng mga propeta ay parang katumbas lamang ng pagpapasiya kung tatanggapin ang isang mabuting payo o manatili na lang sa kinalalagyan natin. Ngunit ang piliing huwag pakinggan ang payo ng propeta ay nagpapabago sa mismong landas na tinatahak natin. Ito ay nagiging mas mapanganib. Ang hindi pagsunod sa payo ng propeta ay nagpapahina sa kakayahan nating sundin ang inspiradong payo sa hinaharap. Ang pinakatamang panahon na magpasiyang tulungan si Noe na gumawa ng arka ay noong una niya itong hiniling. Sa bawat paghiling niya pagkatapos noon, ang hindi pagtugon ay nagpapahina sa kakayahan nating mahiwatigan ang panghihikayat ng Espiritu. At dahil dito ang bawat hiling niya ay tila lalo pang nagiging isang kahangalan, hanggang sa dumating ang ulan. At huli na ang lahat" ("Finding Safety in Counsel," *Ensign,* Mayo 1997, 25).
18. 3 Nephi 20:24.
19. Mateo 16:16; tingnan din sa Juan 6:69.





**Inilahad ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Ipinapaalam namin na ang ulat sa estadistika na nakaugaliang ilahad sa sesyong ito ng pangkalahatang kumperensya ng Abril ay kaagad nang ilalathala ngayon sa LDS.org kasunod ng sesyong ito at sa isyu ng kumperensya ng mga magasin ng Simbahan.

Ilalahad ko ngayon ang ilang mga pagbabago sa pamunuan ng Simbahan at sa Pangkalahatang Pinuno at mga Area Seventy ng Simbahan para sa boto ng pagsang-ayon, at pagkatapos ay babasahin ni Brother Kevin R. Jergensen, managing director ng Church Auditing Department, ang taunang ulat.

Dahil sila ay tinawag na maglingkod bilang mga bagong miyembro ng Korum ng Labindalawa, inire-release sina Elder Gerrit W. Gong at Ulisses Soares bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu.

Bukod pa rito, inire-release din sina Elder Craig C. Christensen, Lynn G. Robbins, at Juan A. Uceda mula sa kanilang paglilingkod bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, simula sa Agosto 1, 2018.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kalalakihang ito para sa kanilang paglilingkod, mangyaring ipakita lamang.

Iminumungkahi na i-release ang mga sumusunod sa kanilang paglilingkod bilang mga Area Seventies: Steven R. Bangerter, Matthew L. Carpenter, Mathias Held, David P. Homer, Kyle S. McKay, R. Scott Runia, at Juan Pablo Villar.

Ang mga nais makiisa sa pasasalamat sa mga kapatid na ito para sa kanilang mahusay paglilingkod, mangyaring ipakita sa pamamagitan ng pagtataas ng mga kamay.

Iminumungkahi na i-release nang may taos-pusong pasasalamat sina Sister Bonnie L. Oscarson, Carol F. McConkie, at Neill F. Marriott bilang Young Women General Presidency. Inire-release din ang mga miyembro ng Young Women general board, na napakahusay na naglingkod.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa kababaihang ito para sa kanilang pambihirang paglilingkod at katapatan, mangyaring ipakita.

Iminumungkahi na i-release si Bonnie H. Cordon bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency.

Ang mga nais magpasalamat kay



Sister Cordon ay magtaas lamang ng kamay.

Iminumungkahing sang-ayunan ang mga sumusunod na maglingkod bilang mga miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, sa lalong madaling panahon: Sina Elder Carl B. Cook at Elder Robert C. Gay.

Ang mga sumusunod ay maglilingkod din bilang mga miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, simula Agosto 1, 2018: sina Elder Terence M. Vinson, Elder José A. Teixeria, at Elder Carlos A. Godoy.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahi na sang-ayunan ang mga sumusunod bilang bagong mga General Authority Seventy: sina Steven R. Bangerter, Matthew L. Carpenter, Jack N. Gerard, Mathias Held, David P. Homer, Kyle S. McKay, Juan Pablo Villar, at Takashi Wada.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong Area Seventies ang mga sumusunod: Richard K. Ahadjie, Alberto A. Álvarez, Duane D. Bell, Glenn Burgess, Víctor R. Calderón, Ariel E. Chaparro, Daniel Córdova, John N. Craig, Michael Cziesla, William H. Davis, Richard J. DeVries, Kylar G. Dominguez, Sean Douglas, Michael A. Dunn, Kenneth J. Firmage, Edgar Flores, Silvio Flores, Saulo G. Franco, C. Alberto Genaro, Mark A. Gilmour, Sergio A. Gómez, Roberto Gonzalez, Virgilio Gonzalez, Spencer R. Griffin, Matthew S. Harding, David J. Harris, Kevin J. Hathaway, Richard Holzapfel, Eustache Ilunga, Okechukwu I. Imo, Peter M. Johnson, Michael D. Jones, Pungwe S. Kongolo, G. Kenneth Lee, Aretemio C. Maligon, Edgar A. Mantilla, Lincoln P. Martins, Clement M. Matswagothata, Carl R. Maurer, Daniel S. Mehr II, Glen D. Mella, Isaac K. Morrison, Yutaka Nagatomo, Allistair B. Odgers, R. Jeffrey Parker, Victor P. Patrick, Denis E. Pineda, Henrique S. Simplicio, Jeffrey H. Singer, Michael L. Staheli, Djarot Subiantoro, Jeffrey K. Wetzel, Michael S. Wilstead, Helmut Wondra, at David L. Wright.,

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahi na sang-ayunan sina Bonnie H. Cordon bilang Young Women General President, kasama sina Michelle Lynn Craig bilang Unang Tagapayo at Rebecca Lynn Craven bilang Pangalawang Tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahi na sang-ayunan si Lisa Rene Harkness bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency.

# Ulat ng Church Auditing Department, 2017

**Inilahad ni Kevin R. Jergensen**
Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Mahal kong mga Kapatid: Ayon sa patnubay ng paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at Presiding Bishopric—ang nagbibigay ng awtoridad sa paggastos ng pondo ng Simbahan. Ang mga entidad ng Simbahan ay namamahagi ng pondo alinsunod sa inaprubahang mga budget, patakaran, at pamamaraan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga sertipikadong propesyonal at hindi sakop ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ay may responsibilidad na magsagawa ng mga audit para makapaglaan ng makatwirang katiyakan tungkol sa mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at pangangalaga sa mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, sa opinyon ng Church Auditing Department, sa lahat ng mahahalagang bagay, ang mga kontribusyong natanggap, paggastos na ginawa, at mga ari-arian ng Simbahan para sa taong 2017 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa mga budget, patakaran, at pamamaraan sa accounting na inaprubahan ng Simbahan. Sinusunod ng Simbahan ang mga pamamaraang itinuro sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa budget, umiwas sa utang, at mag-ipon para sa oras ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Kevin R. Jergensen
Managing Director ■

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahi na sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at General Auxiliary Presidency.

Lahat ng sang-ayon, ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Pangulong Nelson, naitala na po ang pagboto. Inaanyayahan namin ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi na kontakin ang kanilang stake president.

Sa naganap na mga pag-sang-ayon, mayroon na tayo ngayong 116 na General Authority. Halos 40 porsyento sa kanila ay ipinanganak sa labas ng Estados Unidos—sa Germany, Brazil, Mexico, New Zealand, Scotland, Canada, South Korea, Guatemala, Argentina, Italy, Zimbabwe, Uruguay, Peru, South Africa, American Samoa, England, Puerto Rico, Australia, Venezuela, Kenya, Pilipinas, Portugal, Fiji, China, Japan, Chile, Colombia, at France.

Mga kapatid, salamat sa inyong patuloy na pananampalataya at panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan.

Inaanyayahan namin ngayon ang mga bagong General Authority Seventy at ang bagong Young Women General Presidency at si Sister Harkness ng Primary General Presidency na maupo sa kanilang upuan sa itaas. ■



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Maamo at Mapagpakumbabang Puso

*Ang pagiging maamo ay isang pangunahing katangian ng Manunubos at nakikita sa pamamagitan ng matuwid na pagtugon, kahandaang magpasakop, at malakas na pagpipigil sa sarili.*

Nagpapasalamat ako sa sagradong pagkakataon na masang-ayunan ang mga lider ng ating Simbahan, at lubos akong nagagalak na makasama sina Elder Gong at Elder Soares sa Korum ng Labindalawang Apostol. Ang paglilingkod ng matatapat na lalaking ito ay magpapala sa mga indibidwal at pamilya sa buong mundo, at nasasabik akong maglingkod kasama sila at matuto mula sa kanila.



Dalangin ko na turuan at bigyan tayo ng kaliwanagan ng Espiritu Santo sa sama-sama nating pag-aaral ng tungkol sa isang mahalagang aspeto ng banal na katangian ng Tagapagligtas[1] na dapat tularan ng bawat isa sa atin.

Magbibigay ako ng ilang halimbawa na malinaw na magpapakita ng katangiang ito na katulad ng kay Cristo bago ko tukuyin ang natatanging katangian kalaunan sa aking mensahe. Mangyaring pakinggang mabuti ang bawat halimbawa at sama-sama nating isipin ang mga posibleng sagot sa aking mga itatanong.

**Halimbawa #1. Ang Mayamang Binata at si Amulek**

Sa Bagong Tipan, natutuhan natin ang tungkol sa isang mayamang binata na nagtanong kay Jesus ng, "Guro, ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako'y magkaroon ng buhay na walang hanggan?"[2] Una, pinayuhan siya ng Tagapagligtas na sundin ang mga kautusan. Pagkatapos ay binigyan

ng Panginoon ang binata ng dagdag na kailangang gawin na angkop sa kanyang mga partikular na natatanging pangangailangan at kalagayan.

"Sinabi ni Jesus sa kanya, Kung ibig mong maging sakdal, humayo ka, ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.

"Datapuwa't nang marinig ng binata ang ganitong pananalita, ay yumaon siyang namamanglaw, sapagka't siya'y isang may maraming pagaari."[3]

Ihambing ang tugon ng mayamang binata sa karanasan ni Amulek, na inilarawan sa Aklat ni Mormon. Si Amulek ay isang masipag at mayamang lalaki na maraming kamag-anak at kaibigan.[4] Inilarawan niya ang kanyang sarili na bilang isang lalaking tinawag nang maraming ulit ngunit tumangging makinig, isang lalaking nalalaman ang hinggil sa mga bagay ng Diyos ngunit piniling hindi makaalam.[5] Si Amulek ay isa talagang mabuting tao ngunit siya ay naligalig ng mga bagay na nauukol sa makamundong alalahanin tulad ng mayamang binata na inilarawan sa Bagong Tipan.

Bagama't pinatigas ang kanyang puso noong una, sinunod ni Amulek ang tinig ng isang anghel, tinanggap ang propetang si Alma sa kanyang tahanan, at binigyan ito ng makakain. Siya ay espirituwal na nahikayat na kumilos noong bumisita si Alma at tinawag siya na mangaral ng ebanghelyo. Pagkatapos ay iniwan ni Amulek ang "lahat ng kanyang ginto, at pilak, at kanyang mahahalagang bagay . . . para sa salita ng Diyos, [at siya ay] itinakwil ng mga yaong minsan ay kanyang mga kaibigan at gayon din ng kanyang ama at kanyang kaanak."[6]

Ano sa palagay ninyo ang dahilan kung bakit magkaiba ang mga tugon ng mayamang binata at ni Amulek?

#### Halimbawa #2. Pahoran

Noong mapanganib na panahon ng digmaan na inilarawan sa Aklat ni Mormon, sumulat sa isa't isa sina Moroni, ang kapitan ng mga hukbo ng mga Nephita, at Pahoran, ang punong hukom at gobernador ng lupain. Si Moroni, na may hukbong naghihirap dahil sa kakulangan ng suporta mula sa pamahalaan, ay sumulat kay Pahoran "sa paraang may panunumpa"[7] at inakusahan siya at ang kapwa niya mga kapwa-pinuno ng kapabayaan, katamaran, kawalan ng pagmamalasakit, at pati na rin maging ng pagtataksil sa bayan.[8]

Maaaring madali lamang para kay Pahoran na maghinanakit kay Moroni at sa mga maling mga paratang nito, subalit hindi siya nagalit. Tumugon siya nang may habag at ikinuwento ang nangyaring paghihimagsik laban sa pamahalaan na hindi alam ni Moroni. At pagkatapos ay sinabi ni Pahoran:

"Masdan, sinasabi ko sa iyo, Moroni, na hindi ako nagagalak sa masidhi ninyong mga paghihirap, oo, ipinagdadalamhati ito ng aking kaluluwa. . . .

". . . Sa iyong liham ay hinatulan mo ako, subalit hindi ito mahalaga; hindi ako nagagalit, kundi nagagalak sa kadakilaan ng iyong puso."[9]

Ano sa palagay ninyo ang dahilan ng mahinahong tugon ni Pahoran sa mga pagpaparatang ni Moroni?

#### Halimbawa #3. Pangulong Russel M. Nelson at Pangulong Henry B. Eyring

Sa pangkalahatang kumperensya anim na buwan na ang nakalilipas, inilarawan ni Pangulong Russel M. Nelson ang kanyang tugon sa paanyaya ni Pangulong Thomas S. Monson na pag-aralan, pagnilayan, at ipamuhay ang mga katotohanang nilalaman ng Aklat ni Mormon. Sinabi niya, "Sinikap kong sundin ang kanyang payo. Kabilang sa maraming bagay, gumawa ako ng listahan kung ano *ang* Aklat ni Mormon, ano ang *pinagtitibay* nito, ano ang *pinabubulaanan* nito, ano ang *isinasakatuparan* nito, ano ang *nililinaw* nito, at ano ang *inihahayag* nito. Kapag pinag-aralan natin ang Aklat ni Mormon sa gayong paraan marami tayong matututuhan at mahihikayat tayong ipamuhay ito! Hinihikayat kong gawin din ninyo ito."[10]

Binigyang-diin din ni Pangulong Henry B. Eyring ang kahalagahan sa kanyang buhay ng kahilingan ni Pangulong Monson. Sinabi niya:



"Binasa ko ang Aklat ni Mormon araw-araw sa loob ng mahigit 50 taon. Kaya marahil maaari ko nang isipin na para sa iba ang mga salita ni Pangulong Monson. Ngunit, tulad ng marami sa inyo, nadama ko ang panghihikayat ng propeta at nahimok ako ng kanyang pangako na mas magsumikap pa. . . .

"Ang magandang resulta para sa akin, at para sa karamihan sa inyo, ay ang ipinangako mismo ng propeta."[11]

Ano sa tingin ninyo ang dahilan ng mabilis at taos-pusong pagtugon sa paanyaya ni Pangulong Monson ng dalawang lider na pinunong ito ng Simbahan ng Panginoon?

Hindi ko sinasabing ang malalakas na espirituwal na pagtugon nina Amulek, Pahoran, Pangulong Nelson at Pangulong Eyring ay maipapaliwanag lamang ng iisang katangian na katulad ng kay Cristo. Tiyak na maraming mga magkakaugnay na mga katangian at karanasan ang dahilan ng kahustuhan sa espirituwalidad na makikita sa mga buhay ng apat na dakilang tagapaglingkod na ito. Subalit binigyang-diin ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga propeta ang isang mahalagang katangian na kailangan nating lahat upang mas lubos na maunawaan at pagsikapan na taglayin ang mga ito sa ating buhay.

#### Kaamuan

Mangyaring pansinin ang katangiang ginamit ng Panginoon para ilarawan ang Kanyang sarili sa sumusunod



na banal na kasulatan: "Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y *maamo at mapagpakumbabang puso:* at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa."[12]

Mayroon tayong matututuhan sa pagpili ng Tagapagligtas na bigyang-diin ang pagiging maamo mula sa lahat ng mga katangian at kabutihan na maaari Niyang piliin.

Makikita ang kaparehong huwaran sa isang paghahayag na natanggap ni Propetang Joseph Smith noong 1829. Ipinahayag ng Panginoon, "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; *lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu*, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin."[13]

Ang pagiging maamo ay isang pangunahing katangian ng Manunubos at nakikita sa pamamagitan ng matuwid na pagtugon, kahandaang magpasakop, at malakas na pagpipigil sa sarili. Ang katangiang ito ay tumutulong sa atin na mas lubos na maunawaan ang bawat tugon nina Amulek, Pahoran, Pangulong Nelson, at Pangulong Eyring.

Halimbawa, matuwid at mabilis na tumugon sina Pangulong Nelson at Pangulong Eyring sa panghihikayat ni Pangulong Monson na basahin at pag-aralan ang Aklat ni Mormon. Bagama't ang dalawang lalaking ito ay naglilingkod sa mahalaga at mataas na tungkulin sa Simbahan at masusi nang napag-aralan ang mga banal na kasulatan sa loob ng maraming dekada, ipinakita nila sa kanilang mga pagtugon na hindi sila nag-alinlangan o hindi nila inisip na napakaimportante nila para sumunod.

Si Amulek ay handang nagpasakop sa kalooban ng Diyos, tumanggap ng tawag na mangaral ng ebanghelyo, at iniwan ang maginhawang buhay at ang pamilya at mga kaibigan. At si Pahoran ay biniyayaan ng kakayahang makaunawa at malakas na pagpipigil sa sarili para kumilos sa halip na gumanti nang ipaliwanag niya kay Moroni ang mahihirap na kalagayan na bunga ng mga pagsubok dahil sa naging pag-aklas laban sa pamahalaan.

Ang pagiging maamo na katangian ni Cristo ay madalas na hindi nauunawaan ng tama sa ating mundo ngayon. Ang pagiging maamo ay kalakasan, hindi kahinaan; kumikilos, at hindi pinakikilos; matapang, at hindi nahihiya; may pagpipigil, at hindi mapagmalabis; mapagpakumbaba, at hindi mapagmataas; at mabait, at hindi lapastangan. Ang maamong tao ay hindi madaling magalit, hindi mapagkunwari, o mapanupil at handang kilalanin ang mga nagawa ng iba.

Datapwat ang *pagiging mapagpakumbaba* ay karaniwang nangangahulugan ng pagtitiwala sa Diyos at patuloy na palagiang pangangailangan ng Kanyang paggabay at suporta, ang isang natatanging aspeto na ipinapakita ng katangian na *pagiging maamo* ay isang partikular na espirituwal na kahandaang matuto mula sa Espiritu Santo at mula sa mga taong tila mas kakaunti ang kakayahan, karanasan, o edukasyon, o maaaring walang importanteng katungkulan, o kaya naman ay tila walang gaanong nalalaman para makapagbahagi nang marami. Alalahanin kung paano napagtagumpayan ni Naaman, ang punong kawal ng hukbo ng hari ng Siria, ang kanyang kapalaluan at tinanggap nang may kaamuan ang payo ng kanyang mga tagapaglingkod na sundin ang propetang si Eliseo at maghugas sa ilog ng Jordan nang pitong beses.[14] Ang kaamuan ay pangunahing pananggalang mula sa mapagpalalong pagkabulag dahil sa kapalaluan na kadalasang nagmumula sa katanyagan, katungkulan, kapangyarihan, kayamanan, at mga papuri ng tao.

### Ang Pagiging Maamo—Isang Katangiang Katulad ng Kay Cristo at Isang Espirituwal na Kaloob

Ang pagiging maamo ay isang katangiang nabubuo sa pamamagitan ng paghahangad na magkaroon nito, matuwid na paggamit ng ating moral na kalayaan sa pagpili, at pagsisikap na palaging panatilihin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan.[15] Ito ay isa ring espirituwal na kaloob na maaari nating hangarin.[16] Gayunman, dapat din nating tandaan na ang mga layunin kung bakit ipinagkakaloob ang pagpapalang ito ay upang pagpalain at paglingkuran ang mga anak ng Diyos.[17]

Sa ating paglapit at pagsunod sa Tagapagligtas, tayo ay mas binibigyan at unti-unting dinaragdagan ng kakayahan na mas maging tulad Niya. Binibigyan tayo ng lakas ng Espiritu na magkaroon ng pagpigil sa sarili at ng matatag at mahinahong pag-uugali. Dahil dito, nagiging maamo tayo bilang mga disipulo ng Panginoon at hindi ito isang bagay lang na ating ginagawa.

"Si Moises ay tinuruan sa lahat ng karunungan ng mga Egipcio: at siya ay makapangyarihan sa kaniyang mga salita at mga gawa."[18] Gayunpaman siya ay "totoong maamong loob, na higit kay sa lahat ng lalaking nasa ibabaw ng lupa."[19] Ang kanyang kaalaman at kagalingan ay maaaring maging dahilan ng kanyang kapalaluan. Sa halip, ang katangian at espirituwal na kaloob ng pagiging maamo na biyaya

sa kanya ang nakababawas sa pagmamataas sa kanyang buhay at nagpahusay sa kakayahan ni Moises bilang kasangkapan upang maisagawa ang mga layunin ng Diyos.

### Ang Panginoon Bilang isang Halimbawa ng Kaamuan

Ang pinakamaganda at makahulugang halimbawa ng pagiging maamo ay makikita sa mismong buhay ng Tagapagligtas.

Ang Dakilang Manunubos, na "nagpakababa-baba sa lahat ng bagay"[20] at nagdusa, nagbuhos ng dugo, at namatay para "tayo'y [*linisin*] sa lahat ng kalikuan,"[21] ay magiliw na hinugasan ang maalikabok na mga paa ng Kanyang mga disipulo.[22] Ang ganitong kaamuan ay isang katangian na makikita sa Panginoon bilang isang tagapaglingkod at pinuno.

Si Jesus ay nagbigay ng pinakadakilang halimbawa ng matuwid na pagtugon at kahandaang magpasakop nang Siya ay magdanas ng matinding pagdurusa sa Getsemani.

"At nang siya'y dumating sa dakong yaon, ay sinabi niya sa [Kanyang mga disipulo], Magsipanalangin kayo nang huwag kayong magsipasok sa tukso.

"At . . . siya'y nanikluhod, at nanalangin,

"Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo."[23]

Ang kaamuan ng Tagapagligtas sa karanasang ito na mahalaga sa buong kawalang-hanggan at pinagdusahan nang napakatindi ay nagpapakita sa bawat isa sa atin ng kahalagahan ng paglalagay sa karunungan ng Diyos sa ibabaw ng ating sariling karunungan.

Ang patuloy na kahandaang magpasakop at malakas na pagpipigil sa sarili ng Panginoon ay kahanga-hanga at nagtuturo sa ating lahat. Nang dumating ang isang hukbo ng mga kawal sa templo at mga sundalong Romano sa Getsemani para hulihin at dakpin si Jesus, binunot ni Pedro ang kanyang tabak at tinagpas ang kanang tainga ng alipin ng mataas na saserdote.[24] Pagkatapos ay hinipo ng Tagapagligtas ang tainga ng alipin at pinagaling siya.[25] Pansinin na tinulungan at pinagaling Niya ang taong nagtangkang dumakip sa Kanya gamit ang kapangyarihan mula sa langit na maaari Niyang gamitin para hindi Siya madakip at maipako sa krus.

Pagnilayan din kung paano inakusahan at kinondena ang Panginoon sa harapan ni Pilato para ipako sa krus.[26] Ipinahayag ni Jesus nang Siya ay ipagkanulo: "O inaakala mo baga na hindi ako makapamamanhik sa aking Ama, at padadalhan niya ako ngayon din ng mahigit sa labingdalawang pulutong na mga anghel?"[27] Subalit, ang "Walang Hanggang Hukom ng kapwa buhay at patay"[28] ay kabalintunaang hinatulan ng isang taong pansamantalang itinalaga sa katungkulan sa pamahalaan. "At hindi siya sinagot [ni Jesus], ng kahit isang salita man lamang: ano pa't nanggilalas na mainam ang gobernador."[29] Ang pagiging maamo ng Tagapagligtas ay makikita sa Kanyang pagtugon nang may disiplina, malakas na pagpipigil, at kawalan ng hangaring kagustuhan na gamitin ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan para sa sariling kapakinabangan.

### Pangako at Patotoo

Itinuro ni Mormon na ang kaamuan ang saligan na nagbubunga ng lahat ng espirituwal na kakayahan at kaloob.

"Kaya nga, kung ang isang tao ay may pananampalataya siya ay kinakailangang magkaroon ng pag-asa; sapagkat kung walang pananampalataya ay hindi magkakaroon ng kahit na anong pag-asa.

"At muli, masdan, sinasabi ko sa inyo, na hindi siya maaaring magkaroon ng pananampalataya at pag-asa, maliban kung siya ay maging maamo at may mapagpakumbabang puso.

"Kung sakali man, ang kanyang pananampalataya at pag-asa ay walang saysay, sapagkat walang isa mang katanggap-tanggap sa Diyos, maliban sa mababang-loob at may mapagpakumbabang puso; at kung ang isang tao ay maamo at may mapagpakumbabang puso, at kinikilala sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesus ang Cristo, kailangang magkaroon siya ng pag-ibig sa kapwa-tao; sapagkat kung wala siyang pag-ibig sa kapwa-tao ay wala siyang kabuluhan; anupa't kailangan niyang magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao."[30]

Ipinahayag ng Tagapagligtas, "Mapapalad ang mga maamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa."[31] Ang pagiging maamo ay mahalagang aspeto ng banal na katangian at maaaring matanggap at mapasaating buhay dahil at sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating nabuhay na mag-uli at buhay na Manunubos. At ipinapangako ko na tayo ay Kanyang gagabayan, poprotektahan, at palalakasin kapag tayo ay lumakad sa kaamuan ng Kanyang Espiritu. Ipinapahayag ko ang aking tiyak na patotoo sa mga katotohanang ito at pangakong ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa II Ni Pedro 1:4.
2. Mateo 19:16.
3. Mateo 19:21–22.
4. Tingnan sa Alma 10:4.
5. Tingnan sa Alma 10:5–6.
6. Alma 15:16.
7. Alma 60:2.
8. Tingnan sa Alma 60:5–33.
9. Alma 61:2, 9.
10. Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 61.
11. Henry B. Eyring, "Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti," *Liahona,* Nob. 2017, 100.
12. Mateo 11:29; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. Doktrina at mga Tipan 19:23; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. Tingnan sa II Mga Hari 5:1–17.
15. Tingnan sa Mosias 4:12, 26; Moroni 8:25–26.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:8.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 46:8–9, 26.
18. Mga Gawa 7:22.
19. Mga Bilang 12:3.
20. Doktrina at mga Tipan 88:6.
21. I Ni Juan 1:9; idinagdag ang pagbibigay-diin.
22. Tingnan sa Juan 13:4–5.
23. Lucas 22:40–42.
24. Tingnan sa Juan 18:10.
25. Tingnan sa Lucas 22:51.
26. Tingnan sa Mateo 27:2, 11–26.
27. Mateo 26:53.
28. Moroni 10:34.
29. Mateo 27:14.
30. Moroni 7:42–44.
31. Mateo 5:5.



**Ni Elder Taylor G. Godoy**
Ng Pitumpu

# Isa Pang Araw

*Tayong lahat ay mayroong "ngayon" para mabuhay, at ang susi para gawing matagumpay ang ating araw ay ang maging handang magsakripisyo.*

Ilang taon na ang nakalilipas, ang aking mga kaibigan ay nagkaroon ng magandang sanggol na anak na pinangalanang Brigham. Matapos siyang isilang, si Brigham ay nasuring mayroong hindi pangkaraniwang kondisyon na kung tawagin ay Hunter syndrome, na ang malungkot na kahulugan nito ay magiging maikli ang buhay ni Brigham. Isang araw habang naroon si Brigham at ang kanyang pamilya sa paligid ng templo, nagsalita si Brigham ng isang partikular na parirala; dalawang ulit niyang sinabi ang "Isa pang araw." Kinabukasan, pumanaw si Brigham.

Ilang beses ko nang nadalaw ang puntod ni Brigham, at tuwing ginagawa ko ito, pinagninilayan ko ang pariralang "isa pang araw." Iniisip ko kung ano ang magiging kahulugan nito, ano ang magiging epekto sa aking buhay na malaman na mayroon na lamang akong isang araw para mabuhay. Paano ko pakikitunguhan ang aking asawa, ang aking mga anak, at ang ibang tao? Magiging gaano katindi ang aking pagtitiis o paggalang? Paano ko aalagaan ang aking katawan? Gaano ako kataimtim na mananalangin at magsasaliksik ng mga banal na kasulatan? Sa tingin ko darating ang araw na lahat tayo ay magkakaroon ng realisasyon tungkol sa "isa pang araw"—isang realisasyon na dapat nating gamitin nang matalino ang oras na mayroon tayo.

Mababasa natin sa Lumang Tipan ang kuwento ni Ezechias, hari ng Juda. Inihayag ng propetang si Isaias kay Ezechias na ang buhay ni Ezechias ay malapit nang magwakas. Nang marinig niya ang mga salita ng propeta, si Ezechias ay nagsimulang manalangin, magmakaawa, at tumangis nang husto. Sa pagkakataong iyon, dinagdagan ng Diyos ng 15 taon ang buhay ni Ezechias. (Tingnan sa Isaiah 38:1–5.)

Kung sasabihin sa atin na maikli na lamang ang ating buhay, maaaring magmakaawa rin tayo na dagdagan pa ang araw ng ating buhay para magawa ang mga bagay na dapat ay ginawa na natin o binago.

Sa Kanyang karunungan, anuman ang itinakdang panahon ng Panginoon para sa bawat isa sa atin, makasisiguro tayo sa isang bagay: mayroon tayong "ngayon" para mabuhay, at ang susi para gawing matagumpay ang ating araw ay ang maging handang magsakripisyo.

Sinabi ng Panginoon, "Masdan, ang panahong ito ay tinawag na *ngayon* hanggang sa pagparito ng Anak ng Tao, *at katotohanan ito ay araw ng paghahain" [o pagsasakripisyo]* (D at T 64:23; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang salitang *sacrifice [sakripisyo*] ay nagmumula sa salitang Latin na *sacer,* na ang ibig sabihin ay "banal," at *facere,* na nangangahulugang "gawin," o sa madaling salita ay gawing banal ang mga bagay-bagay, magdala ng karangalan sa kanila.

"Biyaya'y bunga ng pagpapasakit" ("Purihin ang Propeta," *Mga Himno,* blg. 21).

Sa paanong paraan ginagawang mas makabuluhan at pinagpala ng pagsasakripisyo ang ating mga araw?

Una, ang personal na pagsasakripisyo ay nagpapalakas sa atin at nagbibigay ng halaga sa mga bagay na pinagsasakripisyuhan natin.

Ilang taon na nakalilipas, sa isang Linggo ng pag-aayuno, isang



matandang miyembrong babae ang pumunta sa pulpito para magbahagi ng kanyang patotoo. Nakatira siya sa lungsod na tinatawag na Iquitos, na nasa Peruvian Amazon. Sinabi niya sa amin na mula nang mabinyagan siya, minithi na niyang matanggap ang mga ordenansa sa templo sa Lima, Peru. Matapat siyang nagbayad ng buong ikapu at inimpok ang kakatiting niyang kita sa loob ng maraming taon.

Ang kanyang kagalakan sa pagpunta at pagtanggap ng mga banal na ordenansa doon ay ipinahayag sa mga salitang ito: "Ngayon masasabi ko nang handa na akong dumaan sa tabing [ng kamatayan]. Ako ang pinakamasayang babae sa buong mundo; nag-impok ako ng pera, hindi ninyo maiisip kung gaano katagal ito, para mabisita ang templo, at pagkatapos ng pitong araw sa ilog at 18 oras sa bus, nakarating din ako sa wakas sa bahay ng Panginoon. Nang lisanin ko ang banal na lugar na iyon, sinabi ko sa aking sarili, pagkatapos ng lahat ng sakripisyong ginawa ko para makarating ako sa templo, hindi ko hahayaan ang anumang bagay na maging dahilan para hindi ko pahalagahan ang bawat tipan na aking ginawa; masasayang ito. Ito ay napakabigat na pangako!"

Natutuhan ko mula sa magiliw na miyembrong ito na ang personal na pagsasakripisyo ay napakahalagang pwersa na naghihikayat sa ating mga desisyon at nagpapatibay ng ating determinasyon. Ang personal na pagsasakripisyo ay naghihikayat sa atin na kumilos, tumupad ng mga pangako, at mga tipan at nagbibigay ng kahulugan sa mga sagradong bagay.

Pangalawa, ang mga pagsasakripisyo natin para sa ibang tao, at ang pagsasakripisyo ng ibang tao para sa atin, ay nagbubunga ng mga pagpapala para sa lahat.

Noong ako ay isang estudyante sa dental school, tila hindi magiging maganda ang ekonomiya ng aming bansa sa hinaharap. Lubhang pinabababa ng inflation ang halaga ng aming pera sa pagdaan ng bawat araw.

Naaalala ko ang taon noong mage-enroll ako sa surgery practices; kinakailangang mayroon na ako ng lahat ng kinakailangang kagamitan na ginagamit sa operasyon bago makapag-enroll sa semester na iyon. Nag-impok ang aking mga magulang ng perang pambili. Ngunit isang gabi, isang di-inaasahang bagay ang nangyari. Umalis kami para bumili ng mga kagamitan, ngunit natuklasan namin na ang halaga ng perang inipon ng aking mga magulang para bumili ng lahat ng mga kagamitan ay sapat lamang para makabili ng isang pares ng surgical tweezers—at wala nang iba pa. Umuwi kaming walang nabili at malungkot dahil hindi ako makakapasok ng isang semester sa kolehiyo. Gayunman, biglang sinabi ng aking ina, "Taylor, halika, lumabas tayo."

Pumunta kami sa bayan kung saan maraming tindahan ang bumibili at nagbebenta ng mga alahas. Nang dumating kami sa isang tindahan, inilabas ng aking ina mula sa kanyang pitaka ang isang maliit at asul na lalagyan na yari sa malambot na tela na naglalaman ng isang magandang gintong pulseras na may nakasulat na, "Sa aking pinakamamahal na anak mula sa iyong ama." Iyon ang pulseras na ibinigay sa kanya ng aking lolo sa isa sa kanyang mga kaarawan. Pagkatapos, sa aking harapan, ay ibinenta niya ito.

Nang matanggap niya ang pera, sinabi niya sa akin, "Kung mayroong isang bagay na nakakasigurado ako, ito ay ang magiging dentista ka. Lumakad ka at bilhin ang lahat ng kagamitang kailangan mo." Ngayon, anong klaseng estudyante ako sa palagay ninyo magmula noong sandaling iyon? Gusto kong maging pinakamahusay at tapusin kaagad ang aking pag-aaral dahil alam ko ang napakalaking sakripisyong ginawa niya.

Natutuhan ko na ang mga sakripisyong ginawa ng ating mga mahal sa buhay para sa atin ay parang malamig na tubig na nagpapaginhawa sa atin sa gitna ng disyerto. Ang gayong sakripisyo ay nagbibigay ng pag-asa at motibasyon.

Pangatlo, anumang sakripisyong ginawa natin ay maliit kung ikukumpara sa sakripisyo ng Anak ng Diyos.

Ano ang halaga ng isang itinatanging gintong pulseras kung ikukumpara sa sakripisyo ng mismong Anak ng Diyos? Paano natin igagalang ang walang hanggang sakripisyong iyon? Bawat araw ay maaari nating alalahanin na mayroon tayong isa pang araw para mabuhay at maging tapat. Itinuro ni Amulek, "Oo, nais ko na kayo ay lumapit at huwag nang patigasin pa ang inyong mga puso; sapagkat masdan, ngayon na ang panahon at ang araw ng inyong kaligtasan; at kaya nga, kung kayo ay magsisisi at hindi patitigasin ang inyong mga puso, kapagdaka ang dakilang plano ng pagtubos ay madadala sa inyo" (Alma 34:31). Sa madaling salita, kung iaalay natin sa Panginoon ang isang bagbag na puso at nagsisising espiritu, kaagad na makikita sa ating buhay ang mga pagpapala ng dakilang plano ng kaligayahan.

Ang plano ng pagtubos ay naging posible dahil sa sakripisyo ni Jesucristo. Tulad ng inilarawan Niya, ang sakripisyo ang "dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit" (D at T 19:18).

At dahil sa sakripisyong ito, pagkatapos sundin ang proseso ng taimtim na pagsisisi, ay mararamdaman natin na naalis ang bigat ng ating mga pagkakamali at kasalanan. Katunayan, ang pagkabagabag ng konsiyensya, kahihiyan, sakit, kalungkutan, at mababang pagtingin sa ating sarili ay napapalitan ng malinis na konsiyensya, kaligayahan, kagalakan, at pag-asa.

Gayundin, kapag tayo ay gumagalang at nagpapasalamat sa Kanyang sakripisyo, lubos tayong makatatanggap ng masidhing hangarin na maging mas mabubuting anak ng Diyos, na lumayo mula sa kasalanan, at tuparin ang mga tipan nang higit kaysa rati.

Pagkatapos, tulad ni Enos na nakatanggap ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan, makadarama tayo ng hangarin na magsakripisyo at hangarin

ang kapakanan ng ating mga kapatid (tingnan sa Enos 1:9). At magiging mas handa tayo sa bawat "isa pang araw" na sundin ang paanyaya sa atin ni Pangulong Howard W. Hunter nang sabihin niya: "Lutasin ang hidwaan. Hanapin ang isang nalimutang kaibigan. Alisin ang pagdududa at palitan ito ng pagtitiwala. . . . Sumagot nang malumanay. Hikayatin ang mga kabataan. Ipakita ang inyong katapatan sa salita at gawa. Tuparin ang isang pangako. Kalimutan ang hinanakit. Patawarin ang kaaway. Humingi ng paumanhin o tawad. Sikaping umunawa. Suriin ang mga hinihingi ninyo sa ibang tao. Isipin muna ang isang tao. Maging mabait. Maging magiliw. Dagdagan pa ang pagtawa. Magpasalamat. Tanggapin ang isang dayuhan. Pasayahin ang isang bata. . . . Ipahayag ang iyong pagmamahal at ipahayag itong muli" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* [2015], 36; hango mula sa "What We Think Christmas Is," *McCall's,* Dis. 1959, 82–83).

Nawa'y mapuno ang ating mga araw sa paggawa ng mga iyon at mabigyan ng lakas na dulot ng personal na pagsasakripisyo at ng pagsasakripisyo natin para sa iba o ng pagsasakripisyo ng iba para sa atin. At sa isang espesyal na paraan, nawa'y matamasa natin ang kapayapaan at kagalakan na inihahandog sa atin ng sakripisyo ng Bugtong na Anak; oo, ang kapayapaang iyon na binanggit sa binabasa natin na si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon, at ang tao ay gayon—kayo ay gayon—upang kayo ay magkaroon ng kagalakan (tingnan sa 2 Nephi 2:25). Ang kagalakang iyon ay tunay na kagalakan na maibibigay lamang ng pagsasakripisyo at ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Dalangin ko na sundin natin Siya, na maniwala tayo sa Kanya, at mahalin natin Siya, at na madama natin ang pagmamahal na ipinakita sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa tuwing may pagkakataon tayong mabuhay ng isa pang araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**Ni Bonnie L. Oscarson**
Ni-Release Kamakailan na Young Women General President

# Mga Kabataang Babae sa Gawain

*Dapat madama ng bawat kabataang babae sa Simbahan na pinahahalagahan siya, may mga pagkakataon na maglingkod, at madama na may mahalaga siyang maiaambag sa gawaing ito.*

Noong isang taon, sa pangkalahatang sesyon ng priesthood ng kumperensya, nagsalita si Bishop Gérald Caussé sa kalalakihan ng Simbahan na inilalarawan kung paanong hindi mapaghihiwalay na magkatuwang sa pagtupad sa gawain ng kaligtasan ang mga mayhawak ng Aaronic at Melchizedek Priesthood.[1] Ang mensaheng iyan ay isang malaking pagpapala na tumulong sa mga kabataang lalaki na maytaglay na Aaronic Priesthood na maunawaan ang bahaging ginagampanan nila sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundong ito. Ang kanilang pinagsamang paglilingkod ay pinalalakas ang Simbahan at nagdudulot ng mas malalim na pagbabalik-loob at pangako sa mga puso ng ating mga kabataang lalaki habang nauunawaan nila ang kahalagahan ng kanilang kontribusyon at kung gaano kahanga-hanga ang gawaing ito.

Ngayon ay nais kong idagdag ang aking mensahe sa mensaheng iyon sa pagsasalita ko tungkol sa mga kabataang babae ng Simbahan, na kailangan at mahalaga rin sa pagsasakatuparan ng gawain ng Panginoon sa kanilang mga pamilya at sa Kanyang Simbahan.

Tulad ni Bishop Caussé, kabilang ako sa isang maliit na branch ng Simbahan noong halos kabataan ko, at madalas akong hilingan na gawin ang mga gawain at tungkulin na karaniwang ginagawa ng matatanda. Halimbawa, kami na nasa youth program ay madalas na manguna sa



pagtulong na iorganisa at isagawa ang aming mga aktibidad at mahahalagang kaganapan. Kami ay nagsulat ng mga dula, bumuo ng isang singing group para magbigay-saya sa mga aktibidad ng branch, at lubos na bahagi ng lahat ng miting. Tinawag ako na maging branch music leader at kumumpas sa pagkanta sa sacrament meeting tuwing Linggo. Kaygandang karanasan nito para sa isang 16-taon-gulang na dalagita tumayo sa harap ng lahat ng tao sa branch tuwing Linggo at kumpasan sila sa pagkanta ng mga himno. Nadama ko na kailangan ako at nalaman ko na mayroon akong maiaambag. Umasa ang mga tao na palagi akong naroon, at gustung-gusto ko ang pakiramdam na kapaki-pakinabang ako. Ang karanasang iyon ay tumulong sa akin na magkaroon ng patotoo kay Jesucristo, at tulad ng nangyari kay Bishop Caussé, nasalig ang buhay ko sa paglilingkod ayon sa ebanghelyo.

Dapat malaman ng bawat miyembro kung gaano siya kinakailangan. Bawat tao ay may mahalagang bagay na maiaambag at may mga natatanging talento at kakayahan na tumutulong na maisulong ang mahalagang gawaing ito. Ang ating mga kabataang lalaki ay may mga tungkulin sa Aaronic Priesthood na malinaw na inilarawan sa Doktrina at mga Tipan. Maaaring hindi gaanong pansin sa mga kabataang babae ng Simbahan, kanilang mga magulang, at kanilang mga lider na, mula sa panahong bininyagan sila, may mga responsibilidad sa tipan ang mga kabataang babae na "makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan [sila] ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan."[2] May mga pagkakataon ang mga kabataang babae na magawa ang mga responsibilidad na ito sa kanilang mga ward at mga branch at kapag naglilingkod sila sa mga class presidency, sa mga youth council, at sa iba pang mga tungkulin. Dapat madama ng bawat kabataang babae sa Simbahan na pinahahalagahan siya, may mga pagkakataon na maglingkod, at madama na may mahalaga siyang maiaambag sa gawaing ito.

Sa *Handbook 2*, nalaman natin na ang gawain ng kaligtasan sa mismong mga ward natin ay kinabibilangan ng "pagtulong ng mga miyembro sa gawaing misyonero, pagpapanatiling aktibo sa mga nabinyagan, pagpapaaktibo sa mga di-gaanong aktibong miyembro, gawain sa templo at family history, at pagtuturo ng ebanghelyo."[3] Ang gawaing ito ay pinamamahalaan ng ating matatapat na bishop, na hawak ang mga susi ng priesthood para sa kanilang ward. Maraming taon nang itinatanong ng aming panguluhan ang tanong na, "Alin sa nabanggit na mga aspetong ito dapat *hindi* makisali ang ating mga kabataang babae?" Ang sagot ay dapat mayroon silang mahalagang maiambag sa *lahat* ng aspeto ng gawaing ito.

Halimbawa, kamakailan lang ay nakilala ko ang ilang kabataang babae sa Las Vegas area na tinawag na maglingkod bilang mga ward temple at family history consultant. Napakasaya nila na matuturuan at matutulungan nila ang mga miyembro ng kanilang ward sa paghahanap ng kanilang mga ninuno. Sila ay mahusay sa paggamit ng computer, natuto kung paano gamitin ang FamilySearch, at natutuwa na ibahagi ang kaalamang iyon sa iba. Malinaw na sila ay may mga patotoo at pag-unawa tungkol sa kahalagahan ng paghahanap ng mga pangalan ng ating mga yumaong ninuno upang maisagawa para sa kanila ang mahahalagang ordenansa sa templo.

Ilang buwan na ang nakararaan, nagkaroon ako ng pagkakataon na subukan ang isang ideya sa dalawang 14-taong gulang na dalagita. Nakatanggap ako ng mga kopya ng dalawang aktuwal na ward council agenda at binigyan ko ng tig-isang kopya sina Emma at Maggie. Hiniling ko sa kanila na basahin ang mga agenda at tingnan kung may anumang action item mula sa mga ward council ang maaari nilang gawin. Nakita ni Emma na isang bagong pamilya ang lilipat sa ward, at sinabi niya na makatutulong siya sa kanila na maglipat at mag-ayos ng mga gamit. Naisip niya na maaari niyang kaibiganin ang mga anak sa pamilya at maipasyal sila sa kanilang bagong paaralan. Nakita niya na may gaganaping ward dinner at nadama niya na maraming iba't ibang paraan para makatulong siya.

Nakita ni Maggie na maraming matatandang miyembro sa ward na kinakailangang bisitahin at kaibiganin. Sinabi niya na gustong-gusto niyang makabisita at makatulong sa kahanga-hangang matatandang miyembrong ito. Nadama rin niya na makatutulong siya sa pagtuturo sa mga miyembro ng ward kung paano mag-set-up at gumamit ng mga social media account. Talagang walang isang bagay sa mga agendang iyon kung saan *hindi* makakatulong ang dalawang dalagitang iyon!

Nakikita ba ng mga miyembro ng mga ward council, o ng sinumang may katungkulan sa ward, ang mga kabataang babae na mapagkukunan ng tulong para matugunan ang maraming pangangailangan sa ating mga ward? Kadalasang may isang mahabang listahan ng mga sitwasyon kung saan kinakailangang maglingkod ang isang tao, at madalas na iniisip natin na mga nakatatanda lang sa ward ang makatutugon sa mga pangangailangang iyon. Tulad sa pag-anyaya sa ating mga mayhawak ng Aaronic Priesthood na gumawa kasama ang kanilang mga ama at iba pang kalalakihan ng Melchizedek Priesthood, maaaring tawagin ang ating mga kabataang babae na maglingkod at tumulong sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng ward kasama ang kanilang mga ina o iba pang mga kahanga-hangang kababaihan na miyembro ng Simbahan. Sila ay may kakayahan, masigasig, at handang gawin ang mas marami pang bagay kaysa magsimba lamang tuwing Linggo!

Kapag isinaalang-alang natin ang mga tungkulin na inaasahang gagampanan ng ating mga kabataang babae sa hinaharap, maaari nating itanong sa ating sarili kung anong mga karanasan ang maibibigay natin sa kanila ngayon na tutulong sa kanilang paghahanda na maging mga missionary, maalam



sa ebanghelyo, lider sa mga auxiliary ng Simbahan, temple worker, asawa, ina, mentor, halimbawa, at kaibigan. Sa totoo lang ay makapagsisimula na sila ngayon na gampanan ang marami sa mga tungkuling iyon. Madalas ay hinihiling sa mga kabataan na tumulong sa pagtuturo ng mga lesson sa kanilang mga klase tuwing Linggo. May mga pagkakataon na ngayon ang mga kabataang babae na maglingkod sa templo na noon ay ginagampanan lamang ng mga ordinance worker o mga boluntaryo kapag dumadalo sila kasama ang kanilang grupo ng kabataan upang magsagawa ng pagbibinyag para sa mga patay. Ang ating mga batang babae sa Primary ay inaanyayahan na ngayong dumalo sa mga Temple and Priesthood Preparation meeting, na tutulong sa kanila na maunawaan na mahalaga rin silang kalahok sa gawaing pinamamahalaan ng priesthood. Natututuhan nila na ang mga kalalakihan, kababaihan, kabataan, at mga bata ay tatanggap lahat ng mga pagpapala ng priesthood at maaaring aktibong makibahagi ang lahat sa pagsulong sa gawain ng Panginoon.

Mga bishop, alam namin na madalas ay napakabigat ng inyong mga tungkulin, ngunit tulad ng isa sa mga pinakapriyoridad ninyo na mangulo sa korum ng Aaronic Priesthood, ipinaliwanag sa *Handbook 2* na "ang bishop at ang mga tagapayo niya ay nagbibigay ng pamumuno ng priesthood sa organisasyon ng mga Kabataang Babae. Binabantayan at pinalalakas nila ang mga indibiduwal na kabataang babae, nakikipagtulungang mabuti sa mga magulang at sa mga lider ng Kabataang Babae sa gawaing ito." Sinasabi rin nito na "ang bishop at ang kanyang mga tagapayo ay regular na nakikibahagi sa mga miting, paglilingkod, at aktibidad ng mga Kabataang Babae."[4] Nagpapasalamat kami para sa mga bishop na gumugugol ng oras upang bisitahin ang mga klase ng Young Women at naglalaan ng mga pagkakataon para sa mga kabataang babae na makibahagi sa gawain at hindi lamang panoorin ang iba na gumagawa. Salamat sa inyo dahil tinitiyak ninyo na ang mga kabataang babae ay pinahahalagahang mga kalahok sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng ward! Ang mga pagkakataong ito na maglingkod sa mga makabuluhang paraan ay higit na magpapala sa kanila kaysa sa mga aktibidad na nasisiyahan lang sila.

Sa inyo, mga kabataang babae ng Simbahan, ang panahon ninyo bilang tinedyer ay maaaring maging abala at kadalasan ay mahirap. Napansin namin na mas marami sa inyo ang nahihirapan at palaging iniisip ang kahalagahan ng inyong sarili, nakadarama ng pagkabalisa, sobrang stress, at marahil pati depresyon. Ang isiping makatulong sa ibang tao, sa halip na pagtuunan ang sariling mga problema, ay maaaring hindi kalutasan sa lahat ng ito, ngunit mapagagaan ng paglilingkod ang inyong mga pasanin at maaaring madama ninyo na hindi na gaanong mahirap ang inyong mga hamon sa buhay. Isa sa pinakamagagandang paraan upang madagdagan ang pagpapahalaga sa sarili ay ang ipakita, sa pamamagitan ng ating pagmamalasakit at paglilingkod sa iba, na marami tayong mahalagang maiaambag.[5] Hinihikayat ko kayo na itaas ang inyong mga kamay upang magboluntaryo at gamitin ang mga kamay na iyon sa paggawa kapag nakakita kayo ng pangangailangan sa paligid ninyo. Sa pagtupad ninyo sa inyong mga responsibilidad sa tipan at pakikibahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, darating ang mga pagpapala sa inyong buhay at matutuklasan ninyo ang malalim at tumatagal na kagalakan ng pagiging disipulo.

Mga kapatid, kahanga-hanga ang ating mga kabataang babae. Sila ay may mga talento, di-nauubos na sigasig, at sigla, at mahabagin at mapagmalasakit sila. *Nais* nilang maglingkod. Kailangan nilang malaman na sila ay pinahahalagahan at kinakailangan sa gawain ng kaligtasan. Tulad ng paghahanda ng mga kabataang lalaki sa Aaronic Priesthood para sa mas dakilang paglilingkod sa pagsulong nila sa Melchizedek Priesthood, naghahanda rin ang ating mga kabataang babae na maging mga miyembro ng pinakadakilang organisasyon ng kababaihan sa lupa—ang Relief Society. Magkakasama, ang magaganda, malalakas, at matatapat na kabataang babae at kabataang lalaking ito ay naghahanda para maging mga asawa, at mga ina at mga ama na magpapalaki ng mga pamilyang karapat-dapat sa selestiyal na kaharian ng Diyos.

Pinatototohanan ko na ang gawain ng ating Ama sa Langit ay ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak.[6] Ang ating natatanging mga kabataang babae ay may mahalagang tungkuling gagampanan sa pagtulong na matupad ang dakilang gawaing ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Gérald Caussé, "Ihanda ang Daan," *Liahona,* Mayo 2017, 75–78.
2. Mosias 18:9.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), pahina 22.
4. *Handbook 2,* 10.3.1.
5. Tingnan sa Mateo 10:39.
6. Tingnan sa Moises 1:39.



Ni Elder Taniela B. Wakolo
Ng Pitumpu

# Ang Nakapagliligtas na mga Ordenansa ay Magbibigay sa Atin ng Kagila-gilalas na Kaliwanagan

*Ang pakikibahagi sa mga ordenansa at pagtupad sa kalakip na mga tipan nito ay magbibigay sa inyo ng kagila-gilalas na kaliwanagan at proteksyon sa mundong ito na lalo pang dumidilim.*

Mga kapatid, nagagalak ako na kasama ko kayo sa ebanghelyo, o sa doktrina ni Cristo.

Isang kaibigan ang nagtanong minsan kay Elder Neil L. Andersen, na noon ay Pitumpu, kung ano ang pakiramdam ng magsalita sa harap ng 21,000 tao sa Conference Center. Sagot ni Elder Andersen, "Hindi ang 21,000 tao ang nagpapanerbiyos sa iyo; kundi ang 15 Kapatid na nakaupo sa likuran mo." Natawa ako noon, subalit nararamdaman ko ito ngayon. Mahal ko at sinasang-ayunan ang 15 kalalakihang ito bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Sinabi ng Panginoon kay Abraham na sa pamamagitan ng kanyang binhi at sa pamamagitan ng priesthood, pagpapalain ang lahat ng mga pamilya ng daigdig sa pamamagitan "ng mga pagpapala ng Ebanghelyo . . . maging ng buhay na walang hanggan" (Abraham 2:11; tingnan din sa mga talata 2–10).

Ang mga ipinangakong pagpapala na ito ng ebanghelyo at ng priesthood ay ipinanumbalik sa daigdig, at noong 1842, pinangasiwaan ni Propetang Joseph Smith ang endowment ng limitadong bilang ng kalalakihan at kababaihan. Isa sa kanila si Mercy Fielding Thompson. Sinabi sa kanya ng Propeta, "Ilalabas ka nito [endowment] mula sa kadiliman tungo sa kagila-gilalas na kaliwanagan."[1]

Ngayon ay nais kong magtuon sa nakapagliligtas na mga ordenansa, na magbibigay sa inyo at sa akin ng kagila-gilalas na kaliwanagan.

### Mga Ordenansa at mga Tipan

Mababasa natin sa *Tapat sa Pananampalataya*: "Ang ordenansa ay isang sagrado at pormal na gawaing isinasagawa sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood. Ang . . . [mga] ordenansa [na] mahalaga sa ating kadakilaan . . . ay tinatawag na nakapagliligtas na mga ordenansa. Kabilang dito ang binyag, kumpirmasyon, ordenasyon sa Melchizedek Priesthood (para sa kalalakihan), endowment sa templo, at pagbubuklod ng kasal."[2]

Itinuro ni Elder David A. Bednar, "Ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan na pinangangasiwaan sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon . . . [ay] binubuo ng . . . mga awtorisadong pamamaraan para dumaloy ang mga pagpapala at



kapangyarihan ng langit sa ating sariling buhay."[3]

Tulad ng dalawang panig ng isang barya, lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ay may kalakip na mga tipan sa Diyos. Pinangakuan tayo ng Diyos ng mga pagpapala kung matapat nating tutuparin ang mga tipang iyon.

Ipinahayag ng propetang si Amulek, "Ito ang panahon para . . . maghanda sa pagharap sa Diyos" (Alma 34:32). Paano tayo maghahanda? Sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga ordenansa nang karapat-dapat. Tayo rin ay dapat, ayon sa mga salita ni Pangulong Russell M. Nelson, na "manatili sa landas ng tipan." Sinabi pa ni Pangulong Nelson, "Ang inyong pangako na sundin ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Kanya at pagsunod sa mga tipan na iyon ang magbubukas ng pinto para sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo para sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata saanman."[4]

Sina John at Bonnie Newman, tulad ng marami sa inyo, ay tumanggap ng mga espirituwal na pagpapala na ipinangako ni Pangulong Nelson. Isang Linggo, matapos magsimba kasama ng kanilang tatlong batang anak, sinabi ni Bonnie kay John, na hindi miyembro ng Simbahan, "Hindi ko magagawa ito nang mag-isa. Kailangan mong magpasiya kung magsisimba ka sa simbahan ko nang kasama kami o pipili ka ng isang simbahang madaluhan natin nang magkakasama, at kailangang malaman ng mga bata na mahal din ng kanilang tatay ang Diyos." Sa sumunod na Linggo at sa bawat Linggo pagkatapos noon, hindi lang dumalo si John; naglingkod din siya, tumutugtog ng piano para sa maraming ward, branch, at Primary sa paglipas ng mga taon. Nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala si John noong Abril 2015, at sa miting na iyon, pinag-usapan namin na ang pinakamagandang paraan na maipapakita niya ang kanyang pagmamahal kay Bonnie ay ang dalhin ito sa templo, ngunit hindi mangyayari iyon hangga't hindi siya nabibinyagan.

Matapos dumalo sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nang 39 na taon, nabinyagan si John noong 2015. Pagkaraan ng isang taon, ibinuklod sina John at Bonnie sa Memphis Tennessee Temple, 20 taon matapos matanggap ni Bonnie ang kanyang sariling endowment. Sinabi ng kanilang 47-taong-gulang na anak na si Robert tungkol sa kanyang ama, "Talagang nag-mature si Itay simula noong matanggap niya ang priesthood." Idinagdag ni Bonnie, "Masayahin na noon pa man si John, pero lalo pa siyang naging mabait nang matanggap niya ang mga ordenansa at tinupad ang kanyang mga tipan."

#### Ang Pagbabayad-sala ni Cristo at Kanyang Halimbawa

Maraming taon na ang nakararaan, nagbababala si Pangulong Boyd K. Packer, "Ang mabuting ugali at asal na walang mga ordenansa ng ebanghelyo ay hindi nakatutubos o nakakapagpadakila ng sangkatauhan."[5] Sa katunayan, hindi lang mga ordenansa at mga tipan ang kailangan natin upang makabalik sa ating ama, ngunit kailangan din natin ang Kanyang Anak na si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala.

Itinuro ni Haring Benjamin na tanging sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo maibibigay ang kaligtasan sa mga anak ng tao (tingnan sa Mosias 3:17; tingnan din sa Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, tinubos tayo ni



Jesucristo mula sa mga bunga ng Pagkahulog ni Adan at ginawang posible ang ating pagsisisi at kadakilaan sa huli. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay, Siya ay nagpakita sa atin ng halimbawa sa pagtanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa, kung saan "ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita" (D at T 84:20).

Matapos tanggapin ng Tagapagligtas ang ordenansa ng binyag upang "ganapin ang lahat ng katwiran" (tingnan sa 2 Nephi 31:5–6), Siya ay tinukso ni Satanas. Tulad niyon, hindi natatapos ang mga tukso sa atin pagkatapos ng binyag o pagbubuklod, ngunit sa pagtanggap ng mga banal na ordenansa at pagtupad sa kalakip na mga tipan nito, tayo ay pupuspusin ng kagila-gilalas na kaliwanagan at bibigyan tayo ng lakas para malabanan at malampasan ang mga tukso.

#### Babala

Ipinropesiya ni Isaias na sa mga huling araw, "ang lupa naman ay nadumhan . . . sapagka't kanilang . . . binago ang [ordenansa]" (Isaias 24:5; tingnan din sa D at T 1:15).

Isang kaugnay na babala, na inihayag kay Propetang Joseph Smith, ay na may mga "lumalapit . . . sa [Panginoon] sa pamamagitan ng kanilang mga labi, . . . [at] itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19).

Nagbabala rin si Pablo na marami ang mayroong "anyo ng kabanalan, datapuwa't [tinatanggihan] ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito" (II Kay Timoteo 3:5). Inuulit ko, lumayo sa mga ito.

Ang maraming panliligalig at tukso sa buhay ay tulad ng "mga lobong maninila" (Mateo 7:15). Ang tunay na pastol ang siyang maghahanda, magpoprotekta, at magbababala sa mga tupa at sa kawan kapag papalapit ang mga lobong ito (tingnan sa Juan 10:11–12). Bilang mga katuwang na pastol na nagnanais na tularan ang perpektong buhay ng Mabuting Pastol, hindi ba't mga pastol tayo ng ating



sariling kaluluwa at gayundin ng iba? Sa payo ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag na katatapos lang natin sang-ayunan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob na Espiritu Santo, makikita natin ang mga paparating na lobo kung tayo ay nakabantay at nakahanda. Sa kabaligtaran, kapag tayo ay pabayang mga pastol ng ating sariling kaluluwa at ng kaluluwa ng iba, malamang na maraming masawi. Ang kapabayaan ay nagdudulot ng kasawian. Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na maging tapat na pastol.

#### Karanasan at Patotoo

Ang sakramento ay isang ordenansa na tumutulong sa atin na manatili sa landas, at ang pakikibahagi nang karapat-dapat ay katunayan na tinutupad natin ang mga tipan na kalakip ng lahat ng iba pang ordenansa. Ilang taon na ang nakararan, noong kami ng asawa kong si Anita ay naglilingkod sa Arkansas Little Rock Mission, sumama akong magturo sa aming dalawang batang missionary. Sa lesson, sinabi ng mabait na lalaki na tinuturuan namin, "Nakapunta na ako sa simbahan ninyo; bakit kailangan ninyong kumain ng tinapay at uminom ng tubig tuwing Linggo? Sa simbahan namin, dalawang beses naming ginagawa iyon, tuwing Pasko ng Pagkabuhay at Pasko, at napakamakahulugan niyon."

Ibinahagi namin sa kanya na iniutos sa atin na "madalas magtipuntipong magkakasama upang makibahagi sa tinapay at alak" (Moroni 6:6; tingnan din sa D at T 20:75). Binasa namin nang malakas ang Mateo 26 at 3 Nephi 18. Tumugon siya na hindi pa rin niya nakikita ang pangangailangang gawin ito.

Pagkatapos ay ibinahagi namin ang sumusunod na paghahambing: "Kunwari ay naaksidente ang sinasakyan mo. Nasaktan ka at nawalan ng malay. May isang taong naparaan, nakita na wala kang malay, at tinawagan ang emergency number na 911. Ginamot ka at nagkamalay ka na."

Itinanong namin sa lalaking ito, "Nang malaman mo kung nasaan ka, ano kaya ang itatanong mo?"

Sinabi niya, "Gusto kong malaman kung paano ako napunta roon at kung sino ang tumulong sa akin. Araw-araw ko siyang pasasalamatan dahil iniligtas niya ang buhay ko."

Ibinahagi namin sa mabait na lalaking ito kung paano iniligtas ng Tagapagligtas ang ating mga buhay at kung paano natin kailangang pasalamatan Siya araw-araw, araw-araw, araw-araw!

Pagkatapos ay itinanong namin, "Dahil nalalaman mong ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa iyo at para sa amin, gaano kadalas mo nanaising kumain ng tinapay at uminom ng tubig na siyang mga sagisag ng Kanyang katawan at dugo?"

Sinabi niya, "Oo, naintindihan ko na. Pero may isa pang bagay. Ang simbahan ninyo ay hindi kasing saya at ingay tulad ng sa amin."

Ang sagot namin doon ay, "Ano ang gagawin mo kapag pumasok sa pintong iyan ang Tagapagligtas na si Jesucristo?"

Sinabi niya, "Luluhod kaagad ako."

Itinanong namin, "Hindi ba't iyan ang nadarama mo kapag pumapasok ka sa mga kapilya ng mga Banal sa mga Huling Araw—pagpipitagan sa Tagapagligtas?"

Sinabi niya, "Oo, naintindihan ko na, naintindihan ko na!"

Nagsimba siya noong Linggo ng Pagkabuhay na iyon at patuloy na nagsimba.

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na itanong sa ating mga sarili, "Anong mga ordenansa, kabilang na ang sakramento, ang kailangan kong tanggapin, at anong mga tipan ang kailangan kong gawin, tuparin, at igalang?" Ipinapangako ko na ang pakikibahagi sa mga ordenansa at pagtupad sa kalakip na mga tipan nito ay magbibigay sa inyo ng kagila-gilalas na kaliwanagan at proteksyon sa mundong ito na lalo pang dumidilim. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 486.
2. *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo*(2004), 90; tingnan din sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.2.
3. David A. Bednar, "Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan," *Liahona,* Mayo 2016, 60.
4. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
5. Boyd K. Packer, "The Only True Church," *Ensign,* Nob. 1985, 82.



**Ni Devin G. Durrant**
Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency

# Pagtuturo sa Tahanan—Isang Masaya at Sagradong Responsibilidad

*Nagsusumamo ako na tulungan tayo ng langit sa pagsisikap nating maging mga guro na tulad ni Cristo sa ating mga tahanan.*

Kami ng mahal kong asawang si Julie ay nagpalaki ng anim na pinakamamahal na anak, at kamakailan ay nilisan na nila ang aming tahanan. Talagang hinahanap-hanap ko ang aming mga anak at gusto ko silang makasama palagi sa aming tahanan. Hinahanap-hanap ko ang matuto mula sa kanila at ang turuan sila.

Ang mensahe ko ngayon ay para sa lahat ng magulang at lahat ng naghahangad na maging mga magulang. Marami sa inyo ang nagpapalaki ng mga anak ngayon. Para sa iba, maaaring malapit nang mangyari iyon. At para naman sa iba pa, ang pagiging magulang ay maaaring pagpapala para sa hinarahap. Idinadalangin ko na maunawaan nating lahat ang masaya at sagradong responsibilidad na magturo sa isang anak.[1]

Bilang mga magulang, ipinapakilala natin sa ating mga anak ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Tinutulungan natin ang ating mga anak na sambitin ang kanilang unang panalangin. Nagbibigay tayo ng patnubay at suporta sa kanilang pagpasok sa landas ng tipan[2] sa pamamagitan ng binyag. Itinuturo natin sa kanila na sundin ang mga kautusan ng Diyos. Itinuturo natin sa kanila ang tungkol sa Kanyang plano para sa Kanyang mga anak, at tinutulungan natin sila na makilala ang mga pagbulong ng Espiritu Santo. Ikinukuwento natin sa kanila ang tungkol sa mga sinaunang propeta at hinihikayat sila na sundin ang mga buhay na propeta. Nagdarasal tayo para sa kanilang tagumpay at nakikidalamhati sa kanila sa kanilang mga pagsubok. Pinatototohanan natin sa ating mga anak ang mga pagpapala ng templo, at sinisikap natin na ihanda sila nang mabuti upang makapaglingkod sila bilang mga full-time missionary. Magiliw natin silang pinapayuhan kapag ang ating mga anak ay naging mga magulang na rin. Ngunit—kahit ganoon—hindi tayo tumitigil sa pagiging mga magulang nila. Hindi tayo tumitigil sa pagiging mga guro nila. Hindi tayo kailanman nare-release sa mga walang hanggang tungkuling ito.

Ngayon ay isipin natin ang ilan sa magagandang pagkakataon na mayroon tayo upang maturuan ang mga anak natin sa ating mga tahanan.

#### Pagtuturo sa Family Home Evening

Magsimula tayo sa family home evening, na binigyang priyoridad sa tahanang puno ng pananampalataya kung saan ako pinalaki. Wala akong naaalalang partikular na lesson na itinuro sa aming family home evening, subalit naaalala ko na hindi kami nagmintis na gawin ito nang lingguhan.[3] Alam ko



kung ano ang mahalaga sa aking mga magulang.[4]

Natatandaan ko ang isa sa aking paboritong mga aktibidad sa family home evening. Aanyayahan ni Itay ang isa sa kanyang mga anak na gawin "Ang Pagsubok." Bibigyan niya ang anak ng mga instruksyon ayon sa pagkakasunud-sunod nito gaya ng, "Una, pumunta sa kusina at buksan at isara ang fridge. Pagkatapos ay tumakbo sa aking kuwarto at kumuha ng isang pares na medyas mula sa aking aparador. Pagkatapos ay bumalik sa akin, magtatalon nang tatlong beses, at sabihing, 'Itay, nagawa ko!' "

Gustung-gusto ko iyon kapag ako na ang susunod na gagawa niyon. Nais kong magawa nang tama ang bawat hakbang, at pinahahalagahan ko ang sandaling masasabi ko, "Itay, nagawa ko!" Nakatulong ang aktibidad na ito para magkaroon ako ng kumpiyansa sa aking sarili at dahil dito naging mas madali sa isang batang hindi mapakali na makinig kapag nagturo na si Inay o si Itay ng isang alituntunin ng ebanghelyo.

Ipinayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Kung may duda kayo tungkol sa kabutihang maidudulot ng family home evening, subukan ito. Tipunin ang inyong mga anak, turuan sila, magpatotoo sa kanila, sama-samang basahin ang mga banal na kasulatan at magsaya."[5]

Palaging magkakaroon ng oposisyon sa pagdaraos ng family home evening.[6] Gayunman, inaanyayahan ko kayo na maghanap ng paraan upang malagpasan ang mga balakid at gawing priyoridad ang family home evening—at tiyaking maging masayang karanasan ito.

### Pagtuturo sa Panalangin ng Pamilya

Ang panalangin ng pamilya ay isa pang masayang oportunidad para magturo.

Gustung-gusto ko kung paano tinuruan si Pangulong N. Eldon Tanner ng kanyang ama sa panalangin ng pamilya. Ganito ang sinabi ni Pangulong Tanner:

"Naaalala ko isang gabi habang nakaluhod kami at nananalangin ang pamilya, sinabi ng ama ko sa Panginoon, 'May ginawa po si Eldon ngayon na dapat ay hindi po niya ginawa; nagsisisi po siya, at kung patatawaran po ninyo siya, hindi na po niya ito uulitin.'

"Dahil doon ay naging determinado ako na hindi na ito ulitin—mas higit pa ang epekto nito kaysa sa pagpalo."[7]

Noong bata pa ako, naiinis ako kung minsan sa tila sobrang pananalangin ng aming pamilya, at sinasabi ko sa aking sarili na, "Hindi ba't kadarasal lang natin ilang minuto lang ang nakararaan?" Ngayon, bilang isang magulang, alam ko na hindi tayo kailanman masosobrahan sa pananalangin bilang pamilya.[8]


Palagi akong namamangha kung paano ipinakikilala ng Ama sa Langit si Jesucristo bilang Kanyang Bugtong na Anak.[9] Gustung-gusto kong nagdarasal para sa aking mga anak gamit ang kanilang pangalan habang pinakikinggan nila ako na nagsasabi sa Ama sa Langit kung gaano ko sila kamahal. Tila wala nang mas mainam na oras pa para ipabatid ang pagmamahal natin sa ating mga anak kundi sa pagdarasal na kasama nila o pagbabasbas sa kanila. Kapag nagtipon ang mga pamilya para manalangin nang may pagpapakumbaba, naituturo ang mga aral na tumitimo at nagtatagal.

### On-Call na Pagtuturo

Ang pagtuturo ng mga magulang ay katulad ng isang on-call physician. Kailangang palagi tayong handa na turuan ang ating mga anak dahil hindi natin alam kung kailan muling darating ang pagkakataon.

Tayo ay katulad ng Tagapagligtas, na ang pagtuturo ay kadalasang "hindi nangyari sa isang sinagoga kundi sa mga di-pormal at araw-araw na tagpo—habang kumakain kasama ang Kanyang mga disipulo, sumasalok ng tubig sa isang balon, o dumaraan sa isang puno ng igos."[10]

Ilang taon na ang nakararaan, ikinuwento ng aking ina na ang dalawa sa pinakamagandang pag-uusap nila ng aking nakatatandang kapatid na si Matt tungkol sa ebanghelyo ay noong nagtutupi siya ng nilabhan at ang isa ay noong inihatid niya ito sa dentista. Isa sa maraming bagay na hinangaan ko



sa aking ina ay ang kahandaan niyang magturo sa kanyang mga anak.

Hindi natapos ang kanyang pagtuturo bilang magulang. Habang naglilingkod ako bilang bishop, ang nanay ko, na noon ay 78-taong-gulang, ay sinabihan ako na magpagupit ng buhok. Alam niya na kailangan kong maging halimbawa, at hindi siya nagalinlangang sabihin sa akin iyon. Mahal kita, Inay!

Bilang ama, naganyak ako na personal na pag-aralan at pagnilayan ang mga banal na kasulatan upang makatugon ako sa mga hindi inaasahang pagkakataon na magturo sa aking mga anak o mga apo.[11] "Ang ilan sa pinakamagagandang sandali para makapagturo ay nagsisimula sa isang tanong o problema na nasa puso ng isang miyembro ng [pamilya]."[12] Nakikinig ba tayo sa mga pagkakataong iyon?[13]

Gustung-gusto ko ang paanyaya ni Apostol Pedro: "Lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao [at idinaragdag ko, sa anak] na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pag-asang nasa inyo."[14]

Noong tinedyer ako, gustung-gusto namin ng tatay ko na hamunin ang isa't isa upang makita kung sino ang pinakamahigpit na humawak. Pipisilin namin ang kamay ng isa't isa nang mahigpit hangga't maaari at sisikaping mapangiwi sa sakit ang isa't isa. Tila hindi na ito kasiya-siya ngayon, subalit kahit paano ay masayang gawin ito noon. Pagkatapos ng isang larong iyon, tinitigan ako ni Tatay at sinabing, "May malalakas kang kamay, Anak. Umaasa ako na palagi magkaroon ng lakas ang iyong mga kamay na huwag hawakan kailanman ang isang dalagita nang hindi nararapat." Pagkatapos ay hinikayat niya ako na manatiling malinis ang moralidad at tulungan ang iba na gawin din iyon.

Ganito ang ikinuwento ni Elder Douglas L. Callister tungkol sa kanyang ama: "Isang araw habang papauwi mula sa trabaho, biglang sinabi ni Itay na, 'Binayaran ko ang ikapu ko ngayon. Nagsulat ako ng "salamat" sa tithing check. Lubos akong nagpapasalamat sa Panginoon na pinagpapala Niya ang ating pamilya.'"

Pagkatapos ay pinapurihan ni Elder Callister ang kanyang ama at guro: "Pareho niyang itinuro ang pagkilos at pag-uugali na nagpapakita ng pagsunod."[15]

Sa palagay ko ay makabubuting paminsan-minsang tanungin ang ating sarili ng, "Ano ang ituturo ko, o ano ang itinuturo ko, sa aking mga anak sa mga ikinikilos at pag-uugali ko tungkol sa pagsunod?"

#### Pagtuturo sa Pag-aaral ng Pamilya ng mga Banal na Kasulatan

Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya ay isang mainam na gawain para sa pagtuturo ng doktrina sa tahanan.

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "Di lang dapat kumapit ang mga magulang sa salita ng Panginoon, kundi may banal na utos na ituro nila ito sa kanilang mga anak."[16]

Habang pinalalaki namin ni Julie ang aming mga anak, sinikap namin na hindi magpabagu-bago at maging malikhain. Nagpasiya kami na basahin



ang Aklat ni Mormon sa loob ng isang taon sa wikang Spanish bilang isang pamilya. Iyon kaya ang dahilan kung bakit tinawag ng Panginoon ang bawat isa sa aming mga anak na maglingkod bilang full-time missionary sa misyon na ang wika ay Spanish? *Es posible [Posible].*

Lubos akong naantig nang ikuwento sa akin ni Brother Brian K. Ashton na binabasa niya at ng kanyang ama ang bawat pahina ng Aklat ni Mormon nang magkasama noong nasa senior high school siya. Gustung-gusto ni Brother Ashton ang mga banal na kasulatan. Nakasulat ang mga ito sa kanyang isipan at puso. Itinanim ng kanyang ama ang binhing iyon noong tinedyer si Brother Ashton, at ang binhing iyon[17] ay lumaki at naging isang puno na may malalalim na ugat ng katotohanan. Ganoon din ang ginawa ni Brother Ashton sa kanyang mas nakatatandang mga anak.[18] Kamakailan ay nagtanong sa kanya ang walong-taong-gulang niyang anak na lalaki, "Itay, kailan ako magbabasa ng Aklat ni Mormon nang kasama ka?"

#### Pagtuturo sa Pamamagitan ng Halimbawa

Sa huli, ang pinaka-nakaiimpluwensyang pagtuturo ng mga magulang ay ang ating halimbawa. Pinayuhan tayo na maging "uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan."[19]

Habang nasa paglalakbay kamakailan, nagsimba kami ni Julie at nakita namin na ipinamuhay ang banal na kasulatang ito. Isang binatilyo, na papaalis na para magmisyon, ang nagsalita sa sacrament meeting.

Sinabi niya, "Akala ninyong lahat ay mabait ang aking ama sa simbahan, pero . . ." tumigil siya, at nag-alala ako kung ano ang susunod niyang sasabihin. Nagpatuloy siya at sinabing, "Mas mabait siya kapag nasa aming tahanan."

Pinasalamatan ko ang binatilyong ito para sa nakaaantig na parangal na ibinigay niya sa kanyang ama. Pagkatapos ay nalaman ko na ang kanyang ama ang bishop ng ward. Bagama't ang bishop na ito ay matapat na naglilingkod sa kanyang ward, nadama ng kanyang anak na ang pinakamabuting nagawa niya ay sa kanilang tahanan.[20]

Ipinayo ni Elder D. Todd Christofferson: "Marami tayong paraan sa pagtuturo ng . . . susunod na henerasyon, at dapat nating ilaan ang ating pinakamainam na pag-iisip at pagsisikap upang lubos nating magamit ang mga ito. Higit sa lahat, dapat nating patuloy na hikayatin at tulungan ang mga magulang na maging mas mahusay at mas hindi pabagu-bagong mga guro . . . lalo na sa pagpapakita ng halimbawa."[21]

Ganyan magturo ang Tagapagligtas.[22]

Noong isang taon, habang nagbabakasyon kasama ang aming dalawang pinakabatang anak, iminungkahi ni Julie na magpabinyag kami para sa mga patay sa St. George at San Diego Temple. Bumulung-bulong ako—sa aking sarili—iniisip na, "Pumupunta na tayo sa templo kapag hindi bakasyon, at ngayon nakabakasyon tayo. Bakit hindi tayo gumawa ng isang bagay na ginagawa kapag nasa bakasyon?" Pagkatapos ng mga binyag, nais ni Julie na

magpakuha ng retrato sa labas ng templo. Tahimik akong bumulung-bulong—muli. Mahuhulaan ninyo ang sumunod na nangyari: talagang nagpakuha kami ng mga retrato.

Nais ni Julie na magkaroon ng alaala ang aming mga anak kung paano kami tumulong sa aming mga ninuno, at ganoon din ako. Hindi namin kailangan ng pormal na lesson tungkol sa kahalagahan ng mga templo. Ipinamumuhay namin ito—salamat sa isang ina na nagmamahal sa templo at nagnanais na ibahagi sa kanyang mga anak ang pagmamahal na iyon.

Kapag minamahal ng mga magulang ang isa't isa at nagpapakita ng mabubuting halimbawa, ang mga anak ay walang hanggang pinagpapala.

#### Katapusan

Para sa inyong lahat na nagsusumigasig na gawin ang lahat ng inyong makakaya para magturo sa inyong mga tahanan, nawa'y makahanap kayo ng kapayapaan at kagalakan sa inyong mga pagsisikap. At kung madama ninyo na kailangan pa ninyong mas magpakabuti o nangangailangan kayo ng mas mabuting paghahanda, mangyaring tumugon nang mapagpakumbaba sa panghihikayat sa inyo ng Espiritu at magpasiyang kumilos.[23]

Sinabi ni Elder L. Tom Perry, "Ang kalusugan ng kahit anong lipunan, ang kaligayahan ng mga tao nito, ang kanilang kasaganahan, at kanilang kapayapaan ay pawang nag-uugat sa pagtuturo sa mga anak sa tahanan."[24]

Oo, hindi na namin kasama ang aming mga anak sa aming tahanan, subalit handa ako anumang oras at masayang naghahanap ng mga karagdagang pagkakataon na maturuan ang malalaki ko nang mga anak, ang aking mga apo, at balang-araw ang aking mga apo-sa-tuhod.


Nagsusumamo ako na tulungan tayo ng langit sa pagsisikap nating maging mga guro na tulad ni Cristo sa ating mga tahanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:25; 93:40.

   Itinuro ni Elder L. Tom Perry: "Ang impluwensiya ng kalaban ay masyadong laganap at siya ay sumasalakay, sinusubukang pahinain at wasakin ang pinakapundasyon ng ating lipunan, maging ang pamilya. Dapat magpasiya ang mga magulang na ang pagtuturo sa tahanan ay isang pinakasagrado at mahalagang responsibilidad" ("Mga Ina na Nagtuturo sa mga Anak sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2010, 30).

   Itinuro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos, at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ama at ina—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145).
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
3. Sinabi ni Elder David A. Bednar: "Ngayon kung maitatanong ninyo sa mga anak naming lalaki na nasa hustong gulang na kung ano ang natatandaan nila tungkol sa panalangin ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan, at family home evening, naniniwala ako na alam ko na kung paano sila sasagot. Malamang ay hindi sila tutukoy ng partikular na panalangin o pag-aaral ng banal na kasulatan o espesyal at makahulugang leksyon sa family home evening bilang mahalagang sandali sa kanilang espirituwal na pag-unlad. Ang sasabihin nilang natatandaan nila ay na lagi naming ginagawa iyon bilang pamilya" ("Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan," *Liahona,* Nob. 2009, 19).
4. Tingnan sa "Tahana'y Isang Langit," *Mga Himno,* blg. 186.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Gordon B. Hinckley* (2016), 225.
6. Tingnan sa 2 Nephi 2:11.
7. N. Eldon Tanner, "Never Be Ashamed of the Gospel of Christ," *Ensign,* Peb. 1980, 4.
8. Tingnan sa 3 Nephi 18:21.
9. Tingnan sa Mateo 3:16–17; 3 Nephi 11:6–8; Doktrina at mga Tipan 18:34–36; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
10. "Samantalahin ang Kusang Dumarating na mga Sandali para Makapagturo," *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* (2016), 16. Ang *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* ay kinabibilangan ng iba't ibang payo at kagamitan para sa pagtuturo sa tahanan.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:21; 84:85.
12. *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 16.
13. Tingnan sa "Makinig," *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 210–212.
14. I Ni Pedro 3:15.
15. Douglas L. Callister, "Most Influential Teacher—Emeritus Seventy Pays Tribute to Father," Ago. 29, 2016, news.lds.org.
16. Russell M. Nelson, "Isaayos ang Iyong Sambahayan," *Liahona,* Ene. 2002, 81.
17. Tingnan sa Alma 32:28–43.
18. Pumalit si Sister Melinda Ashton noong wala ang kanyang asawa na si Brother Ashton.
19. I Kay Timoteo 4:12; tingnan din sa Alma 17:11.
20. Naglilingkod si Bishop Jeffrey L. Stewart sa Southgate Second Ward sa St. George, Utah. Ang kanyang anak na si Samuel ay naglilingkod ngayon sa Colombia Medellín Mission.
21. D. Todd Christofferson, "Strengthening the Faith and Long-Term Conversion of the Rising Generation," sa General Conference Leadership Meeting, Set. 2017.
22. Tingnan sa 3 Nephi 27:21, 27.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:8–9.
24. L. Tom Perry, "Mga Ina na Nagtuturo sa mga Anak sa Tahanan," 30.





**Ni Elder Dale G. Renlund**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Family History at Gawain sa Templo: Pagbubuklod at Pagpapapagaling

*Kapag tinipon natin ang mga kasaysayan ng ating pamilya at pumunta sa templo para sa mga ninuno natin, sabay na tinutupad ng Diyos ang mga ipinangakong pagpapala sa magkabilang panig ng tabing.*

Ang mga ugnayan ng pamilya ay maaaring maging ilan sa pinakamasaya ngunit mahirap na karanasan na makakaharap natin. Marami sa atin ang naharap na sa ilang tila hindi pagkakaunawaan sa ating mga pamilya. Ang gayong hindi pagkakaunawaan ay nangyari sa dalawang bayani ng Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw na ito. Sina Parley at Orson Pratt ay magkapatid, kabilang sa mga naunang sumapi sa simbahan, at inordenan na mga Apostol. Bawat isa ay dumanas ng pagsubok sa pananampalataya ngunit nalampasan dahil sa kanilang matibay na patotoo. Kapwa sila nagsakripisyo at nag-ambag nang malaki para sa kapakanan ng katotohanan.

Noong panahon na nasa Nauvoo ang mga Banal, ang kanilang samahan ay nagkaroon ng lamat, na humantong sa isang mainit na pagtatalo sa harap ng publiko noong 1846. Nagkaroon ng isang malalim at matagalang hidwaan. Naunang sumulat si Parley kay Orson upang makipag-ayos, ngunit hindi sumagot si Orson. Hindi na nagpumilit pa si Parley, inisip na wala nang mangyayaring pagkakaayos kailanman, maliban kung si Orson ang magsimula.[1]

Pagkaraan nang ilang taon, noong Marso 1853, nalaman ni Orson ang tungkol sa isang proyektong ilathala ang isang aklat tungkol sa mga inapo ni William Pratt, ang pinakaunang Amerikanong ninuno ng magkapatid. Si Orson ay nagsimulang umiyak "tulad ng isang munting bata" nang makita niya ang napakahalagang koleksyong ito ng kasaysayan ng pamilya. Lumambot ang puso niya, at nagpasiya siya na ayusin ang hidwaan nila ng kanyang kapatid.

Si Orson ay sumulat kay Parley, "Ngayon mahal kong kapatid, wala sinuman sa lahat ng inapo ng ating Ninuno, si Lieut[enant] William Pratt, ang may napakalaking interes na hanapin ang kanyang mga inapo maliban sa atin." Isa si Orson sa mga unang nakaunawa na may obligasyon ang mga Banal sa mga Huling Araw na saliksikin at tipunin ang mga kasaysayan ng pamilya upang maisagawa natin ang mga ordenansa para sa mga ninuno. Nakasaad pa sa kanyang liham: "Alam natin na ang Diyos ng ating mga ama ang may gawa nito. . . . Hihingi ako ng kapatawaran para sa kapabayaan ko sa hindi ko pagtugon sa sulat mo. . . . Sana ay mapatawad mo ako."[2] Sa kabila ng kanilang matibay na patotoo, ang pagmamahal nila sa kanilang mga ninuno ang naghikayat sa kanila na ayusin ang hidwaan, alisin ang hinanakit, at humingi ng kapatawaran at magpatawad.[3]



Kapag iniutos sa atin ng Diyos na gawin ang isang bagay, madalas ay marami Siyang layunin sa paggawa nito. Ang family history at gawain sa templo ay hindi lamang para sa mga patay ngunit nagpapala rin sa mga buhay. Para kina Orson at Parley, ibinaling nito ang kanilang mga puso sa isa't isa. Ang family history at gawain sa templo ay naglaan ng kapangyarihang pagalingin ang nangangailangan ng pagpapagaling.

Bilang mga miyembro ng Simbahan, tayo ay may banal na responsibilidad na hanapin ang ating mga ninuno at magtipon ng mga kasaysayan ng pamilya. Higit pa ito sa isang nakasisiglang libangan, sapagkat ang mga ordenansa ng kaligtasan ay kinakailangan para sa lahat ng anak ng Diyos.[4] Dapat nating tukuyin ang ating sariling mga ninuno na namatay nang hindi natatanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan. Maisasagawa natin ang mga ordenansa para sa mga patay sa mga templo, at ang mga ninuno natin ang magpapasiya kung tatanggapin nila ang mga ordenansa.[5] Hinihikayat din tayo na tulungan ang mga miyembro ng ward at stake sa pagsasaliksik sa mga pangalan ng pamilya nila. Kahanga-hanga na, sa pamamagitan ng family history at gawain sa templo, makatutulong tayo sa pagtubos sa mga patay.

Ngunit sa ating pakikilahok sa gawain sa family history at sa gawain sa templo ngayon, nagiging karapat-dapat din tayo sa mga pagpapalang "nagpapagaling" na ipinangako ng mga propeta at mga apostol.[6] Kahanga-hanga rin ang mga pagpapalang ito dahil sa saklaw, katangian, at ibinunga ng mga ito sa mortalidad. Kabilang sa mahabang listahang ito ang mga pagpapalang ito:



- Dagdag na pagkaunawa tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo;
- Dagdag na impluwensya ng Espiritu Santo[7] upang makadama ng lakas at direksyon para sa ating sariling buhay;
- Dagdag na pananampalataya, upang maging malalim at manatili ang pagbabalik-loob sa Tagapagligtas;
- Dagdag na kakayahan at motibasyon na matuto at magsisi[8] dahil nauunawaan natin kung sino tayo, saan tayo galing, at isang mas malinaw na kaalaman kung saan tayo patungo;
- Dagdag na impluwensya sa ating mga puso na nagpapadalisay, naglilinis, at nagpapatatag;
- Dagdag na kagalakan sa pamamagitan ng nadagdagang kakayahang madama ang pagmamahal ng Panginoon;
- Dagdag na mga pagpapala sa pamilya, anuman ang kalagayan ng pamilya sa kasalukuyan, nakaraan, o hinaharap, o gaano man hindi kaperpekto ang ating family tree;
- Dagdag na pagmamahal at pagpapahalaga para sa ating mga ninuno at nabubuhay pang mga kamaganak, upang hindi na tayo makadama ng pag-iisa;
- Dagdag na kakayahan na mahiwatigan kung sino ang nangangailangan ng pagpapagaling at sa gayon, sa tulong ng Panginoon, ay mapaglingkuran ang iba;
- Dagdag na proteksyon mula sa mga tukso at sa umiigting na impluwensya ng kaaway; at
- Dagdag na tulong upang mapaghilom ang nahihirapan, bagbag, o nababalisang mga puso at pagalingin ang nasugatan.[9]

Kung naipagdasal na ninyo ang anuman sa mga pagpapalang ito, makibahagi sa gawain sa family history at sa templo. Kapag ginawa ninyo ito, masasagot ang inyong mga panalangin. Kapag ang mga ordenansa ay isinagawa para sa mga pumanaw, napapagaling ang mga anak ng Diyos sa daigdig. Hindi nakapagtataka na inihayag ni Pangulong Russell M. Nelson

sa kanyang unang mensahe bilang Pangulo ng Simbahan na, "Ang inyong pagsamba sa templo at ang inyong paglilingkod doon para sa inyong mga ninuno ay magpapala sa inyo ng karagdagang personal na paghahayag at kapayapaan at magpapatibay sa inyong pangako na manatili sa landas ng tipan."[10]

Nakita rin ng isang naunang propeta ang mga pagpapala na ipagkakaloob para sa mga buhay at mga patay.[11] Ipinakita kay Ezekiel ng isang sugo mula sa langit ang pangitain tungkol sa isang templo na may tubig na dumadaloy mula rito. Sinabi kay Ezekiel:

"Ang tubig na ito ay lumalabas . . . at bababa sa [disyerto]; at huhugos sa [patay na] dagat . . . , at ang tubig ay mapapagagaling.

"At mangyayari, na bawa't likhang may buhay na dumadami, saan mang dako umaagos ang tubig, ay mabubuhay: . . . [sapagkat ang mga ito] ay mapapagagaling, at bawa't may buhay ay mabubuhay saan man dumating ang ilog."[12]

Kapansin-pansin ang dalawang katangian ng tubig. Una, bagama't walang mga sanga ang maliit na ilog, lumaki ito, mas lumapad at mas lumalim habang palayong dumadaloy ito. Ganito rin ang nangyayari sa mga pagpapala na dumadaloy mula sa templo kapag ibinubuklod ang mga indibiduwal bilang mga pamilya. Makabuluhang pag-unlad ang nangyayari pabalik at pababa sa mga henerasyon kapag pinag-ugnay-ugnay ang mga pamilya sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagbubuklod.

Pangalawa, pinanibago ng ilog ang lahat ng bagay na madaluyan nito. Ang mga pagpapala ng templo ay may ganito ring nakamamanghang kakayahan na magpagaling. Ang mga pagpapala ng templo ay nakapagpapagaling ng mga puso at mga buhay at mga pamilya.

Magbabahagi ako sa inyo ng isang halimbawa nito. Noong 1999, isang binatilyong nagngangalang Todd ang hinimatay dahil sa pagputok ng ugat sa kanyang utak. Bagama't si Todd at ang kanyang pamilya ay mga miyembro ng Simbahan, hindi sila gaanong aktibo, at wala sa kanila ang nakaranas ng mga pagpapala ng templo. Sa huling gabi ng buhay ni Todd, umupo sa tabi ng kanyang kama ang kanyang ina na si Betty, haplus-haplos ang kanyang kamay at sinabing, "Todd, kung talagang kailangan mo nang umalis, ipinapangako ko sa iyo na titiyakin ko na magagawa ang mga ordenansa para sa iyo sa templo." Kinabukasan, idineklarang brain dead na si Todd. Inilipat ng mga doktor ang puso ni Todd sa aking pasyente, isang kahanga-hangang tao na nagngangalang Rod.

Ilang buwan matapos ang transplant, nalaman ni Rod kung sino ang pamilya ng donor ng kanyang puso at nagsimula siyang makipag-ugnayan sa kanila. Pagkaraan ng mga dalawang taon, inanyayahan si Rod ng ina ni Todd na si Betty na dumalo sa kanyang unang pagpasok sa templo. Unang nagkita sina Rod at Betty sa celestial room ng St. George Utah Temple.

Ilang taon pagkaraan niyon, ang tatay ni Todd—ang asawa ni Betty—ay namatay. Pagkaraan ng dalawang taon, inanyayahan ni Betty si Rod na kumatawan sa kanyang namatay na anak sa pagtanggap ng mga ordenansa ng templo. Nalulugod na ginawa iyon ni Rod, at humantong ang gawain para sa patay sa sealing room sa St. George Utah Temple. Ibinuklod si Betty sa kanyang namatay na asawa, nakaluhod sa kabilang panig ng altar ang kanyang apo na nagsilbing proxy. Pagkatapos, habang tumutulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi, inanyayahan niya si Rod na samahan sila sa altar. Lumuhod si Rod sa tabi nila, na nagsilbing proxy para sa kanyang anak na si Todd, na ang puso ay tumitibok pa rin sa loob ng dibdib ni Rod. Pagkatapos ay ibinuklod ang donor ng puso ni Rod na si Todd sa kanyang mga magulang para sa kawalang-hanggan. Tinupad ng ina ni Todd ang pangakong ginawa niya sa kanyang naghihingalong anak ilang taon na ang nakararaan.

Ngunit hindi roon natapos ang kuwento. Labinlimang taon matapos ang kanyang heart transplant, si Rod ay na-engage para makasal at hiniling sa akin na ako magsagawa ng pagbubuklod sa Provo Utah Temple. Sa araw ng kasal, nagkita kami ni Rod at ng kanyang magandang nobya na si Kim sa isang silid katabi ng sealing room, kung saan naghihintay ang kanilang mga pamilya at malalapit na kaibigan. Matapos makausap sandali sina Rod at Kim, itinanong ko kung mayroon silang anumang katanungan.

Sabi ni Rod, "Opo. Nandito ang pamilya ng aking donor at gustung-gusto po nilang makilala kayo."

Ako ay nagulat at nagtanong, "Ang ibig mong sabihin ay nandito sila? Ngayon?"

Sumagot si Rod, "Opo."

Lumigid ako sa sulok at tinawag ang pamilya palabas ng sealing room. Sinamahan kami ni Betty, ng kanyang anak na babae, at manugang na lalaki. Payakap na binati ni Rod si Betty, pinasalamatan siya sa pagpunta, at ipinakilala ako sa kanya. Sabi ni Rod, "Betty, ito si Elder Renlund. Siya ang doktor na nag-alaga sa puso ng iyong anak nang maraming taon." Lumapit siya at niyakap ako. At sa sumunod na ilang minuto, mayroong mga yakap at luha ng kagalakan sa paligid.

Matapos ang sandaling ito, lumipat kami sa sealing room, kung saan ibinuklod sina Rod at Kim sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Makapagpapatotoo sina Rod, Kim, Betty, at ako na napakalapit ng langit, na may iba kaming mga kasama noong araw na iyon na naroon na sa kabilang tabing ng mortalidad.

Ang Diyos, sa Kanyang walang hanggang kakayahan, ay ibinubuklod at pinagagaling ang mga indibiduwal at mga pamilya sa kabila ng trahedya, kawalan, at kahirapan. Minsan ay inihahambing natin ang mga damdaming nararanasan natin sa mga templo bilang isang sulyap sa langit.[13] Noong araw na iyon sa Provo Utah Temple, nagkaroon ng espesyal na kahulugan sa akin ang pahayag na ito ni C.S. Lewis: "Sinasabi [ng mga tao] tungkol sa ilang temporal na paghihirap, 'Walang kaligayahan sa hinaharap ang makapapalit dito,' na hindi nalalaman na ang Langit, kapag nakamtan, ay aayusin ang nangyari na at gagawing kaluwalhatian

maging ang pagdadalamhating iyon. . . . Sasabihin ng Pinagpala na, 'Hindi kami nanirahan saanman maliban sa Langit.'"[14]

Palalakasin, tutulungan, at paninindigan tayo ng Diyos;[15] at gagawin Niyang banal para sa atin ang pinakamalalim nating pighati.[16] Kapag tinipon natin ang mga kasaysayan ng ating pamilya at pumunta sa templo para sa mga ninuno natin, sabay na tinutupad ng Diyos ang marami sa mga ipinangakong pagpapala sa magkabilang panig ng tabing. Pinagpapala rin tayo kapag tinutulungan natin ang iba sa ating mga ward at stake na gawin din iyon. Ang mga miyembro na hindi nakatira malapit sa isang templo ay natatanggap din ang mga pagpapalang ito sa pamamagitan ng pakikibahagi sa gawain ng family history, na tinitipon ang mga pangalan ng kanilang mga ninuno para maisagawa ang mga ordenansa sa templo.

Gayunman, nagbabala si Pangulong Russell M. Nelson: "Marami tayong maririnig na mga kuwentong nagbibigay-inspirasyon tungkol sa mga karanasan sa templo at family history na naranasan ng iba. Ngunit may kailangan tayong gawin upang tayo mismo ang makaranas ng kagalakang dulot nito." Sinabi pa niya, "Hinihikayat ko kayo na mapanalanging isaalang-alang kung anong klaseng sakripisyo—mas mainam kung pagsasakripisyo ng oras—ang magagawa ninyo upang mas marami kayong magawa sa templo at family history sa taong ito."[17]



Kapag tinanggap ninyo ang paanyaya ni Pangulong Nelson, matutuklasan, matitipon, at maipagdudugtung-dugtong ninyo ang inyong pamilya. Dagdag pa rito, dadaloy ang mga pagpapala sa inyo at sa inyong pamilya na kagaya ng ilog na binanggit ni Ezekiel. Makahahanap kayo ng pagpapagaling para sa nangangailangan ng pagpapagaling.

Naranasan nina Orson at Parley Pratt ang pagpapagaling at pagbubuklod na mga epekto ng family history at gawain sa templo sa dispensasyong ito. Naranasan ito ni Betty, ng kanyang pamilya, at ni Rod. Maaari din ninyong maranasan ito. Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ibinibigay ni Jesucristo ang mga pagpapalang ito sa lahat, kapwa sa patay at sa buhay. Dahil sa mga pagpapalang ito, matalinghagang makikita natin na, "hindi [tayo] nanirahan saanman maliban . . . sa Langit."[18] Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Parley P. Pratt to Orson Pratt, Mayo 25, 1853, Orson Pratt Family Collection, Church History Library, Salt Lake City; sa Terryl L. Givens at Matthew J. Grow, *Parley P. Pratt: The Apostle Paul of Mormonism* (2011), 319.
2. Orson Pratt to Parley P. Pratt, Mar. 10, 1853, Parley P. Pratt Collection, Church History Library, Salt Lake City; sa Givens at Grow, *Parley P. Pratt*, 319.
3. Nakatutuwa na hindi lamang tumulong si Orson Pratt sa paglalathala ng aklat tungkol sa mga inapo ni William Pratt, ngunit makalipas ang ilang taon, noong 1870, siya at ang kanyang pamilya ay nagsagawa ng mahigit 2,600 proxy baptism sa Endowment House sa Salt Lake City para sa mga pumanaw na indibiduwal na nakatala sa aklat (tingnan sa Breck England, *The Life and Thought of Orson Pratt* [1985], 247).
4. Tingnan sa Joseph Smith, *History of the Church,* 6:312–13.
5. Tingnan sa "Names Submitted for Temple Ordinances," First Presidency letter, Peb. 29, 2012. Ang mga ninuno na ang mga pangalan ay isinumite para gawan ng mga ordenansa sa templo ay dapat kamag-anak ng nagsumite. Walang eksepsiyon, ang mga miyembro ng Simbahan ay hindi dapat magsumite ng mga pangalan mula sa anumang di-awtorisadong grupo, kabilang ang mga kilalang tao at mga biktima ng Jewish Holocaust.
6. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "In Wisdom and Order," *Tambuli,* Dis. 1989, 18–23; D. Todd Christofferson, "The Redemption of the Dead and the Testimony of Jesus," *Liahona,* Ene. 2001, 10–13; Boyd K. Packer, "Your Family History: Getting Started," *Liahona,* Ago. 2003, 12–17; Thomas S. Monson, "Mga Di Nagbabagong Katotohanan sa Pabagu-bagong Panahon," *Liahona,* Mayo 2005, 19–22; Henry B. Eyring, "Pusong Magkakabigkis," *Liahona,* Mayo 2005, 77–80; M. Russell Ballard, "Pananampalataya, Pamilya, mga Katotohanan, at mga Bunga," *Liahona,* Nob. 2007, 25–27; Russell M. Nelson, "Kaligtasan at Kadakilaan," *Liahona,* Mayo 2008, 7–10; Russell M. Nelson, "Mga Henerasyong Nabigkis ng Pagmamahal," *Liahona,* Mayo 2010, 91–94; David A. Bednar, "Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob," *Liahona,* Nob. 2011, 24–27; Richard G. Scott, "Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay," *Liahona,* Nob. 2012, 93–95; Quentin L. Cook, "Mga Ugat at mga Sanga," *Liahona,* Mayo 2014, 44–48; Thomas S. Monson, "Pagpapabilis ng Gawain," *Liahona,* Hunyo 2014, 4–5; Henry B. Eyring, "Ang Pangakong Babaling ang mga Puso," *Liahona,* Hulyo 2014, 4–5; David A. Bednar, "Paggawa ng Gawaing Misyonero, Family History, at Gawain sa Templo," *Liahona,* Okt. 2014, 14–19; Neil L. Andersen, "'Ang Panahon Ko' sa mga Templo at Teknolohiya," *Liahona,* Peb. 2015, 26–33; Neil L. Andersen, "Sharing the Temple Challenge," Family Discovery Day, Peb. 2015, LDS.org; Quentin L. Cook, "Ang Galak sa Paggawa ng Family History," *Liahona,* Peb. 2016, 22–27; Gary E. Stevenson, "Nasaan ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood?" *Liahona,* Mayo 2016, 29–32; Dieter F. Uchtdorf, "Bilang Papuri sa mga Taong Nagliligtas," *Liahona,* Mayo 2016, 77–80; Quentin L. Cook, "Tingnan ang Inyong Sarili sa Templo," *Liahona,* Mayo 2016, 97–101; Dale G. Renlund, Ruth L. Renlund, at Ashley R. Renlund, "Family History at mga Pagpapala ng Templo," *Liahona,* Peb. 2017, 34–39; Dallin H. Oaks at Kristen M. Oaks, "Connected to Eternal Families," Family Discovery Day, Mar. 2018, LDS.org.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:15.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:21.
9. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Balm of Gilead," *Ensign,* Nob. 1987, 16–18; Jeremias 8:22; 51:8.
10. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.
11. Tingnan sa Ezekiel 40–47; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ezekiel."
12. Ezekiel 47:8–9.
13. Tingnan sa Spencer W. Kimball, "Glimpses of Heaven," *Ensign,* Dis. 1971, 36–37.
14. C. S. Lewis, *The Great Divorce: A Dream* (2001), 69.
15. Tingnan sa Isaias 41:10.
16. Tingnan sa "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47.
17. Russell M. Nelson at Wendy W. Nelson, "Buksan ang Kalangitan sa Pamamagitan ng Gawain sa Templo at Family History," *Liahona,* Okt. 2017, 19.
18. Lewis, *The Great Divorce,* 69.



Ni Douglas D. Holmes
Unang Tagapayo sa Young Men General Presidency

# Ano ang Kailangang Maunawaan ng Lahat ng Mayhawak ng Aaronic Priesthood

*Ang ordenasyon ninyo sa Aaronic Priesthood ay napakahalaga sa pagtulong sa mga anak ng Diyos na matanggap ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo.*

Mga kapatid, isang pribilehiyo ang makasama kayo sa makasaysayang kumperensyang ito. Noong ako ay isang bagong mission president, sabik ako na matanggap ang aming unang grupo ng mga bagong missionary. Ilan sa aming mas may karanasang missionary ay naghahanda para sa maikling miting kasama nila. Napansin ko na inayos nila ang mga upuang pambata nang kalahating pabilog.

"Para saan ang maliliit na mga upuang iyan?" tanong ko.

Sinabi ng mga missionary, na tila nahihiya, "Para sa mga bago pong missionary."

Naniniwala ako na kung paano natin nakikita ang iba ay malaki ang nagiging epekto sa kanilang pagkilala sa kung sino sila at kung ano ang maaaring kahinatnan nila.[1] Ang aming mga bagong missionary ay umupo sa mga upuang pangmatanda noong araw na iyon.

Minsan, ikinakatakot ko, na parang binibigyan natin ang ating mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood ng mga upuang pambata sa halip na tulungan sila na makita na binigyan sila ng Diyos ng sagradong pagtitiwala at ng mahalagang gawaing dapat tuparin.

Ipinayo sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na kailangang maunawaan ng mga kabataang lalaki kung "ano ang ibig sabihin . . . ng maging mga mayhawak ng priesthood ng Diyos. Kailangan nilang magabayan na espirituwal na maunawaan ang kasagraduhan ng inordenang tungkulin sa kanila."[2]

Ngayon, ipinapanalangin ko na patnubayan tayo ng Espiritu Santo tungo sa mas malalim na pang-unawa tungkol sa kapangyarihan at kasagraduhan ng Aaronic Priesthood at mabigyang-inspirasyon tayo na magtuon nang mas masigasig sa ating mga tungkulin sa priesthood. Ang aking mensahe ay para sa lahat ng maytaglay ng Aaronic Priesthood, pati na rin sa maytaglay ng Melchizedek Priesthood.

Itinuro sa atin ni Elder Dale G. Renlund na ang layunin ng priesthood ay maibigay sa mga anak ng Diyos ang daan patungo sa nagbabayad-salang kapangyarihan ni Jesucristo.[3] Upang matanggap sa ating mga buhay ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo, kailangan nating maniwala sa Kanya, magsisi sa ating mga kasalanan, gumawa at sumunod sa mga tipan sa pamamagitan ng mga ordenansa, at matanggap ang Espiritu Santo.[4] Ang



mga ito ay hindi mga alituntuning minsan lang natin gagawin; sa halip, nagtutulungan ang mga ito, pinalalakas at pinatitibay ng mga ito ang bawat isa sa isang patuloy na proseso ng paitaas na pag-unlad na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya."[5]

Kaya, ano ang tungkulin ng Aaronic Priesthood dito? Paano tayo nito tinutulungang marating ang daan patungo sa nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo? Naniniwala ako na makikita ang sagot sa mga susi ng Aaronic Priesthood—ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel at ng panimulang ebanghelyo.[6]

### Ang Paglilingkod ng mga Anghel

Magsimula tayo sa isang aspeto ng paglilingkod ng mga anghel. Bago magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ang mga anak ng Diyos, kailangan nilang makilala Siya at maturuan ng Kanyang ebanghelyo. Tulad ng sinabi ni Apostol Pablo:

"Paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi nila napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral?

"At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo? . . .

"Kaya nga ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo."[7]

Mula sa simula ng panahon, ang Diyos ay "[nagsugo ng] . . . mga anghel upang maglingkod sa mga anak ng tao, upang ipaalam ang . . . pagparito ni Cristo."[8] Ang mga anghel ay mga nilalang mula sa langit na nagdadala ng mensahe ng Diyos.[9] Kapwa sa Hebreo at Griyego, ang salitang ugat ng *angel* ay "sugo."[10]

Sa halos ganunding paraan na ang mga anghel ay mga awtorisadong sugong ipinadala ng Diyos upang ipahayag ang Kanyang salita at sa ganoon ay mapalakas ang pananampalataya, tayo na mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ay inordenahan upang "[magturo], at [mag-anyaya] sa lahat na lumapit kay Cristo."[11] Ang ipangaral ang ebanghelyo ay isang tungkulin ng priesthood. At ang kapangyarihang kaakibat ng tungkuling ito ay hindi lang para sa mga propeta o maging para lang sa mga missionary. Ito ay para sa inyo![12]

Kaya paano natin nakukuha ang kapangyarihang ito? Paano magagawa ng isang 12-taong-gulang na deacon—o kahit sino sa atin—na maipadama ang pananampalataya kay Cristo sa mga puso ng mga anak ng Diyos? Nagsisimula tayo sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa Kanyang salita upang mapasaatin ang kapangyarihan nito.[13] Ipinangako Niya na kung gagawin natin iyon, makakamtan natin "ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao."[14] Maaaring maging oportunidad ito upang magturo sa isang korum miting o bumisita sa tahanan ng isang miyembro. Maaaring isang bagay ito na mas hindi pormal, tulad ng pakikipag-usap sa isang kaibigan o kapamilya. Alinman sa mga tagpong ito, kung naghanda tayo, maituturo natin ang ebanghelyo sa paraang ginagawa ng mga anghel: sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.[15]

Kamakailan ay narinig ko si Jacob, isang mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Papua New Guinea, na nagpatotoo tungkol sa kapangyarihan ng Aklat ni Mormon at kung paano ito nakatulong sa kanya na malabanan ang kasamaan at sundin ang Espiritu. Ang kanyang mga salita ay nagdagdag sa aking pananampalataya at sa pananampalataya ng iba. Ang aking pananampalataya ay lumago rin sa aking pakikinig sa mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa kanilang pagtuturo at pagpapatotoo sa mga korum miting.

Mga kabataang lalaki, kayo ay mga awtorisadong sugo. Sa pamamagitan ng inyong mga salita at gawa, maipadadama ninyo ang pananampalataya kay Cristo sa mga puso ng mga anak ng Diyos.[16] Tulad ng sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "Kayo ay magiging mga naglilingkod na anghel sa kanila."[17]

### Ang Panimulang Ebanghelyo

Ang dagdag na pananampalataya kay Cristo ay palaging humahantong sa pagnanais na magbago o magsisi.[18]



Kaya lohikal na ang susi ng paglilingkod ng mga anghel ay samahan ng susi ng panimulang ebanghelyo, ang "ebanghelyo ng pagsisisi at ng pagbibinyag, at ang kapatawaran ng mga kasalanan."[19]

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga tungkulin ninyo sa Aaronic Priesthood, makikita ninyo ang isang malinaw na atas na anyayahan ang iba na magsisi at magpakabuti.[20] Hindi ibig sabihin nito na tatayo tayo sa isang kanto sa kalsada habang sumisigaw ng, "Magsisi kayo!" Mas madalas, ang ibig sabihin nito ay *tayo* ay nagsisisi, tayo ay nagpapatawad, at sa ating paglilingkod sa iba, inihahandog natin ang pag-asa at kapayapaan na dulot ng pagsisisi—sapagkat naranasan natin ito sa ating sarili.

Nakasama ko ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa kanilang pagbisita sa mga kapwa miyembro ng korum. Nasaksihan ko ang kanilang pag-aalaga na nagpalambot ng mga puso at tumulong sa kanilang mga kapatid na madama ang pagmamahal ng Diyos. Narinig ko ang isang kabataang lalaki na nagpatotoo sa kanyang mga kasamahan tungkol sa kapangyarihan ng pagsisisi. Sa paggawa niya nito, napalambot ang mga puso, nagkaroon ng mga pangako, at nadama ang nagpapagaling na kapangyarihan ni Cristo.

Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Isang bagay ang magsisi. Isa pang bagay ang mabawasan o mapatawad ang ating mga kasalanan. Ang



*Naunawaan ng mga priest na nagbinyag sa pamilya Mbuelongo sa Sydney, Australia kung ano ang ibig sabihin ng "naatasan ni Jesucristo."*

kapangyarihang magdudulot nito ay matatagpuan sa Aaronic Priesthood."[21] Ang mga ordenansa ng Aaronic Priesthood na binyag at sakramento ay sumasaksi at kumukumpleto ng ating pagsisisi para sa kapatawaran ng mga kasalanan.[22] Sa ganitong paraan ito ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Tayo ay inutusan na pagsisihan ang ating mga kasalanan at lumapit sa Panginoon nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu at makibahagi sa sakramento. . . . Kapag pinaninibago natin ang ating mga tipan sa binyag sa ganitong paraan, pinaninibago ng Panginoon ang nakalilinis na epekto ng ating binyag."[23]

Mga kapatid, isang sagradong pribilehiyo ang pangasiwaan ang mga ordenansa na nagdudulot ng kapatawaran ng mga kasalanan sa mga nagsisising puso sa pamamagitan ng nagbabayad-salang kapangyarihan ng Tagapagligtas.[24]

Kamakailan ay may nagsabi sa akin tungkol sa isang priest, na nahihirapan sa pagpapahayag ng panalangin sa pagbasbas ng sakramento sa kauna-unahang pagkakataon. Habang ginagawa niya iyon, isang makapangyarihang espiritu ang napasakanya at napasa kongregasyon. Kalaunan sa miting na iyon, nagbahagi siya ng isang payak subalit malinaw na patotoo tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na nadama niya sa ordenansang iyon.

Sa Sydney, Australia, apat na miyembro ng isang priest quorum ang nagbinyag sa mga miyembro ng pamilya Mbuelongo. Ikinuwento sa akin ng nanay ng isa sa mga priest kung paano lubos na nakaapekto sa kanyang anak ang karanasang ito. Naunawaan ng mga priest na ito kung ano ang ibig sabihin ng maging "naatasan ni Jesucristo."[25]

Tulad ng alam na ninyo, ang mga priest ay makapagsasagawa na ngayon ng mga binyag para sa mga patay sa templo. Kamakailan ay bininyagan ako ng aking 17-taong-gulang na anak para sa ilan sa aming mga ninuno. Kapwa kami nakadama ng lubos na pasasalamat para sa Aaronic Priesthood at sa pribilehiyo na kumilos para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos.

Mga kabataang lalaki, sa inyong masigasig na pakikilahok sa mga tungkulin ninyo sa priesthood, nakikibahagi kayo sa Diyos sa Kanyang gawain na "isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[26] Ang mga karanasang tulad nito ay nagdaragdag sa inyong pagnanais at inihahanda kayo na magturo tungkol sa pagsisisi at magbinyag ng mga nagbalik-loob bilang mga missionary. Inihahanda rin kayo ng mga ito para sa inyong panghabambuhay na paglilingkod sa Melchizedek Priesthood.

### Si Juan Bautista, ang Ating Halimbawa

Mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, nasa atin ang pribilehiyo at tungkulin na maging kapwa tagapaglingkod ni Juan Bautista. Si Juan ay ipinadala bilang isang awtorisadong sugo upang magpatotoo tungkol kay Cristo at anyayahan ang lahat na magsisi at mabinyagan—ang ibig sabihin, ginamit niya ang mga susi ng Aaronic Priesthood na tinalakay natin. Pagkatapos ay inihayag ni Juan, "Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin . . . : siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy."[27]

Kaya, ang Aaronic Priesthood, taglay ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel at ng panimulang ebanghelyo, ay inihahanda ang daan para sa mga anak ng Diyos na matanggap, sa pamamagitan ng Melchizedek Priesthood, ang kaloob na Espiritu Santo, ang pinakadakilang kaloob na matatanggap natin sa buhay na ito.[28]

Napakalaking responsibilidad na ibinigay ng Diyos sa mga mayhawak ng Aaronic Priesthood!

### Isang Paanyaya at Pangako

Mga magulang at mga lider ng priesthood, nadarama ba ninyo ang kahalagahan ng payo ni Pangulong Monson na tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan "kung ano ang ibig sabihin . . . ng maging mga mayhawak ng priesthood ng Diyos"?[29] Ang pag-unawa at pagpapalawak ng Aaronic Priesthood ay maghahanda sa kanila na maging matatapat na mayhawak ng Melchizedek Priesthood, mga missionary na puno ng kapangyarihan, at matwid na mga asawa at ama. Sa pamamagitan ng kanilang paglilingkod, mauunawaan at madarama nila ang katotohanan ng kapangyarihan ng priesthood, ang kapangyarihang kumilos sa pangalan ni Cristo para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos.

Mga kabataang lalaki, ang Diyos ay may gawaing ipinagagawa sa inyo.[30] Ang ordenasyon ninyo sa Aaronic Priesthood ay napakahalaga sa pagtulong sa mga anak Niya na matanggap ang nagbabayad-salang kapangyarihan ni Cristo. Ipinapangako ko na habang ginagawa ninyong nasa sentro ng inyong buhay ang mga sagradong tungkuling ito, madarama ninyo ang kapangyarihan ng Diyos na hindi pa ninyo kailanman nadama. Mauunawaan ninyo ang inyong pagkatao bilang anak na lalaki ng Diyos, na may banal na tungkulin na gawin ang Kanyang gawain. At, tulad ni Juan Bautista, tutulong kayo na maihanda ang daan para sa pagparito ng Kanyang Anak. Ang mga katotohanang ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Ito ang nangyari kay Moises. Pagkatapos ng kanyang pambihirang karanasang makaharap ang Diyos, nagsimulang maging iba ang tingin niya sa kanyang sarili—bilang isang anak ng Diyos. Ang pananaw na ito ay tumulong sa kanya na malabanan si Satanas, na tinawag siya na "anak ng tao" (tingnan sa Moises 1:1–20). TIngnan din sa Thomas S. Monson, "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona,* Nob. 2012, 68–71; Dale G. Renlund, "Sa Paningin ng Diyos," *Liahona,* Nob. 2015, 93–94.
2. Thomas S. Monson, general conference leadership meeting, Mar. 2011.
3. Tingnan sa Dale G. Renlund, "Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas," *Liahona,* Nob. 2017, 64–67.
4. Tingnan sa 2 Nephi 31–32; 3 Nephi 11:30–41; 27:13–21; Eter 4:18–19; Moises 6:52–68; 8:24.
5. Moroni 10:32; tingnan din sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Isang Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 7.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13:1; 84:26–27; 107:20.
7. Mga Taga Roma 10:14–15, 17. Itinuro ni Joseph Smith ang ganito ring katotohanan: "Natatamo ang pananampalataya sa pakikinig sa salita ng Diyos, sa pamamagitan ng patotoo ng mga alagad ng Diyos; ang patotoong iyon ay lagi nang dinadaluhan ng Espiritu ng propesiya at paghahayag" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 451).
8. Moroni 7:22; tingnan sa Alma 12:28–30; 13:21–24; 32:22–23; 39:17–19; Helaman 5:11; Moroni 7:21–25, 29–32; Doktrina at mga Tipan 20:35; 29:41–42; Moises 5:58; tingnan din sa Mateo 28:19; Mga Taga Roma 10:13–17.
9. Tingnan sa George Q. Cannon, *Gospel Truth,* sel. Jerreld L. Newquist (1987), 54.
10. Tingnan sa James Strong, *The New Strong's Exhaustive Concordance of the Bible* (1984), Hebrew and Chaldee dictionary section, 66, Greek dictionary section, 7.
11. Doktrina at mga Tipan 20:59.
12. Tingnan sa Henry B. Eyring, "Upang Siya ay Maging Malakas Din," *Liahona,* Nob. 2016, 75–78; Alma 17:3; Helaman 5:18; 6:4–5; Doktrina at mga Tipan 28:3.
13. Tingnan sa I Ni Juan 2:14; Alma 17:2; 26:13; 32:42. Ang *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* ay isang mahalagang kasangkapang makatutulong upang makamtan ito.
14. Doktrina at mga Tipan 11:21; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:85.
15. Tingnan sa 2 Nephi 32:3; Doktrina at mga Tipan 42:14; 50:17–22.
16. Tingnan sa Moroni 7:25.
17. Russell M. Nelson, "Honoring the Priesthood," *Ensign,* Mayo 1993, 40; tingnan din sa Alma 27:4.
18. Tingnan sa Alma 34:17; Helaman 14:13.
19. Doktrina at mga Tipan 84:27.
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:46, 51–59, 73–79. Ang*Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* ay isang mahalagang kasangkapang makatutulong upang maunawaan natin ang ating mga tungkulin.
21. Gordon B. Hinckley, "The Aaronic Priesthood—a Gift from God," *Ensign,* Mayo 1988, 46.
22. Ipinaliwanag ni Elder D. Todd Christofferson: "Ang binyag sa tubig ay ang huli o ang pinakamahalagang hakbang sa pagsisisi. Ang pagtalikod sa kasalanan, lakip ang ating tipan na maging masunurin, ang bumubuo sa ating pagsisisi; sa katunayan, hindi nalulubos ang pagsisisi kung wala ang tipang iyan" ("Pagpapalakas ng Pananampalataya kay Cristo," *Liahona,* Set. 2012, 15). Tingnan din sa D. Todd Christofferson, "Ang Banal na Kaloob na Pagsisisi," *Liahona,* Nob. 2011, 38–41; Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:24 (sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan).

    Itinuro ni Dallin H. Oaks na ang ordenansa ng sakramento ay nagbibigay sa atin ng "isang pagkakataon bawat linggo para panibaguhin ang mga sagradong tipang nagpapahintulot sa atin na makibahagi sa nagbabayad-salang biyaya ng Tagapagligtas na espirituwal na nakalilinis na tulad ng binyag at kumpirmasyon" ("Pag-unawa sa Ating mga Tipan sa Diyos," *Liahona,* Hulyo 2012, 21). Tingnan din sa Dallin H. Oaks, "Always Have His Spirit," *Ensign,* Nob. 1996, 59–61.
23. Dallin H. Oaks, "The Aaronic Priesthood and the Sacrament," *Liahona,* Ene. 1999, 44.
24. Ipinaliwanag ni Elder David A. Bednar: "Ang mga ordenansa ng kaligtasan at kadakilaan na pinangangasiwaan sa ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon ay higit pa sa mga ritwal o simbolikong gawain. Binubuo ng mga ito ang mga awtorisadong pamamaraan para dumaloy ang mga pagpapala at kapangyarihan ng langit sa ating sariling buhay" ("Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan," *Liahona,* Mayo 2016, 60).
25. Doktrina at mga Tipan 20:73.
26. Moises 1:39.
27. Mateo 3:11.
28. Maraming lider ng Simbahan ang tumukoy sa Espiritu Santo bilang pinakadakilang kaloob ng buhay.


    Sinabi ni Pangulong Dallin H. Oaks, "Ang magkaroon ng patuloy na patnubay ng Espiritu Santo ay ang pinakamahalagang pag-aari na makakamtam natin sa buhay" ("The Aaronic Priesthood and the Sacrament," *Liahona,* Ene. 1999, 44).

    Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie: "Nagsasalita mula sa pananaw na walang hanggan, ang buhay na walang hanggan ang pinakadakila sa lahat ng mga kaloob ng Diyos. Subalit kung paliliitin natin ang pananaw sa buhay lang na ito, ang kaloob na Espiritu Santo ang pinakadakilang kaloob na matatamasa ng isang tao" ("What Is Meant by 'The Holy Spirit'?" *Instructor,* Peb. 1965, 57).

    Nagpatotoo si Pangulong Wilford Woodruff: "Kung nasa inyo ang Espiritu Santo—at dapat mapasainyong lahat ito—masasabi kong wala nang hihigit pang kaloob, wala nang hihigit pang biyaya, wala nang hihigit pang patotoo na ibinigay sa sinumang tao sa mundo. Maaaring mapasainyo ang paglilingkod ng mga anghel; makakita ng maraming himala; makakita ng maraming kababalaghan sa lupa; pero masasabi ko na ang kaloob na Espiritu Santo ang pinakadakilang kaloob na maibibigay sa tao" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2004], 53).

    At idinagdag ni Elder David A. Bednar: "Ang mga utos ng Diyos at inspiradong payo ng mga lider ng Simbahan na sinusunod natin ay nakatuon lalo na sa pagtatamo ng patnubay ng Espiritu. Ang mahalaga, lahat ng turo at aktibidad ng ebanghelyo ay nakasentro sa paglapit kay Cristo at pagtanggap ng Espiritu Santo sa ating buhay" ("Tanggapin ang Espiritu Santo," *Liahona,* Nob. 2010, 97).
29. Thomas S. Monson, general conference leadership meeting, Mar. 2011.
30. Tingnan sa Moises 1:6.





Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Pambungad na Pananalita

*Ipinapahayag namin ang isang mahalagang pagbabago sa ating mga korum ng Melchizedek Priesthood upang mas mabisang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon.*

Salamat, Brother Holmes, sa iyong mahalagang mensahe.

Mga kapatid, labis tayong nangungulila kay Pangulong Thomas S. Monson at Elder Robert D. Hales. Ngunit tayong "lahat ay susulong sa gawain ng Panginoon."[1]

Lubos akong nagpapasalamat sa bawat lalaking may taglay ng banal na priesthood. Kayo ang pag-asa ng ating Tagapagligtas na nagnanais na "makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan."[2] Nais Niya na *lahat* ng Kanyang na-ordenahan na mga anak na lalaki ay maging kinatawan Niya, magsalita para sa Kanya, kumilos para sa Kanya, at pagpalain ang buhay ng mga anak ng Diyos sa buong mundo, hanggang sa huli na "ang pananampalataya rin ay maragdagan sa [buong] mundo."[3]

Ang ilan sa inyo ay naglilingkod sa mga lugar na naitatag na ang Simbahan sa maraming henerasyon. Ang iba ay naglilingkod kung saan bago pa lamang ang Simbahan. Para sa ilan, ang inyong mga ward ay malalaki. Para sa iba, ang inyong mga branch ay maliliit at malalayo ang distansya. Anuman ang inyong indibidwal na sitwasyon, ang bawat isa sa inyo ay miyembro ng isang korum ng priesthood na may isang banal na utos na matuto at magturo; magmahal at maglingkod sa iba.

Sa gabing ito, ipinapahayag namin ang isang mahalagang pagbabago



sa ating mga korum ng Melchizedek Priesthood upang mas mabisang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon. *Sa bawat ward, ang mga high priest at mga elder ay pagsasamahin na sa isang elders quorum.* Ang pagbabagong ito ay lubos na magpapabuti ng kakayahan at abilidad ng mga kalalakihan na may taglay ng priesthood na maglingkod sa iba. Ang mga prospective elder ay malugod na tatanggapin at kakaibiganin ng korum na iyon. Sa bawat stake, ang stake presidency ay patuloy na pamamahalaan ang stake high priest quorum.Ngunit ang komposisyon ng korum na iyon ay ibabatay sa *kasalukuyang* mga tungkulin sa priesthood, na ipaliliwanag sa loob ng ilang sandali.

Sina Elder D. Todd Christofferson at Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol ay tuturuan pa tayo ngayon tungkol sa mahahalagang pagbabagong ito.

Ang mga pagbabagong ito ay pinag-aralan sa loob ng maraming buwan. Nakadama kami ng kagyat na pangangailangan na mas pagbutihin pa ang paraan ng pangangalaga natin sa ating mga miyembro at i-report ang ating mga ugnayan sa kanila. Upang magawa ito nang mabuti, kailangan natin palakasin ang ating mga priesthood quorum upang makapagbigay sila ng dagdag na direksyon sa pagbibigay ng pagmamahal at suporta na nilalayon ng Panginoon para sa Kanyang mga Banal.

Ang mga pagbabagong ito ay inspirado ng Panginoon. Sa pagpapatupad natin nito, magiging mas epektibo tayo ngayon kaysa noon.

Abala tayo sa gawain ng Diyos na Maykapal. Si Jesus ang Cristo! Tayo ay Kanyang mapagpakumbabang mga lingkod! Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid na kalalakihan, habang pinag-aaralan at ginagawa natin ang ating tungkulin, idinadalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, Amen. ■

**MGA TALA**

1. "Magpatuloy Tayo," *Mga Himno*, blg. 148.
2. Doktrina at mga Tipan 1:20.
3. Doktrina at mga Tipan 1:21



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Elders Quorum

*Ang pagkakaroon ng isang korum ng Melchizedek Priesthood sa ward ay pinagkakaisa ang mga mayhawak ng priesthood para maisakatuparan ang lahat ng aspeto ng gawain ng kaligtasan.*

Hindi nagtagal matapos itatag ang Simbahan sa huling dispensasyong ito, sinabi ng Panginoon sa isang paghahayag, "At sa pamamagitan ng panalangin ng inyong pananampalataya kayo ay makatatanggap ng aking batas, upang inyong malaman kung paano pamamahalaan ang aking simbahan at gawing tama ang lahat ng bagay sa harapan ko."[1] Ang alituntuning ito ay sinusunod sa Simbahan—at ang pangakong ito ay tinutupad ng Panginoon—mula pa sa simula. Ang mga huwaran para sa organisasyon at paglilingkod sa priesthood ay pana-panahong ipinahahayag, simula kay Propetang Joseph Smith noong unang itinatag ang mga katungkulan at korum ng priesthood. Ilang mahahalagang pagbabago ang ipinahayag at isinagawa sa pamumuno nina Pangulong Brigham Young, John Taylor, at Spencer W. Kimball, kasama ang iba pa, tungkol sa Korum ng Labindalawa, sa Pitumpu, sa mga high priest, at sa iba pang mga katungkulan at mga korum ng Melchizedek at ng Aaronic priesthood.[2] Ngayon, sa isang makasaysayang pahayag ilang sandali lamang ang nakalilipas, inihayag ni Pangulong Russell M. Nelson ang isang karagdagang mahalagang pagbabago.

Uulitin ko ang ilang bahagi ng kanyang pahayag: "Sa gabing ito, ipinahahayag namin ang isang mahalagang pagbabago sa ating mga korum ng Melchizedek Priesthood upang mas mabisang maisakatuparan ang gawain ng Panginoon. *Sa bawat ward, ang high priests group at elders quorum ay pagsasamahin sa isang elders quorum* . . . [at] ang komposisyon ng korum ng [mga stake high priest] ay ibabatay sa *kasalukuyang* mga tungkulin sa priesthood."



Idinagdag pa ni Pangulong Nelson:

"Ang mga pagbabagong ito ay pinag-aralan sa loob ng maraming buwan. Nakadama kami ng kagyat na pangangailangan na mas pagbutihin pa ang paraan ng pangangalaga natin sa ating mga miyembro. . . . Upang magawa ito nang mabuti, kailangan nating palakasin ang ating mga priesthood quorum upang makapagbigay sila ng dagdag na direksyon sa pagbibigay ng pagmamahal at suporta na nilalayon ng Panginoon para sa kanyang mga Banal.

"Ang pagbabagong ito ay inspirado ng Panginoon. Sa pagpapatupad natin nito, magiging mas epektibo tayo ngayon kaysa noon."[3]

Sa direksyon ng Unang Panguluhan, kami ni Elder Ronald A. Rasband ay magdaragdag ng ilang detalye na inaasahan naming makatutulong sa pagsagot sa inyong mga tanong.

### Ang mga Korum ng Elder at High Priest

Una, uulitin ko, ano ang mga pagbabago sa mga ward high priest group at elders quorum? Sa mga ward, ang mga miyembro ng elders quorum at high priest group ay pagsasamahin sa isang Melchizedek priesthood quorum na may isang panguluhan. Ang korum na ito, na nadagdagan sa bilang at pagkakaisa, ay itatalagang "elders quorum." Ang mga high priests group ay mawawala na. Ang elders quorum



ay kabibilangan ng lahat ng elder at prospective elder sa ward at lahat din ng high priest na *hindi* kasalukuyang naglilingkod sa bishopric, sa stake presidency, sa high council, o bilang gumaganap na mga patriarch. Ang high priests quorum sa stake ay kabibilangan ng mga high priest *na* naglilingkod sa stake presidency, sa mga bishopric, sa high council, at bilang gumaganap na mga patriarch.

#### Ang Panguluhan ng Elders Quorum

Paano itatatag ang panguluhan ng elders quorum? Ang stake presidency ay ire-release ang mga kasalukuyang high priest group leader at panguluhan ng elders quorum at tatawag ng bagong elders quorum president at mga counselor sa bawat ward. Maaaring kabilang sa bagong presidency ng elders quorum ang mga elder at high priest, na may iba't ibang edad at karanasan, na magkasamang maglilingkod sa isang quorum presidency. Maaaring isang elder o high priest ang maglingkod bilang quorum president o counselor sa panguluhan. Ito ay hindi "pagsaklaw (takeover)" ng mga high priest sa elders quorum. Inaasahan namin na ang mga elder at high priest ay magtutulungan sa anumang kumbinasyon ng panguluhan ng korum at sa paglilingkod sa korum. Ang mga pagbabagong ito ay dapat isagawa sa lalong madali at maluwag na panahon.

#### Mga Katungkulan sa Priesthood sa Elders Quorum

Ang pagbabago bang ito sa korum ay babaguhin ang katungkulan sa priesthood na hawak ng mga miyembro ng korum? Hindi, ang pagbabagong ito ay hindi pinapawalang-bisa ang anumang katungkulan sa priesthood kung saan naordena noon ang sinumang miyembro ng korum. Tulad ng alam ninyo, ang isang lalaki ay maaaring maordena sa iba't ibang katungkulan sa priesthood sa buhay niya, at hindi nawawala ang bisa ng naunang ordinasyon kapag nakatanggap siya ng bago. Bagama't may mga pagkakataon na naglilingkod ang isang mayhawak ng priesthood sa isa o mahigit pang katungkulan nang sabay, kapag naglilingkod ang isang high priest bilang patriarch o bishop, karaniwan ay hindi niya ginagawa ang lahat ng kanyang katungkulan sa priesthood nang sabay-sabay. Ang mga Bishop at Pitumpu, halimbawa, ay hindi na aktibong naglilingkod sa mga katungkulang iyon kapag sila ay na-release o ginawang emeritus. Kaya, anumang iba pang katungkulan sa priesthood ang hawak ng isang lalaki, habang siya ay miyembro ng elders quorum, siya ay naglilingkod bilang elder.

Ilang taon na ang nakalipas, sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer na "ang priesthood ay mas makapangyarihan kaysa anuman sa mga katungkulan nito. . . . Ang priesthood ay hindi nahahati. Taglay ng isang elder ang priesthood na taglay ng isang Apostol. (Tingnan sa D at T 20:38.) Kapag ang isang lalaki [ay tumanggap ng priesthood], tinatanggap niya ito nang buo. Gayunman, may mga katungkulang nakapaloob sa priesthood—mga kani-kanyang awtoridad at responsibilidad. . . . Kung minsan ang isang katungkulan ay binabanggit na 'mas mataas' o 'mas mababa' kaysa sa ibang katungkulan. Sa halip na 'mas mataas' o 'mas mababa,' ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay kumakatawan sa iba't ibang aspeto ng paglilingkod."[4] Mga kapatid, lubos akong umaaasa na hindi na natin tutukuyin na "pag-advance" sa priesthood ang pagtawag sa isa pang katungkulan sa Melchizedek Priesthood.

Ang mga elder ay patuloy na maoordenahan na high priest kapag sila ay tinawag sa stake presidency, high council, o bishopric—o sa iba pang mga pagkakataon na itatakda ng stake president sa pamamagitan ng

mapanalanging pag-iisip at inspiradong paraan. Kapag natapos na ang kanilang paglilingkod sa stake presidency, high council, o bishopric, ang mga high priest ay sasamang muli sa elders quorum sa ward nila.

#### Gabay para sa Elders Quorum President

Sino ang gagabay sa gawain ng elders quorum president? Ang stake president ang namumuno sa Melchizedek Priesthood sa kanyang stake. Samakatwid, ang elders quorum president ay may direktang pananagutan sa stake president, na siyang nagbibigay ng pagsasanay at gabay na magmumula sa stake presidency at high council. Ang bishop, bilang namumunong high priest sa ward, ay regular na makikipagmiting din sa elders quorum president. Nagsasangunian sila ng bishop at binibigyan siya ng bishop ng angkop na direksyon kung paano pinakamahusay na mapaglilingkuran at mapapagpala ang mga miyembro ng ward, habang maayos na nakikipagtulungan sa lahat ng organisasyon ng ward.[5]

#### Ang Layunin ng mga Pagbabagong Ito

Ano ang mga layunin ng mga pagbabagong ito sa mga korum ng Melchizedek Priesthood? Ang pagkakaroon ng isang korum ng Melchizedek Priesthood sa ward ay pinagkakaisa ang mga mayhawak ng priesthood para maisakatuparan ang lahat ng aspeto ng gawain ng kaligtasan, kabilang ang gawain sa templo at sa family history na dating pinangangasiwaan ng mga high priest group. Tinutulutan nito ang mga miyembro ng korum na iba't iba ang edad at pinagmulan na makinabang mula sa pananaw at karanasan ng bawat isa at ng iba pang nasa iba't ibang yugto ng kanilang buhay. Ito ay nagbibigay din ng karagdagang mga oportunidad para sa mga mayhawak ng priesthood na may higit na karanasan na turuan ang iba, kabilang na ang mga prospective elder, bagong miyembro, young adult at mga nagbabalik sa pagkaaktibo sa Simbahan. Hindi ko sapat na maipahayag ang kasabikan ko habang iniisip ko ang lalong mahalagang papel na gagampanan sa hinaharap ng elders quorum. Ang karunungan, karanasan, kakayahan, at lakas na makikita sa mga korum na ito ay naghuhudyat ng bagong simula at bagong pamantayan ng paglilingkod sa priesthood sa buong Simbahan.

Dalawampung taon na ang nakararaan sa pangkalahatang kumperensya, binanggit ko ang isang kwentong naunang isinalaysay ni Elder Vaughn J. Featherstone ng Pitumpu at naniniwala ako na marapat ulitin ito dito.

"Noong 1918 si Brother George Goates ay isang magsasaka na nagtatanim ng sugar beets sa Lehi, Utah. Ang taglamig ay dumating nang mas maaga nang taong iyon at pinagyelo ang malaking bahagi ng kanyang pananim na beet sa lupa. Para kay George at sa kanyang batang anak na si Francis, naging mabagal at mahirap ang pag-ani. Samantala, isang epidemya ng influenza ang nanalasa. Ang kinatatakutang sakit na ito ay kumitil sa buhay ng anak na lalaki ni George na si Charles at tatlong maliliit na anak ni Charles—dalawang maliit na anak na babae at isang lalaki. Sa loob lamang ng anim na araw, ang nagdadalamhating si George Goates ay tatlong ulit na naglakbay sa Ogden, Utah, upang iuwi ang mga bangkay para ilibing. Sa pagtatapos ng mapait na pangyayaring ito, muling inihanda nina George at Francis ang kanilang bagon at bumalik sa taniman ng beet.

[Habang nasa daan] nasalubong nila ang sunud-sunod na mga bagon na puno ng mga beet na papunta sa pabrika at pinatatakbo ang mga ito ng mga kapitbahay nila na magsasaka. Habang dumaraan sila, bawat drayber ay kakaway at babati ng: 'Hi ya, Tito George,' 'Talagang nalungkot kami, George,' 'Talagang mahirap, George,' 'Marami kang kaibigan, George.'

"Sa huling bagon ay naroon . . . ang maraming pekas sa mukha na si Jasper Rolfe. Siya ay magiliw na bumati at sumigaw: 'Ito na po ang lahat, Tito George.'

"Bumaling [si Brother Goates] kay Francis at sinabing: 'Sana ay ating lahat iyon.'

"Pagdating nila sa tarangkahan ng bukid, bumaba mula sa malaking bagon ng pulang beet si Francis at binuksan ang tarangkahan habang pumapasok ang [ama niya] sa bukid. Pumarada [si George], pinahinto ang mga kabayo, . . . at tinanaw mabuti ang bukid. . . . Wala ni isa mang sugar beet sa buong bukid. Pagkatapos ay naliwanagan niya ang ibig sabihin ni Jasper Rolfe noong isinigaw niyang: "Ito na po ang lahat, Tito George."

"Bumaba [si George] mula sa bagon, kumuha ng sandakot ng mataba at kulay tsokolateng lupa na labis niyang pinangalagaan, at pagkatapos . . . ng isang talbos ng beet, at saglit niyang tinitigan ang mga sagisag na ito ng kanyang pinagpaguran, na tila hindi mapaniwalaan ng kanyang mga mata.

"'Pagkatapos ay umupo [siya] sa isang bunton ng talbos ng beet—ang lalaking ito na nag-uwi ng kanyang apat na mahal sa buhay upang ilibing sa loob lamang ng anim na araw; gumawa ng mga kabaong, humukay ng libingan, at tumulong pa sa damit pamburol—ang kahanga-hangang lalaking ito na hindi pinanghinaan ng loob, ni umurong, ni nag-alinlangan sa kabila ng matinding pagdurusang ito—ay umupo sa isang bunton ng talbos ng beet at humikbi na parang isang munting bata.

"Pagkatapos siya ay tumayo, pinunasan ang kanyang mga mata,



. . . tumingala sa langit, at nagsabi: 'Salamat po, Ama, sa mga elder ng aming ward.'"[6]

Oo, salamat sa Diyos para sa mga kalalakihan ng priesthood at sa paglilingkod na ibibigay pa nila sa mga indibidwal at pamilya at sa pagtatatag ng Sion.

Ang Unang Panguluhan, ang Korum ng Labindalawang Apostol, at ang Panguluhan ng Pitumpu ay matagal na pinag-isipan ang mga pagbabagong ito. Sa maraming panalangin, masusing pag-aaral ng mga banal na kasulatan na saligan ng mga korum ng priesthood, at patunay na ito ang kalooban ng Panginoon, tayo ay susulong nang may pagkakaisa sa isa pang hakbang patungo sa pagpapalawak ng Panunumbalik. Ang direksyon ng Panginoon ay naihayag, at ikinalulugod ko ito, habang ako ay nagpapatotoo tungkol sa Kanya, sa Kanyang Priesthood, at sa inyong ordinasyon sa priesthood na iyon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 41:3.
2. Tingnan, halimbawa, sa William G. Hartley, "The Priesthood Reorganization of 1877: Brigham Young's Last Achievement," sa *My Fellow Servants: Essays on the History of the Priesthood* (2010), 227–64; "To the Seventies," sa James R. Clark, comp., *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (1965), 352–54; Hartley, "The Seventies in the 1880s: Revelations and Reorganizing," sa *My Fellow Servants,* 265–300; Edward L. Kimball, *Lengthen Your Stride: The Presidency of Spencer W. Kimball* (2005), 254–58; Susan Easton Black, "Early Quorums of the Seventies," sa David J. Whittaker and Arnold K. Garr, eds., *A Firm Foundation: Church Organization and Administration* (2011), 139–60; Richard O. Cowan, "The Seventies' Role in the Worldwide Church Administration," sa *A Firm Foundation,* 573–93.
3. Russell M. Nelson, "Pambungad na Pananalita," *Liahona,* Mayo 2018, 54.
4. Boyd K. Packer, "What Every Elder Should Know—and Every Sister as Well: A Primer on Principles of Priesthood Government," *Tambuli,* Nob. 1994, 17, 19.
5. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 7.3.1.
6. D. Todd Christofferson, "The Priesthood Quorum," *Liahona,* Ene. 1999, 47; tingnan din sa Vaughn J. Featherstone, "Now Abideth Faith, Hope, and Charity," *Ensign,* Hulyo 1973, 36–37.



**Ni Elder Ronald A. Rasband**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Masdan! Hukbong Kaygiting

*Napakalaking kagalakan para sa lahat ng mayhawak ng Melchizedek Priesthood na matanggap ang pagpapala ng pagtuturo, pag-aaral, at magkabalikat na paglilingkod.*

Mga minamahal kong kapatid sa priesthood, buong pagpapakumbaba akong nakatayo sa harapan ninyo sa makasaysayang okasyong ito, sa ilalim ng atas ng ating mahal na propeta at Pangulo na si Russell M. Nelson. Minamahal ko at sinasang-ayunan ko ang kahanga-hangang taong ito ng Diyos at ang bago nating Unang Panguluhan. Idinaragdag ko ang aking patotoo sa patotoo ni Elder D. Todd Christofferson at sa iba ko pang mga Kapatid sa Korum ng Labindalawang Apostol na ang mga pagbabagong inihayag ngayong gabi ay kalooban ng Panginoon.

Tulad ng sinabi ni Pangulong Nelson, isang bagay ito na mapanalanging tinalakay at pinag-isipan ng mga senior Brethren ng Simbahan sa loob ng mahabang panahon. Ang hangarin ay alamin ang kalooban ng Panginoon at palakasin ang mga korum ng Melchizedek Priesthood. Natanggap ang inspirasyon, at ipinaalam ngayong gabing ito ng ating propeta ang kalooban ng Panginoon. "Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta"![1] Napakapalad natin na may buhay na propeta tayo ngayon!

Sa buong buhay namin, nilakbay namin ni Sister Rasband ang iba't ibang lugar sa mundo dahil sa iba-ibang asaynment sa Simbahan at propesyonal na gawain. Nakita ko na ang halos lahat ng uri ng kaayusan ng yunit sa Simbahan: isang maliit na branch sa Russia kung saan mabibilang sa kamay



ang dami ng Melchizedek Priesthood; isang bago at lumalagong ward sa Africa kung saan magkasamang nagpupulong bilang isang lupon ang mga high priest at elder dahil maliit lamang ang kabuuang bilang ng mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood, at matatatag na ward kung saan kailangang hatiin sa dalawang korum ang korum ng mga elder dahil sa dami nila!

Saanman kami pumunta, saksi kami sa paggabay ng kamay ng Panginoon sa Kanyang mga tagapaglingkod, inihahanda ang mga tao at ang daan sa hinaharap upang mapagpala ang lahat ng Kanyang mga anak nang naaayon sa bawat pangangailangan nila. Hindi nga ba't ipinangako Niya na Siya ay "magpapauna sa [ating] harapan" at "papasa [ating] kanang kamay at sa [ating] kaliwa" at na ang Kanyang "Espiritu ay papasa [ating] mga puso, at ang [Kanyang] mga anghel ay nasa paligid [natin]"?[2]

Naiisip kayong lahat, naalala ko ang himnong "Masdan! Hukbong Kaygiting."

*Masdan! Hukbong kaygiting,*
*May bandila't armas,*
*Patungo sa digmaan*
*May tapang at lakas.*
*At ang mga sundalo,*
*Ay nagkakaisa,*
*Sa pagsunod kay Cristo*
*Ay umaawit pa.*[3]

Sinagot ni Elder Christofferson ang ilan sa mga tanong na tiyak na lilitaw mula sa ipinahayag na ang mga high priest group at mga elders quorum, sa ward level, ay pagsasamahin sa isang nagkakaisa, malakas na hukbo ng kalalakihan ng Melchizedek Priesthood.

Tutulungan ng mga pagbabagong ito ang mga elders quorum at Relief Society sa pagtutugma ng kanilang gawain. Gagawin din nitong simple ang pakikipag-ugnayan ng korum sa bishopric at ward council. At binibigyan nito ng pagkakataon ang bishop na makapagtalaga ng marami pang responsibilidad sa elders quorum at pangulo ng Relief Society nang sa gayon mas mapagtuunan ng bishop



at ng mga tagapayo niya ang kanilang mga pangunahing tungkulin—partikular na ang pamumuno sa mga kabataang babae, at sa mga kabataang lalaki na nagtataglay ng Aaronic Priesthood.

Ang mga pagbabago sa mga organisasyon at tungkulin sa Simbahan ay pangkaraniwan. Noong 1883, sinabi ng Panginoon kay Pangulong John Taylor: "Tungkol sa pangangasiwa at organisasyon ng aking Simbahan at Priesthood . . . ihahayag ko sa inyo, sa pana-panahon, sa pamamagitan ng aking mga hinirang, ang lahat ng kailangan para umunlad at maging sakdal ang aking Simbahan, para maisaayos at mapalaganap ang aking kaharian."[4]

Ngayon, gusto kong sabihin sa inyo mga kapatid na high priest—mahal namin kayo! Mahal kayo ng Ating Ama sa Langit! Kayo ay malaking bahagi ng maharlikang hukbo ng priesthood, at hindi namin maisusulong ang gawaing ito nang wala ang inyong kabaitan, paglilingkod, karanasan, at kabutihan. Itinuro ni Alma na tinatawag ang mga kalalakihan na maging mga high priest dahil sa kanilang labis na pananampalataya at mabubuting gawa sa pagtuturo at pagmiministeryo sa iba.[5] Ang karanasang iyan ay kailangan ngayon, marahil mas higit pa kaysa noon.

Sa maraming ward, maaaring may mga high priest tayo na magkakaroon na ngayon ng pagkakataong mapamunuan ng isang elder bilang pangulo ng kanilang korum. May mapagpaparisan tayo na mga elder na namumuno sa mga high priest: mga elder na naglilingkod sa kasalukuyan bilang mga branch president sa ilang rehiyon sa mundo kung saan may mga high priest na naninirahan sa branch, at may mga branch na tanging korum ng mga elder lamang ang organisado at may mga high priest na naroroon.

Napakalaking kagalakan para sa *lahat* ng mayhawak ng Melchizedek Priesthood na matanggap ang pagpapala ng pagtuturo, pag-aaral, at magkabalikat na paglilingkod kasama ang lahat ng miyembro ng kanilang ward. Saanman kayo naroon at anuman ang katayuan ninyo, inaanyayahan namin kayo nang may buong panalangin, katapatan, at kagalakan na tumanggap ng mga bagong oportunidad na mamuno o pamunuan at buong pagkakaisang maglingkod bilang isang lupon ng mga kalalakihan ng priesthood.

Tatalakayin ko naman ngayon ang iba pang bagay na maaaring mangailangan ng paglilinaw habang sumusulong tayo sa pagsasakatuparan ng

kalooban ng Panginoon tungkol sa organisasyon ng Kanyang mga korum ng banal na priesthood.

Ano ang mga pagbabago sa isang stake high priests quorum? Ang mga stake high priests quorum ay magpapatuloy. Patuloy na maglilingkod ang mga stake presidency bilang panguluhan ng stake high priests quorum. Gayunman, tulad ng sinabi ni Elder Christofferson, ang mga miyembro ng stake high priests quorum ay kabibilangan na ngayon ng mga high priest na *kasalukuyang* naglilingkod sa stake presidency, bilang mga miyembro ng ward bishopric, mga miyembro ng stake high council, at kasalukuyang gumaganap na patriarch. Ang mga ward at stake clerk at executive secretary ay hindi miyembro ng stake high priests quorum. Kapag bibisitahin ng isang taong aktibong naglilingkod bilang high priest, patriarch, Pitumpu, o Apostol ang isang ward at nagnanais na dumalo sa priesthood meeting, siya ay dadalo sa pulong kasama ng elders quorum.

Pagsapit ng panahon at na-release na ang mga kapatid na ito sa kanilang mga tungkulin, magbabalik sila sa kani-kanilang home unit bilang mga miyembro ng elders quorum.

Ano ang *tungkulin* ng stake high priests quorum? Nakikipagpulong ang stake presidency sa mga miyembro ng high priests quorum upang makipagsanggunian, magpatotoo, at magbigay ng training. Ang mga stake meeting na nakasaad sa ating mga hanbuk ay magpapatuloy lakip ang dalawang pagbabago:

Una, ang mga ward at stake ay hindi na magdaraos pa ng mga priesthood executive committee meeting. Kung may espesyal na isyung kinakaharap ang ward, gaya ng maselang usapin sa pamilya o kakaibang hamon sa welfare, maaari itong talakayin sa pinalawak na bishopric meeting. Ang iba pang hindi gaanong sensitibong usapin ay maaaring talakayin sa ward council. Ang dating tinatawag na stake priesthood executive committee meeting ay tatawagin na ngayong "high council meeting."

Pangalawa, ang taunang miting ng lahat na naordenang high priest sa



stake ay hindi na idaraos. Gayunman, magpapatuloy ang stake presidency sa pagdaraos ng taunang miting ng stake high priests quorum na gaya ng ipinahayag ngayong araw na ito.

Maaari bang magkaroon ng higit pa sa isang elders quorum ang isang ward? Ang sagot ay oo. Sa diwa ng Doktrina at mga Tipan bahagi 107, talata 89, kapag malaki sa karaniwan ang bilang ng mga aktibong mayhawak ng Melchizedek Priesthood sa isang ward, ang mga lider ay maaaring mag-organisa ng higit pa sa isang elders quorum. Sa ganitong mga pagkakataon, ang bawat korum ay dapat na may makatwirang balanse sa edad, karanasan, at katungkulan sa priesthood at lakas.

Pinatototohanan ko na maraming pagpapala tayong makikita habang isinusulong natin ang inspiradong pagsasaayos ng korum sa ating mga ward at stake. Hayaang banggitin ko ang ilang halimbawa.

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, mas marami pang mapagkukunan sa priesthood ang makatutulong sa gawain ng kaligtasan. Kabilang na rito ang pagtitipon ng Israel sa pamamagitan ng mga gawain sa templo at family history, pagtataguyod sa mga pamilya at indibidwal na nangangailangan, at pagtulong sa mga missionary sa pagdadala ng mga kaluluwa kay Jesucristo.

Sa pagbalik ng mga dating namumunong lider upang magbahagi ng kanilang karanasan sa korum ng mga elder, magbubunga ito ng mas malakas na mga miyembro ng korum.

Magkakaroon ng mas malawak na magkakaibang kaloob at kakayahan sa loob ng korum.

Magkakaroon ng higit na kakayahang umangkop at panahon para matugunan ang kasalukuyan at mahigpit na pangangailangan sa loob ng ward at korum at sa pagtupad sa iba't iba nating gawain ng pagmiministeryo.

Magkakaroon ng pagtaas sa antas ng pagtuturo at pagkakaisa kapag ang isang bagong elder at isang may karanasang high priest ay magbabahagi ng mga karanasan, na magkakaagapay, sa mga miting at gawain ng korum.

Inaasahang mas malayang magagampanang mabuti ng mga bishop at branch president ang kanilang mga tungkulin sa pagpapastol ng kanilang mga tupa at pagmiministeryo sa mga taong nangangailangan.

Nauunawaan namin na magkakaiba ang bawat ward at stake. Sa pagkaunawa sa mga pagkakaibang ito, umaasa kami na kaagad ninyong isasagawa ang mga pagbabagong ito pagkatapos ng pangkalahatang kumperensyang ito. Tayo ay binigyan ng gabay ng isang propeta ng Diyos! Kaylaking pagpapala at responsibilidad ito. Isagawa natin ito nang buong katwiran at sigasig!

Ipinapaalala ko sa inyo: ang awtoridad ng priesthood ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagtatalaga at ordenasyon, ngunit ang totoong kapangyarihan ng priesthood, ang kapangyarihang kumilos sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, ay nakakamtan lamang sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay.

Ipinahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith, ang propeta ng Panunumbalik:

"Masdan, at narito, aking aalagaan ang inyong mga kawan, at magbabangon ng mga elder at magsusugo sa kanila.

"Masdan, aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito."[6]

Katunayan, ngayon ang panahong iyon na minamadali ng Panginoon ang Kanyang gawain.

Gamitin ng bawat isa sa atin ang pagkakataong ito na pag-isipan at pagyamanin ang ating buhay upang mas maiayon sa Kanyang kalooban nang sa gayon maging karapat-dapat tayo sa maraming pagpapalang ipinangako Niya sa mga tunay at tapat.

Mga kapatid, maraming salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang maging bahagi ng dakilang gawaing ito. Nawa'y sumulong tayo sa dakila at marangal na adhikaing ito.

*Pagtapos ng digmaan,*
*Pati ng alitan,*
*At ang lahat, natipon*
*Sa kapayapaan,*
*Sa paanan ng Hari,*
*Ang hukbong kayrami*
*Ngalan N'ya'y aawitan,*
*Ng himig papuri:*

*Tagumpay, tagumpay,*
*Sa ating Manunubos!*
*Tagumpay, tagumpay,*
*Kay Cristong ating Diyos!*
*Tagumpay, tagumpay, tagumpay,*
*Kay Cristong ating Diyos!*[7]

Tayong lahat ngayon ay tumatayong mga saksi ng Panginoon sa paghahayag ng Kanyang kalooban sa pamamagitan ng Kanyang propeta, si Pangulong Russell M. Nelson. Pinatototohanan ko na siya ay propeta ng Diyos sa mundong ito. Ibinibigay ko ang aking patotoo na ang Panginoong Jesucristo, ang ating dakilang Manunubos at Tagapagligtas. Ito ay gawain Niya; ito ay kalooban Niya, na taimtim kong pinatototohanan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**
1. Amos 3:7.
2. Doktrina at mga Tipan 84:88.
3. "Masdan! Hukbong Kaygiting," *Mga Himno,* blg. 153.
4. Sa James R. Clark, comp., *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (1965), 2:354.
5. Tingnan sa Alma 13.
6. Doktrina at mga Tipan 88:72–73.
7. "Masdan! Hukbong Kaygiting," *Mga Himno,* blg. 153.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Inspiradong Pagmiministeryo

*Pinakamainam na natatanggap natin ang Banal na Espiritu kapag nakatuon tayo sa paglilingkod sa iba. Ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong responsibilidad sa priesthood na maglingkod para sa Tagapagligtas.*

Mga minamahal kong kapatid, nagpapasalamat ako sa pribilehiyong makapagsalita sa inyo sa makasaysayang pangkalahatang kumperensiyang ito. Sinang-ayunan natin si Pangulong Russell M. Nelson bilang ika-17 Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Dahil sa pagpapalang natanggap ko na makatrabaho siya sa bawat araw, nadama ko ang kumpirmasyon ng Espiritu na tinawag ng Diyos si Pangulong Nelson na pamunuan ang totoong Simbahan ng Panginoon.

Ako rin ay nagpapatotoo na tinawag ng Panginoon sina Elder Gerrit W. Gong at Elder Ulisses Soares na maglingkod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.





Mahal ko sila at sinusuportahan. Magagawa nila, sa pamamagitan ng kanilang pagmiministeryo, na mapagpala ang mga buhay ng tao sa buong mundo at sa mga henerasyon.

May isa pang dahilan kung bakit makasaysayan ang kumperensyang ito. Ipinahayag ni Pangulong Nelson ang isang inspiradong hakbang sa pagsulong ng organisadong plano ng Panginoon para sa Kanyang Simbahan. Kabilang sa planong iyon ang isang bagong istraktura para sa mga korum ng priesthood sa mga ward at stake upang mas maayos nating magampanan ang ating mga responsibilidad sa priesthood. Ang mga responsibilidad na iyon ay may kinalamang lahat sa pagkalinga ng priesthood natin sa mga anak ng ating Ama.

Ang plano ng Panginoon para makapagbigay ng pagkalinga at pagmamasakit ang Kanyang mga Banal ay naisakatuparan na sa maraming paraan sa buong nakalipas na mga taon. Noong mga unang araw ng Nauvoo, kinailangan ni Propetang Joseph Smith ng isang organisadong paraan upang kalingain ang malaking bilang ng naghihikahos na mga miyembro na dumagsa sa lungsod. Kabilang sa kanila ang apat na mga lolo at lola ko sa tuhod—ang mga Eyring, Bennion, Romney, at Smith. Inorganisa ng Propeta ang pagkalinga sa mga Banal na iyon ayon sa lugar. Sa Illinois ang mga dibisyong iyon ng lungsod ay tinawag na "mga ward."

Sa pagtawid ng mga Banal sa kapatagan, inorganisa ayon sa "mga pangkat" ang pagkalinga nila sa isa't isa. Pabalik na noon ang isa sa aking mga lolo-sa-tuhod sa partido ng aking ama mula sa kanyang misyon na ngayon ay Oklahoma nang makasalubong niya ang isang pangkat sa daan. Hinanghina siya sa pagkakasakit kung kaya naman nakahiga siya at ang kanyang kompanyon sa isang maliit na bagon.

Nagpadala ng dalawang dalagita ang pinuno ng pangkat upang tulungan kung sinuman ang nasa bagon. Isa sa kanila, isang sister na bata pa na nabinyagan sa Switzerland, ang tumingin at nakita ang isa sa mga missionary at naawa. Siya ay iniligtas ng pangkat na iyon ng mga Banal. Nanumbalik ang kanyang lakas sapat para malakad niya ang natitira pang distansiya papunta sa Salt Lake Valley na kasabay ang dalagitang sumagip sa kanya. Nagkaibigan sila at ikinasal. Siya ang naging lolo ko sa tuhod na si Henry Eyring, at ang lola ko sa tuhod na si Maria Bommeli Eyring.

Sa paglipas ng mga taon, kapag may bumabanggit sa labis na hirap sa pagtawid sa gitna ng kontinente, sinasabi niya, "Hindi ah, hindi naman naging mahirap iyon. Habang naglalakad kami, pinag-uusapan namin sa daan na malaking himala talaga na kapwa namin natagpuan ang totoong ebanghelyo ni Jesucristo. Iyon ang pinakamasayang panahon na naaalala ko."

Simula noon, gumamit na ng iba't ibang paraan ang Panginoon para tulungan ang Kanyang mga Banal sa pagkalinga sa isa't isa. Ngayon pinagpala Niya tayo sa pagkakaroon ng pinalakas at nagkakaisang mga korum sa mga ward at stake—mga korum na nakikipag-ugnayan sa lahat ng organisasyon sa ward.

Ang mga municipal ward, mga pangkat, at pinalakas na mga korum ay pawang nangangailangan lamang ng dalawang bagay upang maging matagumpay sa layunin ng Panginoon na kalingain ng Kanyang mga Banal ang isa't isa gaya ng pagkalinga Niya sa kanila. Nagtatagumpay sila kapag nararamdaman ng mga Banal ang pagmamahal ni Cristo para sa isa't isa nang higit pa sa pansariling interes. Ang tawag dito ng mga banal na kasulatan ay "pag-ibig sa kapwa-tao . . . [ang] dalisay na pag-ibig ni Cristo" (Moroni 7:47). At nagtatagumpay sila kapag ginagabayan ng Espiritu Santo ang mga tagapagkalinga na malaman ang alam ng Panginoon na pinakamabuti para sa taong sinisikap Niyang tulungan.

Maraming beses nitong mga nakaraang linggo, kumikilos ang mga miyembro ng Simbahan sa harapan ko na tila ba inaasahan na nila ang ipagagawa ng Panginoon, tulad ng inihayag ngayon dito. Bibigyan ko lang kayo ng dalawang halimbawa. Una, isang simpleng mensahe sa sacrament meeting ng isang 14 na taong gulang na teacher sa Aaronic Priesthood na nakauunawa kung ano ang maisasakatuparan ng mga maytaglay ng priesthood sa kanilang paglilingkod para sa Panginoon. Pangalawa, isang taong may Melchizedek Priesthood na, taglay ang pagmamahal ni Cristo, ay nabigyang-inspirasyong maglingkod sa isang pamilya.

Una, ibabahagi ko sa inyo ang mga sinabi ng binatilyo na nagsalita sa sacrament meeting ng isang ward. Naroon ako. Sikapin ninyong alalahanin noong 14 na taong gulang pa lamang kayo at pakinggan ang sinabi niya na hindi ninyo inaasahan na nalalaman niya sa kanyang murang edad:

"Gustung-gusto ko talaga ang pagiging miyembro ng teachers quorum sa ward namin magmula pa noong

mag-14 na taong gulang ako noong nakaraang taon. Taglay pa rin ng isang teacher ang lahat ng responsibilidad ng isang deacon at may ilan pang bagong nadagdag dito.

"Dahil ang ilan sa atin ay mga teacher, at ang iba ay magiging teacher din balang araw, at lahat ng tao sa Simbahan ay pinagpapala ng priesthood, kaya napakahalaga na magkaroon tayong lahat ng higit pang kaalaman tungkol sa mga tungkulin ng isang teacher.

"Una sa lahat, nakasaad sa Doktrina at mga Tipan 20:53 na, 'Ang tungkulin ng mga guro ay pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila.'

Nakasaad din sa Doktrina at mga Tipan 20:54–55:

"'At tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama;

"'At tiyakin na ang simbahan ay madalas na sama-samang nagtitipon, at tiyakin din na lahat ng kasapi ay gumagawa ng kanilang mga tungkulin.'"

Sinabi pa ng binatilyo:

"Sinasabi sa atin ng Panginoon na hindi lamang natin responsibilidad na pangalagaan ang Simbahan kundi kalingain din ang mga tao sa loob ng Simbahan sa paraang gagawin ni Cristo dahil ito ay Simbahan Niya. Kung sinisikap nating sundin ang mga kautusan, maging mabait sa isa't isa, maging matapat, maging mabubuting kaibigan, at maging masaya kapag magkakasama, mapapasaatin ang Espiritu at malalaman natin kung ano ang gusto ng Ama sa Langit na gawin natin. Kung hindi natin ito magagawa, hindi natin magagampanan ang ating tungkulin."

Nagpatuloy siya sa pagsasabing:

"Kapag pinili ng isang teacher na magbigay ng magandang halimbawa sa pamamagitan ng pagiging isang mabuting home teacher, binabati ang mga miyembro sa simbahan, inihahanda ang sacrament, tumutulong sa tahanan, at nagiging tagapamayapa, pinipili niyang igalang ang kanyang priesthood at gampanan ang kanyang tungkulin.

"Ang pagiging isang mabuting teacher ay hindi lamang nangangahulugan ng pagiging responsable kapag nasa loob tayo ng simbahan o nasa mga aktibidad tayo ng Simbahan. Itinuro ni Apostol Pablo, 'Ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan' (I Kay Timoteo 4:12)."

Pagkatapos ay sinabi ng binatilyo:

"Saan man tayo naroon o anuman ang ginagawa natin, maaari tayong maging mabuting halimbawa ng kabutihan sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar.

"Hino-home teach namin ng tatay ko ang pamilya Brown.[1] Sa tuwing nagpupunta kami roon, masaya ang pagbisita namin at nakikilala namin sila. Isang bagay na nagugustuhan ko sa mga Brown sa tuwing pumupunta kami sa kanila ay handa silang lahat na makinig at parati silang may magagandang kwentong ibinabahagi.

"Kapag kilalang-kilala natin ang mga tao sa ward dahil sa home teaching, napadadali nito ang pagtupad sa isa pang tungkulin ng isang teacher, at iyan ay batiin ang mga miyembro sa simbahan. Ang maipadama sa mga tao na tanggap sila at kabilang sa simbahan ay nakatutulong sa lahat ng miyembro ng ward na maramdamang minamahal sila at nagiging handang makibahagi sa sacrament.

"Matapos batiin ang mga miyembro na dumating sa simbahan, tumutulong ang mga teacher tuwing Linggo sa paghahanda ng sacrament. Natutuwa talaga ako sa pagpapasa at paghahanda ng sacrament sa ward na ito dahil mapitagan ang lahat. Nararamdaman ko palagi ang Espiritu sa tuwing naghahanda at nagpapasa ako ng sacrament. Tunay na isang pagpapala sa akin na magawa ko ito tuwing Linggo.

"Ang ilang paglilingkod na gaya ng pagpapasa ng sacrament ay isang bagay na nakikita ng mga tao at pinasasalamatan nila kami sa paggawa nito, pero may iba pang paglilingkod na gaya ng paghahanda ng sacrament na kadalasang isinasagawa ng hindi napapansin ninuman. *Hindi* mahalaga kung *nakikita* tayo ng mga tao na naglilingkod; ang mahalaga ay alam ng Panginoon na pinaglingkuran natin Siya.



"Bilang mga teacher, dapat na magsikap tayong palakasin sa tuwina ang Simbahan, ang mga kaibigan natin, at ang ating pamilya sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga responsibilidad sa priesthood. Hindi palaging madali ito, pero ang Panginoon ay hindi nagbibigay sa atin ng mga kautusan 'maliban sa siya ay maghahanda ng paraan [para sa atin] upang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos' (1 Nephi 3:7)."

Sa pagtatapos ng binatilyong iyon, patuloy akong namangha sa kanyang maturidad at karunungan. Sinabi niya sa huli, "Alam ko na mas bubuti tayo kapag pinipili nating sumunod [kay Jesucristo]."

Isa pang kwento tungkol sa paglilingkod sa priesthood ang inilahad isang buwan na ang nakalipas sa sacrament meeting ng ward. Muli, naroon ako. Sa pagkakataong ito, hindi alam ng taong ito na maytaglay na Melchizedek Priesthood, na may malawak nang karanasan, na inilalarawan niya sa kanyang pagsasalita ang ibig mismong mangyari ng Panginoon sa pinalakas na mga korum ng priesthood. Narito ang buod ng kanyang salaysay:

Itinalaga sa kanilang magkompanyon sa home teaching ang pitong pamilya na paglilingkuran nila. Halos

lahat sila ay *ayaw* magpadalaw. Kapag pumupunta ang mga home teacher sa kanilang mga apartment, hindi nila sila pinagbubuksan ng pinto. Kapag tinatawagan nila sa telepono, hindi sila sinasagot. Kapag nag-iiwan sila ng mensahe, wala ring tugon sa kanila. Sa bandang huli, idinaan ng senior companion na ito ang paglilingkod sa pamamagitan ng pagsulat ng liham. Nagsimula rin siyang gumamit ng kulay dilaw na makikintab na sobre sa pag-asang makatatanggap ng sagot.

Isa sa pitong pamilyang ito ay isang sister na walang asawa na less-active at nagmula pa sa Europa. May dalawa siyang anak na mga bata pa.

Matapos ang maraming pagtatangka na makipag-ugnayan sa kanya, nakatanggap siya [ang Melchizedek Priesthood holder] ng isang text message. Kaagad na ipinaalam ng sister na ito na masyado siyang abala para makipagkita pa sa mga home teacher. Dalawa ang trabaho niya at nasa militar din siya. Pangunahing trabaho niya ang pagiging isang pulis, at gusto niyang maging isang detective at bumalik pagkatapos sa bayang sinilangan niya at ipagpatuloy roon ang trabaho niya.

Kahit kailan ay hindi siya nagawang dalawin ng home teacher sa bahay niya. Paminsan-minsan ay tine-text niya ito. Buwan-buwan nagpapadala siya ng liham na sulat-kamay niya, na may kalakip na mga holiday card para sa bawat anak nito.

Hindi siya nakatanggap ng sagot. Ngunit alam ng sister na ito kung sino ang mga home teacher niya, paano sila kokontakin, at na paninindigan nila ang paglilingkod na ito ng priesthood.

Isang araw nakatanggap siya ng isang mahalagang text mula sa kanya. Kailangang-kailangan niya ng tulong. Hindi niya alam kung sino ang bishop pero kilala niya ang mga home teacher niya.

Ilang araw na lamang at kailangan na niyang umalis ng estado para sa isang buwang training exercise sa militar. Hindi niya maaaring isama ang kanyang mga anak. Ang kanyang ina na siyang dapat na mag-aalaga sa kanyang mga anak ay kalilipad lamang papunta ng Europa para sa isang emergency upang alagaan ang asawa nito.

Sapat lamang ang pera ng less-active na single sister na ito pambili ng ticket papuntang Europa para sa bunso niyang anak, pero hindi sapat para sa anak niyang 12 taong gulang na si Eric.[2] Itinanong niya sa kanyang home teacher kung may mahahanap kaya siyang isang mabuting pamilyang LDS na maaaring tanggapin si Eric sa kanilang tahanan sa loob ng susunod na 30 araw!

Sumagot sa text ang home teacher na gagawin niya ang abot ng makakaya niya. Pagkatapos ay nakipag-ugnayan siya sa kanyang mga lider sa priesthood. Pinayagan siya ng bishop na kausapin ang mga miyembro ng ward council, kabilang dito ang pangulo ng Relief Society.

Kaagad na nakahanap ang pangulo ng Relief Society ng apat na mabubuting pamilyang LDS na may mga anak na kasing-edad ni Eric, na tatanggap sa kanya sa kanilang mga tahanan nang kada isang linggo. Nang sumunod na buwan, pinakain ng mga pamilyang ito si Eric, pinatulog siya sa isang silid sa masikip na mga apartment o maliit na tahanan, isinama siya sa kanilang mga naplano nang aktibidad ng pamilya para sa tag-init, isinama siya sa simbahan, isinama siya sa kanilang mga family home evening, at kung anu-ano pa.

Isinama si Eric ng mga pamilyang may mga anak na lalaking kasing-edad nito sa kanilang mga miting at aktibidad sa deacons quorum. Sa loob ng 30 araw na ito, nakadalo si Eric sa simbahan tuwing Linggo sa unang pagkakataon ng kanyang buhay.

Nang makauwi na ang kanyang ina mula sa training nito, nagpatuloy si Eric sa pagdalo sa simbahan, kadalasang kasama ng isa sa apat na pamilyang LDS na nagboluntaryo o iba pa sa mga naging kaibigan niya, kabilang na ang mga home teacher ng kanyang nanay. Kalaunan, naorden siya na deacon at nagsimulang regular na magpasa ng sacrament.

Ngayon, tingnan natin ang hinaharap ni Eric. Hindi tayo magugulat kung magiging lider siya sa Simbahan sa bayang pinagmulan ng kanyang ina kapag bumalik na roon ang pamilya niya—lahat ng ito ay dahil sa mga Banal na nagkaisang nagtulungan, sa ilalim ng patnubay ng bishop, at naglingkod dahil sa pag-ibig sa kapwa-tao na nasa kanilang puso at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Alam natin na kailangan ang pag-ibig sa kapwa-tao para tayo maligtas sa kaharian ng Diyos. Isinulat ni Moroni, "Maliban kung mayroon kayong pag-ibig sa kapwa-tao, kayo ay hindi maaaring maligtas sa kaharian ng Diyos" (Moroni 10:21; tingnan din sa Eter 12:34).


Alam din natin na isang kaloob ang pag-ibig sa kapwa-tao na iginawad sa atin sa kabila ng lahat ng ating magagawa. Kailangan nating "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang [tayo] ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo" (Moroni 7:48).

Sa tingin ko pinakamainam na natatanggap natin ang Banal na Espiritu kapag nakatuon tayo sa paglilingkod sa iba. Ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong responsibilidad sa priesthood na maglingkod para sa Tagapagligtas. Kapag abala tayo sa paglilingkod sa iba, hindi natin gaanong naiisip ang ating sarili, at mas mabilis na sumasaatin ang Espiritu Santo at tinutulungan tayo sa habambuhay nating pagsisikap na maipagkaloob sa atin ang kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao.

Pinatototohanan ko sa inyo na nagsimula nang gumawa ng isang malaking hakbang ang Panginoon sa plano Niyang mas maging inspirado at mapagkawanggawa tayo sa pagmiministeryo natin sa priesthood. Nagpapasalamat ako sa Kanyang pagmamahal, na bukas-palad Niyang ibinibigay sa atin. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Binago ang pangalan.
2. Binago ang pangalan.



**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood

*Mahalaga sa gawain ng Panginoon ang gampanang mabuti ang banal na priesthood na taglay ninyo sa inyong mga pamilya at sa inyong mga tungkulin sa Simbahan.*

Mga minamahal kong mga kapatid, napakinggan natin ang isang paghahayag mula kay Pangulong Russell M. Nelson. Napakinggan natin ang mahahalagang dagdag na paliwanag nina Elder Christofferson at Elder Rasband at ni Pangulong Eyring. Ang mga sasabihin pa, kabilang na ang mga magmumula pa kay Pangulong Nelson, ang magpapaliwanag sa inyo, na mga lider at mga maytaglay ng priesthood ng Panginoon, sa mga gagawin ninyo ngayon sa inyong mga responsibilidad. Para makatulong sa bagay na iyan, rerepasuhin ko ang ilang mahahalagang alituntuning may kaugnayan sa priesthood na taglay ninyo.

### I. Ang Priesthood

Ang Melchizedek Priesthood ay banal na awtoridad na ipinagkatiwala ng Diyos para maisagawa ang Kanyang gawaing "isakatuparan ang . . . buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39). Noong 1829, ito ay iginawad kina Joseph Smith at Oliver Cowdery ng mga Apostol ng Tagapagligtas na sina Pedro, Santiago, at Juan (tingnan sa D at T 27:12). Ito ay sagrado at makapangyarihan na higit pa sa kaya nating ilarawan.

Ang mga *susi* ng priesthood ay mga kapangyarihang nangangasiwa sa paggamit ng awtoridad ng priesthood. Kaya nga, nang igawad ng mga Apostol ang Melchizedek Priesthood kina Joseph at Oliver, ibinigay din nila sa kanila ang mga susi para pangasiwaan ang paggamit nito (tingnan sa D at T 27:12–13). Ngunit hindi iginawad ang lahat ng susi ng priesthood noong panahong iyon. Ang lahat ng susi at kaalamang kinakailangan para rito sa "dispensasyon ng kaganapan ng panahon" (D at T 128:18) ay ibinigay nang "taludtod sa taludtod" (talata 21). Ang mga karagdagang susi ay ibinigay sa Kirtland Temple makalipas ang pitong taon (tingnan sa D at T 110:11–16). Ibinigay ang mga susing ito para pangasiwaan ang awtoridad ng priesthood sa mga karagdagang asignaturang ibinigay nang panahong iyon, gaya ng binyag para sa mga namatay na.

Ang Melchizedek Priesthood ay hindi isang katayuan o isang tatak. Ito ay isang banal na kapangyarihang ipinagkakatiwala para gamitin sa kapakinabangan ng gawain ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Dapat nating tandaan palagi na ang mga lalaking maytaglay na priesthood ay *hindi* "ang priesthood." Hindi wastong sabihin "ang priesthood at ang kababaihan."Dapat ang sabihin natin, "ang mga *maytaglay* na priesthood at ang kababaihan."

### II. Isang Ministeryo ng Paglilingkod

Pag-usapan natin ngayon kung ano ang inaasahan ng Panginoong Jesucristo mula sa mga maytaglay ng Kanyang priesthood—paano tayo magdadala ng mga kaluluwa sa Kanya.





Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith: “Tunay na minsan nang nasabi na ang Simbahan ay perpektong binuo. Ang problema lamang ay hindi pa ganap na gising ang mga samahan nito sa mga obligasyong nakaatang sa kanila. Kapag tunay na itong nagising sa mga hinihingi sa kanila, magagampanan nito nang buong tapat ang mga katungkulan nito, at ang gawain ng Panginoon ay higit na lalakas at mas makapangyarihan at maimpluwensiya sa daigdig.”[1]

Nagbabala rin si Pangulong Smith:

“Ang mga titulo ng karangalan . . . na kaugnay ng ilang katungkulan at orden ng Banal na Pagkasaserdote [Priesthood] ay hindi dapat gamitin o ituring na tulad ng mga titulong pinasimulan ng tao; hindi palamuti ang mga ito o pagpapakita ng kataasan kaysa iba, higit pa riyan, ito ay pagkakatalaga sa mapagkumbabang paglilingkod sa gawain ng isang Panginoon na sinasabi nating siya nating pinaglilingkuran. . . .

“. . . Gumagawa tayo para sa kaligtasan ng ating mga kaluluwa, at dapat na madama natin na ito ang pinakamahalagang tungkuling ipinagkatiwala sa atin. Kaya nga, dapat na madama natin na handa tayong isakripisyo ang lahat, kung kinakailangan, dahil sa pagmamahal sa Diyos, sa kaligtasan ng tao at tagumpay ng kaharian ng Diyos sa lupa.”[2]

### III. Ang mga Katungkulan sa Priesthood

Sa Simbahan ng Panginoon, ang mga katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay may iba't ibang tungkulin. Sa Doktrina at mga Tipan, tinukoy ang mga high priest bilang “tumatayong mga pangulo o tagapaglingkod sa iba't ibang istaka [na] nagkalat sa ibang bansa” (D at T 124:134). Tinutukoy nito ang mga elder bilang “tumatayong mangangaral sa simbahan [ng Panginoon]” (D at T 124:137). Narito ang iba pang mga turo tungkol sa magkahiwalay na mga tungkuling ito.

Ang isang high priest ay namumuno at nangangasiwa sa mga bagay na espirituwal (tingnan sa D at T 107:10, 12). Gayundin, gaya ng itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith,”Yamang siya ay inorden bilang isang high priest, dapat na maramdaman [niya] na may obligasyon siyang . . . magpakita ng magandang halimbawa sa matatanda at bata na dapat tularan, at ilagay ang sarili sa katayuan ng pagiging isang guro ng katwiran, hindi lamang sa pananalita kundi lalo na sa pamamagitan ng halimbawa —ibinabahagi sa mga nakababata ang pakinabang na dulot ng karanasan, at sa gayon bawat isa ay nagsisilbing kapangyarihan sa gitna ng pamayanan kung saan siya naninirahan.”[3]

Tungkol sa mga tungkulin ng isang elder, itinuro ni Elder Bruce R. McConkie ng Korum ng Labindalawa: “Ang Elder ay isang tagapaglingkod ng Panginoong Jesucristo. . . . Siya ay inatasang humarap at kumatawan sa kanyang Panginoon . . . sa paglilingkod sa kanyang kapwa-tao. Siya ang katiwala ng Panginoon.”[4]

Pinulaan ni Elder McConkie ang ideya ng pagiging “isang elder lamang.” “Taglay ng bawat elder ng Simbahan ang katumbas na priesthood na taglay ng Pangulo ng Simbahan . . . ,” sabi niya. “Ano ang isang elder? Siya ay isang pastol, isang pastol na naglilingkod sa kawan ng Mabuting Pastol.”[5]

Sa mahalagang tungkuling ito ng paglilingkod sa kawan ng Mabuting Pastol, walang pagkakaiba sa pagitan ng mga katungkulan ng high priest at elder sa Melchizedek Priesthood. Sa kahanga-hangang bahagi 107 ng Doktrina at mga Tipan, ipinahayag ng Panginoon, “Ang matataas na saserdote [high priest] alinsunod sa orden ng Pagkasaserdoteng Melquisedec [Melchizedek Priesthood] ay may karapatang gumanap sa kanilang sariling katungkulan, sa ilalim ng tagubilin ng panguluhan, sa pangangasiwa sa mga bagay na espirituwal, at gayon din sa katungkulan ng isang elder [o anumang katungkulan sa Aaronic Priesthood]” (D at T 107:10; tingnan din sa talata 12).

Ang pinakamahalagang alituntunin para sa lahat ng maytaglay na priesthood ay yaong alituntuning itinuro ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon. Matapos na ilaan siya at ang kanyang kapatid na si Joseph bilang mga priest at teacher ng mga tao, ipinahayag niya: “At tinupad namin ang aming mga tungkulin sa Panginoon, sa pagtanggap ng pananagutan, sa pagsagot sa mga kasalanan ng mga tao sa aming sariling mga ulo kung hindi namin sila tuturuan ng salita ng Diyos nang buong pagsusumigasig” (Jacob 1:19).

Mga kapatid, ang mga responsibilidad natin bilang mga maytaglay ng priesthood ay seryosong bagay. Maaaring nasisiyahan ang ibang organisasyon sa pagbabahagi ng kanilang mga mensahe at pagsasagawa ng kanilang tungkulin ayon sa pamantayan ng mundo. Ngunit may banal na kapangyarihan tayo na mga may priesthood

ng Diyos na pamahalaan maging ang pasukan patungo sa selestiyal na kaharian ng Diyos. May layunin at responsibilidad tayo na tinukoy ng Panginoon sa ipinahayag na paunang salita sa Doktrina at mga Tipan. Ihahayag natin sa mundo:

"Bagkus ay makapangusap ang bawat tao sa pangalan ng Diyos, ang Panginoon, maging ang Tagapagligtas ng sanlibutan;

"Nang ang pananampalataya rin ay maragdagan sa mundo;

"Nang ang aking walang hanggang tipan ay mapagtibay;

"Nang ang kabuuan ng aking ebanghelyo ay maihayag ng mahihina at ng mga pangkaraniwang tao sa mga dulo ng daigdig" (D at T 1:20–23).

Upang maisakatuparan ang banal na utos na ito, dapat tayong maging tapat sa "pagganap" sa ating mga tungkulin at mga responsibilidad sa priesthood (tingnan sa D at T 84:33). Ipinaliwanag ni Pangulong Harold B. Lee kung ano ang ibig sabihin ng gampanang mabuti ang priesthood: "Kapag ang isang lalaki ay nagtaglay ng pagkasaserdote, siya'y nagiging kinatawan ng Panginoon. Dapat niyang isipin ang kanyang katungkulan na tila ba nasa paglilingkod siya ng Panginoon. Iyan ang ibig sabihin ng gampanang mabuti ang pagkasaserdote."[6]

Kaya nga, mga kapatid, kung sasabihin sa atin mismo ng Panginoon na tulungan ang isa sa Kanyang mga anak na lalaki o mga anak na babae—na ginagawa Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod—ito ba'y gagawin ninyo? At kung gagawin ninyo ito, magsisikilos ba kayo bilang mga katiwala Niya, na mga "nasa paglilingkod ng Panginoon," nagtitiwala sa tulong na ipinangako Niya?

May isa pang turo si Pangulong Lee tungkol sa pagganap na mabuti sa priesthood: "Kapag may hawak kang magnifying glass sa pagtingin sa isang bagay, pinalalaki nito ang tingin natin sa bagay na iyon kaysa kung pagmamasdan natin ito gamit lamang ang ating mga mata; ganyan ang magnifying glass. Ngayon . . . kung gagampanang mabuti ng sinuman ang kanilang priesthood—ibig sabihin, palalakihin ito kaysa sa una nilang tingin dito at mas pahahalagahan ito kaysa sa inaakalang pagpapahalaga ninuman—iyan ang paraan ng pagganap na mabuti sa inyong priesthood."[7]

Narito ang isang halimbawa ng isang taong maytaglay na priesthood na ginagampanang mabuti ang kanyang mga responsibilidad sa priesthood. Napakinggan ko ito mula kay Elder Jeffrey D. Erekson, na nakasama ko sa isang stake conference sa Idaho. Noong siya ay isang bagong kasal na elder, dahil sa labis na kahirapan at sa pakiwari'y hindi siya makakapagtapos sa kanyang huling taon sa kolehiyo, nagpasiya si Jeffrey na tumigil at tanggapin ang isang nakakaengganyong trabaho na inalok sa kanya. Pagkalipas ng ilang araw, pumunta sa bahay niya ang kanyang elders quorum president. "Nauunawaan mo ba ang kahalagahan ng mga susi ng priesthood na hawak ko?" ang tanong ng president. Nang sabihin ni Jeffrey na nauunawaan niya ito, sinabi sa kanya ng president na magmula noong mabalitaan niya ang tungkol sa intensiyon niyang tumigil sa kolehiyo, ilang gabing hindi siya pinatulog ng Panginoon at hinikayat siya na sabihin kay Jeffrey ang mensaheng ito: "Bilang elders quorum president mo, pinapayuhan kitang huwag tumigil sa pag-aaral sa kolehiyo. Iyan ay mensahe sa iyo mula sa Panginoon." Nagpatuloy si Jeffrey sa pag-aaral. Lumipas ang mga taon at isa na siyang matagumpay na negosyante nang magkita kami, at narinig kong ibinahagi niya sa harapan ng mga maytaglay ng priesthood, "Ang [payo na] iyon ang gumawa ng malaking kaibhan sa buhay ko."

Ginampanang mabuti ng isang maytaglay ng priesthood ang kanyang priesthood at calling, at iyon ang gumawa "ng malaking kaibhan" sa buhay ng isa sa mga anak ng Diyos.

#### IV. Priesthood sa Pamilya

Mula pa kanina, tungkol sa mga tungkulin ng priesthood sa Simbahan ang sinasabi ko. Ngayon naman ay magsasalita ako tungkol sa priesthood sa pamilya. Magsisimula ako sa mga susi. Ang alituntunin na ang awtoridad ng pristhood ay magagamit lamang sa ilalim ng atas ng isang nagtataglay ng mga susi para sa tungkuling iyon ay saligan ng Simbahan ngunit hindi ito sumasaklaw sa paggamit ng awtoridad ng priesthood sa pamilya.[8] Ang isang ama na may priesthood ay namumuno sa kanyang pamilya sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood na taglay niya. Hindi na kailangang atasan pa siya o bigyan ng pahintulot ng may mga susi ng priesthood para magbigay ng payo sa mga kapamilya niya, magdaos ng pagpupulong ng pamilya, magbigay ng mga basbas ng priesthood sa kanyang asawa't mga anak, o magbigay ng basbas ng pagpapagaling sa mga kapamilya o sa iba.

Kung gagampanang mabuti ng mga ama ang kanilang priesthood sa sarili nilang pamilya, isinusulong nito ang misyon ng Simbahan gaya ng anupamang bagay na magagawa nila. Dapat na sumunod sa mga kautusan ang mga ama na may Melchizedek Priesthood nang sa gayon ay matamo nila ang kapangyarihan ng priesthood sa pagbibigay ng mga pagpapala sa mga miyembro ng kanilang pamilya. Dapat ding pagyamanin ng mga ama ang pagmamahal sa loob ng pamilya nang sa gayon ay naisin ng mga miyembro ng pamilya na hingin ang basbas ng kanilang mga ama. At dapat hikayatin ng mga magulang ang paghingi ng mga basbas ng priesthood sa pamilya.

Mga ama, kumilos na "may pantay na pananagutan" sa inyong mga asawa, gaya ng itinuturo sa pagpapahayag sa mag-anak.[9] At, mga ama, kapag nagkaroon kayo ng pribilehiyong gamitin ang kapangyarihan at impluwensiya ng inyong awtoridad sa priesthood, gawin ito "sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig" (D at T 121:41). Ang mataas na pamantayang iyan ng paggamit ng awtoridad ng priesthood ay napakahalaga sa pamilya. Ibinigay ni Pangulong Harold B. Lee ang pangakong ito noong bago pa lamang siyang naging Pangulo ng Simbahan: "Ang kapangyarihan ng


pagkasaserdote na inyong taglay ay higit na kahanga-hanga kapag may krisis sa inyong tahanan, may mabigat na karamdaman, o may ilang malalaking desisyon na kailangang gawin. . . . Nakapaloob sa kapangyarihan ng pagkasaserdote, na siyang kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos, ang kapangyarihang gumawa ng mga himala kung kalooban ng Diyos ang gayon, ngunit upang magamit natin ang pagkasaserdoteng iyon, kailangang karapat-dapat tayo na gamitin ito. Ang kabiguang maunawaan ang alituntuning ito ay kabiguang tumanggap ng mga pagpapala ng pagtataglay ng dakilang pagkasaserdoteng iyon."[10]

Mga minamahal kong kapatid, mahalaga sa gawain ng Panginoon ang gampanang mabuti ang banal na priesthood na taglay ninyo sa inyong mga pamilya at sa inyong mga tungkulin sa Simbahan.

Pinatototohanan ko Siya na nagkaloob ng priesthood na ito. Sa pamamagitan ng Kanyang pagdurusa sa pagbabayad-sala at sakripisyo at pagkabuhay na mag-uli, lahat ng lalaki at babae ay nakatitiyak na matatamo nila ang immortalidad at may pagkakataon para sa buhay na walang hanggan. Dapat na maging matapat at masigasig ang bawat isa sa atin sa pagtupad ng bahagi natin sa dakilang gawaing ito ng Diyos na Ama nating Walang Hanggan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 269.
2. *Mga Turo: Joseph F. Smith,* 340, 343.
3. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, 5th ed. (1939), 182.
4. Bruce R. McConkie, "Only an Elder," *Ensign*, Hunyo 1975, 66; ang pagbibigay-diin sa orihinal ay hindi napreserba.
5. Bruce R. McConkie, "Only an Elder," 66; ang pagbibigay-diin sa orihinal ay hindi napreserba.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2001), 52.
7. *The Teachings of Harold B. Lee,* inedit ni Clyde J. Williams (1996), 499.
8. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Awtoridad ng Priesthood sa Pamilya at sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2005, 24–27.
9. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2017, 145.
10. *Mga Turo: Harold B. Lee,* 97.



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**

# Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos

*Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya, at nang may mapagmahal na kabaitan Niya.*

Minamahal kong mga kapatid, salamat sa inyong katapatan sa Panginoon at sa kanyang banal na gawain. Tunay akong nagagalak na makasama kayo. Bilang bagong Unang Panguluhan, nagpapasalamat kami para sa inyong mga dalangin at pagsuporta. Nagpapasalamat kami sa mga buhay ninyo at sa inyong paglilingkod sa Panginoon. Ang inyong katapatan sa tungkulin at di-makasariling paglilingkod ay kasing importante ng sa inyong mga tungkulin tulad ng sa amin sa aming mga tungkulin. Sa buong buhay na paglilingkod sa Simbahan, nalaman ko na talagang hindi mahalaga *kung saan* tayo naglilingkod. Ang mahalaga sa Panginoon ay kung *paano* tayo naglilingkod.

Ako ay lubos na nagpapasalamat kay Pangulong Thomas S. Monson na naging isang ehemplo sa akin nang mahigit 50 taon. At sa kanyang mga tagapayo, si Pangulong Henry B. Eyring at Pangulong Dieter F. Uchtdorf, ako ay tunay na humahanga.Pinupuri ko sila sa kanilang paglilingkod sa Panginoon at sa Kanyang mga propeta. Ang dalawang tapat na tagapaglingkod na ito ay nakatanggap na ng bagong mga tungkulin. Sila ay patuloy na naglilingkod ng masigla at tapat. Iginagalang at minamahal ko silang dalawa.

Isang pambihirang pagpapala na maglingkod sa totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon na may awtoridad at kapangyarihan Niya. Ang panunumbalik ng priesthood ng Diyos, kabilang ang mga susi ng priesthood, ay binubuksan sa lahat ng karapat-dapat na mga Banal sa mga Huling Araw ang pinakadakilang espirituwal na mga pagpapala.Makikita natin ang mga pagpapalang iyon na dumarating sa mga babae, lalaki, at mga bata sa buong mundo.

Nakakakita tayo ng mga kababaihan na naiintindihan ang kapangyarihan na likas sa kanilang mga tungkulin at sa endowment at iba pang mga ordenansa sa templo. Alam ng mga kababaihang ito kung paano manawagan sa kapangyarihan ng langit upang pangalagaan at palakasin ang kanilang mga asawa,



anak, at mahal sa buhay. Sila ay mga babaeng malakas ang espirituwalidad na namumuno, nagtuturo, at naglilingkod nang walang takot sa kanilang mga tungkulin nang may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos![1] Ako'y nagpapasalamat sa kanila!

Gayundin, nakakakita tayo ng mga nananampalatayang mga kalalakihan na gumaganap sa kanilang responsibilidad bilang mayhawak ng priesthood. Sila ay namumuno at naglilingkod sa paraan ng Diyos nang may pagmamahal, kabutihan, at tiyaga. Sila ay nagpapala, gumagabay, pumoprotekta, at nagpapalakas ng ibang tao sa pamamagitan ng priesthood na hawak nila. Nagdadala sila ng mga himala sa mga pinaglilingkuran nila habang iniingatan ang sarili nilang buhay mag-asawa at mag-anak. Iwinawaksi nila ang kasamaan at sila ay malalakas na mga elder sa Israel.[2] Ako'y lubos na nagpapasalamat sa kanila!

Ngayon, maaari ba akong magsalita tungkol sa isang pagkabahala? Iyon ay ito: Marami sa ating mga kapatid na lalaki at babae ay hindi lubos na naiintindihan ang konsepto ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. Kumikilos sila na para bang mas gusto nilang tugunan ang sarili nilang makasariling mga hangarin at pagnanasa kaysa gamitin ang kapangyarihan ng Diyos upang pagpalain ang Kanyang mga anak.

Nangangamba ako na marami sa ating mga kapatid ang hindi nauunawaan ang mga pribilehiyo na maaaring mapasakanila.[3] Ilan sa ating mga kapatid na lalaki, halimbawa, ay kumikilos na para bang hindi nila naiintindihan ang priesthood at kung ano ang pwede nilang magawa gamit ito. Bibigyan ko kayo ng tiyak na mga halimbawa.

Hindi pa nagtatagal, dumalo ako sa isang sacrament meeting kung saan bibigyan ng pangalan at basbas ng ama ang isang bagong-silang na sanggol. Kinarga ng batang ama ang kanyang mahal na sanggol sa kanyang mga bisig, binigyan siya ng pangalan, at nagbigay ng napakagandang *panalangin*. Ngunit *hindi* niya binigyan ng basbas ang batang iyon. Ang babaeng sanggol ay nabigyan ng pangalan ngunit hindi nabigyan ng basbas! Ang elder na iyon ay hindi alam ang pagkakaiba ng panalangin sa basbas ng priesthood. Gamit ang awtoridad at kapangyarihan ng kanyang priesthood, nabasbasan sana niya ang kanyang anak, ngunit hindi niya ito ginawa. Naisip ko, "Sayang na pagkakataon!"

Bibigyan ko kayo ng iba pang mga halimbawa. Alam natin na may mga kalalakihan na nagseset apart ng mga kababaihan bilang mga lider ng Primary, Young Women, o Relief Society ngunit nabibigong basbasan sila ng kapangyarihan na gawin ang kanilang mga tungkulin.Nagbibigay lamang sila ng mga payo at tagubilin. Nakakakita tayo ng mga karapat-dapat na ama na nabibigong bigyan ang kanyang asawa at mga anak ng basbas ng priesthood kapag kailangan nila ang mga iyon.Ang kapangyarihan ng priesthood ay naipanumbalik na sa lupa, ngunit maraming mga kalalakihan at kababaihan sa simbahan ang dumaranas ng matinding mga pagsubok sa buhay nang hindi nakakatanggap ng basbas ng priesthood. Napakalungkot na trahedya nito! Isang trahedya iyan na maaari nating maiwasan.

Mga kapatid, hawak natin ang banal na priesthood ng Diyos! Mayroon tayong awtoridad na pagpalain ang Kanyang mga tao. Isipin lamang natin ang pambihirang pagtiyak ng Panginoon na ibinigay Niya sa atin nang sabihin niyang, "Sinuman ang

iyong pagpalain ay aking pagpapalain."[4] Pribilehiyo natin na kumilos sa pangalan ni Jesucristo upang pagpalain ang mga anak ng Diyos ayon sa Kanyang kagustuhan para sa kanila. Mga stake president at bishop, mangyaring tiyakin ninyo na nauunawaan ng bawat miyembro ng mga korum na nasa ilalim ng inyong pangangasiwa kung paano magbigay ng mga basbas ng priesthood—kabilang na ang pagiging karapat-dapat ng sarili at espirituwal na paghahanda na kinakailangan upang ganap na magamit ang kapangyarihan ng Diyos.[5]

Sa lahat ng mga kapatid na mayhawak ng priesthood, inaanyayahan ko kayo na hikayatin ang mga miyembro na tuparin ang kanilang mga tipan, mag-ayuno at manalangin, mag-aral ng mga banal na kasulatan, sumamba sa templo, at maglingkod nang may pananampalataya bilang mga kalalakihan at kababaihan ng Diyos. Maaari nating tulungan ang lahat na makita nang may mata ng pananampalataya na ang pagsunod at pagiging mabuti ay magpapalapit sa kanila kay Jesucristo, magbibigay-daan upang matamasa nila ang patnubay ng Espiritu Santo, at magalak sa buhay!

Ang katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon ay ang organisado at nakadirektang pagsisikap na maglingkod sa mga indibidwal na anak ng Diyos at sa kanilang mga pamilya.[6] Dahil ito ang Kanyang Simbahan, bilang kanyang mga lingkod, maglilingkod tayo sa nangangailangan, tulad ng ginawa Niya.[7] Maglilingkod tayo sa Kanyang pangalan, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya, at nang may mapagmahal na kabaitan Niya.

Isang karanasan ko mahigit 60 taon nang nakakalipas ang nagturo sa akin kung gaano makapangyarihan ang pribilehiyo na makapaglingkod sa isa't-isa. Noon ay isa akong resident surgeon sa Massachusetts General Hospital—na naka-duty araw-araw, tuwing makalawa ng gabi, at dalawang Sabado at Linggo sa isang buwan. Mayroon akong limitadong oras para sa aking asawa, aming apat na anak, at mga aktibidad sa Simbahan. Gayunpaman, itinalaga ako ng aming branch president na dalawin ang tahanan ni Wilbur at Leonora Cox na umaasang si Brother Cox ay babalik sa pagkaaktibo sa Simbahan. Siya at si Leonora ay nabuklod sa templo.[8] Gayunpaman, maraming taon nang hindi nagsisimba si Wilbur.

Pumunta ako at ang aking companion sa bahay nila. Pagpasok namin, malugod kaming sinalubong ni Sister Wilcox,[9] ngunit si Brother Cox ay mabilis na pumasok sa isa pang silid at isinara ang pinto.

Pumunta ako sa nakasarang pinto at kumatok. Matapos ang ilang sandali, nakarinig ako ng mahinang "Pasok." Binuksan ko ang pinto at nakita si Brother Wilcox na nakaupo sa tabi ng maraming radio equipment. Sa maliit na silid na iyon, nagsindi siya ng sigarilyo. Malinaw na hindi siya nalulugod na makita ako.

Tumingin ako sa silid nang may pagkamangha at sinabing, "Brother Cox, matagal ko nang gustong matutunan kung paano gamitin ang amateur radio. Puwede mo ba akong turuan nito? Pasensiya na, hindi ako makatatagal ngayong gabi, pero puwede ba akong bumalik sa susunod?"

Nag-atubili siya sandali at pagkatapos ay nagsabi ng oo. Iyon na ang simula ng isang napakagandang pagkakaibigan. Bumalik ako at tinuruan niya ako. Sinimulan ko siyang mahalin at igalang. Sa sumunod na mga pagdalaw, lumabas ang kadakilaan ng taong ito. Naging mabuti kaming magkaibigan, pati na ang mga asawa namin. Pagkatapos, sa paglipas ng panahon, lumipat ang aming pamilya ng tirahan. Patuloy na pinangalagaan ng mga lokal na lider ang pamilya Cox.[10]

Mga walong taon matapos ang una naming pag-uusap, nilikha ang Boston Stake.[11] Mahuhulaan ba ninyo kung sino ang unang stake president? Oo! Si Brother Cox! Sa mga sumunod na mga taon, naglingkod rin siya bilang isang mission president at temple president.

Makalipas ang ilang taon, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawa, inatasan ako upang buuin ang bagong stake sa Sanpete County, Utah. Sa mga interbyu na ginawa ko, masaya akong makitang muli ang aking kaibigan na si Brother Cox! Naramdaman ko na dapat ko siyang tawagin bilang bagong stake patriarch. Matapos ko siyang ordenahan, niyakap namin ang isa't isa at umiyak. Nagtaka ang mga tao sa silid kung bakit umiiyak ang dalawang matatandang lalaking ito. Ngunit alam namin kung bakit. At alam din ni Sister Cox. Ang mga luha namin ay luha ng kagalakan! Tahimik naming naalala ang pambihirang paglalakbay ng pagmamahal at pagsisisi na nagsimula mahigit 30 taon na ang nakalipas, isang gabi sa kanilang tahanan.

Ang kuwento ay hindi nagtatapos doon. Ang pamilya ni Brother at Sister Cox ay lumaki kabilang ang 3 mga anak, 20 mga apo, at 54 na mga apo sa tuhod. Idagdag pa rito ang kanilang epekto sa daan-daang mga misyonero, sa libu-libo pa sa templo, at sa daan-daang mga taong nakatanggap ng kanilang patriarchal blessing sa ilalim ng mga kamay ni Brother Cox. Ang impluwensiya niya at ni Leonora ay magpapatuloy sa maraming mga henerasyon sa buong mundo.

Ang mga karanasang katulad ng kay Wilbur at Leonora Cox ay nagaganap linggu-linggo—sana, araw-araw—sa loob ng Simbahang ito. Ang tapat na mga tagapaglingkod ng Panginoong Jesucristo ay ginagawa ang Kanyang gawain, nang may kapangyarihan at awtoridad Niya.

Mga kapatid, may mga pinto tayong mabubuksan, mga basbas ng priesthood na maibibigay, mga pusong mapaghihilom, mga pasanin na mapapagaan, mga patotoong mapapalakas, mga buhay na maililigtas, at saya na madadala sa tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw—dahil hawak natin ang priesthood ng Diyos. Tayo ay mga kalalakihang "tinawag at inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig alinsunod sa kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa, dahil sa [ating] labis na pananampalataya," na gawin ang gawain na ito.[12]

Ngayong gabi, inaanyayahan ko kayo na literal na tumayo kasama ko sa ating dakila at walang hanggang




# Mga General Authority at Pangkalahatang Opisyal ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN



Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo


Russell M. Nelson
Pangulo


Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard


Jeffrey R. Holland


Dieter F. Uchtdorf


David A. Bednar


Quentin L. Cook


D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen


Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund


Gerrit W. Gong



Ulisses Soares


## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU


L. Whitney Clayton



Craig C. Christensen


Lynn G. Robbins


Juan A. Uceda


Patrick Kearon


Carl B. Cook


Robert C. Gay

# MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY


(ayon sa alpabeto)



Marcos A. Aidukaitis · Jose L. Alonso · Wilford W. Andersen · Ian S. Ardern · Mervyn B. Arnold · Steven R. Bangerter · W. Mark Bassett · David S. Baxter · Randall K. Bennett · Shayne M. Bowen · Mark A. Bragg · Craig A. Cardon · Matthew L. Carpenter · Yoon Hwan Choi · Kim B. Clark · Weatherford T. Clayton




Lawrence E. Corbridge · Valeri V. Cordón · J. Devn Cornish · Claudio R. M. Costa · Joaquin E. Costa · LeGrand R. Curtis Jr. · Massimo De Feo · Benjamín De Hoyos · Edward Dube · Kevin R. Duncan · Timothy J. Dyches · Larry J. Echo Hawk · David F. Evans · Enrique R. Falabella · Bradley D. Foster · Randy D. Funk




Eduardo Gavarret · Jack N. Gerard · Carlos A. Godoy · Taylor G. Godoy · Christoffel Golden · Walter F. González · C. Scott Grow · O. Vincent Haleck · Donald L. Hallstrom · Kevin S. Hamilton · Allen D. Haynie · Matthias Held · David P. Homer · Paul V. Johnson · Larry S. Kacher · Jörg Klebingat



Joni L. Koch · Erich W. Kopischke · Hugo E. Martinez · James B. Martino · Richard J. Maynes · Kyle S. McKay · Peter F. Meurs · Hugo Montoya · Marcus B. Nash · K. Brett Nattress · S. Gifford Nielsen · Brent H. Nielson · Adrián Ochoa · Allan F. Packer · S. Mark Palmer · Adilson de Paula Parrella




Kevin W. Pearson · Anthony D. Perkins · Paul B. Pieper · John C. Pingree Jr. · Rafael E. Pino · Michael T. Ringwood · Gary B. Sabin · Evan A. Schmutz · Gregory A. Schwitzer · Joseph W. Sitati · Steven E. Snow · Vern P. Stanfill · Brian K. Taylor · Michael John U. Teh · José A. Teixeira · Arnulfo Valenzuela



Juan Pablo Villar · Terence M. Vinson · Takashi Wada · Taniela B. Wakolo · Scott D. Whiting · Larry Y. Wilson · Chi Hong (Sam) Wong · Kazuhiko Yamashita · Jorge F. Zeballos · Claudio D. Zivic

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



Dean M. Davies, Unang Tagapayo · Gérald Caussé, Presiding Bishop · W. Christopher Waddell, Pangalawang Tagapayo

# MGA PANGKALAHATANG OPISYAL

## SUNDAY SCHOOL



Devin G. Durrant, Unang Tagapayo · Tad R. Callister, Pangulo · Brian K. Ashton, Pangalawang Tagapayo

## YOUNG WOMEN



Michelle D. Craig, Unang Tagapayo · Bonnie H. Cordon, Pangulo · Becky Craven, Pangalawang Tagapayo

## RELIEF SOCIETY




Sharon Eubank, Unang Tagapayo · Jean B. Bingham, Pangulo · Reyna I. Aburto, Pangalawang Tagapayo

## PRIMARY



Lisa L. Harkness, Unang Tagapayo · Joy D. Jones, Pangulo · Cristina B. Franco, Pangalawang Tagapayo

## YOUNG MEN



Douglas D. Holmes, Unang Tagapayo · Stephen W. Owen, Pangulo · M. Joseph Brough, Pangalawang Tagapayo



kapatiran. Kapag tinawag ko ang inyong tungkulin sa priesthood, maaari lamang na tumayo at manatiling nakatayo. Mga deacon, mangyaring tumayo! Mga teacher, tumayo! Mga priest! Mga bishop! Mga elder! Mga high priest! Mga patriarch! Mga seventy! Mga apostol!

Ngayon, mga kapatid, maaari bang kayo ay manatiling nakatayo at makiisa sa ating koro sa pagkanta ng lahat ng tatlong talata ng "Rise Up, O Men of God"?[13] Habang kumakanta kayo, isipin ninyo ang inyong tungkulin bilang dakilang hukbo ng Diyos na tumutulong na ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagpaparito ng Panginoon. Ito ang ating tungkulin. Ito ang ating pribilehiyo. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona*, Nob. 2015, 96.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2016, 66–69; tingnan din sa Alma 13:7–8; Doktrina at mga Tipan 84:17–20, 35–38; Moises 1:33, 35.
3. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:19–22; 107:18–19; Joseph Smith Translation, Genesis 14:30–31 (sa Bible appendix).
4. Doktrina at mga Tipan 132:47.
5. Ang kaugnayan ng kapangyarihan ng priesthood at personal na kabutihan ay nahuhubog nang lubusan sa Russell M. Nelson, "Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood," 66–69; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 121:34–37, 41–44.
6. Ang mahalagang papel ng organisado at nakadirektang pagsisikap na maglingkod sa mga tao at pamilya ay makikita kahit kailan at saan naitatag ang Simbahan ni Jesucristo. Tingnan sa, halimbawa, Lucas 10:1–20; Ang Mga Gawa 6:1–6; Mga Taga Efeso 4:11–14; Mosias 18:9, 18–19, 27–29; Doktrina at mga Tipan 20:42, 51, 57.
7. Tingnan sa 3 Nephi 17:9-10, 20-21.
8. Manti Utah Temple, Mierkoles, Hunyo 15, 1937.
9. Ang pag-aayuno at pagdarasal araw-araw ni Leonora tuwing Lunes sa loob ng maraming taon ay tiyak na naging malaki ang impluwensiya sa kabutihan.
10. Noong 1954, ang branch president na si Ira Terry ay tinawag si Wilbur na maging branch Sunday School superintendent. Tinanggap ni Wilbur ang tungkulin at panghabambuhay na itinigil ang lahat ng kaugaliang hindi naaayon sa Word of Wisdom. Itinaya niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa gawain ng Tagapagligtas.
11. Noong 1962.
12. Alma 13:3.
13. "Rise Up, O Men of God," *Hymns*, blg. 324.



Sesyon sa Linggo ng Umaga | Abril 1, 2018

**Ni Elder Larry Y. Wilson**
Ng Pitumpu

# Tanggapin ang Banal na Espiritu Bilang Inyong Patnubay

*Napakagandang kaloob ang ibinibigay sa mga sumasampalataya kay Jesucristo. Ang kaloob na iyan ay ang Banal na Espiritu.*

Sa Linggong ito ng Pagkabuhay, natutuon ang ating isipan sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo at sa libingang walang laman na nagbibigay ng pag-asa sa lahat ng sumasampalataya sa tagumpay ni Cristo sa kamatayan. Naniniwala ako, tulad ni Apostol Pablo, na ang Diyos na "bumuhay na maguli kay Cristo . . . sa mga patay ay magbibigay buhay [rin] naman [Siya] sa [ating] mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu na tumitira sa [atin]."[1]

Ang ibig sabihin ng *magbibigay buhay* ay bubuhaying muli. Tulad ng pagbuhay ni Cristo sa ating katawan pagkatapos ng pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, tayo rin ay bibigyang-buhay, o bubuhayin Niya mula sa espirituwal na kamatayan.[2] Sa Aklat ni Moises, nababasa natin ang tungkol kay Adan na dumanas ng ganitong muling pagkabuhay: "[Si Adan] ay nabinyagan, at ang Espiritu ng Diyos ay napasakanya, at sa gayon siya isinilang sa Espiritu, at nabuhay ang panloob na pagkatao."[3]

Napakagandang kaloob ang ibinibigay sa mga sumasampalataya kay Jesucristo. Ang kaloob na iyan ay ang Banal na Espiritu na nagbibigay sa atin ng tinatawag sa Bagong Tipan na "buhay na kay Cristo."[4] Ngunit kung minsan ba ay binabalewala natin ang kaloob na ito?

Mga kapatid, isang pambihirang pribilehiyo na "[matanggap] ang Banal na Espiritu bilang [ating] patnubay,"[5] na ipinakikita sa susunod na kuwento.

Noong Korean War, si Ensign Frank Blair ay naglingkod sa isang barko na nagpapadala ng mga hukbo na nakabase sa Japan.[6] Hindi malaki ang barkong ito para magkaroon ng chaplain, kaya't hiniling ng kapitan kay Brother Blair na siya muna ang tumayong pansamantalang chaplain, dahil nakita niya na matibay ang pananampalataya at prinsipyo ng binatang ito, at respetado ng lahat ng tripulante.

Isinulat ni Ensign Blair: "Hinagupit ng malakas na unos ang aming barko.




Ang mga alon ay mga 45 talampakan [14 m] ang taas. Ako ang nagbabantay noon . . . nang tumigil sa pag-andar ang isa sa aming tatlong makina at nalaman namin na nagkaroon ng bitak sa gitna ng barko. Dalawang makina na lang ang natitira sa amin, at isa sa mga ito ay mahina na ang pag-andar. Nanganganib kami."

Tinapos ni Ensign Blair ang kanyang pagbabantay at matutulog na sana nang kumatok ang kapitan sa pintuan niya. Hiniling nito, "Maaari bang magdasal ka para sa barkong ito?" Mangyari pa, pumayag si Ensign Blair.

Sa pagkakataong iyon, maaaring ang idasal lang ni Ensign Blair ay, "Ama sa Langit, tulungan po Ninyo ang aming barko at iligtas po Ninyo kami," at pagkatapos ay matulog na. Sa halip, nagdasal siya na malaman kung may *magagawa siya* na makatutulong para matiyak na ligtas ang barko. Bilang tugon sa panalangin ni Brother Blair, hinikayat siya ng Espiritu Santo na pumunta kung saan naroon ang kapitan, kausapin ito, at mag-usisa. Nalaman niya na inaalam ng kapitan kung gaano kabilis ang itatakbo ng natitirang mga makina. Bumalik si Ensign Blair sa kanyang kabin upang muling manalangin.

Nagdasal siya, "*Ano po ang maaari kong gawin* para makatulong sa paglutas ng problema sa mga makina?"

Bilang tugon, ibinulong ng Espiritu Santo na kailangan niyang maglakad sa paligid ng barko at magmasid para may makuha pa siyang impormasyon. Muli siyang bumalik sa kapitan at humingi ng pahintulot na malibot ang buong kubyerta. Pagkatapos, nakatali ng lubid ang baywang, lumusong siya sa unos.

Tumayo siya sa pinakadulong bahagi ng barko, at tiningnan niya ang napakalaking mga elise [propeller] nang lumitaw ang mga ito sa tubig nang umabot ang barko sa tuktok ng malaking alon. Isa na lang ang maayos na umaandar, at napakabilis ng pag-ikot nito. Pagkatapos niyang tingnan ang mga ito, muling nagdasal si Ensign Blair. Ang malinaw na sagot na natanggap niya ay napupwersa na nang todo ang natitirang maayos na makina at kailangang pabagalin ang pag-andar nito. Kaya't bumalik siya sa kapitan at iyon ang iminungkahi. Nagulat ang kapitan, at sinabi sa kanya na kabaliktaran nito ang iminungkahi ng inhinyero ng barko—na pabilisin nila ang takbo ng maayos na makina para makalagpas sa unos. Gayon pa man, ipinasiya ng kapitan na sundin ang iminungkahi ni Ensign Blair at pinaandar nang mabagal ang makina. Sa pagbubukang-liwayway, ligtas nang naglalayag ang barko sa payapang karagatan.

Makalipas ang dalawang oras, ang maayos na makina ay hindi na umandar. Gamit ang mahinang enerhiya ng natitirang makina, mabagal na nakarating sa daungan ang barko.

Sinabi ng kapitan kay Ensign Blair, "Kung hindi natin pinabagal ang pagandar ng makina, baka tumigil na ito sa gitna ng unos."

Kung wala ang makinang iyon, walang paraan para mapaandar natin ito. Baka mapahalang ang barko sa mga alon, mapataob ito at lumubog. Nagpasalamat ang kapitan sa batang opisyal na LDS at sinabing naniniwala siya na ang pagsunod sa espirituwal na impresyon ni Ensign Blair ang nagligtas sa barko at sa buhay ng mga tripulante.

Ang kuwentong ito ay talagang kamangha-mangha. Bagama't maaaring hindi natin maranasan ang ganitong matinding pangyayari, ang kuwentong ito ay naglalaman ng mahahalagang alituntunin tungkol sa paraan kung paano natin *maaaring* matanggap nang mas madalas ang patnubay ng Espiritu.

Una, kapag tungkol sa paghahayag, dapat nating ayusin at itugma ang ating receiver sa frequency ng langit. Si Ensign Blair ay namumuhay nang malinis at tapat. Kung hindi siya naging masunurin, *hindi* siya magkakaroon ng espirituwal na kumpiyansa na kinakailangan para magdasal tulad ng ginawa niya para maligtas ang kanilang barko at tumanggap ng patnubay. Dapat pagsikapan ng bawat isa sa atin na iayon ang ating buhay sa mga kautusan ng Diyos upang mapatnubayan Niya tayo.

Kung minsan hindi natin marinig ang pahiwatig ng langit dahil hindi tayo karapat-dapat. Pagsisisi at pagsunod ang paraan para magkaroon tayo muli ng malinaw na komunikasyon sa langit. Ang salitang *magsisi* sa Lumang Tipan ay nangangahulugang "talikuran" o "talikdan."[7] Kapag nadama ninyo na malayo na kayo sa Diyos, ang kailangan lang ninyong ipasiya ay talikuran ang inyong kasalanan at humarap sa Panginoon, at makikita ninyo Siya na naghihintay sa inyo, na nakaunat ang mga bisig. Nais Niyang patnubayan

kayo, at kailangan lang ninyong magdasal para matanggap muli ang patnubay na iyon.[8]

Pangalawa, hindi lang basta hiniling ni Ensign Blair sa Panginoon na *lutasin* ang kanyang problema. Itinanong niya kung ano ang *maaari niyang gawin* para makatulong sa paglutas ng problema. Tulad nito, maaari rin nating itanong, Panginoon, ano po ang kailangan kong gawin para *makatulong sa paglutas ng problema*?" Sa halip na isa-isahin ang ating mga problema sa pagdarasal at paghiling sa Panginoon na lutasin ang mga ito, dapat tayong maghanap ng mas aktibong paraan para matanggap ang tulong ng Panginoon at mangakong kikilos ayon sa patnubay ng Espiritu.

May pangatlong mahalagang aral sa kuwento ni Ensign Blair. Makapagdarasal ba si Ensign Blair nang may gayong katiyakan kung hindi siya nakatanggap ng patnubay mula sa Espiritu sa mga nagdaang pangyayari sa kanyang buhay? Ang pagdating ng unos ay hindi oras para hingin ang kaloob na Espiritu Santo at isipin kung paano ito gagamitin. Malinaw na may sinusunod na huwaran ang binatang ito na maraming beses na niyang ginawa noon pa man, pati na sa kanyang paglilingkod bilang full-time missionary. Kailangang natin ang patnubay ng Banal na Espiritu sa panahong payapa ang karagatan upang malinaw nating marinig ang Kanyang tinig sa gitna ng nagngangalit na unos.

Inaakala ng ilan na hindi tayo dapat umasa na araw-araw tayong papatnubayan ng Espiritu dahil "hindi nararapat na [ang Diyos] ay mag-utos sa lahat ng bagay," at baka tayo maging mga tamad na tagapaglingkod.[9] Gayunman, ang banal na kasulatang ito ay ibinigay sa ilang unang missionary noon na humiling kay Joseph Smith na humingi ng paghahayag na maaari namang sila ang humingi mismo para sa kanilang sarili. Sa naunang talata, iniutos sa kanila ng Panginoon na pumunta sa kanilang misyon *"habang sila ay magsasanggunian sa kanilang sarili at sa akin,"* [10]

Nais ng mga missionary na ito ng isang partikular na paghahayag tungkol sa gagawin nilang paglalakbay. Hindi pa nila natututuhan na maaaring sila mismo ang magtanong tungkol sa mga personal na bagay. Tinawag ng Panginoon ang ugaling ito na: katamaran. Ang mga unang miyembro ng Simbahan noon ay marahil labis na nasasabik sa pagkakaroon ng totoong propeta kaya't muntik na nilang hindi matutuhan na tumanggap ng paghahayag para sa kanilang sarili. Ang pagiging self-reliant sa espirituwal na paraan ay pagkakaroon ng kakayahang marinig ang tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu para sa sariling buhay ng isang tao.

Pinayuhan ni Alma ang kanyang anak na "makipagsanggunian sa Panginoon *sa lahat ng iyong mga gawain*."[11] Ang mamuhay sa ganitong paraan—na madalas ay tinatawag nating "pamumuhay nang may Espiritu"—ay isang napakagandang pribilehiyo. Nagdudulot ito ng kapanatagan at katiyakan gayon din ng mga bunga ng Espiritu, tulad ng pag-ibig, kagalakan, at kapayapaan.[12]

Ang kakayahan ni Ensign Blair na makatanggap ng paghahayag ay nagligtas sa kanya at sa kanyang mga kasama mula sa nagngangalit na unos. Iba pang mga uri ng mga unos ang nagngangalit ngayon. Ang talinghaga sa Aklat ni Mormon tungkol sa puno ng buhay[13] ay nagbigay ng magandang paglalarawan kung paano espirituwal na maliligtas sa mundong ito na puno ng kasamaan. Ikinuwento sa panaginip na ito ang biglang paglitaw ng abu-abong kadiliman para magdala ng espirituwal na kapahamakan sa mga miyembro ng Simbahan na naglalakad pabalik sa Diyos.[14]

Habang pinagninilayan ko ang senaryong ito, nakinita ko sa aking isipan ang napakaraming tao na tumatahak sa landas na iyon, ang ilan ay mahigpit na nakahawak sa gabay na bakal, ngunit ang ilan ay sumusunod lamang sa yapak ng ibang nauuna sa kanila. Ang huling paraang ito ay hindi gaanong pinag-isipan o pinagsikapan. Ginagawa at iniisip lang ninyo ang ginagawa at iniisip ng iba. Maaari epektibo ito kapag maaliwalas ang panahon. Ngunit ang mga unos ng panlilinlang at ng abu-abo ng kasinungalingan ay dumarating nang walang babala. Sa ganitong mga sitwasyon, nakasalalay sa pagiging pamilyar sa tinig ng Espiritu Santo ang inyong espirituwal na buhay at kamatayan.

Ang napakagandang pangako ni Nephi ay "sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at . . . *mahigpit na kakapit dito,* kailanman . . . ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol."[15]

Ang pagsunod sa yapak ng mga tao sa unahan ninyo ay hindi sapat. Hindi maaaring gawin at isipin lang natin ang ginagawa at iniisip ng iba; dapat tayong mamuhay nang may patnubay. Kinakailangang nakakapit ang sarili nating kamay sa gabay na bakal. Pagkatapos ay makadudulog tayo sa Panginoon nang may kumpiyansa ngunit mapagkumbaba, nalalaman na "aakayin [Niya tayo] sa kamay, at bibigyan [tayo] ng kasagutan sa [ating] mga panalangin."[16] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga Taga Roma 8:11; tingnan din sa Juan 14:16.
2. Tingnan sa 2 Nephi 2:21; Alma 42:9.
3. Moises 6:65.
4. Mga Taga Roma 8:2; tingnan din sa 2 Nephi 25:25.
5. Doktrina at mga Tipan 45:57.
6. Ang kuwento ay ibinahagi nang may pahintulot ni Frank Blair. Si Brother Blair, na ngayon ay 89 na taong gulang, ay nasa Conference Center nang ibahagi ang mesaheng ito.
7. Ang salitang Hebreo na isinalin bilang "magsisi" sa, halimbawa, Ezekiel 14:6 ay *shoob* (transliterated). Ibig sabihin nito ay "bumalik." (Tingnan sa James Strong, *Strong's Exhaustive Concordance of the Bible* [1890], blg. 7725.)
8. Tingnan sa Jacob 6:5; Mosias 16:12; Alma 5:33; 19:36; 29:10; 3 Nephi 9:14.
9. Doktrina at mga Tipan 58:26.
10. Doktrina at mga Tipan 58:25; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Alma 37:37; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22.
13. Tingnan sa 1 Nephi 8; 12; 15.
14. Tingnan sa 1 Nephi 8:23–24; 12:17.
15. 1 Nephi 15:24; idinagdag ang pagbibigay-diin.
16. Doktrina at mga Tipan 112:10.



**Ni Reyna I. Aburto**
Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency

# Matibay na Nangagkakaisa

*Upang makamit ang ating maluwalhating tadhana, kailangan natin ang isa't isa, at kailangan nating magkaisa.*

Ang isa sa napakagandang nilikha sa mundo ay ang monarch butterfly. Sa pagpunta namin sa Mexico para ipagdiwang ang Pasko kasama ang pamilya ng aking asawa, pumunta kami sa isang butterfly sanctuary, kung saan milyun-milyong monarch butterfly ang naroon para magpalipas ng taglamig. Napakagandang pagmasdan ng mga ito at para sa amin na pag-isipan ang halimbawa ng pagkakaisa at pagsunod sa banal na mga batas na ipinapakita ng mga nilikha ng Diyos.[1]

Ang mga monarch butterfly ay mahuhusay na navigator. Ginagamit ng mga ito ang posisyon ng araw para mahanap ang direksyong kailangan nilang puntahan. Tuwing tagsibol, naglalakbay ang mga ito nang ilang libong milya mula sa Mexico patungo sa Canada, at tuwing taglagas, bumabalik ang mga ito sa sagradong kakahuyan ng mga punong fir sa Mexico.[2] Ginagawa nila ito taun-taon, magkakasamang naglalakbay. Sa kanilang paglalakbay, nagkukumpul-kumpol ang mga ito sa mga puno sa gabi upang protektahan ang kanilang sarili mula sa lamig at mga mandaragit.[3]



*Tulad ng mga monarch butterfly na bumabalik sa kanilang tahanan sa Mexico, tayo ay naglalakbay pabalik sa ating tahanan sa langit.*

Ang tawag sa grupo ng mga paruparo ay kaleidoscope.[4] Hindi ba't napakagandang paglalarawan ito? Bawat isang paruparo sa isang kaleidoscope ay pambihira at naiiba, at ang tila mahihinang nilikhang ito ay nilayon ng Tagapaglikha na magtaglay ng kakayahang mabuhay, maglakbay, magpakarami, at magparami ng buhay habang dumadapo sa mga bulaklak, at nagkakalat ng pollen. At bagama't magkakaiba ang bawat paruparo, nagtutulungan ang mga ito para gawing mas maganda at sagana ang mundo.

Tulad ng mga monarch butterfly, tayo ay naglalakbay pabalik sa ating tahanan sa langit kung saan muli nating makakapiling ang ating mga Magulang sa Langit.[5] Tulad ng mga paruparo, tayo ay binigyan ng mga banal na katangian na nagbibigay sa atin ng kakayahan na maglakbay sa buhay, upang "magampanan ang layunin ng [ating] paglikha."[6] Katulad ng mga paruparo, kung ang mga puso natin ay magkakasama sa pagkakaisa,[7] poprotektahan tayo ng Panginoon "tulad ng pagtitipon ng inahing manok sa kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak,"[8] at gagawin tayong isang magandang kaleidoscope.

Mga batang babae at lalaki, mga dalagita at binatilyo, mga kapatid, magkakasama tayo sa paglalakbay na ito. Upang makamit ang ating maluwalhating tadhana, kailangan natin ang isa't isa, at kailangan nating magkaisa. Iniutos ng Panginoon sa atin, "Maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin."[9]

Si Jesucristo ang tunay na halimbawa ng pakikiisa sa Kanyang Ama. Sila ay iisa sa layunin, sa pagmamahal, at sa

mga gawa, na "ang kalooban ng Anak ay [napa]sakop sa kalooban ng Ama."[10]

Paano natin matutularan ang perpektong halimbawa ng pakikiisa ng Panginoon sa Kanyang Ama at maging lubos na kaisa Sila at ang isa't isa?

Isang magandang huwaran ang matatagpuan sa Mga Gawa 1:14. Mababasa natin, "Ang [mga lalaki ay] nagsisipanatiling *matibay na nangagkakaisa* sa pananalangin na kasama ang mga babae."[11]

Sa palagay ko mahalaga na nakita ang pariralang "matibay na nangagkakaisa" nang ilang beses sa aklat ng Mga Gawa, kung saan mababasa natin ang tungkol sa ginawa agad ng mga tagasunod ni Jesucristo matapos Siyang umakyat sa langit bilang nilalang na nabuhay na mag-uli, at pati na rin ang mga pagpapalang natanggap nila dahil sa kanilang mga pagsisikap. Mahalaga rin na may nakita tayong kahalintulad na huwaran sa matatapat na nasa lupalop ng Amerika noong panahong dumalaw at magministeryo sa kanila ang Panginoon. Ang ibig sabihin ng "matibay na nangagkakaisa" ay nagkakasundo, nagkakaisa, at lahat ay magkakasama.

Ang ilan sa mga bagay na ginawa ng mga Banal nang may pagkakaisa sa dalawang lugar na ito ay sila ay nagpatotoo tungkol kay Jesucristo, nag-aral ng salita ng Diyos nang magkakasama, at naglingkod sa isa't isa nang may pagmamahal.[12]

Ang mga tagasunod ng Panginoon ay iisa sa layunin, sa pagmamahal, at sa mga gawa. Alam nila kung sino sila, alam nila kung ano ang gagawin nila, at ginawa nila ito nang may pagmamahal sa Diyos at sa isa't isa. Sila ay bahagi ng isang magandang kaleidoscope na kumikilos nang may matibay na pagkakaisa.

Ilan sa mga pagpapalang natanggap nila ay napuspos sila ng Espiritu Santo, nagkaroon ng mga himala sa kanila, lumago ang Simbahan, walang alitan ang mga tao, at pinagpala sila ng Panginoon sa lahat ng bagay.[13]

Maaari nating isipin na ang dahilan kung bakit sila lubos na nagkakaisa ay dahil personal nilang kilala ang Panginoon. Sila ay malapit sa Kanya, at sila ay mga saksi ng Kanyang banal na misyon, ng mga himala na ginawa Niya, at ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Nakita at nahipo nila ang mga marka sa Kanyang mga kamay at paa. Nakatitiyak sila na Siya ang ipinangakong Mesiyas, ang Manunubos ng sanlibutan. Alam nila na "Siya ang pinagmumulan ng lahat ng paggaling, kapayapaan, at walang-hanggang pag-unlad."[14]

Bagama't hindi natin nakikita ang Tagapagligtas, maaari nating malaman na Siya ay buhay. Kapag lumalapit tayo sa Kanya, kapag nagsisikap tayo na makatanggap ng personal na patotoo sa pamamagitan ng Espiritu Santo tungkol sa Kanyang banal na misyon, mas mauunawaan natin ang ating layunin; ang pag-ibig ng Diyos ay mananahan sa ating mga puso;[15] magkakaroon tayo ng determinasyon na makiisa sa mga kaleidoscope ng ating mga pamilya, ward, at komunidad; at paglilingkuran natin ang isa't isa "sa mas bago at mas mabuting paraan."[16]

Nangyayari ang mga himala kapag ang mga anak ng Diyos ay magkakasamang nagtutulungan na may patnubay ng Espiritu upang tulungan ang ibang nangangailangan.

Nakakarinig tayo ng maraming kuwento tungkol sa pagmamahal sa kapwa na nakikita sa mga tao sa oras ng kagipitan. Halimbawa, nang mapinsala ng matinding pagbaha ang lungsod ng Houston noong isang taon, hindi inalala ng mga tao ang sarili nilang pangangailangan at tumulong. Isang elders quorum president ang humingi ng tulong sa komunidad at, isang grupo na binubuo ng 77 bangka ang kaagad naorganisa. Lumibot ang mga sumaklolo sa mga apektadong lugar at inilipat ang mga pamilya sa isa nating meetinghouse, kung saan sila kumanlong at nabigyan ng kinakailangang tulong. Magkasamang nagtulungan ang mga miyembro at hindi miyembro na may iisang layunin.

Sa Santiago, Chile, hinangad ng isang Relief Society president na tulungan ang mga imigrante sa kanyang komunidad na nanggaling sa Haiti. Sa pakikipagsanggunian sa kanyang mga priesthood leader, naisip niya at ng iba pang mga lider na magturo ng Spanish sa mga imigranteng iyon, para mas makaangkop sila sa kanilang bagong komunidad. Tuwing Linggo ng umaga, magkakasamang nagtitipon ang mga missionary kasama ang masigasig nilang mga estudyante. Ang pagkakaisa na nadama sa gusaling iyon ay isang nakaaantig na halimbawa ng mga tao mula sa iba't ibang pinagmulan na naglilingkod nang may matibay na pagkakaisa.

Sa Mexico, daan-daang mga miyembro ang nagbiyahe nang ilang oras para tumulong sa mga biktima ng dalawang malalakas na paglindol. May dala-dala silang mga kagamitan, makinarya, at pagmamahal para sa kanilang kapwa. Nang magkakasamang magtipon ang mga boluntaryo sa isa sa ating mga meetinghouse para tumanggap ng mga instruksyon, napaiyak ang mayor ng lungsod ng Ixhuatán nang makita niya ang gayong pagpapahayag ng "dalisay na pag-ibig ni Cristo."[17]

Ang Panginoon ngayon ay binibigyan tayo ng pagkakataong magsanggunian nang magkakasama bawat buwan sa ating mga priesthood quorum at Relief Society, upang tayong lahat ay maging mas aktibo sa pakikibahagi sa kaleidoscope ng ating ward o branch—isang lugar kung saan lahat tayo ay kabilang at kailangan.

Bawat isa sa mga landas natin ay magkakaiba, subalit tinatahak natin ito nang magkakasama. Ang tinatahak natin ay hindi tungkol sa kung ano ang nagawa natin o kung nasaan na tayo; ito ay tungkol sa kung saan tayo pupunta at kung ano ang kahihinatnan natin, nang may pagkakaisa. Kapag nagsanggunian tayo sa patnubay ng Espiritu Santo, makikita natin kung nasaan tayo at kung saan tayo kinakailangan. Binibigyan tayo ng Espiritu Santo ng pangitain na hindi nakikita ng ating pisikal na mga mata, dahil "laganap sa atin ang paghahayag,"[18] at kapag pinagsama-sama natin ang paghahayag na iyan, mas makauunawa tayo.

Kapag nagtulungan tayo nang may pagkakaisa, ang layunin natin ay alamin at gawin ang kalooban ng Panginoon; ang motibasyon natin ay



ang pagmamahal na nadarama natin sa Diyos at sa ating kapwa;[19] at ang dapat na pinakahangarin natin ay "masigasig [na] makagawa,"[20] upang maihanda natin ang daan para sa maluwalhating pagbabalik ng ating Tagapagligtas. Ang tanging paraan para magawa natin ito ay "matibay na [mag]kaisa."

Tulad ng mga monarch butterfly, magpatuloy tayo sa paglalakbay nang magkakasama nang may pagkakaisa sa layunin, na taglay ng bawat isa ang sarili nating mga katangian at kontribusyon, at nagtutulungan upang maging mas maganda at sagana ang mundong ito—sa paunti-unting paghakbang at ayon sa mga kautusan ng Diyos.

Ipinangako sa atin ng Panginoong Jesucristo na kapag tayo ay nagkakatipon sa Kanyang pangalan, Siya ay naroroon sa gitna natin.[21] Pinatototohanan ko na Siya ay buhay at Siya ay nabuhay na mag-uli noong magandang umaga ng tagsibol tulad ngayon. Siya ang Monarko ng lahat ng monarko, ang "Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon."[22]

Nawa'y maging kaisa tayo ng Ama at ng Kanyang Bugtong na Anak, sa patnubay ng Espiritu Santo, ang aking mapagkumbabang dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Abraham 3:26; 4:7, 9–12, 15, 18, 21, 24–25.
2. Ang isang interesanteng katotohanan tungkol sa mga monarch butterfly ay aabot pa ng tatlong henerasyon para makapaglakbay pahilaga sa Canada. Gayunman, isang "napakahusay na henerasyon" ang nakapaglakbay patimog sa Mexico, pinalipas ang taglamig doon, at ginawa ang unang paglalakbay pabalik sa hilaga. (Tingnan sa "Flight of the Butterflies" [video, 2012]; "'Flight': A Few Million Little Creatures That Could," WBUR News, Set. 28, 2012, wbur.org.)
3. Tingnan sa "Why Do Monarchs Form Overnight Roosts during Fall Migration?" learner.org/jnorth/tm/monarch/sl/17/text.html.
4. Tingnan sa "What Is a Group of Butterflies Called?" amazingbutterflies.com/frequentlyaskedquestions.htm; tingnan din sa "kaleidoscope," merriam-webster.com. . Ang *Kaleidoscope* ay nagmula sa salitang Griyego na *kalos* ("maganda") at *eidos* ("anyo").
5. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Mayo 2017, 145.
6. Doktrina at mga Tipan 88:19; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:25.
7. Tingnan sa Mosias 18:21.
8. 3 Nephi 10:4.
9. Doktrina at mga Tipan 38:27.
10. Mosias 15:7.
11. Mga Gawa 1:14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. Ilan sa mga bagay na ginawa ng mga Banal sa Jerusalem: pumili ng isang bagong Apostol at pitong lalaking matwid, at sinang-ayunan sila (tingnan sa Mga Gawa 1:26; 6:3–5); magkakasamang nagtipon sa araw ng Pentecostes (tingnan sa Mga Gawa 2:1); nagpatotoo kay Jesucristo (tingnan sa Mga Gawa 2:22–36; 3:13–26; 4:10, 33; 5:42); hinikayat ang tao na magsisi at bininyagan sila (tingnan sa Mga Gawa 2:38–41); nagpatuloy sa pagsasama-sama, sa pagpuputol-putol ng tinapay, at sa panalangin (tingnan sa Mga Gawa 2:42); nangagkakatipon, at lahat nilang pag-aari ay sa kalahatan; (tingnan sa Mga Gawa 2:44–46; 4:34–35); dumalo sa templo (tingnan sa Mga Gawa 2:46); nagsikain ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan ng puso (Mga Gawa 2:46); nagpuri sa Diyos at nilingap ng buong bayan (tingnan sa Mga Gawa 2:47); nagsitalima sa pananampalataya (tingnan sa Mga Gawa 6:7); nagpatuloy sa pananalangin at sa ministeryo ng salita (Mga Gawa 6:4). Ilan sa mga bagay na ginawa ng mga Banal sa lupalop ng Amerika: nangaral ng ebanghelyo ni Cristo (tingnan sa 3 Nephi 28:23); nagtatag ng simbahan ni Cristo (tingnan sa 4 Nephi 1:1); nagbinyag ng mga tao (tingnan sa 4 Nephi 1:1); bawat tao ay makatarungan ang pakikitungo sa isa't isa (tingnan sa 4 Nephi 1:2); nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila (tingnan sa 4 Nephi 1:3); muling nagtayo ng mga lunsod (tingnan sa 4 Nephi 1:7–9); nag-asawa (tingnan sa 4 Nephi 1:11); lumakad alinsunod sa mga kautusang natanggap nila mula sa Panginoon (tingnan sa 4 Nephi 1:12); nagpatuloy sa pag-aayuno at panalangin (tingnan sa 4 Nephi 1:12); madalas na nagtitipong magkakasama upang manalangin at makinig sa salita ng Panginoon (tingnan sa 4 Nephi 1:12).
13. Ilan sa mga pagpapalang natanggap ng mga Banal sa Jerusalem: sila ay napuspos ng Espiritu Santo (tingnan sa Mga Gawa 2:4; 4:31); natanggap nila ang kaloob na makapagsalita ng mga wika at nagpropesiya at nagsalita ng mga makapangyarihang gawa ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 2:4–18); maraming kababalaghan at mga tanda ang ginawa ng mga Apostol (tingnan sa Mga Gawa 2:43); nagkaroon ng mga himala (tingnan sa Mga Gawa 3:1–10; 5:18–19; 6:8, 15); mas maraming tao ang sumapi sa Simbahan (tingnan sa Mga Gawa 2:47; 5:14). Ilan sa mga pagpapalang natanggap ng mga Banal sa lupain ng Amerika: ang mga tao ay nagbalik-loob sa Panginoon (tingnan sa 3 Nephi 28:23; 4 Nephi 1:2); napagpala ang isang henerasyon (tingnan sa 3 Nephi 28:23); walang alitan at pagtatalu-talo sa kanila (tingnan sa 4 Nephi 1:2, 13, 15, 18); walang mayaman at mahirap (tingnan sa 4 Nephi 1:3); lahat sila ay ginawang malaya, at magkasalo sa makalangit na handog (4 Nephi 1:3); nagkaroon ng kapayapaan sa lupain (tingnan sa 4 Nephi 1:4); may mga makapangyarihang himalang ginawa (tingnan sa 4 Nephi 1:5, 13); lubos silang pinaunlad ng Panginoon (tingnan sa 4 Nephi 1:7, 18); sila ay naging makapangyarihan, napakabilis na dumami, at naging labis na kaakit-akit at kaaya-aya (tingnan sa 4 Nephi 1:10); sila ay pinagpala alinsunod sa maraming pangakong ginawa sa kanila ng Panginoon (tingnan sa 4 Nephi 1:11); "hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao" (4 Nephi 1:15); "walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan, ni pagpapatutot, ni pagsisinungaling, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kahalayan; at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos" (4 Nephi 1:16); "walang mga tulisan, ni mamamatay-tao, ni nagkaroon ng mga Lamanita, ni anumang uri ng mga "ita"; kundi sila ay iisa, ang mga anak ni Cristo, at mga tagapagmana ng kaharian ng Diyos" (4 Nephi 1:17); pinagpala sila ng Panginoon sa lahat ng kanilang mga gawain (tingnan sa 4 Nephi 1:18).
14. Jean B. Bingham, "Upang ang Inyong Kagalakan ay Malubos," *Liahona*, Nob. 2017, 85.
15. Tingnan sa 4 Nephi 1:15.
16. Jeffrey R. Holland, "Mga Sugo ng Simbahan," *Liahona*, Nob. 2016, 62.
17. Moroni 7:47.
18. Neil L. Andersen, sa "Ginamit ng mga Auxiliary Panel ang Bagong Training Library," *Liahona*, Abr. 2011, 76.
19. Tingnan sa Mateo 22:37–40.
20. Jacob 5:61.
21. Tingnan sa Mateo 18:20.
22. I Kay Timoteo 6:15.



**Ni Elder Massimo De Feo**
Ng Pitumpu

# Dalisay na Pag-ibig: Ang Tunay na Tanda ng Lahat ng Tunay na Disipulo ni Jesucristo

*Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nakasentro sa pagmamahal ng Ama at ng Tagapagligtas para sa atin at sa ating pagmamahal para sa Kanila at para sa isa't isa.*

Mahal natin at naaalala si Pangulong Thomas S. Monson, at mahal natin at sinasang-ayunan si Pangulong Nelson. Napakaespesyal sa puso ko si Pangulong Nelson.

Noong ako ay bata pang ama, ang aming maliit na anak na lalaki, ay umuwi isang araw mula sa paaralan at itinanong sa kanyang ina, "Ano po ba ang trabaho ni Itay?" Pagkatapos ay ipinaliwanag nito na ang kanyang mga bagong kaklase ay nagsimulang ipagmalaki ang tungkol sa mga trabaho ng kanilang mga ama. Sinabi ng isa na ang kanyang ama ay hepe ng pulisya ng lungsod, samantalang ang isa pa ay nagmamalaking sinabi na boss ang tatay niya sa isang malaking kompanya.

Kaya nang tanungin siya tungkol sa kanyang ama, sinabi lang ng anak ko, "Nagtatrabaho ang tatay ko sa isang opisina sa computer." Pagkatapos, nang mapansin nito na hindi napabilib ang kanyang mga bagong kaibigan, idinagdag nito, "At saka, ang tatay ko ay boss ng sansinukob."

Sa palagay ko ay doon natapos ang pag-uusap nila.

Sinabi ko sa asawa ko, "Panahon na para ituro sa kanya ang iba pang mga detalye tungkol sa plano ng kaligtasan at kung sino talaga ang namumuno."

Kaya't habang itinuro namin sa aming mga anak ang plano ng kaligtasan, ang pagmamahal nila sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas ay naragdagan habang natutuhan nila na ito ay plano ng pagmamahal. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nakasentro sa pagmamahal ng Ama at ng Tagapagligtas para sa atin at sa ating pagmamahal para sa Kanila at para sa isa't isa.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland: "Ang una at dakilang *utos* sa kawalang-hanggan ay ang mahalin ang Diyos nang buo *nating* puso, kakayahan, pag-iisip at lakas—iyan ang una at dakilang utos. Subalit ang una at dakilang *katotohanan* sa kawalang-hanggan ay mahal *tayo* ng Diyos nang Kanyang buo puso, kakayahan, pag-iisip at lakas. Ang pagmamahal na iyon ay saligang bato ng kawalang-hanggan, at ito ay dapat na maging saligang bato ng ating buhay araw-araw."[1]

Sa pagiging saligang bato ng ating buhay araw-araw, ang dalisay na pag-ibig ay kinakailangan sa lahat ng tunay na disipulo ni Jesucristo.

Itinuro ng propetang si Mormon, "Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo."[2]

Ang pag-ibig o pagmamahal ay tunay na tanda ng lahat ng tunay na disipulo ni Jesucristo.





Ang mga tunay na disipulo ay gustong maglingkod. Alam nila na ang paglilingkod ay nagpapakita ng tunay na pagmamahal at ng tipan na ginawa nila sa binyag.[3] Anuman ang kanilang mga tungkulin sa Simbahan o responsibilidad sa komunidad, nadarama nila ang nag-iibayong hangaring mahalin at paglingkuran ang Panginoon at ang bawat isa.

Ang mga tunay na disipulo ay gustong magpatawad. Alam nila na binayaran ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang lahat ng kasalanan at pagkakamali ng bawat isa sa atin. Alam nila na ang ibinigay Niyang kabayaran ay "kabayarang para sa lahat." Kasamang binayaran ang lahat ng mga espirituwal na buwis, bayad, komisyon, at singil na kaugnay ng mga kasalanan, o pagkakamali. Ang mga tunay na disipulo ay madaling magpatawad at madaling humingi ng kapatawaran.

Mahal kong mga kapatid, kung nahihirapan kayong magpatawad, huwag isipin ang ginawa ng iba sa inyo, kundi isipin ang ginawa para sa inyo ng Tagapagligtas, at makadarama kayo ng kapayapaan sa nakatutubos na mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Ang mga tunay na disipulo ay handang magpasakop ng kanilang sarili sa Panginoon nang may kapayapaan sa kanilang puso. Sila ay mapagpakumbaba at masunurin dahil mahal nila Siya. May pananampalataya sila na lubos na tanggapin ang Kanyang kalooban, hindi lamang sa kung ano ang ginagawa Niya kundi kung paano at kailan Niya rin ginagawa ito. Alam ng mga tunay na disipulo na ang mga tunay na pagpapala ay hindi palagi ang gusto nila kundi ang nais ng Panginoon para sa kanila.

Higit na minamahal ng mga tunay na disipulo ang Panginoon kaysa sa mundo at matatag at hindi natitinag sa kanilang pananampalataya. Nananatili silang malakas at matatag sa pabagu-bago at magulong mundong ito. Gustong pakinggan ng mga tunay na disipulo ang tinig ng Espiritu at ng mga propeta at hindi nalilito ng maraming tinig ng mundo. Gusto ng mga tunay na disipulo na "[tumayo] sa mga banal na lugar"[4] at ninanais na gawing banal ang mga lugar kung saan sila nakatayo. Saanman sila magpunta, dinadala nila ang pagmamahal ng Panginoon at ang kapayapaan sa mga puso ng ibang tao. Gusto ng mga tunay na disipulo na sundin ang mga kautusan ng Panginoon, at sumusunod sila dahil mahal nila ang Panginoon. Kapag minamahal at tinutupad nila ang kanilang mga tipan, napapanibago ang kanilang mga puso at nagbabago ang likas nilang pagkatao.

Ang dalisay na pag-ibig ay tunay na tanda ng lahat ng tunay na disipulo ni Jesucristo.

Natutuhan ko ang dalisay na pag-ibig mula sa aking ina. Hindi siya miyembro ng Simbahan.

Isang araw maraming taon na ang nakararaan, dinalaw ko ang aking ina, na may sakit na kanser. Alam ko na malapit na siyang pumanaw, pero nag-aalala pa rin ako dahil nahihirapan siya. Hindi ako umiimik, pero dahil kilalang-kilala niya ako, sinabi niya, "Alam kong nag-aalala ka."

Pagkatapos ay nagulat ako nang hilingin niya sa mahinang tinig, "Maaari mo ba akong turuang magdasal? Gusto kong magdasal kasama ka. Alam kong nagsisimula ka sa pagsasabi ng 'Mahal kong Ama sa Langit,' pero ano ang sasabihin ko pagkatapos?"

Nang lumuhod ako sa tabi ng kanyang kama at nanalangin siya para sa akin, nakadama ako ng pagmamahal na hindi ko pa kailanman nadama noon. Ito ay simple, tunay, dalisay na pag-ibig. Kahit hindi niya alam ang tungkol sa plano ng kaligtasan, nasa kanyang puso ang plano ng pagmamahal, ang plano ng pagmamahal ng isang ina para sa kanyang anak. Ramdam niya ang sakit, at nahirapan siyang magdasal. Halos hindi ko marinig ang kanyang tinig, pero nakatitiyak ako na naramdaman ko ang kanyang pagmamahal.

Naalala ko na naisip ko, "Paanong nakakaya pa ng isang tao na nakadarama ng sobrang sakit ang magdasal para sa isang tao? Mas kailangan niya ito."

Pagkatapos ay malinaw na dumating ang sagot sa aking isipan: dalisay na pag-ibig. Mahal na mahal niya ako kaya't hindi niya inalala ang kanyang sarili. Sa kanyang pinakamatinding paghihirap, minahal niya ako nang higit sa kanyang sarili.

Ngayon, mahal kong mga kapatid, hindi ba't ito ang ginawa ng Panginoon? Mangyari pa, sa isang walang hanggan at mas malawak na pananaw. At sa gitna ng kanyang pinakamatinding paghihirap, sa halamanan nang gabing iyon, Siya ang nangangailangan ng tulong, na nagdusa sa paraang hindi natin kayang isipin o unawain. Ngunit sa huli, hindi Niya inalala ang Kanyang sarili at nanalangin para sa atin hanggang sa maibigay Niya ang buong kabayaran. Paano Niya nagawa ito? Dahil sa Kanyang dalisay na pag-ibig para sa Ama, na nagsugo sa Kanya, at para sa atin. Mahal Niya ang Ama at tayo nang higit kaysa sa Kanyang sarili.

Nagbayad Siya para sa isang bagay na hindi Niya ginawa. Nagbayad Siya para sa mga kasalanan na hindi Niya ginawa. Bakit? Dalisay na pag-ibig. Dahil Siya ang nagbayad ng kabuuan, Siya ang magkakaloob sa atin ng mga pagpapala na bunga ng pagbabayad Niya kung tayo ay magsisisi. Bakit Niya ipagkakaloob ito? Muli, at magpakailanman, dalisay na pag-ibig.

Ang dalisay na pag-ibig ay tunay na tanda ng lahat ng tunay na disipulo ni Jesucristo.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Nawa'y simulan natin ngayon, sa araw na ito mismo, na magpakita ng pagmamahal sa lahat ng

anak ng Diyos, sila man ay ating mga kapamilya, kaibigan, kakilala lamang, o hindi natin kilala. Paggising natin tuwing umaga, magpasiya tayong tumugon nang may pagmamahal at kabaitan anuman ang mangyari."[5]

Mga kapatid, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay ebanghelyo ng pagmamahal. Ang pinakadakilang utos ay tungkol sa pagmamahal. Para sa akin, lahat ng ito ay tungkol sa pagmamahal. Ang pagmamahal ng Ama, na nagsakripisyo ng Kanyang Anak para sa atin. Ang pagmamahal ng Anak, na nagsakripisyo ng lahat para sa atin. Ang pagmamahal ng isang ina o ng isang ama na ibibigay ang lahat para sa kanyang mga anak. Ang pagmamahal ng mga taong naglilingkod nang tahimik at hindi alam ng marami sa atin ngunit alam na alam ng Panginoon. Ang pagmamahal ng mga taong nagpapatawad sa lahat at sa tuwina. Ang pagmamahal ng mga taong nagbibigay nang higit pa kaysa sa natatanggap nila.

Mahal ko ang aking Ama sa Langit. Mahal ko ang Tagapagligtas. Mahal ko ang ebanghelyo. Mahal ko ang Simbahang ito. Mahal ko ang aking pamilya. Mahal ko ang magandang buhay na ito. Para sa akin, lahat ng ito ay tungkol sa pagmamahal.

Nawa'y ang araw na ito ng pagalaala sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas ay maging araw ng espirituwal na pagpapanibago para sa bawat isa sa atin. Nawa'y ang araw na ito ay simula ng buhay na puno ng pagmamahal, ang "saligang bato ng ating buhay araw-araw."

Nawa'y mapuspos ang ating mga puso ng dalisay na pag-ibig ni Cristo, ang tunay na tanda ng lahat ng tunay na disipulo ni Jesucristo. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Jeffrey R. Holland, "Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Panginoon sa Inyo," *Liahona,* Mayo 2016, 127.
2. Moroni 7:48.
3. Tingnan sa Mosias 18:10.
4. Doktrina at mga Tipan 45:32.
5. Thomas S. Monson, "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 94.



**Ni Elder Claudio D. Zivic**
Ng Pitumpu

# Ang Magtitiis Hanggang sa Wakas ay Siyang Maliligtas

*Maging matapat tayo sa ating pinaniniwalaan at nalalaman.*

Mahal kong mga kapatid, lubos kong pinasasalamatan ang pagkakataong maihayag sa inyo ang ilan sa aking nadarama.

Ilang taon na ang nakalilipas, kaming mag-asawa ay naroon sa inaugural ceremony ng eksibit ng mga bata sa Church History Museum sa Salt Lake City. Sa pagtatapos ng seremonya, nilapitan kami ni Pangulong Thomas S. Monson, at nang kamayan niya kami, sinabi niya, "Magtiis, at kayo ay magtatagumpay"—isang napakagandang payo at isang katotohanan na, siyempre, ay mapagtitibay nating lahat.

Tiniyak sa atin ni Jesucristo na "ang magtitiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas."[1]

Ang ibig sabihin ng magtiis ay "manatiling matatag sa pangakong magiging tapat sa mga kautusan ng Diyos sa kabila ng panunukso, labanan at pagdurusa."[2]

Maging ang mga taong nagkaroon ng matitinding espirituwal na



karanasan at naglingkod nang tapat ay maaaring malihis o hindi maging aktibo kung hindi sila magtitiis hanggang sa wakas. Nawa'y isaisip at isapuso natin palagi at nang buong lakas ang pariralang "Hindi ito mangyayari sa akin."

Nang magturo si Jesucristo sa Capernaum, "marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.

"Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman?"[3]

Naniniwala ako na ngayon, itinatanong ni Jesucristo sa ating lahat na gumawa ng mga sagradong tipan sa Kanya, "Ibig baga ninyong magsialis din naman?"

Dalangin ko na lahat tayo, na pinagninilayan ang naghihintay sa atin sa mga kawalang-hanggan, ay maitugon ang isinagot ni Simon Pedro: "Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan."[4]

Maging matapat tayo sa ating pinaniniwalaan at nalalaman. Kung hindi tayo namumuhay nang ayon sa ating nalalaman, magbago tayo. Ang mga makasalanan na patuloy pa rin sa kanilang mga kasalanan, ay lalo pang nalulubog sa kasamaan, hanggang sa angkinin sila ni Satanas para sa kanyang sarili, isinasapanganib ang pagkakataong magsisi, mapatawad, at mapagkalooban ng lahat ng mga pagpapala ng kawalang-hanggan.

Marami na akong narinig na pangangatwiran mula sa mga taong hindi na aktibo sa Simbahan at nawalan ng tamang pagkaunawa sa layunin ng ating paglalakbay sa mundong ito. Hinihikayat ko sila na mag-isip mabuti at bumalik, dahil naniniwala ako na walang sinuman ang makakapangatwiran sa harapan ng ating Panginoong Jesucristo.

Nang mabinyagan tayo, gumawa tayo ng mga tipan—hindi sa sinumang tao kundi sa Tagapagligtas, pumapayag na "taglayin sa [ating] sarili ang pangalan ni Jesucristo, na may matibay na hangaring paglingkuran siya hanggang wakas,"[5]

Ang pagdalo sa mga sacrament meeting ay isa sa pinakamahalagang paraan na masusuri natin ang ating determinasyon na maglingkod sa Kanya, ang ating espirituwal na lakas, at ang paglago ng ating pananampalataya kay Jesucristo.

Ang pagtanggap ng sakramento ang pinakamahalagang bagay na ginagawa natin sa araw ng Sabbath. Ipinaliwanag ng Panginoon ang ordenansang ito sa Kanyang mga Apostol bago Siya namatay. Ganito rin ang ginawa Niya sa lupalop ng Amerika. Sinabi Niya sa atin na kung makikibahagi tayo sa ordenansang ito, magiging patotoo ito sa Ama na lagi natin Siyang naaalaala, at ipinapangako Niya na mapapasaatin ang Kanyang Espiritu.[6]

Sa pagtuturo ni Nakababatang Alma sa kanyang anak na si Siblon, makakakita tayo ng mabubuting payo at babala na tutulong sa atin na manatiling tapat sa ating mga tipan:

"Tiyaking hindi ka inaangat sa kapalaluan; oo, tiyaking hindi ka nagmamalaki sa iyong sariling karunungan, ni sa iyong labis na lakas.

"Gumamit ng katapangan, subalit hindi mapanupil; at tiyakin ding pigilin ang lahat ng iyong silakbo ng damdamin; upang mapuspos ka ng pagmamahal; tiyaking nagpipigil ka mula sa katamaran."[7]

Ilang taon na ang nakalipas, habang nasa bakasyon, gusto kong sumakay sa kayak sa unang pagkakataon. Umupa ako ng kayak, at puno ng sigla, naglayag ako sa dagat.

Pagkatapos ng ilang minuto, napataob ng isang malaking alon ang kayak. Nang may matinding pagsisikap, hawak ang sagwan sa isang kamay at ang kayak sa isa pang kamay, nasakyan kong muli ang kayak.

Sinubukan kong isagwan ang aking kayak, pero ilang minuto pa, tumaob muli ang kayak. Sinubukan ko pa, pero wala ring nangyari, hanggang sa mayroong taong nagsabi sa akin na nakakaalam sa paggamit ng kayak na malamang ay may bitak sa shell at pinasukan na ito ng tubig, kaya pagiwang-giwang ito at hindi makontrol. Hinila ko ang kayak sa pampang at inalis ang plug, at totoo nga, maraming tubig ang nakapasok doon.

Iniisip ko kung minsan na naglalakbay tayo sa buhay nang may mga kasalanan, tulad ng bitak sa aking kayak, na humahadlang sa ating espirituwal na pag-unlad.

Kung magpapatuloy tayo sa ating mga kasalanan, nalilimutan natin ang mga tipang ginawa natin sa Panginoon, kahit na patuloy tayong tumataob dahil sa kawalan ng balanse na likha ng mga kasalanang iyon sa ating buhay.

Tulad ng mga bitak sa aking kayak, ang mga bitak sa ating buhay ay dapat ayusin. Ang ilang kasalanan ay nangangailangan ng higit pang pagsisisi kaysa sa iba.

Kung gayon, dapat nating itanong sa ating sarili: Nasaan na tayo kung isasaalang-alang natin ang ating pag-uugali





at asal sa Tagapagligtas at sa Kanyang gawain? Nasa sitwasyon ba tayo ni Pedro nang ipagkaila niya si Jesucristo? O naroon na tayo sa puntong taglay na natin ang pag-uugali at determinasyong taglay ni Pedro matapos niyang matanggap ang "dakilang utos" mula sa Tagapagligtas?[8]

Dapat nating pagsikapang sundin ang mga kautusan at pagtuunang mabuti ang mga kautusang pinakamahirap nating masunod. Ang Panginoon ay lalagi sa ating tabi, tutulong sa atin sa oras ng pangangailangan at kahinaan, at kung magpapakita tayo ng tapat na hangarin at kikilos nang naaayon, gagawin Niya ang "mahihinang bagay na maging malalakas."[9]

Ang pagsunod ay nagbibigay sa atin ng lakas na madaig ang kasalanan. Dapat din nating maunawaan na ang pagsubok sa ating pananampalataya ay nangangailangan ng pagsunod natin, madalas nang hindi nalalaman ang resulta nito.

Magmumungkahi ako ng pormula na tutulong sa atin na makapagtiis hanggang wakas:

1. Araw-araw magdasal at magbasa ng mga banal na kasulatan.
2. Tuwing Linggo, tumanggap ng sakramento nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu.
3. Magbayad ng ating ikapu at buwanang handog-ayuno.
4. Tuwing ikalawang taon—taun-taon para sa mga kabataan—i-renew ang ating temple recommend.
5. Sa buong buhay natin, maglingkod sa gawain ng Panginoon.

Nawa'y mapatatag ang ating isipan ng mga dakilang katotohanan ng ebanghelyo, at nawa'y mapanatili nating walang bitak ang ating buhay na nakahahadlang sa ating ligtas na paglalakbay sa dagat ng buhay na ito.

Ang pagtatagumpay sa paraan ng Panginoon ay may kabayaran, at ang tanging paraan upang makamit ito ay pagsikapang ibigay ang hinihingi nitong kabayaran.

Lubos akong nagpapasalamat na ang ating Tagapagligtas ay nagtiis hanggang wakas, at isinagawa ang Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo.

Siya ay nagdusa para sa ating mga kasalanan, sakit, depresyon, dalamhati, mga kahinaan, at pangamba, at alam Niya kung paano tayo tutulungan, kung paano tayo pasisiglahin, aaliwin, at palalakasin upang makapagtiis tayo at matamo ang putong na nakalaan para sa mga hindi nadaig.

Magkakaiba ang buhay ng bawat isa sa atin. Lahat tayo ay may mga panahon ng pagsubok, panahon ng kaligayahan, panahon ng pagpapasiya, panahon ng pagdaig sa mga balakid at panahon na sinasamantala natin ang mga pagkakataon.

Anuman ang ating kalagayan, pinatototohanan ko na palaging sinasabi ng ating Ama sa Langit na "Mahal kita. Tutulungan kita. Kasama mo Ako. Huwag sumuko. Magsisi at magtiis sa landas na ipinakita ko sa iyo. At tinitiyak ko sa iyo na magkikita tayong muli sa ating selestiyal na tahanan." Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Mateo 24:13.
2. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Makapagtiis," scriptures.lds.org.
3. Juan 6:66–67.
4. Juan 6:68.
5. Doktrina at mga Tipan 20:37.
6. Tingnan sa 3 Nephi 18:7.
7. Alma 38:11–12.
8. Tingnan sa Marcos 16:15.
9. Eter 12:27.



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Mapasainyo ang Kanyang Espiritu

*Dalangin ko nang buong puso na maririnig ninyo ang tinig ng Espiritu, na saganang ipinadala sa inyo.*

Mga kapatid, nagpapasalamat ako sa pagkakataon na magsalita sa inyo ngayon sa Sabbath ng Panginoon, sa pangkalahatang kumperensya ng Kanyang Simbahan, sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay. Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit para sa kaloob ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, na boluntaryong pumarito sa mundo upang maging Manunubos natin.



Nagpapasalamat ako na nalaman ko na nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan at bumangon sa Pagkabuhay na Mag-uli. Araw-araw ay napagpapala ako na nalaman ko na, dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, mabubuhay akong muli balang-araw upang mabuhay magpakailanman kasama ang isang mapagmahal na pamilya.

Nalalaman ko ang mga bagay na iyon sa pamamagitan ng *tanging paraan* para malaman ng sinuman sa atin ang mga iyon. Ang Espiritu Santo ay nangusap sa aking isipan at puso na ang mga ito ay totoo—hindi lamang nang minsan kundi nang madalas. Kinailangan ko ang patuloy na kapanatagang iyan. Lahat tayo ay dumaranas ng trahedya kung saan kailangan natin ang pagtiyak ng Espiritu. Nadama ko iyan noong naroon akong nakatayo sa tabi ng aking ama sa ospirtal. Minasdan namin ang aking ina na sandaling naghingalo—at pagkatapos ay wala na. Nang masdan namin ang kanyang mukha, nakangiti siya nang maglaho ang sakit. Pagkaraan ng ilang tahimik na sandali, unang nagsalita si Itay. Sinabi niya, "Nakauwi na ang batang musmos."

Mahina niyang sinabi iyon. Tila panatag siya. Sinabi niya ang isang bagay na alam niyang totoo. Tahimik niyang inayos ang mga personal na gamit ni Inay. Lumabas siya papunta sa pasilyo ng ospital upang pasalamatan ang bawat isa sa mga nars at mga doktor na nag-asikaso kay Inay nang maraming araw.

Nasa aking ama ang patnubay ng Espiritu Santo nang sandaling iyon para madama, malaman, at magawa ang ginawa niya ng araw na iyon. Natanggap niya ang pangako tulad ng iba: "Nang mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila" (D at T 20:79).

Umaasa ako ngayon na madagdagan ang inyong hangarin at inyong kakayahan na matanggap ang Espiritu Santo. Tandaan, Siya ang pangatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Ang Ama at ang Anak ay mga nilalang na nabuhay na mag-uli. Ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu. (Tingnan sa D at T 130:22.) Kayo ang magpapasiya kung malugod ninyo Siyang tatanggapin sa inyong puso at isipan.

Ang mga kundisyon para matanggap ang pagpapalang iyan ng mula sa langit ay nilinaw sa mga salita na binabanggit tuwing Linggo ngunit marahil ay hindi palaging tumitimo sa ating puso't isipan. Upang mapasaatin ang Espiritu dapat nating "laging alalahanin" ang Tagapagligtas at "sundin ang kanyang mga kautusan" (D at T 20:77).

Ang panahong ito ng taon ay tumutulong sa atin na maalaala ang sakripisyo ng Tagapagligtas at ang Kanyang pagbangon mula sa libingan bilang nilalang na nabuhay na mag-uli. Marami sa atin ang nailalarawan ang mga senaryong iyon sa ating isipan. Minsan ay naroon akong nakatayo kasama ang aking asawa sa labas ng libingan sa Jerusalem. Maraming naniniwala na iyon ang libingan kung saan lumabas ang ipinakong Tagapagligtas bilang nabuhay na muli at buhay na Diyos.

Sumenyas ang magalang na tour guide at sinabi sa amin, "Halikayo, tingnan ninyo ang libingang walang laman."

Yumukod kami para makapasok. Nakakita kami ng isang batong upuan sa may dingding. At sa aking isipan ay nakita ko ang isang pang senaryo, na totoong-totoo tulad ng nakita namin ng araw na iyon. Iyon ay tungkol kay Maria, na iniwan ng mga Apostol sa libingan. Iyan ang ipinakita sa akin ng Espiritu at narinig sa aking isipan, na napakalinaw na parang naroon ako:

"Ngunit si Maria ay nakatayo sa labas ng libingan na umiiyak: sa gayon, samantalang siya'y umiiyak, siya'y yumuko at tumingin sa loob ng libingan,

"At nakita niya ang dalawang anghel na nararamtan na nangakaupo, ang isa'y sa ulunan, at ang isa'y sa paanan, ng kinalalagyan ng bangkay ni Jesus.

"At sinabi nila sa kaniya, Babae, bakit ka umiiyak? Sinabi niya sa kanila, Sapagka't kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay siya.

"Pagkasabi niya ng gayon, siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Jesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Jesus.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao'y maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria. Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang Hebreo, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios" (Juan 20:11–17).

Nanalangin ako na tulutan akong madama kahit bahagya ang nadama ni Maria sa libingan at ang nadama ng dalawang disipulo sa daan patungong Emaus habang naglalakad sila na kasama ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, inaakalang Siya ay bumibisita lamang sa Jerusalem:



"At siya'y kanilang pinigil, na sinasabi, tumuloy ka sa amin, sapagka't gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.

"At nangyari, nang siya'y nakaupo na kasalo nila sa dulang ng pagkain, ay kaniyang dinampot ang tinapay, at binasbasan; at ito'y pinagputolputol, at ibinigay sa kanila.

"At nangabuksan ang kanilang mga mata, at siya'y nakilala nila; at siya'y nawala sa kanilang mga paningin.

"At sila-sila'y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?" (Lucas 24:29–32).

Ilan sa mga salitang iyon ay binanggit sa sacrament meeting na dinaluhan ko mahigit 70 taon na ang nakararaan. Noong mga panahong iyon ang mga sacrament meeting ay ginaganap sa gabi. Madilim na sa labas. Inawit ng kongragasyon ang pamilyar na mga salitang ito. Narinig ko na ang mga ito nang maraming beses. Ngunit ang hindi ko malilimutan ay ang nadama ko sa isang partikular na gabi na iyon noon. Mas napalapit ako sa Tagapagligtas dahil dito. Marahil kung babanggitin ko ang mga salita ay muli nating magugunita ang mga ito:

*Manatili sa 'king tabi*
*'Pagkat gumagabi:*
*Anino ng takipsilim*
*Ang s'yang nalalabi.*
*Sa puso ko at tahanan,*
*Maging panauhin.*

*Manatili sa 'king tabi*
*Aking Panginoon;*
*Paglalakbay sa piling N'yo*
*Sa puso ko'y tugon.*
*Ligaya ng aking buhay*
*Ang wika N'yo't tinig.*

*Panginoon, gumagabi:*
*Nawa'y manatili;*
*Panginoon, manatili:*
*Masdan, gumagabi.*[1]

Ang higit na mahalaga kaysa sa alaala ng mga pangyayari ay ang alaala ng Espiritu Santo na umaantig sa ating mga puso at ang Kanyang patuloy na pagpapatibay sa katotohanan. Ang higit na mahalaga kaysa makita ng ating mga mata, o maalaala ang mga salitang sinabi o nabasa, ay ang paggunita sa damdaming kalakip ng banayad na tinig ng Espiritu. Bibihira kong madama ang eksaktong nadama ng mga naglakbay sa daan patungo sa Emaus—na banayad na pag-aalab sa puso. Kadalasan, ito ay damdaming banayad at tahimik na katiyakan.

Nasa atin ang walang katumbas na pangako ng Espiritu Santo na Siya ay mapapasaatin at binigyan din tayo ng tamang paraan para makamtan ang kaloob na iyan. Ang mga salitang ito ay sinabi ng awtorisadong tagapaglingkod ng Panginoon habang nakapatong sa ating ulunan ang kanyang mga kamay: "Tumanggap ng Espiritu Santo." Sa sandaling iyon, makatitiyak tayo na Siya ay isusugo. Ngunit ang obligasyon natin ay piliing buksan ang ating mga puso para matanggap ang tulong ng Espiritu, habambuhay.

Ang mga karanasan ni Propetang Joseph Smith ay makatutulong sa atin.

Sinimulan at ipinagpatuloy niya ang kanyang paglilingkod na isinasaisip na ang kanyang sariling karunungan ay hindi sapat upang malaman kung anong landas ang tatahakin niya. Pinili niyang magpakumbaba sa harapan ng Diyos.

Pagkatapos, nagpasiya si Joseph na magtanong sa Diyos. Nanalangin siya nang may pananampalataya na sasagot ang Diyos. Dumating ang sagot noong siya ay bata pa. Dumating ang mga mensaheng iyon nang kinailangan niyang malaman kung paano nanaisin ng Diyos na itatag ang Kanyang Simbahan. Pinanatag at pinatnubayan siya ng Espiritu Santo sa buong buhay niya.

Sinunod niya ang inspirasyon kahit mahirap ito. Halimbawa, tumanggap siya ng utos na ipadala ang Labindalawa sa England sa panahong kailangang-kailangan niya sila. Ipinadala niya sila.

Tinanggap niya ang pagwawasto at kapanatagan mula sa Espiritu noong siya ay nakabilanggo at ang mga Banal ay dumaranas ng matinding pang-uusig. At siya ay sumunod nang magpunta siya sa Carthage kahit alam niya na nanganganib ang kanyang buhay.

Si Propetang Joseph Smith ay nagpakita ng halimbawa para sa atin kung paano tatanggap ng patuloy na espirituwal na patnubay at kapanatagan sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang unang ginawa niya ay magpakumbaba sa harapan ng Diyos.

Ang pangalawa ay manalangin nang may pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.

Ang pangatlo ay ganap na sumunod. Ang pagsunod ay maaaring mangahulugang pagkilos kaagad. Maaaring mangahulugang maghanda. O maaaring matiyagang maghintay para sa karagdagang tagubilin.

At ang pang-apat ay manalangin para malaman ang mga pangangailangan at nasa puso ng iba at kung paano sila tutulungan para sa Panginoon. Nanalangin si Joseph para sa mga Banal na dumaranas ng pighati noong siya ay nakabilanggo. Nagkaroon ako ng pagkakataon na makita ang mga propeta ng Diyos



habang sila ay nananalangin, humihingi ng inspirasyon, tumatanggap ng tagubilin, at kumikilos ayon dito.

Nakita ko kung gaano nila kadalas ipinagdarasal ang mga taong minamahal at pinaglilingkuran nila. Ang pagmamalasakit nila sa iba ang tila nagbubukas ng kanilang mga puso para matanggap ang inspirasyon. Maaaring maging ganyan din sa inyo.

Tutulungan tayo ng inspirasyong matatanggap natin na maglingkod sa iba para sa Panginoon. Naranasan na ninyo iyan, tulad ko. Minsan ay sinabi ng bishop ko sa akin—noong panahong may nadaramang hirap sa kanyang sariling buhay ang aking asawa—"Tuwing nababalitaan ko na may isang tao sa ward na nangangailangan ng tulong, at kapag pumunta na ako roon, naroon na ang asawa mo. Paano niya nagagawa iyon?"

Siya ay tulad ng lahat ng mga dakilang tagapaglingkod sa kaharian ng Panginoon. Tila dalawang bagay ang ginagawa nila. Ang mga dakilang tagapaglingkod ay naging karapat-dapat sa Espiritu Santo at sa tuwina ay kasama nila ito. At naging karapat-dapat sila sa kaloob na pag-ibig sa kapwa, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Ang mga kaloob na iyon ay lalo pang nag-iibayo sa kanila kapag ginamit nila ang mga ito sa paglilingkod dahil sa pagmamahal sa Panginoon.

Ang paraan kung paano nakatutulong ang panalangin, inspirasyon, at pagmamahal ng Panginoon sa ating paglilingkod ay mahusay na isinalarawan sa mga salitang ito:

"Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.

"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man,

"Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan; na hindi matatanggap ng sanglibutan, sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.

"Hindi ko kayo iiwang magisa; ako'y paririto sa inyo.

"Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni't inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo.

"Sa araw na yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo.

"Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya" (Juan 14:14–21).

Ibinabahagi ko ang aking personal na patotoo na ang Ama sa sandaling ito ay inaalala kayo, alam ang inyong nadarama, at ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan ng lahat ng nakapaligid sa inyo. Nagpapatotoo ako na isinusugo ng Ama at ng Anak ang Espiritu Santo sa lahat ng mayroon ng kaloob na iyan, hinihiling

ang pagpapalang iyan, at sa lahat ng nagsisikap na maging karapat-dapat para dito. Hindi ipinipilit ng Ama, ni ng Anak, at ng Espiritu Santo ang Kanilang Sarili sa ating buhay. Malaya tayong makakapili. Sinabi ng Panginoon sa lahat:

"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.

"Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.


"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu" (Apocalipsis 3:20–22).

Dalangin ko nang buong puso na maririnig ninyo ang tinig ng Espiritu, na saganang ipinadala sa inyo. At dalangin ko na palagi ninyong buksan ang inyong puso upang matanggap Siya. Kung kayo ay hihingi ng patnubay nang may tunay na layunin at nang may pananampalataya kay Jesucristo, tatanggapin ninyo ito sa paraan ng Panginoon at sa Kanyang panahon. Ginawa iyan ng Diyos sa batang si Joseph Smith. Ginagawa Niya iyan ngayon sa ating buhay na propeta na si Pangulong Russell M. Nelson. Inilagay niya kayo sa buhay ng iba pang mga anak ng Diyos para mapaglingkuran sila para sa Kanya. Alam ko iyan hindi lamang dahil sa nakita ng aking mga mata kundi dahil higit sa lahat ibinulong ito ng Espiritu sa aking puso.

Nadama ko na noon pa man ang pagmamahal ng Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak para sa lahat ng anak ng Diyos sa daigdig na ito at para sa Kanyang mga anak sa daigdig ng mga espiritu. Nadama ko na noon pa man ang kapanatagan at patnubay ng Espiritu Santo. Dalangin ko na makadama kayo ng kagalakan dahil nasa inyo ang Espiritu Santo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. "Manatili sa 'King Tabi," *Mga Himno*, blg. 96.



**Ni Pangulong Dallin H. Oaks**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# Maliliit at mga Karaniwang Bagay

*Kailangan nating mapaalalahanan na kapag pinagsama-sama sa pagdaan ng panahon ang tila maliliit na bagay ay magsasakatuparan ng mga dakilang bagay.*

**I.**

Mga kapatid, tulad ninyo, ako rin ay lubos na naantig, pinagtibay, binigyang inspirasyon ng mga mensahe at musika at damdamin sa oras na ito na magkakasama tayo. Sigurado akong nagsasalita ako para sa inyo sa pagbigay pasasalamat sa ating mga kapatid na, bilang mga instrumento sa mga kamay ng Panginoon, ay pinalakas tayo sa oras na ito.

Nagpapasalamat ako na makapagsalita sa inyo sa araw na ito ng Pasko ng Pagkabuhay. Ngayon ay nakikiisa tayo sa iba pang mga Kristiyano na nagdiriwang ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo. Para sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ay isang haligi ng ating pananampalataya.

Dahil naniniwala tayo sa nakatala sa Biblia at Aklat ni Mormon tungkol sa literal na Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, naniniwala rin tayo sa napakaraming turo sa banal na kasulatan na ang pagkabuhay na mag-uli na tulad niyon ay mangyayari sa lahat ng mortal na nabuhay sa mundong ito. Ang pagkabuhay na mag-uli ay nagbibigay sa atin, ayon sa Apostol Pedro, ng "isang buhay na pagasa" (I Ni Pedro 1:3). Ang buhay na pag-asang iyan ay ang matibay nating paniniwala na ang kamatayan ay hindi ang katapusan ng ating pagkatao kundi isang mahalagang hakbang sa maawaing plano ng ating Ama sa Langit para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Kinakailangan sa planong iyan ang pagbabago mula sa pagiging mortal patungo sa pagiging imortal. Pinakamahalaga sa transisyong pagbabagong iyan ang dapit-hapon ng kamatayan at ang maluwalhating umaga na ginawang posible ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ng ating Panginoon at Tagapagligtas na ipinagdiriwang natin sa Linggong ito ng Pagkabuhay.

**II.**

Sa isang magandang himno na isinulat ni Eliza R. Snow, inaawit natin:

*Dakila, mal'walhati't sadyang ganap*
*Hangaring tayo'y matubos,*

*Pag-ibig, awa at katarungan*
*Ay nagtutugma nang lubos!*[1]

Bilang bahagi ng banal na plano at pagkakaisa ng pagkakatugmang iyan, nagtitipon tayo sa mga pulong, kabilang ang kumperensyang ito, upang turuan at hikayatin ang isa't isa.

Ngayong umaga nadama kong gamiting tema sa aking mensahe ang itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Helaman, na nakatala sa Aklat ni Mormon: "Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).

Tinuruan tayo ng maraming maliliit at mga karaniwang bagay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan nating mapaalalahanan na kapag pinagsamasama sa pagdaan ng panahon ang tila maliliit na bagay na ito ay magsasakatuparan ng mga dakilang bagay. Marami





nang mensahe tungkol sa paksang ito ang mga General Authority at ang iba pang mga iginagalang na guro. Napakahalaga ng paksang ito kaya't nadama ko na talakayin itong muli.

Naipaalala sa akin ang malakas na pwersa ng maliliit at mga karaniwang bagay sa paglipas ng panahon dahil sa isang bagay na nakita ko noong ako'y naglalakad isang umga. Narito ang bagay na kinunan ko ng litrato. Ang makapal at matibay na kongkretong bangketa ay nagbibitak-bitak na. Dahil ba ito sa malaki at malakas na puwersa na tumutulak mula sa ilalim? Hindi, ang mga bitak na ito ay sanhi ng dahan-dahan at unti-unting paglaki ng isa sa mga ugat na gumagapang mula sa kalapit na puno. Narito pa ang isang katulad na halimbawa na nakita ko sa isa pang kalsada.

Ang puwersang nagpabitak sa makakapal na konkretong bangketang ito ay napakaliit para masukat sa araw-araw o nang buwanan, ngunit ang epekto nito sa paglipas ng panahon ay napakalaki.

Gayon din kalakas ang epekto sa pagdaan ng panahon ng maliliit at mga karaniwang bagay na itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan at ng mga buhay na propeta. Isipin ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na itinuro sa atin na gawing bahagi ng ating buhay sa araw-araw. O isipin ang mga personal na panalangin at pagluhod at pagdarasal ng pamilya na regular na ginagawa ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw. Isipin ang attendance sa seminary para sa mga kabataan o mga institute class para sa mga young adult. Bagama't bawat isa sa mga gawing ito ay tila maliliit at karaniwan, sa paglipas ng panahon ang mga ito ay humahantong sa matinding espirituwal na paglakas at pag-unlad. Nangyayari ito dahil ang bawat isa sa maliliit at mga karaniwang bagay na ito ay nag-aanyaya ng patnubay ng Espiritu Santo, ang Tagapagpatotoo na nagbibigay ng kalinawan sa atin at gumagabay sa atin patungo sa katotohanan.

Ang isa pang pinagmumulan ng lakas at pag-unlad ay ang patuloy na pagsisisi, kahit na sa tila maliliit na pagkakamali. Ang pagsusuri natin sa ating sarili ay makatutulong sa atin para malaman natin kung paano tayo nagkamali at kung paano natin mas mapagbubuti ang ating sarili. Ang pagsisising iyan ay dapat munang gawin bago tumanggap ng sakramento tuwing Linggo. Ang ilang mabubuting gawa na dapat isaalang-alang sa prosesong ito ng pagsisisi ay nakasaad sa himnong "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?"

*Ako ba'y may kabutihang nagawa?*
*Ako ba ay nakatulong na?*
*Nakapagpasaya, nakapagpasigla?*
*Kundi ay bigong talaga.*
*May napagaan bang pasanin ngayon*
*Dahil ako ay tumulong?*
*Ang mga nanghihina, nalunasan ba?*
*Nang kailangan ako'y naro'n ba?*[2]

Talagang maliliit na bagay ang mga ito, ngunit tiyak na ang mga ito ay mabubuting halimbawa ng kung ano ang itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Helaman: "At ang Panginoong Diyos ay nagsasagawa ng mga pamamaraan upang isakatuparan ang kanyang dakila at mga walang hanggang layunin; at sa pamamagitan ng napakaliit na pamamaraan ay . . . isinasakatuparan [ng Panginoon] ang kaligtasan ng maraming tao" (Alma 37:7).

Si President Steven C. Wheelwright ay nagbigay sa mga nakikinig sa Brigham Young University–Hawaii ng nakapupukaw na paglalarawang ito tungkol sa itinuro ni Alma: "Pinatotohanan ni Alma sa kanyang anak na ang talagang huwarang sinusunod ng Panginoon kapag nananampalataya tayo sa Kanya at sumusunod sa Kanyang payo sa maliliit at mga karaniwang bagay, ay Kanya tayong pinagpapala ng maliliit na himala sa araw-araw, at pagdaan ng panahon, ng kagila-gilalas na mga gawa."[3]

Itinuro ni Elder Howard W. Hunter na "kadalasan ang karaniwang mga

tungkulin . . . ang may pinakamalaking positibong epekto sa buhay ng iba, kumpara sa mga bagay na napakadalas iugnay ng mundo sa kadakilaan."[4]

Isang mapanghikayat na turo na walang kaugnayan sa relihiyon tungkol sa ganito ring alituntunin ang nagmula sa dating si Senador Dan Coats ng Indiana, na nagsulat ng: "Ang tanging paghahanda para sa nag-iisang mahalagang desisyong iyon na magpapabago ng buhay, o maging ng isang bansa, ay yaong daan-daan at libu-libong desisyon na hindi ganong pinag-isipan, desisyon na humubog sa pagkatao, desisyon na tila hindi mahalaga na personal na ginawa."[5]

Ang mga personal na desisyon na iyon na "tila hindi mahalaga" ay kinapapalooban ng mga paraan kung paano natin ginugugol ang ating oras, ano ang pinanonood natin sa telebisyon at sa internet, ano ang binabasa natin, ang sining at musika na ginagamit natin sa trabaho at sa tahanan, ang gusto nating libangan, at kung paano natin ginagawa ang ating pangako na maging tapat at totoo. Isa pang tila maliliit at mga karaniwang bagay ay ang pagiging magalang at masayahin natin sa ating pakikisalamuha sa iba.

Wala ni isa sa mga kanais-nais na maliliit at mga karaniwang bagay na ito ang mag-aangat sa atin sa mas dakilang mga bagay kung hindi natin ito palagi at patuloy na gagawin. Sinabi ni Pangulong Brigham Young: "Ang ating buhay ay binubuo ng maliliit, karaniwang pangyayari na kapag pinagsamasama ay nagiging mahalaga, at kabuuan ng buhay ng isang lalaki o babae."[6]

Napaliligiran tayo ng mga impluwensya ng media at paghina ng kultura na hihila sa atin para ibaba ang ating pamantayan kung hindi tayo patuloy na magiging matatag. Upang makausad pasalungat sa agos patungo sa ating walang hanggang mithiin, dapat patuloy tayong sumagwan. Makatutulong kung bahagi tayo ng isang koponan na magkakasamang sumasagwan, tulad ng makikita sa larawang ito. Upang magamit pa ang halimbawang iyan, napakalakas ng agos na kung hihinto tayo sa pagsagwan, tayo ay aanuring pababa



patungo sa destinasyong hindi natin hinangad ngunit tiyak na hindi natin maiiwasan kung hindi tayo patuloy na magsisikap na sumulong.

Matapos magkuwento tungkol sa tila maliit na pangyayari na may mahahalagang ibinunga, isinulat ni Nephi, "At sa gayon nakikita natin na sa pamamagitan ng maliliit na pamamaraan ay maisasagawa ng Panginoon ang mahahalagang bagay" (1 Nephi 16:29). Nakatala sa Lumang Tipan ang isang malinaw na halimbawa nito. Doon ay mababasa natin kung paano pinahirapan ng mababangis na ahas ang mga Israelita. Maraming tao ang namatay sa tuklaw ng mga ito (tingnan sa Mga Bilang 21:6). Nang manalangin si Moises para gumaling sila, nainspirasyunan siyang gumawa ng "isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin." Pagkatapos, "pag may nakagat ng ahas ay nabubuhay pagtingin sa ahas na tanso" (talata 9). Isang maliit na bagay na nagbunga ng himala! Gayunman, tulad ng paliwanag ni Nephi nang ituro niya ang halimbawang ito sa mga taong naghihimagsik laban sa Panginoon, bagama't naghanda ang Panginoon ng isang karaniwang paraan para gumaling sila, "dahil sa kagaanan ng paraan, o kadalian nito, marami ang nangasawi" (1 Nephi 17:41).

Ang halimbawang iyan at ang turong iyan ay nagpapaalala sa atin na ang kagaanan ng paraan o kadalian ng iniutos na gawain ay hindi nangangahulugang hindi mahalagang kamtin ang mabuti nating hangarin.

Gayon din, ang maliliit na pagsuway o maliliit na kabiguan na gawin ang mabubuting gawain ay hihila sa



atin pababa patungo sa isang bagay na binalaan tayo na iwasan. Ang Word of Wisdom ay nagbigay ng halimbawa tungkol dito. Malamang na hindi masusukat ang epekto sa katawan ng isang sigarilyo o minsang pag-inom ng alak o minsang paggamit ng droga. Ngunit sa pagdaan ng panahon, ang epekto nito ay matindi, at maaaring hindi mapagaling. Alalahanin ang bitak sa bangketa dahil sa paunti-unting paglaki ng ugat ng puno. Isang bagay ang tiyak, ang kakila-kilabot na ibubunga ng paggamit ng anumang bagay na nakalululong, tulad ng mga droga na pumipinsala sa ating katawan o mga pornograpikong materyal na nagpaparumi sa ating isipan, ay lubos na maiiwasan kung hindi tayo kailanman gumamit nito—kahit minsan.

Maraming taon na ang nakalipas, inilarawan ni Elder M. Russell Ballard sa mga nakikinig sa isang pangkalahatang kumperensya kung "paano ang maliliit at mga karaniwang bagay ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto at nakapipinsala sa kaligtasan ng isang tao." Itinuro niya: "Tulad ng maninipis na hibla na bumubuo sa isang sinulid, na nagiging isang tali, at sa huli ay nagiging isang lubid, ang maliliit na bagay na ito kapag pinagsama-sama ay nagiging napakatibay at hindi mapapatid. Dapat na patuloy nating isaisip ang malaking nagagawa ng maliliit at mga karaniwang bagay sa pagpapalakas ng espirituwalidad. Kasabay nito, dapat nating malaman na gagamitin ni Satanas ang maliliit at mga karaniwang bagay para akayin tayo sa kabiguan at kalungkutan."[7]

Nagbigay si President Wheelwright ng babala na tulad niyon sa mga nakikinig sa kanya sa BYU–Hawaii: "Kapag hindi natin ginawa ang maliliit at mga karaniwang bagay, humihina ang pananampalataya, tumitigil ang mga himala, at ang pagsulong sa Panginoon at Kanyang kaharian ay nahahadlangan at pagkatapos ay nagsisimula tayong manghina dahil ang paghahangad sa kaharian ng Diyos ay napalitan ng mga hangaring temporal at mga makamundong ambisyon."[8]

Upang maprotektahan laban sa pinagsama-samang negatibong epekto na nakapipinsala sa ating espirituwal na pag-unlad, kailangan nating sundin ang espirituwal na huwaran na nauugnay sa maliliit at mga karaniwang bagay. Inilarawan ni Elder David A. Bednar sa BYU Women's Conference: "Marami tayong matututuhan tungkol sa katangian at kahalagahan ng espirituwal na huwarang ito mula sa paraan ng . . . pagdidilig ng tubig nang paunti-unti sa lupa," kumpara sa pagdilig ng maraming tubig na hindi naman kinakailangan.

Ipinaliwanag niya: "Ang tubig na idinilig nang paunti-unti sa araw-araw ay nasisipsip nang malalim sa lupa at nagbibigay ng mataas na moisture sa lupa at ginagawang mas basa ang lupa kung saan mapapalaki nang malusog ang mga halaman. Sa gayon ding paraan, kung tayo ay nakatuon at patuloy na tumatanggap ng paunti-unting espirituwal na pagkain, ang mga ugat ng ebanghelyo ay malalim na titimo sa ating kaluluwa, magiging matatag at magkakaroon ng matibay na pundasyon, at magbubunga ng kamangha-mangha at masarap na bunga."

Sa pagpapatuloy, sinabi niya, "Ang espirituwal na huwaran ng maliliit at mga karaniwang bagay na nagsasakatuparan ng mga dakilang bagay ay nagbubunga ng katatagan at hindi pagkatinag, malalim na katapatan, at lubos na pananalig sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo."[9]


Itinuro ni Propetang Joseph Smith ang alituntuning ito sa mga salitang nakatala ngayon sa Doktrina at mga Tipan: "Huwag ituring na maliit na bagay ang mga ito ng sinumang tao; sapagkat marami pang . . . may kinalaman sa mga banal, na nakasalalay sa mga bagay na ito" (D at T 123:15).

Kaugnay sa pagsisikap na maitatag noon ang Simbahan sa Missouri, nagpayo ang Panginoon ng pagtitiis dahil ang "lahat ng bagay ay kinakailangang mangyari sa kanilang panahon" (D at T 64:32). Pagkatapos ay ibinigay Niya ang magandang turo na ito "Dahil dito, huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (D at T 64:33).

Naniniwala ako na hangad nating lahat na sundin ang iniutos ni Pangulong Russell M. Nelson na magpatuloy sa paglakad "sa landas ng tipan."[10] Ang katapatan na gawin ito ay napapalakas ng patuloy na pagsunod sa "maliliit na bagay" na itinuro sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng mga lider ng Kanyang Simbahan. Pinatototohanan ko Siya at hinihiling na Kanyang pagpalain ang lahat ng nagsisikap na manatili sa Kanyang landas ng tipan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Dakilang Karunungan at Pag-ibig," *Mga Himno,* blg. 116.
2. "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.
3. Steven C. Wheelwright, "The Power of Small and Simple Things" (Brigham Young University–Hawaii devotional, Ago. 31, 2007), 2, devotional.byuh.edu.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (2015), 179.
5. Dan Coats, "America's Youth: A Crisis of Character," *Imprimis,* tomo. 20, blg. 9 (Set. 1991), 4; tingnan din Elder Wilford Andersen sa kanyang kolum sa *Mesa Tribune,* Mayo 1996.
6. Brigham Young, diskurso sa Ogden Tabernacle, Hulyo 19, 1877, iniulat sa "Discourse," *Deseret News,* Okt. 17, 1877, 578.
7. M. Russell Ballard, "Small and Simple Things," *Ensign,* Mayo 1990, 7, 8.
8. Steven C. Wheelwright, "The Power of Small and Simple Things," 3.
9. David A. Bednar, "By Small and Simple Things Are Great Things Brought to Pass" (Brigham Young University Women's Conference, Abr. 29, 2011), womensconference.byu.edu.
10. Russell M. Nelson, "Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong," *Liahona,* Abr. 2018, 7.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay

*Ngunit sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at nakapagpapanatag na impluwensya ng Espiritu Santo.*

Mahal kong mga kapatid, napakagandang pagkakataon na makasama kayo sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa Linggong ito ng pangkalahatang kumperensya! Wala nang mas nararapat pa kaysa sa gunitain ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa mundong ito sa pamamagitan ng pagsamba sa pinakaimportanteng nilalang na nabuhay sa mundong ito. Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sinasamba natin Siya na nagsagawa ng Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala simula sa Halamanan ng Getsemani. Siya ay handang magdusa para sa mga kasalanan at kahinaan ng bawat isa sa atin, kung aling pagdurusa at sa pagdurusang ito ay naranasan Niya na "labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat."[1] Siya ay ipinako sa krus ng Kalbaryo[2] at bumangong muli sa ikatlong araw bilang unang nabuhay na mag-uling anak ng ating Ama sa Langit. Mahal ko Siya at pinatototohanan ko na Siya ay buhay! Siya ang namumuno at gumagabay sa Kanyang Simbahan.

Kung wala ang walang hanggang Pagbabayad-sala ng ating Manunubos, wala ni isa sa atin ang magkakaroon ng pag-asang makabalik sa ating Ama sa Langit. Kung wala ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ang kamatayan na ang wakas. Dahil sa Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas naging posible ang buhay na walang hanggan at kawalang-kamatayan para sa lahat.

Dahil sa Kanyang kagila-gilalas na misyon at sa kapayapaang ibinibigay Niya sa Kanyang mga tagasunod, kami ni Wendy ay napanatag noong gabi ng Enero 2, 2018, nang magising kami sa tawag sa telepono na nagsasabi sa amin na sumakabilang-buhay na si Pangulong Thomas S. Monson.

Lagi naming naaalala si Pangulong Monson! Iginagalang namin ang kanyang buhay at ang kanyang pamana. Sa kanyang malakas na espirituwalidad, nag-iwan siya ng hindi malilimutang impluwensysa sa lahat ng nakakilala sa kanya at sa Simbahan na kanyang minahal.

Noong Linggo, Enero 14, 2018, sa silid sa itaas ng Salt Lake Temple, ang Unang Panguluhan ay muling inorganisa sa simple ngunit sagradong huwarang itinatag ng Panginoon. At kahapon, sa kapita-pitagang kapulungan, itinaas ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo ang kanilang mga kamay upang pagtibayin ang naunang ginawa ng mga Apostol. Mapagkumbaba kong pinasasalamatan ang inyong pagsang-ayon.

Nagpapasalamat din ako sa mga naunang humawak ng tungkuling ito. Isang pribilehiyo para sa akin na maglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol sa loob ng 34 na taon at makilala nang personal ang 10 sa nakaraang 16 na Pangulo ng Simbahan. Marami akong natutuhan mula sa bawat isa sa kanila.

Malaki rin ang pasasalamat ko sa aking mga ninuno. Lahat ng walo kong lolo't lola sa tuhod ay nabinyagan sa Simbahan sa Europa. Isinakripisyo ng matatapat na mga taong ito ang lahat-lahat para makarating sa Sion. Gayunman, sa mga sumunod na henerasyon, hindi lahat ng aking mga ninuno ay nanatiling tapat. Bunga nito, hindi ako lumaki sa tahanang nakasentro sa ebanghelyo.





Mahal ko ang aking mga magulang. Napakahalaga nila sa akin at itinuro nila sa akin ang mga aral na kailangang-kailangan ko. Lubos ko silang pinasasalamatan sa masayang tahanang ibinigay nila sa akin at sa aking mga kapatid. Subalit kahit bata pa lang ako noon, alam ko nang may kulang sa buhay ko. Isang araw sumakay ako ng pampublikong sasakyan at pumunta sa LDS bookstore para maghanap ng aklat tungkol sa Simbahan. Gustung-gusto kong malaman ang tungkol sa ebanghelyo.

Nang mapag-aralan ko ang Word of Wisdom, gusto kong sundin ng mga magulang ko ang batas na iyon. Kaya, isang araw noong bata pa ako, pumunta ako sa basement namin at binasag sa sementadong sahig ang lahat ng bote ng alak! Inaasahan ko na paparusahan ako ng aking ama, ngunit wala siyang sinabi ni isang salita.

Nang magkaisip ako at nagsimula nang maunawaan ang kadakilaan ng plano ng Ama sa Langit, madalas kong sinasabi sa aking sarili, "Ayoko na ng kahit anong regalo sa Pasko! Ang gusto ko lang ay maibuklod sa aking mga magulang." Ang pinakahihintay ko na pangyayaring iyon ay naganap lamang noong lampas na sa 80 anyos ang aking mga magulang, gayunpaman, nangyari ito. Hindi ko maipapaliwanag ang kasiyahan na naramdaman ko sa araw na iyon,[3] at araw-araw ay nararamdaman ko ang kaligayahan ko sa pagbubuklod nila at pagkakabuklod ko sa kanila.

Noong 1945, habang nag-aaral pa ako ng medisina, pinakasalan ko si Dantzel White sa Salt Lake Temple. Kami ay biniyayaan ng siyam na napakababait na anak na babae at isang pinakamamahal na anak na lalaki. Ngayon ang aming patuloy na lumalaking pamilya ay isa sa mga lubos na nagpapaligaya sa akin.

Noong 2005, matapos ang halos 60 taong pagsasama bilang mag-asawa, ang aking mahal na si Dantzel ay biglang pumanaw. Sa loob ng ilang panahon, nalugmok ako sa pagdadalamhati. Ngunit ang mensahe ng Pasko ng Pagkabuhay at ang pangako ng pagkabuhay na mag-uli ang nagpalakas sa akin.

Kasunod niyan ay inilapit ng Panginoon sa akin si Wendy Watson. Ibinuklod kami sa Salt Lake Temple noong Abril 6, 2006. Mahal na mahal ko siya! Siya ay kahanga-hangang babae—isang malaking pagpapala sa akin, sa aming pamilya, at sa buong Simbahan.

Bawat isa sa mga pagpapalang ito ay dumating dahil sa paghahangad at pakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Sinabi ni Pangulong Lorenzo Snow, "Ito ay malaking pribilehiyo ng bawat Banal sa mga Huling Araw . . . na karapatan nating matanggap ang mga pahiwatig ng Espiritu sa bawat araw ng ating buhay."[4]

Isa sa mga bagay na paulit-ulit na ikinikintal ng Espiritu sa aking isipan mula nang matawag ako sa bagong tungkulin bilang Pangulo ng Simbahan ay ang kahandaan ng Panginoon na ihayag ang Kanyang isipan at kalooban. Ang pribilehiyong makatanggap ng paghahayag ay isa sa mga pinakadakilang kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Espiritu Santo, tutulungan tayo ng Panginoon sa lahat ng ating mga matwid na hangarin. Sa isang operating room, habang nakatayo ako sa tabi ng pasyente—na hindi sigurado kung paano gagawin ang bagong pamamaraan sa pag-opera—ay naranasan kong inilarawan ng Espiritu Santo sa aking isipan ang dapat gawin.[5]

Para mas mahikayat ko si Wendy na magpakasal sa akin, sinabi ko sa kanya, "Alam ko ang paghahayag at kung paano matanggap ito." Ang nakakatuwa sa kanya—na nalaman ko kalaunan na ugali pala niya—ay ipinagdasal na niya ito at tumanggap din ng sarili niyang paghahayag tungkol amin, kaya malakas ang loob niyang sumagot ng oo.

Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ipinagdasal ko araw-araw na makatanggap ng paghahayag at nagpasalamat sa Panginoon sa tuwing mangungusap Siya sa aking puso at isipan.

Isipin ninyo ang himalang iyon! Anuman ang ating tungkulin sa

Simbahan, maaari tayong manalangin sa ating Ama sa Langit at tumanggap ng patnubay at direksyon, mabalaan sa panganib at ligalig, at mabigyan ng kakayahan na gumawa ng mga bagay na hindi natin kakayanin nang mag-isa. Kung talagang tatanggapin natin ang Espiritu Santo at matututuhang makilala at maunawaan ang Kanyang mga pahiwatig, magagabayan tayo sa malalaki at maliliit na bagay.

Kamakailan, nitong kailangan kong pumili ng dalawang tagapayo na napakahirap para sa akin na gawin, inisip ko kung paano ko magagawang pumili ng dalawa lamang mula sa labindalawang kalalakihan na aking minamahal at iginagalang.

Dahil alam ko na nakabatay ang mabuting inspirasyon sa mahusay na impormasyon, mapanalangin kong kinausap nang sarilinan ang bawat Apostol.[6] Pagkatapos ay pumasok ako sa isang pribadong silid sa templo at hiningi ang kalooban ng Panginoon. Pinatototohanan ko na iniutos ng Panginoon na piliin ko sina Pangulong Dallin H. Oaks at Pangulong Henry B. Eyring na maglingkod bilang aking mga tagapayo sa Unang Panguluhan.

Gayundin, pinatototohanan ko na may inspirasyon din ng Panginoon ang pagtawag kina Elder Gong at Elder Soares na maordena bilang Kanyang mga Apostol. Malugod ko at namin silang tinatanggap sa natatanging kapatirang ito ng paglilingkod.



Nang magtipon kami bilang Kapulungan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa, ang mga silid na aming pinagpupulungan ay naging mga silid ng paghahayag. Damang-dama na naroon ang Espiritu. Kapag nahihirapan kaming lutasin ang mga kumplikadong bagay, isang kasiya-siyang proseso ang nagaganap habang malayang ipinapahayag ng bawat Apostol ang kanyang nasasaisip at mga pananaw. Bagama't sa una ay magkakaiba ang aming mga pananaw, ang pagmamahal namin sa isa't isa ay nananatili. Ang aming pagkakaisa ay tumutulong sa amin na mahiwatigan ang kalooban ng Panginoon para sa Kanyang Simbahan.

Sa aming mga pulong, hindi batayan sa pagpapasiya ang pananaw ng nakakarami! Pinakikingan namin ang isa't isa nang may panalangin hanggang sa magkaisa kami. At kapag ganap nang sumang-ayon ang lahat, nadarama naming pinag-iisa kami ng Espiritu Santo na lubos na nagpapasaya sa amin! Nararanasan namin ang nalaman ni Propetang Joseph Smith nang ituro niya, "Sa pagkakaisa ng damdamin nagtatamo tayo ng kapangyarihan sa Diyos."[7] Walang miyembro ng Unang Panguluhan o Korum ng Labindalawang Apostol ang magdedesisyon para sa Simbahan ng Panginoon nang ayon sa sarili niyang palagay!

Mga kapatid, paano tayo magiging mga lalaki at babae—mga tagapaglingkod na katulad ni Cristo—na nais ng Panginoon na kahinatnan natin? Paano tayo makahahanap ng sagot sa mga tanong na nakababalisa sa atin? Kung may anumang naituro ang kagila-gilalas na karanasan ni Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan, ito ay ang katotohanang bukas ang kalangitan at ang Diyos ay nangungusap sa Kanyang mga anak.

Nagbigay si Propetang Joseph Smith ng huwaran na susundan natin sa paglutas ng ating mga tanong. Dahil nahikayat sa pangako ni Santiago na kung tayo ay nagkukulang ng karunungan ay tanungin natin ang Diyos,[8] tinanong mismo ng batang si Joseph ang Ama sa Langit. Naghangad at naghanap siya ng personal na paghahayag at ang kanyang paghahanap ang nagbukas sa huling dispensasyong ito.

Sa gayon ding paraan, ano ang mabubuksan sa inyo ng inyong paghahanap? Anong karunungan ang kulang sa inyo? Ano sa palagay ninyo ang kailangan ninyong malaman o maunawaan kaagad? Tularan ang halimbawa ni Propetang Joseph. Humanap ng tahimik na lugar na palagi ninyong mapupuntahan. Magpakumbaba sa harapan ng Diyos. Ibuhos ang inyong puso sa inyong Ama sa Langit. Humiling sa Kanya ng kasagutan at kapanatagan.

Ipanalangin sa pangalan ni Jesucristo ang inyong mga alalahanin, ang inyong mga takot, mga kahinaan —oo, ang pinakainaasam ng inyong puso. At makinig! Isulat ang mga naiisip ninyo. Itala ang inyong nadama at isagawa ang mga bagay na ipinahiwatig sa inyong gawin. Habang inuulit ninyo ang prosesong ito araw-araw, buwan-buwan, taun-taon, kayo ay "uunlad sa alituntunin ng paghahayag."[9]

Talaga bang *nais* ng Diyos na mangusap sa inyo? Oo! "Gayon din maaaring iunat ng tao ang kanyang maliit na bisig upang pigilin ang ilog ng Missouri sa kanyang nakatalagang daan . . . upang hadlangan ang Pinakamakapangyarihan sa pagbubuhos ng kaalaman mula sa langit sa mga ulo ng mga Banal sa mga Huling Araw."[10]

Hindi na ninyo kailangang itanong kung ano ang totoo.[11] Hindi na ninyo kailangang isipin kung sino ang ligtas na mapagkakatiwalaan ninyo. Sa pamamagitan ng personal na paghahayag, magkakaroon kayo ng sariling patotoo na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, na si Joseph Smith ay propeta, at ito ang Simbahan ng Panginoon. Anuman ang sabihin o gawin ng ibang tao, walang makapag-aalis ng patotoo na ikinintal sa inyong puso't isipan sa kung ano ang totoo.

Hinihimok ko kayong dagdagan pa ang espirituwal na kakayahan ninyong makatanggap ng personal

na paghahayag, sapagkat ipinangako ng Panginoon na "Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan"[12]

Napakarami pang bagay na nais ng Ama sa Langit na malaman ninyo. Tulad ng itinuro ni Elder Neal A. Maxwell, "Sa mga may matang nakakakita at mga taingang nakaririnig, malinaw na ibinibigay ng Ama ang mga lihim ng sansinukob!"[13]

Walang makapagbubukas ng kalangitan nang higit sa magagawa ng pinagsama-samang kadalisayan, lubos na pagsunod, masigasig na paghahanap, araw-araw na pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo sa Aklat ni Mormon,[14] at pag-uukol palagi ng oras para sa templo at gawain sa family history.

Tiyak na may mga pagkakataon na sa pakiramdam ninyo ay tila sarado na ang kalangitan. Ngunit ipinapangako ko na kung patuloy kayong magiging masunurin, nagpasasalamat sa lahat ng pagpapalang ibinibigay ng Panginoon sa iyo, at kung matiyaga kayong maghihintay sa takdang panahon ng Panginoon, ibibigay sa inyo ang kaalaman at pang-unawang hangad ninyo. Bawat pagpapalang inilaan ng Panginoon para sa inyo—pati na mga himala—ay susunod na darating. Iyan ang gagawin sa inyo ng personal na paghahayag.

Maganda ang pananaw ko sa hinaharap. Ito ay mapupuno ng mga oportunidad para sa bawat isa sa atin na umunlad, makatulong, at maihatid ang ebanghelyo sa bawat sulok ng mundo. Ngunit nababatid ko rin ang mga mangyayari sa mga darating na araw. Nabubuhay tayo sa mundong puno ng kaguluhan at tumitinding salungatan. Ang social media at ang 24 na oras na pagbabalita ay inaatake tayo ng walang humpay na mga mensahe. Kung gusto nating magkaroon ng pagkakataong masuri ang iba't ibang opinyon at mga pilosopiya ng tao na sumisira ng katotohanan, kailangan tayong matutong tumanggap ng paghahayag.


Ang ating Tagapagligtas at Manunubos, na si Jesucristo, ay gagawa ng ilan sa kanyang mga pinakadakilang gawain ngayon at hanggang sa Kanyang muling pagparito. Makakakita tayo ng mahihimalang mga palatandaan na ang Diyos Ama at Kanyang Pinakamamahal na Anak ay mamumuno sa daigdig na ito sa karingalan at kaluwalhatian. Ngunit sa darating na mga araw, hindi magiging posible na espirituwal na makaligtas kung walang patnubay, tagubilin, at nakapagpapanatag na impluwensya ng Espiritu Santo.

Mga mahal kong mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo na dagdagan ang inyong espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag. Tulutan ninyo ang Paskong ito ng Pagkabuhay na magdulot ng pagbabago sa inyong buhay. Magpasiyang gawin ang espirituwal na bagay na kailangan upang matamasa ang kaloob na Espiritu Santo at marinig ang tinig ng Espiritu nang mas madalas at mas malinaw.

Katulad ni Moroni, ipinapayo ko sa inyo ngayong Linggo ng Pagkabuhay na "lumapit kay Cristo, at manangan sa bawat mabuting kaloob"[15] simula sa kaloob na Espiritu Santo, kung aling kaloob ay magpapabago sa inyong buhay.

Tayo ay mga tagasunod ni Jesucristo. Ang pinakamahalagang katotohanan na pagtitibayin sa inyo ng Espiritu Santo ay si Jesus *ay* ang Cristo, ang anak ng buhay na Diyos. Siya ay buhay! Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama, ating Huwaran at ating Manunubos. Ngayong Linggo ng Pagkabuhay, ginugunita natin ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ang Kanyang literal na Pagkabuhay na Mag-uli, at ang Kanyang kabanalan.

Ito ang Kanyang Simbahan, na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Pinatototohanan ko ito, nang may pagmamahal sa bawat isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 19:18.
2. Tingnan sa Lucas 23:33.
3. Tingnan sa Alma 26:16.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* (2012), 83.
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Ang Magiliw na Kapangyarihan ng Panalangin," *Liahona,* Mayo 2003, 7–8.
6. Tingnan sa 3 Nephi 28:1.
7. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 462.
8. Tingnan sa Santiago 1:5.
9. *Mga Turo: Joseph Smith ,* 153.
10. Doktrina at mga Tipan 121:33.
11. Tingnan sa Moroni 10:5.
12. Doktrina at mga Tipan 42:61.
13. Neal A. Maxwell, "Meek and Lowly" (Brigham Young University devotional, Okt. 21, 1986), 9, speeches.byu.edu.
14. Tingnan sa 2 Nephi 32:3.
15. Moroni 10:30.



Sesyon sa Linggo ng Hapon | Abril 1, 2018

**Ni Elder Gerrit W. Gong**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Si Cristo Ngayo'y Nabuhay

*Ngayon ang Pasko ng Pagkabuhay. Mapitagan akong sumasaksi at mataimtim na pinatototohanan ang buhay na Cristo—Siya na "namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw."*

Mahal kong mga kapatid, noong bata pa ang mga anak naming lalaki, kinukwentuhan ko sila tungkol sa beagle puppies at inaawitan bago matulog, kabilang na ang "Si Cristo Ngayo'y Nabuhay."[1] Minsan pabiro kong pinapalitan ko ang mga salita ng: Oras na para matulog—alleluia. Kalimitan, nakakatulog agad sila; o kahit paano ay alam nila na kapag inaakala kong tulog na sila, titigil na ako sa pag-awit.

Hindi maipaliwanag ng mga salita ang mga umaapaw na naramdaman ko magmula noong hawakan ni Pangulong Nelson ang aking mga kamay habang katabi ko ang pinakamamahal kong si Susan at ipinaabot ang sagradong tungkulin mula sa Panginoon na talagang gumulat sa akin at nagpaluha sa akin nang maraming beses nitong nakaraang mga araw.

Ngayong Pasko ng Pagkabuhay, masaya akong umaawit ng "Alleluia." Ang awit ng pagmamahal ng mapagtubos na pag-ibig ng ating buhay na Tagapagligtas[2] ay ipinagdiriwang ang pagkakaisa ng mga tipan (na nag-uugnay sa atin sa Diyos at sa bawat isa) at ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo (na tinutulungan tayo na alisin ang likas na tao at dinggin ang mga panghihikayat ng Banal na Espiritu[3]).

Ang ating mga tipan at ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay magkasamang nagpapalakas at nagpapadakila sa atin. Tinutulungan tayo ng mga ito na kumapit at bumitaw. Ang mga ito ay nagpapatamis, nagpapanatili, nagpapabanal, at tumutubos.

Sinabi ni Propetang Joseph Smith: "Ito tila baga sa iba ay magiging napakapangahas na doktrina na ating pinag-uusapan—isang kapangyarihan na nagtatala o nagbubuklod sa lupa at nagbubuklod sa langit. Gayunman, sa lahat ng panahon sa daigdig, kapag ang Panginoon ay nagbibigay sa isang dispensasyon ng pagkasaserdote sa sinumang tao sa pamamagitan ng aktuwal na paghahayag, o sa anumang pangkat ng mga tao, ang kapangyarihang ito ay tiyak na ibinibigay."[4]

At iyan nga ang nangyayari ngayon. Ang mga sagradong tipan at ordenansa, na hindi makukuha sa ibang mga lugar, ay natatanggap sa 159 na mga sagradong bahay ng Panginoon sa 43 bansa. Ang mga pangakong pagpapala ay dumarating sa pamamagitan ng ipinanumbalik na mga susi ng priesthood, doktrina, at awtoridad ng priesthood, pagpapakita ng ating pananampalataya, pagsunod, at mga pangako ng Kanyang Banal na Espiritu sa ating henerasyon, ngayon at sa walang hanggan.

Mga kapatid sa lahat ng bansa, lahi, at wika, sa Simbahan sa lahat ng panig ng mundo, maraming salamat sa inyong pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal sa bawat hakbang. Salamat sa pagiging bahagi ng pagtitipon ng kaganapan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Minamahal kong mga kapatid, isang kapatiran tayo. Mapapalapit tayo sa "isa't isa sa pagkakaisa at sa pagmamahal"[5] sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.[6] Habang inaanyayahan ang bawat isa sa atin ng Panginoong Jesucristo, nasaan man tayo, anuman ang ating kalagayan, mangyaring "magsiparito [kayo], at [inyong] makikita."[7]

Ngayong araw ay mapagkumbaba kong pinapangako ang lahat ng lakas at kakayahan ng aking kaluluwa,[8] ano



man ang mga ito o ang ano man ang kanilang kahihinatnan, sa aking Tagapagligtas,[13] sa aking pinakamamahal na si Susan at sa aming pamilya, sa aking mga Kapatid, at sa bawat isa sa inyo, mahal kong mga kapatid.

Bawat bagay na mabuti at walang hanggan ay nakasentro sa katotohanan na buhay ang Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Kanyang Pagbabayad-sala, na pinatototohanan ng Espiritu Santo.[9] Ngayon ay Pasko ng Pagkabuhay. Mapitagan akong sumasaksi at mataimtim na pinatototohanan ang buhay na Cristo—Siya na namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit."[10] Siya ang Alpha at ang Omega[11]—kasama natin sa simula, at kasama Natin siya hanggang sa huli.

Pinatototohanan ko ang mga propeta sa mga huling araw, mula kay Propetang Joseph Smith hanggang kay Pangulong Russell M. Nelson, na ikinagagalak nating sinang-ayunan ngayon. Tulad ng inaawit ng mga bata sa Primary, "Propeta'y sundin; s'ya ang gabay."[12] Pinatototohanan ko na, tulad ng ipinropesiya sa mga banal na kasulatan, kabilang ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo, "na ang kaharian ng Panginoon ay muling naitatatag sa mundo, bilang paghahanda sa ikalawang pagparito ng Mesiyas."[13] Sa banal at sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Si Cristo Ngayo'y Nabuhay," *Mga Himno,* blg. 120.
2. Tingnan sa Alma 5:26.
3. Tingnan sa Mosias 3:19.
4. Doktina at mga Tipan 128:9.
5. Mosias 18:21.
6. Tingnan sa Mosiah 18:9.
7. Juan 1:39.
8. Tingnan sa 1 Nephi 15:25.
9. "Inyong tinanggap ang Espiritu Santo, na sumasaksi sa Ama at sa Anak, tungo sa katuparan ng pangakong kanyang ginawa, na kung kayo ay papasok sa daan ay inyong tatanggapin." (2 Nephi 31:18).
10. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:1.
12. "Propeta'y Sundin," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 58–59.
13. Pambungad sa Aklat ni Mormon.



**Ni Elder Ulisses Soares**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang mga Propeta ay Nagsasalita sa Pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo

*Ang pagkakaroon ng mga propeta ay pagpapamalas ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ipinapaalam nila ang mga pangako at tunay na katangian ng Diyos at ni Jesucristo.*

Mahal kong mga kapatid, saan man kayo naroroon, nais kong ipahayag ang aking tapat at taimtim na pasasalamat sa inyong pagsang-ayon kahapon. Tulad ni Moises dama ko ring hindi ako mahusay magsalita, ngunit inaalo ko ang aking sarili sa salita ng Panginoon sa kanya:

"Sinong gumawa ng bibig ng tao? o sinong gumawa ng pipi, o bingi, o may paningin, o bulag sa tao? Hindi ba akong Panginoon?

Ngayon nga'y yumaon ka, at ako'y sasaiyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong sasalitain" (Exodo 4:11–12; tingnan din sa talata 10).

Nakakaramdan din ako ng kaginhawahan sa pagmamahal at pagsuporta ng aking mahal na asawa. Isa siyang halimbawa ng kabutihan, pagmamahal, at tunay na katapatan sa Panginoon at para sa akin at sa aming pamilya. Mahal ko siya sa bawat tibok ng aking puso, at nagpapasalamat ako sa kanyang positibong inpluwensya sa amin.

Mga kapatid, nais kong patotohanan sa inyo na si Pangulong Russell M. Nelson ay ang propeta ng Diyos sa mundo. Wala akong nakitang ibang tao na mas mabuti at mapagmahal kaysa sa kanya. Nakakaramdam man ako ng kahinaan para sa sagradong tungkuling ito, ang kanyang mga salita at mahabaging tingin nang ibinigay niya sa akin ang responsibilidad na ito ay nagpadama sa akin ng yakap ng pagmamahal ng Panginoon. Salamat, Pangulong Nelson. Sinasang-ayunan ko kayo at mahal ko kayo.

Hindi ba isang biyaya ang magkaroon ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mundo sa mga araw na nabubuhay tayo, na hinahangad ang kagustuhan ng Panginoon at susundin ito? Nakakapanatag malaman na hindi tayo nag-iisa sa mundo, sa kabila ng mga pasubok na kinakaharap natin sa buhay. Ang pagkakaroon ng mga propeta ay pagpapamalas ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Pinapakita nila ang mga pangako at tunay na katangian ng Diyos at ni Jesucristo sa Kanilang mga tao. Natutunan ko iyon sa aking mga karanasan.

Labingwalong taon na ang nakaraan, ako at ang aking asawa ay nakatanggap ng tawag sa telepono mula kay Pangulong James E. Faust, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan noon. Tinawag niya kami upang maglingkod bilang mission president at companion sa Portugal. Sinabi Niya sa amin na mayroon lamang kaming anim na linggo bago kami magsimula sa mission. Bagama't naramdaman namin na hindi kami handa, tinanggap namin ang tawag na maglingkod. Ang aming pinakamalaking pag-aalala noong panahong iyon ay ang pagkakaroon ng visa sa bansa na aming paglilingkuran dahil, ayon sa nakaraang karanasan, alam namin na ang proseso ay tatagal ng anim hangang walong buwan bago matapos.


Tinanong ni Pangulong Faust kung mayroon kaming pananamapalataya na gagawa ng himala ang Panginoon at mas mabilis naming maaayos ang problema sa visa. Ang sagot namin ay malaking "opo," at kaagad kaming kumilos. Inihanda namin ang mga dokumento na kinakailangan para sa visa, dinala ang aming tatlong maliliit na anak, at nagpunta agad sa konsulado. Sinalubong kami ng isang mabait na babae roon. Sa pagsusuri sa aming mga papeles at pag-alam sa kung ano ang gagawin namin sa Portugal, tinanong niya kami, "Tutulungan ba tagala ninyo ang mga tao sa aking bansa?" Matatag kaming sumagot ng "oo" at ipinaliwanag na kami ay magiging



kinatawan ni Jesucristo at magpapatotoo kami tungkol sa Kanya at sa Kanyang dakilang misyon sa mundo. Bumalik kami roon matapos ang apat na linggo, tinanggap ang aming mga visa at nakarating sa mission field sa loob ng anim na linggo, tulad ng ipinagawa sa amin ng propeta ng Panginoon.

Mga kapatid, taos-puso kong pinatototohanan na ang mga propeta ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pinatototohanan nila si Cristo at ang kanyang dakilang misyon sa mundo. Kinakatawan nila ang isip at puso ng Panginoon at tinawag sila upang kumatawan sa Kanya at turuan tayo ng kung ano ang dapat nating gawin upang makabalik sa presensya ng Diyos at ng Kanyang Anak, na si Jesucristo. Pinagpapala tayo sa pamumuhay natin ng ating pananampalataya at pagsunod sa kanilang mga turo. Sa pagsunod sa kanila, ang ating buhay ay magiging mas masaya at hindi masyadong komplikado, ang ating mga pagsubok at problema ay mas gagaan, at makakagawa tayo ng espirituwal na baluti sa paligid natin na poprotekta sa atin mula sa mga pagsalakay ng kalaban sa panahon natin ngayon.

Ngayong Pasko ng Pagkabuhay, mataimtim kong pinatototohanan na si Jesucristo ay nagbangon, Siya ay buhay, at pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan sa mundo sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, tagakita, at mga tagapaghayag. Pinatototohanan ko na Siya ang Tagapagligtas at ang Manunubos ng mundo at sa pamamagitan Niya tayo ay maliligtas at madadakila sa presensya ng ating mahal na Diyos. Minamahal ko Siya, sinasamba ko Siya. Nais kong sumunod sa Kanya at gawin ang kagustuhan Niya at maging higit na katulad Niya. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Ministering

*Tayo ay magpapatupad ng isang mas bago at mas banal na pamamaraan sa pangangalaga at paglilingkod sa iba.*

Salamat sa inyo Elder Gong at Elder Soares sa inyong taos-pusong pagpapakita ng pananampalataya. Kami ay lubos na nagpapasalamat sa inyo at sa inyong mga asawa.

Mahal kong mga kapatid, lagi naming hinahangad ang patnubay ng Panginoon kung paano natin matutulungan ang ating mga miyembro na sundin ang mga utos ng Diyos, lalo na ang dalawang dakilang utos na mahalin ang Diyos at ang ating kapwa.[1]

Sa loob ng maraming buwan, kami ay naghanap ng mas mainam na paraan upang tugunan ang espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng ating mga miyembro sa paraan ng Tagapagligtas.

Ginawa namin ang desisyong huwag nang ipagpatuloy ang "home teaching" at "visiting teaching" gaya ng pagkakaalam natin sa kanila. Sa halip, tayo ay magpapatupad ng isang mas bago at mas banal na pamamaraan sa pangangalaga at paglilingkod sa iba. Tatawagin natin ang mga pagsisikap na ito bilang "ministering."

Ang epektibong ministering ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng likas na kaloob ng kababaihan at ng walang kapantay na kapangyarihan ng priesthood. Kailangan nating lahat ang proteksyon laban sa tusong panlilinlang ng kaaway.

Ipaliliwanag nina Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ni Sister Jean B. Bingham, General President ng Relief Society, kung paano maglilingkod at magbabantay ngayon ang mga itinalagang kalalakihan ng priesthood at kababaihan ng Relief Society at Young Women sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo.

Ang Unang Panguluhan at ang Labindalawa ay nagkakaisa sa pagtitibay sa kanilang mga mensahe. Nang may pasasalamat at mapanalanging puso, bubuksan natin ang bagong kabanatang ito sa kasaysayan ng Simbahan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Lucas 10:27.





**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# "Makapiling at Palakasin Sila"

*Ang aming dalangin ngayong araw ay ang bawat lalaki at babae ay uuwi mula sa pangkalahatang kumperensya na ito nang may mas matatag na pangakong taos-pusong aalagaan ang bawat isa.*

Upang i-paraphrase ang sinabi ni Ralph Waldo Emerson, ang pinaka-hindi malilimutang mga sandali sa buhay ay ang mga sandali kung kailan nararamdaman natin ang pagbugso ng paghahayag.[1] Pangulong Nelson, hindi ko alam ko ilan pang mga "pagbugso" ang kaya naming tanggapin ngayong katapusan ng linggo. Ang ilan sa amin ay may mahihinang mga puso. Ngunit kung iisipin, kaya mo rin naman ito gawan ng paraan. Pambihirang propeta!

Sa diwa ng kagila-gilalas na mga pahayag at patotoo ni Pangulong Russell M. Nelson kagabi at kaninang umaga, pinatototohanan ko na ang mga pagbabagong ito ay mga halimbawa ng paghahayag na gumagabay sa ating Simbahan mula pa noong simula nito. Ang mga ito ay mga ebidensya pa na minamadali ng Diyos ang kanyang gawain sa panahong ito.[2]

Para sa mga nais pang malaman ang mga detalye ng mga bagay na ito, pagkatapos ng sesyon na ito ng kumperensya, ilang mga bagay ang kaagad na magaganap, ngunit hindi sa ganitong pagkakasunud-sunod, na kinabibilangan ng pagpapadala ng isang liham mula sa Unang Panguluhan sa bawat miyembro ng Simbahan na may may email address sa kanilang mga rekord sa Simbahan. Isang dokumento na may pitong pahina na naglalaman ng mga tanong at sagot ay ilalakip para sa lahat ng mga lider ng priesthood at mga auxiliary. Panghuli, ang mga bagay na ito ay ipopost kaagad sa ministering.lds.org. "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong."[3]

At ngayon ay ibabahagi ko sa inyo ang assignment na ibinigay ni Pangulong Russell M. Nelson sa amin ni Sister Jean B. Bingham. Mga kapatid, habang patuloy na lumalago ang gawain ng mga korum at auxiliary bilang institusyon, tayo rin dapat ay personal na lumalago—paitaas mula sa mekanikal, hindi taos-pusong gawain patungo sa taos-pusong pagkadisipulo na ipinahayag ng Tagapagligtas sa pagtatapos ng kanyang ministeryo sa lupa. Sa paghahanda Niya sa Kanyang paglisan mula sa kanyang mga inosente pa at medyo nalilitong grupo ng mga tagasunod, hindi Siya naglista ng isang dosenang gawaing administratibo na kailangan nilang gawin o binigyan sila ng sandakot na papeles na kailangang sagutan ng tatlong beses ang bawat isa. Hindi, ibinuod Niya ang kanilang gawain sa isang pangunahing kautusan: "Kayo'y mangagibigan sa isa't isa; na kung paanong iniibig ko kayo. . . . Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa."[4]

Sa pagsisikap na ilapit tayo sa ulirang turo na iyon ng ebanghelyo, kami ay nalulugod na ang bagong anunsyo na konsepto sa ministering ng priesthood at Relief Society ay kinabibilangan ng mga sumusunod, na ang ilan ay matagumpay nang sinimulan ng Relief Society.[5]

- Hindi na natin gagamitin ang mga katagang home teaching at visiting teaching. Iyan ay dahil sa malaking bahagi ng ating pagtuon sa ministering ay gagawin na sa ibang lugar bukod sa bahay at ang ating pagkontak ay hindi nangangahulugan na magtuturo tayo ng isang inihandang lesson, bagama't maaaring magbahagi ng lesson kung kinakailangan. Ang magiging pangunahing layunin ng ministering na ito, tulad





ng ginawa ng mga tao noong panahon ni Alma, ay "[pangalagaan] ang kanilang mga tao, at [pagyamanin] sila sa mga bagay na may kinalaman sa kabutihan."[6]

- Patuloy tayong bibisita sa mga bahay hangga't maaari, ngunit ang mga lokal na sitwasyon tulad ng dami ng miyembro, layo ng distansya, personal na kaligtasan, at iba pang mga hamon ay maaaring humadlang sa buwanang pagbisita sa tahanan. Tulad ng payo ng Unang Panguluhan ilang taon na ang nakararaan, gawin ninyo ang lahat ng inyong makakaya.[7] Bukod sa iskedyul na gagawin ninyo para sa mga personal na pagbisita, maaari ninyo itong dagdagan ng mga tawag sa telepono, maiikling sulat, text, email, video chat, pakikipag-usap sa mga miting sa Simbahan, magkakasamang ginagawa na service project, social activities, at iba pang mga pamamaraan na maaaring gawin gamit ang lumalawak na sakop ng social media. Gayunman, nais kong bigyang-diin na ang mas maraming paraan ng pakikisalamuha na ito ay hindi kinabibilangan ng kahiya-hiyang pag-uugali na nabasa ko kamakailan sa bumper sticker ng isang sasakyan. Nakasulat dito, "Kapag nabusinahan na kita, na-home teach ka na." *Pakiusap,* mga kapatid (hindi iyan magagawa ng mga kababaihan—ito ay para sa kalalakihan ng Simbahan), sa mga pagbabagong ito nais namin ng mas maiging pag-aaruga at pagmamalasakit.
- Sa mas bago at mas nakaayon sa ebanghelyo na konseptong ito ng paglilingkod, nararamdaman kong kinakabahan na kayo kung ano ang isusulat sa report. Wag kayong mag-alala, dahil walang report—hindi na iyong ginagawa lamang sa katapusan ng buwan at "naihabol-ko-lang" na uri ng report. Sinisikap din nating maging mas mahusay sa bahaging ito. Ang tanging report na gagawin ay ang bilang ng interbyu na ginawa ng mga lider sa mga ministering companionship sa ward kada tatlong buwan. Kahit na simpleng pakinggan, ang mga interbyu na ito ay lubhang mahalaga. Kung wala ang impormasyong ito, walang paraan ang bishop na matanggap ang impormasyong kailangan niya tungkol sa espirituwal at temporal na kondisyon ng kanyang mga miyembro. Tandaan: ang mga ministering brother ay kumakatawan sa bishopric at sa elders quorum presidency, hindi nila pinapalitan ang mga ito. Ang mga susi ng bishop at ng quorum president ay higit pa sa konseptong ito ng ministering.
- Dahil ang report na ito ay naiiba sa ginagawa ninyo dati, hayaan niyong bigyang-diin ko na *kami* sa Church headquarters ay hindi nangangailangan na malaman kung *paano* o *saan* o *kailan* ninyo kinokontak ang mga miyembro ninyo, ang nais namin malaman ay na *ginagawa* ninyo ito at pinagpapala sila sa bawat paraan na kaya ninyong gawin.

Mga kapatid, mayroon tayong isang hulog-ng-langit na pagkakataon na maipakita "ang dalisay na relihion [na] walang dungis sa harapan ng ating Dios"[8]—"magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan" at "aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw,"[9] paglingkuran ang balo at walang ama, ang may asawa at nag-iisa, ang malakas at balisa, ang naaapi at matibay, ang masaya at malungkot—sa madaling salita, tayong lahat, bawat isa sa atin, dahil kailangan nating lahat na madama ang kapanatagang dala ng pagkakaibigan at makarinig ng matibay na pagpapahayag ng pananampalataya. Gayunman, nais ko kayong balaan, na ang bagong pangalan, bagong kaluwagan, at mas kaunting mga report ay hindi gagawa ng kahit katiting na pagkakaiba sa ating paglilingkod maliban na lamang kung titingnan natin ang mga ito bilang isang imbitasyon sa pag-aalaga sa bawat isa sa mas matapang, bago, at banal na paraan, tulad ng kasasabi lamang ni Pangulong Nelson. Kapag binuksan natin ang ating espirituwal na mga mata at ipinamuhay ang batas ng pag-ibig nang walang itinatangi, nagbibigay-pugay tayo sa mga henerasyon ng mga tao na naglingkod sa gayong paraan sa loob ng maraming taon. Hayaan ninyong ibahagi ko ang isang halimbawa ng gayong debosyon na nangyari kamakailan lamang sa paghahangad na marami pa ang makaiintindi sa utos ng Panginoon na "makapiling at palakasin"[10] and ating mga kapatid.

Noong nakaraang ika-14 ng Enero, ilang minuto pagkatapos ng alas-5 n.h., ang mga nakababatang kaibigan ko na sina Brett at Kristin Hamblin ay nag-uusap sa kanilang bahay sa Tempe, Arizona, matapos ang isang araw ng paglilingkod ni Brett sa bishopric at

abalang pangangalaga ni Kristin sa kanilang limang anak.

Nang biglang si Kristin, na tila isang matagumpay na survivor ng breast cancer noong nakaraang taon, ay hinimatay. Isa tawag sa 911 ang nagdala ng isang emergency team na pinilit gisingin ang kanyang diwa. Habang si Brett ay sumasamong nagdasal, mabilis siyang gumawa ng dalawang tawag: isa sa kanyang ina na humihingi ng tulong para sa mga bata, at isa kay Edwin Potter, ang kanyang home teacher. Ganito ang kanilang naging pag-uusap:

Si Edwin, na napansin kung sino ang tumatawag sa pamamagitan ng kanyang caller ID, ay sumagot, "O, Brett, kamusta?"

Ang halos pasigaw na tugon ni Brett ay: "Kailangan kita dito—ngayon na!"

Sa lalong madaling panahon ay nasa tabi na ni Brett ang kanyang kasama sa priesthood, tumutulong sa mga bata at ipinagmamaneho si Brother Hamblin papuntang ospital sa likod ng ambulansyang may sakay sa kanyang asawa. Doon, wala pang 40 minuto matapos niyang ipikit ang kanyang mga mata, idineklara ng mga doktor na patay na si Kristin.

Habang umiiyak si Brett, inakbayan siya ni Edwin at umiyak kasama niya—sa loob ng maraming oras. Pagkatapos niyang iwanan si Brett upang magdalamhati kasama ang ibang miyembro ng kanyang pamilya, pumunta si Edwin sa bahay ng bishop upang sabihin sa kanya ang nangyari. Mabilis na tumungo ang bishop sa ospital habang pumunta naman si Edwin sa bahay ng mga Hamblin. Doon, siya at ang asawa niya, si Charlotte, na mabilis ding pumunta para tumulong, ay nakipaglaro sa ngayon ay ulila-na-sa-ina na mga batang Hamblin, edad 3 hanggang 12. Pinakain nila ang mga ito ng hapunan, nagdaos ng biglaang musikal na pagtatanghal, at tinulungan silang maghandang matulog.

Sabi ni Brett sa akin, "Ang kahanga-hangang bahagi ng kuwentong ito ay hindi na dumating si Edwin nang ako ay tumawag. Sa oras ng emergency, laging may mga taong handang tumulong. Hindi, ang kahanga-hangang bahagi ng kuwentong ito ay na siya ang unang kong naisip. May mga ibang tao sa paligid. Si Kristin ay may kapatid na lalaki at babae na nakatira ng hindi pa aabot sa tatlong milya ang layo mula sa amin. Mayroon kaming mahusay na bishop, ang pinakamahusay na bishop. Ngunit ang ugnayan sa pagitan namin ni Edwin ay nasa ganoong antas na siya ang naisip kong tawagan nang nangailangan ako ng tulong. Ang Simbahan ay nagbibigay sa atin ng nakabalangkas na paraan na ipamuhay nang mas mabuti ang pangalawang utos—na mahalin, paglingkuran, at magkaroon ng kaugnayan sa ating mga kapatid na tutulong sa atin na mas mapalapit sa Diyos."[11]

Sinabi ni Edwin tungkol sa karanasang ito, "Elder Holland, ang kakatwa sa lahat ng ito ay mas matagal pa na home teacher ng pamilya namin si Brett kaysa sa home teacher ako sa kanila. Sa mga panahong iyon, siya ay dumadalaw sa amin bilang kaibigan hindi dahil sa tungkulin. Siya ay isang mabuting halimbawa, isang ehemplo ng isang aktibo at nakikibahaging mayhawak ng priesthood. Kami ng aking asawa at mga anak na lalaki ay hindi siya nakikita bilang isang tao na obligadong magbahagi sa amin ng mensahe sa katapusan ng bawat buwan; nakikita namin siya bilang isang kaibigan na nakatira sa may kanto sa dulo ng kalye, na gagawin ang anumang bagay sa mundong ito upang pagpalain kami. Masaya ako na nakabayad ako nang kahit kaunti lang sa utang ko sa kanya."[12]



Mga kapatid, nakikisama ako sa inyo sa pagsaludo sa bawat block teacher at ward teacher at home teacher at visiting teacher na nagmahal at naglingkod sa ganitong paraan sa ating kasaysayan. Ang dalangin namin ngayon ay ang bawat lalaki at babae—at ang ating mga nakatatandang young men at young women—ay umuwi mula sa pangkalahatang kumperensyang ito nang may mas malalim na pangako na taos-pusong pangangalagaan ang bawat isa, ginaganyak ng dalisay na pag-ibig ni Cristo na gawin ito. Sa kabila ng mga nararamdaman natin na mga limitasyon at pagkukulang natin—lahat tayo ay may mga pagsubok—gayunpaman, nawa'y gumawa tayo na kasama ang Panginoon ng ubasan,[13] na tinutulungan ang ating Diyos at Ama sa mabigat na gawain Niya ng pagsagot sa mga panalangin, pagbigay ng alo, pagtuyo ng mga luha, at pagpapalakas ng mga nanghihina.[14] Kapag ginawa natin ito, tayo ay magiging mas tunay na dispulo ni Cristo na siyang dapat tayo maging. Nawa'y mahalin natin ang isa't isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin,[15] ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Ralph Waldo Emerson, *The Conduct of Life* (1860), 268.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:73.
3. Lucas 11:9.
4. Juan 13:34–35.
5. Tingnan sa "Kontakin Siya Anumang Oras, Saanmang Lugar, sa Anumang Paraan,"*Liahona,* Ene. 2018, 7.
6. Mosias 23:18; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:53.
7. Tingnan sa "Watching Over and Strengthening Members," Sulat ng Unang Panguluhan, Dis. 10, 2001.
8. Santiago 1:27.
9. Mosias 18:8-9.
10. Doktrina at mga Tipan 20:53.
11. Brett Hamblin, personal na liham, Peb. 2018.
12. Edwin Potter, personal na liham, Peb. 2018.
13. Tingnan sa Jacob 5:70-72.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 81:5.
15. Tingnan sa Juan 15:12.



**Ni Jean B. Bingham**
Relief Society General President

# Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas

*Nawa'y ipakita natin ang ating pasasalamat at pagmamahal para sa Diyos sa pamamagitan ng pagmiminister nang may pagmamahal sa ating walang hanggang mga kapatid.*

Napakalaking pagpapala ang mabuhay sa panahon ng patuloy na paghahayag mula sa Diyos! Habang inaasam at tinatanggap natin ang "pagsasauli sa dati ng lahat ng bagay,"[1] na dumating at darating sa pamamagitan ng mga ipinropesiyang pangyayari sa ating panahon, naihahanda tayo para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.[2]

At wala nang mas mahusay na paraan upang maghanda sa pagharap sa kanya kaysa sikaping maging *katulad* Niya sa pamamagitan ng magiliw na ministering sa bawat isa! Nagturo si Jesucristo sa kanyang mga tagasunod sa simula ng dispensasyong ito, "kung mahal ninyo ako kayo ay maglilingkod sa akin."[3] Ang ating paglilingkod sa iba ay isang pagpapakita ng ating pagkadisipulo at ng ating pasasalamat at pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang anak na si Jesucristo.

Kung minsan iniisip natin na kailangang dakila at magiting ang bagay na ating gagawin upang "matanggap" ito na paglilingkod sa ating kapwa. Gayunman, ang mga simpleng paglilingkod ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa iba—pati na rin sa ating sarili. Ano ang ginawa ng Tagapagligtas? Sa pamamagitan ng dakilang kaloob ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli—na ipinagdiriwang natin ngayong Linggo ng Pagkabuhay—"walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo."[4] Pero siya rin ay ngumiti, nakipag-usap, naglakad kasama, nakinig, nag-ukol ng oras, naghikayat, nagturo, nagpakain at nagpatawad. Naglingkod siya sa pamilya at mga kaibigan, kapitbahay at mga dayuhan, at inanyayahan ang mga kakilala niya at mga mahal sa buhay upang tamasahin ang saganang mga pagpapala ng Kanyang ebanghelyo. Ang mga "simpleng" paglilingkod at pagmamahal na iyon ay huwaran para sa ating ministering ngayon.

Kapag mayroon kayong pribilehiyo na katawanin ang Tagapagligtas sa iyong mga pagsisikap na maglingkod sa ministering, tanungin ang inyong sarili, "Paano ko maibabahagi ang liwanag ng ebanghelyo sa tao o pamilyang ito? Ano ang ipinadarama ng Espiritu na gawin ko?"

Ang ministering ay magagawa sa maraming magkakaibang mga paraan. Kung gayon, ano ang mga ito?

Sa ministering, ang mga elders quorum at Relief Society presidency ay mapanalanging nag-uusap tungkol sa mga gawain ng paglilingkod. Sa halip na mamigay lamang ng mga piraso ng papel, pinag-uusapan ang tungkol sa mga indibiduwal at pamilya bago ibigay ang tungkulin sa mga ministering brother at sister. Ito ay ang paglalakad nang magkasama, paglalaro nang magkasama sa game night, pag-aalok ng tulong, o magkasamang paglilingkod. Ito ay ang personal na pagbisita o pakikipag-usap sa telepono o pakikipag-chat online o pagpapadala ng text. Ito ay ang pagbigay ng birthday card at pagcheer sa isang laro ng soccer. Ito ay ang pagbabahagi ng isang talata o sipi mula sa isang mensahe sa kumperensya na makahulugan sa isang indibidwal. Ito ay ang pagtalakay sa isang tanong tungkol sa ebanghelyo at pagbabahagi ng patotoo na nagbibigay linaw at kapayapaan. Ito ay pagiging bahagi ng buhay ng isang tao at pagmamalasakit sa kanya. Kabilang



din dito ang interbyu sa ministering kung saan ang mga pangangailangan at kakayahan ay tinatalakay nang buong pag-iingat at sa angkop na paraan. Ito ay ang ward council na nag-oorganisa upang tumugon sa higit na malaking pangangailangan.

Ang ganitong uri ng ministering ay nagpalakas sa isang sister na lumipat nang malayo sa kanilang tahanan nang nagsimula sa graduate school ang asawa niya. Nang walang gumaganang telepono at may isang batang sanggol na inaalagaan, nakadama siya ng pagkataranta sa kanilang bagong lokasyon, nalulumbay at nag-iisa. Nang walang paunang abiso, dumating ang isang Relief Society sister na may dalang isang maliit na pares ng sapatos para sa sanggol, isinakay silang dalawa sa kanyang kotse, tinulungan sila maghanap ng isang grocery store. Iniulat ng nagpapasalamat na sister, "Siya ang nagligtas sa akin!"

Ang tunay na ministering ay ipinakita ng isang nakatatandang sister sa Africa na may tungkulin na hanapin ang isang sister na matagal nang hindi nakakapagsimba. Nang pumunta siya sa bahay ng sister, natagpuan niya ang babaeng ito na binugbog at ninakawan, may kaunti lamang na pagkain, at walang damit na sa palagay niya ay angkop para sa mga pulong ng Simbahan tuwing Linggo. Ang babaeng itinalaga para magminister sa kanya ay nakinig sa babaeng ito, nagdala ng mga bunga mula sa kanyang halamanan at mga banal na kasulatan, at nakipagkaibigan sa kanya. Muling nagbalik sa Simbahan ang "nawawalang" sister at ngayon ay may tungkulin na dahil alam niya na siya ay minamahal at pinahahalagahan.

Ang pagsasama ng pagsisikap na ito ng Relief Society sa binagong elders quorum ay magdadala ng pagkakaisa na magbibigay ng pambihirang mga resulta. Ang ministering ay nagiging isang pinag-isang pagsisikap na magampanan ang mga tungkulin sa priesthood na "dumalaw sa bahay ng bawat kasapi" at na "pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila,"[5] at upang makamit ang



mga layunin ng Relief Society na tulungan ang isa't isa na maghanda para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan.[6] Sa pagtutulungan sa ilalim ng pamamahala ng bishop, ang elders quorum at ang Relief Society presidency ay makatatanggap ng inspirasyon kapag hinangad nila ang mga pinakamahusay na paraan upang pangalagaan at kalingain ang bawat tao at pamilya.

Bibigyan ko kayo ng isang halimbawa. Ang isang ina ay nasuring may kanser. Hindi nagtagal matapos niyang simulan ang pagpapagamot, kumilos kaagad ang Relief Society, nagplano kung paano pinakainam na makatutulong sa pagkain, transportasyon papunta sa doktor, at iba pang suporta. Dumalaw sila nang regular, at nagbigay saya at ng taong makakasama niya. Kasabay nito, kaagad na kumilos ang korum ng Melchizedek Priesthood quorum. Tumulong sila sa pagdaragdag ng isang binagong kuwarto at banyo upang maging mas madali ang pangangalaga sa may sakit na sister. Ang mga kabataang lalaki ay tumulong sa makabuluhang pagsisikap na iyon. At nakibahagi rin ang mga kabataang babae: malugod nilang ipinasyal ang kanyang aso araw-araw. Sa paglipas ng panahon, patuloy na naglingkod ang ward, dinadagdagan at iniaangkop ang kanilang paglilingkod kung kinakailangan. Malinaw na isa itong gawain ng pagmamahal, kung saan ibinahagi ng bawat miyembro ang kanyang sarili, nagkakaisang nangalaga sa mga paraan na nagpala hindi lamang sa babaeng dumaranas ng sakit kundi sa bawat miyembro ng kanyang pamilya.

Matapos ang magiting na pagsisikap, ang sister na ito ay bumigay na sa kanser at yumao. Huminga ba nang maluwag ang ward at sinabing tapos na ang gawain? Hindi, patuloy na ipinasyal ng mga kabataang babae araw-araw ang kanyang aso, patuloy na naglingkod ang mga priesthood quorum sa ama at sa kanyang pamilya, at ang mga kababaihan ng Relief Society ay patuloy na tumulong para matukoy ang mga abilidad at pangangailangan ng pamilya. Mga kapatid, ito ay ang ministering—ito ay ang pagmamahal na tulad ng Tagapagligtas!

Isa pang pagpapala ng mga inspiradong pahayag na ito ay ang pagkakataon para sa mga kabataang babae edad 14 hanggang 18 na makibahagi sa ministering bilang kompanyon sa mga kababaihan ng Relief Society, tulad ng mga kabataang lalaki na naglilingkod bilang mga ministering companion kasama ang mga kalalakihan ng Melchizedek Priesthood. Ang mga kabataan ay maaaring maibahagi ang kanilang natatanging mga kaloob at paunlarin ang kanilang espirituwalidad habang naglilingkod sila kasama ang mga mas nakatatanda sa gawain ng kaligtasan. Ang pakikilahok ng mga kabataan sa assignment sa ministering ay maaari ding magpalawak sa naaabot ng Relief Society at ng elders quorum sa pangangalaga sa iba sa

pamamagitan ng pagdami ng mga miyembro na nakikibahagi.

Kapag iniisip ko ang mga mahuhusay na young women na nakilala ko, nasasabik ako para sa mga kababaihan ng Relief Society na may pribilehiyong mapagpala ng sigla, talento, at espirituwalidad ng isang young woman habang sila ay magkasamang naglilingkod o tuwing sila ay mapaglilingkuran nila. At nalulugod rin ako para sa pagkakataon ng mga young women na maturuan at palakasin ng kanilang mga kapatid sa Relief Society. Ang pagkakataong ito na makibahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos ay magiging isang malaking kapakinabangan sa mga young women, na tutulong sa kanila na maging handa para magampanan ang kanilang tungkulin bilang mga lider sa Simbahan at komunidad at bilang kapaki-pakinabang na katuwang sa kanilang pamilya. Tulad ng ibinahagi ni Sister Bonnie L. Oscarson kahapon, "*gusto* ng mga young women na maglingkod. Kailangan nilang malaman na sila ay pinahahalagahan at kailangan sa gawain ng kaligtasan."[7]

Sa katunayan, ang mga young women ay nagmiminister na sa iba, kahit na walang ibinibigay na tungkulin o pagkilala sa kanilang paglilingkod. Isang pamilya na kakilala ko ang lumipat ng daan-daang milya ang layo papunta sa ibang lugar kung saan wala silang kilala. Sa unang linggo, isang 14-na-taong-gulang na batang babae mula sa bago nilang ward ang pumunta sa bahay nila na may dalang isang plato ng cookies bilang pagsalubong sa kanila. Ang kanyang ina na naghatid sa kanya ay tahimik na nakangiti sa kanyang likuran, sinusuportahan ang hangad ng kanyang anak na magminister.

Isa pang ina ang nag-alala isang araw nang ang kanyang 16-na-taong-gulang na anak na babae ay hindi umuwi sa kinagawiang oras nito. Nang dumating sa wakas ang batang babae, tinanong siya ng kanyang ina kung saan siya nagpunta. Marahang sumagot ang 16-na-taong-gulang na nagdala siya ng bulaklak sa isang balong nakatira malapit sa kanila. Napansin niyang



mukhang nalulumbay ang matanda at naramdaman na dapat niyang bisitahin ito. Nang may pahintulot ng kanyang ina, patuloy na binisita ng young woman na ito ang matandang babae. Naging mabuti silang magkaibigan at ang kanilang matamis na pagkakaibigan ay nagpatuloy ng maraming taon.

Ang bawat isa sa mga young women na ito, at marami pang tulad nila, ay napansin ang mga pangangailangan ng isang tao at nagsikap na matugunan ang mga ito. Ang young women ay may likas na hangaring mangalaga at magbahagi na maaaring mahusay na maipamalas sa pamamagitan ng paglilingkod kasama ng isang babaeng nasa hustong gulang.

Anuman ang ating edad, kapag iniisip natin kung paano mas mabisang makapaglilingkod, itanong natin, "Ano ba ang kailangan niya?" Sa pagtatanong niyon nang may taos na hangaring maglingkod, tayo ay gagabayan ng Espiritu na gawin ang mga bagay na magpapasigla at magpapalakas ng indibiduwal. Marami na akong narinig na kuwento ng mga miyembro na napagpala sa pamamagitan ng isang simpleng pagsalubong sa simbahan, isang email o mensahe sa text, pakikipag-ugnayan sa panahon ng pagsubok, isang paanyaya na makibahagi sa isang group activity, o isang alok ng tulong sa mahirap na sitwasyon. Ang mga solo na magulang, bagong binyag, hindi gaanong aktibong miyembro, balo, o mga kabataang may espesyal na hamon, ay maaaring kailangan ng dagdag na atensyon at prayoridad mula sa mga ministering brother at sister. Ang ugnayan sa pagitan ng elders quorum at Relief Society presidency ay nagbibigay-daan para makapagbigay ng tama at angkop na mga assignment.

Sa huli, ang tunay na ministering ay maisasakatuparan nang paisa-isa nang pag-ibig ang motibo. Ang kahalagahan at kabuluhan ng tapat na ministering ay na talagang binabago nito ang maraming buhay! Kung bukas ang ating mga puso at handa itong magmahal at magsama, maghikayat at mag-aliw, ang bisa ng ating ministering ay hindi mapaglalabanan. Kung pagmamahal ang ating motibo, may mga himalang mangyayari, at makahahanap tayo ng mga paraan para ibalik ang ating "nawawalang" mga kapatid sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang Tagapagligtas ang ating halimbawa sa lahat ng bagay—hindi lang sa kung ano ang dapat nating gawin kundi pati na rin sa kung *bakit* dapat nating gawin ito.[8] "Ang kanyang buhay sa lupa ay [isang] paanyaya sa atin na itaas ang ating tingin nang mas mataas, na kalimutan ang ating sariling mga problema at tumulong sa iba."[9] Sa pagtanggap natin sa pagkakataon na buong puso na magminister sa ating mga kapatid, mabibiyayaan tayo ng dagdag na espirituwalidad, mas maaayon tayo sa kalooban ng Diyos, at mas maiintindihan natin ang Kanyang plano na tulungan ang bawat isa na makabalik sa Kanya. Mas madali nating makikilala ang Kanyang mga pagpapala at magiging sabik na ibahagi ang mga biyayang ito sa iba. Ang ating mga puso ay sabay na aawit sa ating mga tinig:

*Kapatid, nawa'y ibigin*
*Gaya ng pag-ibig N'yo,*
*Ang lakas Ninyo't patnubay,*
*Laging aasahan ko.*

*O, aking Panginoon—*
*Kayo'y laging susundin.*[10]

Nawa'y ipakita natin ang ating pasasalamat at pagmamahal para sa Diyos sa pamamagitan ng pagmiminister nang may pagmamahal sa ating walang hanggang mga kapatid.[11] Ang resulta ay ang pakiramdam ng pagkakaisa tulad ng nadama ng mga tao sa lumang Amerika 100 taon matapos ang pagpapakita ng Tagapagligtas sa kanilang lupain.

"At ito ay nangyari na, na hindi nagkaroon ng alitan . . . dahil sa pagibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.

". . . Walang mga inggitan, ni sigalutan, . . . at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos."[12]

Masaya kong ibinabahagi ang aking personal na patotoo na ang mga bagong paghahayag na ito ay binigyang-inspirasyon ng Diyos at, kung tatanggapin natin ito nang buong puso, tayo ay magiging mas handang harapin ang Kanyang anak na si Jesucristo sa Kanyang pagparito. Tayo ay mapapalapit sa pagiging tao ng Sion at magagalak kasama ang mga taong natulungan natin sa landas ng pagkadisipulo. Nawa'y gawin natin ito ang aking mataimtim at mapagkumbabang dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mga Gawa 3:19-21.
2. Tingnan sa Robert D. Hales, "Mga Paghahanda para sa Panunumbalik at ang Ikalawang Pagparito: 'Ang Aking Kamay ay Gagabay sa Iyo,'" *Liahona,* Nob. 2005. 88-92.
3. Doktrina at mga Tipan 42:29.
4. "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol," *Liahona,* Mayo 2017, sa loob ng pabalat sa harap.
5. Doktrina at mga Tipan 20:47, 53.
6. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.1.1.
7. Bonnie L. Oscarson, "Mga Kabataang Babae sa Gawain," *Liahona,* Mayo 2018, 38.
8. Tingnan sa Mga Taga Efeso 5:2.
9. Russell T. Osguthorpe, "What If Love Were Our Only Motive?" (Brigham Young University devotional, Mar. 8, 2011), 7, speeches.byu.edu).
10. "Panginoon, Kayo'y Laging Susundin," *Mga Himno,* blg. 164.
11. Tingnan sa Mosias 2:17.
12. 4 Nephi 1:15–16.



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Narito, ang Tao!

*Ang mga taong humahanap ng paraan para tunay na mamasdan ang Tao ay makikita ang pintuan patungo sa pinakamalaking kagalakan sa buhay at balsamo para sa kalungkutan.*

Mahal kong mga kapatid, at mga kaibigan, nagpapasalamat ako na makasama kayo sa napakagandang pangkalahatang kumperensyang ito ngayong Linggo. Kami ni Harriet ay nagagalak kasama ninyo na sang-ayunan sina Elder Gong at Elder Soares at ang marami pa sa ating mga kapatid na nakatanggap ng mga bagong tungkulin ngayong pangkalahatang kumperensya.



Bagama't lagi kong naalala ang aking mahal na kaibigang si Pangulong Thomas S. Monson, akin ding minamahal, sinasang-ayunan, at sinuportahan ang ating propeta at Pangulo, si Russell M. Nelson at ang kanyang mga kagalang-galang na tagapayo.

Ipinagpapasalamat at ikinararangal ko rin na makasamang muli na maglingkod ang aking mga minamahal na kapatid sa Korum ng Labindalawa.

Higit sa lahat, ako'y lubos na napapakumbaba at nagagalak sa pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kung saan milyun-milyong kalalakihan, kababaihan at kabataan ang handang *magbuhat Kung saan sila nakatayo*—sa anumang katayuan o tungkulin—at nagsisikap nang buong puso na maglingkod sa Diyos at sa Kanyang mga anak, at itayo ang kaharian ng Diyos.

Sagrado ang araw na ito. Ngayon ay Linggo ng Pagkabuhay, kung kailan ginugunita natin ang maluwalhating umagang iyon nang kalagin ng Tagapagligtas ang mga gapos ng kamatayan[1] at matagumpay na lumabas sa libingan.

### Ang Pinakadakilang Araw sa Kasaysayan

Kamakailan ay nagtanong ako sa internet, "Anong araw ang lubhang nagpabago sa takbo ng kasaysayan?"

Ang mga sagot ay nakakagulat at kakatwa at mayroon ding malalim at nakapagpapaisip. Kabilang dito ang araw na tumama ang isang sinaunang asteroid sa Yucatán Peninsula; o noong 1440, kung kailan natapos ni Johannes Gutenberg ang kanyang palimbagan; at siyempre pa ang araw noong 1903 nang ipakita ng Wright brothers sa buong mundo na talagang makalilipad ang tao.

Kung itatanong sa inyo ito, ano ang isasagot ninyo?

Malinaw sa isip ko ang sagot.

Upang malaman ang pinakamahalagang araw sa kasaysayan, dapat nating balikan ang gabing iyon halos 2,000 taon na ang nakalipas sa hardin ng Getsemani nang lumuhod at nanalangin si Jesucristo at inialay ang kanyang Sarili bilang pangtubos para sa ating mga kasalanan. Sa dakila at walang katapusang sakripisyong ito na di mapapantayan ang pagdurusang dulot sa katawan at espiritu, si Jesucristo, kahit pa nga isang Diyos, ay nilabasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat. Dahil sa sakdal na pagmamahal, ibinigay niya ang lahat upang matanggap natin ang lahat. Ang kanyang sagradong sakripisyo, na mahirap maunawaan, at madarama lamang sa ating puso at isipan, ay nagpapaalala sa atin na bawat tao ay dapat pasalamatan si Cristo sa Kanyang dakilang handog na ito.

Kalaunan nang gabing iyon, si Jesus ay dinala sa harapan ng mga pinuno ng relihiyon at pulitika na nanlait sa Kanya, binugbog Siya, at hinatulang mamatay sa kahiya-hiyang paraan. Nagdusa Siyang nakabayubay sa krus hanggang sa wakas iyon ay "naganap na."[2] Ang kanyang bangkay ay inihimlay sa isang hiram na libingan. At pagkatapos, sa umaga ng ikatlong araw, si Jesucristo, ang anak ng Makapangyarihang Diyos, ay lumabas mula sa libingan bilang isang maluwalhati at nabuhay na maguling nilalang na taglay ang kadakilaan, liwanag, at karingalan.

Oo, maraming kaganapan sa kasaysayan ang lubhang nakaapekto sa tadhana ng mga bansa at mga tao. Ngunit kahit pagsamahin pa ang lahat ng ito, ay hindi pa rin maikukumpara sa kahalagahan ng naganap sa umagang iyon ng unang Pasko ng Pagkabuhay.

Bakit ang sakripisyo at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan—na higit pa ang impluwensyang idinulot kaysa mga digmaan, mapaminsalang kalamidad, at mga tuklas ng siyensya na nagpapabago ng buhay?

### Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, Tayo ay Mabubuhay na Muli

Ang sagot ay matatagpuan sa dalawang walang kalutasang hamon na dadanasin nating lahat.

Una, lahat tayo ay mamamatay. Gaano man kayo kabata, kaganda, kalusog, o kaingat, balang araw ang inyong katawan ay mawawalan ng buhay. Ang mga kaibigan at pamilya ninyo ay ipagluluksa kayo. Ngunit hindi na nila kayo mabubuhay pang muli.

Gayunpaman, dahil kay Cristo, ang inyong kamatayan ay pansamantala lamang. Balang araw ang inyong espiritu ay sasamang muli sa inyong katawan. Ang nabuhay na muling katawan ay hindi na saklaw ng kamatayan,[3] at kayo ay mananatiling buhay sa kawalang-hanggan, malaya sa sakit at hirap ng katawan.[4]

Ito ay mangyayari dahil kay Jesucristo, na nag-alay ng Kanyang buhay at kinuha itong muli.

Ginawa niya ito para sa lahat ng naniniwala sa Kanya.

Ginawa niya ito para sa lahat ng hindi naniniwala sa Kanya.

Ginawa niya ito kahit na sa mga nanlibak, lumait, at lumapastangan sa Kanyang pangalan.[5]

### Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, Maaari Nating Makapiling ang Diyos

Pangalawa, lahat tayo ay nagkasala. Ang ating mga kasalanan ay hinahadlangan tayo na makapiling ang Diyos kailanman, sapagkat "walang maruming bagay ang makapapasok sa kanyang kaharian."[6]

Bunga nito, bawat lalaki, babae, at bata ay hindi makababalik sa Kanyang kinaroroonan—maliban na lang kung si Jesucristo, ang Korderong walang dungis, ay mag-aalay ng Kanyang buhay para tubusin tayo sa ating mga kasalanan. Dahil si Jesus ay walang kasalanan, may kakayahan Siyang bayaran ang ating mga pagkakautang at ang mga hinihingi ng katarungan para sa bawat tao. At kayo at ako ay kabilang diyan.

Si Jesucristo ay nagbayad para sa ating mga kasalanan.

Lahat ng ating kasalanan.

Sa pinakamahalagang araw na iyon sa kasaysayan, binuksan ni Jesucristo ang mga pintuan ng kamatayan at inalis ang mga balakid na humahadlang sa atin sa pagpasok sa sagrado at pinabanal na bulwagan ng buhay na walang hanggan. Dahil sa ating Panginoon at Tagapagligtas, tayo ay napagkalooban ng pinakamahalaga at walang katumbas na kaloob—anuman ang ating nakaraan, maaari tayong magsisi at sumunod sa landas na patungo sa selestiyal na liwanag at kaluwalhatian, na napalilibutan ng matatapat na anak ng Ama sa Langit.

### Bakit Tayo Nagagalak

Ito ang ipinagdiriwang natin sa Linggo ng Pagkabuhay—ipinagdiriwang natin ang buhay!

Dahil kay Jesucristo, tayo ay babangon mula sa kapighatian ng kamatayan at yayakapin ang mga mahal natin sa buhay, napapaluha sa labis na kaligayahan at nag-uumapaw na pasasalamat. Dahil kay Jesucristo, mabubuhay tayo bilang mga walang hanggang nilalang, sa mga daigdig na walang katapusan.

Dahil kay Jesucristo, ang ating mga kasalanan ay hindi lamang mabubura; ang mga ito ay kalilimutan na.

Tayo ay madadalisay at madadakila.

Banal.

Dahil sa ating pinakamamahal na Tagapagligtas, makaiinom tayo kailanman mula sa bukal ng tubig na sumisibol patungo sa buhay na walang

hanggan.[7] Makapaninirahan tayo nang walang hanggan sa mga mansiyon ng ating walang hanggang Hari, sa di-mailarawang kaluwalhatian at ganap na kaligayahan.

#### Atin bang "[Minamasdan] ang Tao"?

Sa kabila nito, marami sa mundo ngayon ang hindi alam o hindi naniniwala sa mahalagang kaloob na ibinigay sa atin ni Jesucristo. Maaaring narinig na nila ang tungkol kay Jesucristo at nakilala Siya bilang mahalagang tao sa kasaysayan, ngunit hindi nila nakikita kung sino talaga Siya.

Kapag iniisip ko ito, naaalala ko ang Tagapagligtas na nakatayo sa harapan ng gobernador ng Roma sa Judea, si Poncio Pilato, ilang oras lamang bago siya mamatay.

Ang tingin ni Pilato kay Jesus ay limitado lamang sa pananaw ng mundo. Si Pilato ay may dalawang malaking trabahong dapat gawin: pangongolekta ng buwis para sa Roma at pagpapanatili ng kapayapaan. Ngayon ay iniharap sa kanya ng Judiong Sanedrin ang isang lalaki na ayon sa kanila ay balakid sa dalawang gawaing ito.[8]

Matapos tanungin ang kanyang bilanggo, inihayag ni Pilato, "Wala akong masumpungang kasalanan sa taong ito."[9] Ngunit nadama niyang kailangan niyang payapain ang mga nag-aakusa kay Jesus, kaya't ginamit ni Pilato ang kaugalian sa lugar na magpalaya ng isang bilanggo tuwing panahon ng Paskua. Hindi ba't dapat na si Jesus ang kanilang palayain sa halip na ang kilalang magnanakaw at mamatay-taong si Barrabas?[10]

Subalit ang iginiit ng mga nagkakagulong mga tao ay pawalan ni Pilato si Barrabas at ipako sa krus si Jesus.

"Bakit?" Ang tanong ni Pilato. "Anong masama ang kaniyang ginawa?"

Ngunit lalo lamang lumakas ang kanilang pagsigaw. "Ipako siya sa krus!"[11]

Sa huling pagkakataon sinubukan muli ni Pilato na pagbigyan ang mga tao, kaya iniutos niya sa kanyang mga tauhan na hampasin si Jesus.[12] Ginawa nila ito, at iniwan siyang duguan at bugbog ang katawan. Nilibak nila Siya, pinatungan ng koronang tinik ang Kanyang ulo, at pinagsuot Siya ng balabal na kulay-ube.[13]

Marahil inisip ni Pilato na sapat na ito para masiyahan ang mga tao sa nakitang karahasan. Marahil maaawa sila sa taong iyon. "Narito, siya'y inilabas ko sa inyo," sabi ni Pilato, "upang inyong matalastas na wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya. . . . Narito, ang tao!"[14]



Ang Anak ng Diyos ay nakatayo mismo sa harap ng mga tao ng Jerusalem.

Nakita nila si Jesus, ngunit hindi nila tunay na namasdan Siya.

Wala silang mga matang nakakakita.[15]

Sa matalinghagang kahulugan, tayo din ay inaanyayahang "[masdan] ang tao." Iba-iba ang mga opinyon sa Kanya ng mundo. Pinatototohanan ng mga propeta noon at ngayon na siya ay Anak ng Diyos. Ako rin. Makabuluhan at mahalaga na bawat isa sa atin ay malaman mismo iyon. Kaya, kapag pinagninilayan ninyo ang buhay at ministeryo ni Jesucristo, ano ang inyong nakikita?

Ang mga taong humahanap ng paraan para tunay na mamasdan ang Tao ay makikita ang pintuan patungo sa pinakamalaking kagalakan sa buhay at balsamo para sa kalungkutan.

Kaya kapag kayo ay napapalibutan ng kalungkutan at pighati, masdan ang Tao.

Kapag sa pakiramdam ninyo ay naliligaw kayo o nakakaligtaan, masdan ang Tao.

Kapag kayo ay nalulungkot, napabayaan, nag-aalinlangan, nasaktan, o nawalan ng pag-asa, masdan ang Tao.

Siya ay magbibigay sa inyo ng kapanatagan.

Siya ay magpapagaling sa inyo at magbibigay ng kahulugan sa inyong paglalakbay. Ibubuhos Niya ang Kanyang Espiritu at pupuspusin ng galak ang inyong puso.[16]

"Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana niya sa kalakasan."[17]

Kapag tunay nating minasdan ang Tao, tayo ay matututo mula sa kanya at magsisikap na iayon sa Kanya ang ating buhay. Magsisisi at masigasig nating dadalisayin ang ating likas na pagkatao at mas lalapit sa Kanya sa bawat araw. Nagtitiwala tayo sa Kanya. Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa pagsunod sa Kanyang



mga utos at sa pamumuhay ayon sa ating mga sagradong tipan.

Sa madaling salita, tayo ay Kanyang magiging mga disipulo.

Ang Kanyang nagpadalisay na liwanag ay pumupuspos sa ating mga kaluluwa. Ang Kanyang biyaya ay nagpapasigla sa atin. Ang ating mga pasanin ay pinagagaan, ang ating kapayapaan ay nag-iibayo. Kapag tunay nating minasdan ang Tao, may pangakong magkakaroon tayo ng pinagpalang kinabukasan na maghihikayat at magsusuporta sa atin sa gitna ng mga pag-aalinlangan at pagsubok sa buhay. Sa pagbabalik-tanaw, malalaman natin na mayroong isang banal na huwaran, na totoong nagkakaugnay-ugnay ang mga pangyayari sa ating buhay.[18]

Kapag tinanggap niyo ang Kanyang sakripisyo, naging Kanyang disipulo, at naabot ang dulo ng inyong paglalakbay dito sa lupa, ano ang mangyayari sa mga pagsubok niyo sa buhay?

Mawawala ang mga ito.

Ano ang mangyayari sa mga pagkabigo, pagtataksil, at pang-uusig na dinanas ninyo?

Mawawala ang mga ito.

Ano ang mangyayari sa pagdurusa, dalamhati, kasalanan, kahihiyan at pighati na inyong naranasan?

Mawawala ang mga ito.

Malilimutan.

Nakapagtataka ba na "nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan"?[19]

Nakapagtataka ba na nagsusumikap tayo nang buong puso na tunay na masdan ang Tao?

Minamahal kong mga kapatid, pinatototohanan ko na ang pinakamahalagang araw sa kasaysayan ng sangkatauhan ay ang araw na si Jesucristo, ang Anak ng buhay na Diyos, ay nagtagumpay laban sa kamatayan at kasalanan para sa lahat ng anak ng Diyos. At ang pinakamahalagang araw sa buhay ninyo at sa akin ay ang araw na matutuhan nating "[masdan] ang Tao"; kapag nakita natin Siya sa kung sino Siya talaga; Kapag tinanggap natin nang ganap sa ating puso't isipan ang Kanyang nagbabayad-salang kapangyarihan; kapag nangako tayong susundin Siya nang may panibagong sigla at lakas. Nawa iyon ay maging araw na paulit-ulit na mangyayari sa atin habambuhay.

Iniiwan ko sa inyo ang aking patotoo at basbas na kapag ating "[minasdan] ang Tao," magkakaroon tayo ng kabuluhan, kagalakan, at kapayapaan sa buhay na ito sa lupa at sa buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mosias 15:23.
2. Juan 19:30.
3. Tingnan sa Alma 11:45.
4. Tingnan sa Apocalipsis 21:4.
5. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–23;.
6. 3 Nephi 27:19.
7. Tingnan sa Juan 4:14.
8. Tingnan sa Lucas 23:2.
9. Juan:18:38. Upang maiwasang hatulan si Jesus, sinubukang ipasa ni Pilato ang kaso kay Herodes. Kung si Herodes, na nag-utos na patayin si Juan Bautista (tingnan sa Mateo 14:6–11), ay hahatulan si Jesus, maaaring aprubahan na lamang ito ni Pilato at sabihing isa lamang itong simpleng kaso sa lokal na pamahalaan na sinang-ayunan niya para mapanatili ang kapayapaan. Ngunit walang sinabing anuman si Jesus kay Herodes (tingnan sa Lucas 23:6–12), kaya pinabalik ni Herodes si Jesus kay Pilato.
10. Tingnan sa Marcos 15:6–7; Juan 18:39–40. Isinulat ng isang iskolar ng Bagong Tipan, "Tila naging kaugalian na, na sa Paskua ang gobernador sa Roma ay pawalan sa populasyon ng mga Judio ang ilang kilalang bilanggo na nahatulan nang mamatay" (Alfred Edersheim, *The Life and Times of Jesus the Messiah* [1899], 2:576). Ang kahulugan ng pangalang *Barrabas* ay "anak ng ama." Ang kabalintunaan na pinapili ang mga tao ng Jerusalem sa pagitan ng dalawang taong ito ay nakakapag-taka.
11. Tingnan sa Marcos 15:11–14.
12. Ang paghampas na ito ay kakila-kilabot kaya't tinawag itong "the intermediate death" (Edersheim, *Jesus the Messiah,* 2:579).
13. Tingnan sa Juan 19:1–3.
14. Juan 19:4–5.
15. Bago ito, nakita ni Jesus na "kumapal ang puso ng bayang ito, at mahirap na mangakarinig ang kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata; baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakarinig ng kanilang mga tainga, at mangakaunawa ng kanilang puso, at muling mangagbalik loob, At sila'y aking pagalingin." At pagkatapos ay magiliw Niyang sinabi sa Kanyang mga disipulo, "Datapuwa't mapapalad ang inyong mga mata, sapagka't nangakakakita; at ang iyong mga tainga, sapagka't nangakakarinig" (Mateo 13:15–16). Hahayaan ba nating tumigas ang ating mga puso, o bubuksan natin ang ating mga mata at mga puso upang tunay nating mamasdan ang Tao?
16. Tingnan sa Mosias 4:20.
17. Isaias 40:29.
18. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Ang Pakikipagsapalaran sa Mortalidad" (pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 14, 2018), broadcasts.lds.org.
19. 2 Nephi 25:26.



**Ni Bishop Gérald Caussé**
Presiding Bishop

# Ito ay Tungkol sa mga Tao

*Ang Simbahan ay tungkol sa inyo, ang mga disipulo ng Panginoon—ang mga nagmamahal at sumusunod sa Kanya at tinaglay ang Kanyang pangalan.*

Habang naghahanda para sa pagtatayo ng maringal na Paris France Temple, nagkaroon ako ng karanasang hindi ko malilimutan. Noong 2010, nang makita na ang loteng pagtatayuan ng templo, hiniling ng alkalde ng lungsod na makipagkita sa amin para mas malaman pa ang tungkol sa ating Simbahan. Mahalagang hakbang ang miting na ito para makakuha ng building permit sa pagtayo ng templo. Pinag-isipan naming mabuti ang paggawa ng presentation na may ilang napakagagandang mga larawan ng mga templo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pinakainaasam kong mangyari ay magandahan ang alkalde sa arkitektura ng mga ito para makumbinsi siyang suportahan ang proyekto namin.

Laking gulat ko dahil sa halip na tingnan ang presentation namin, sinabi ng alkalde na mas gusto niya at ng kanyang grupo na sila mismo ang magsiyasat para malaman kung anong klaseng simbahan mayroon tayo. Nang sumunod na buwan, inanyayahan kaming muli para pakinggan ang report na ibinigay ng konsehal ng lungsod na nagkataong propesor ng religious history. Sinabi niya, "Higit sa lahat, ang gusto naming malaman ay kung sino ang mga miyembro ng inyong Simbahan. Una, dumalo kami sa isa sa mga sacrament meeting ninyo. Umupo kami sa bandang likuran ng chapel at inobserbahang mabuti ang mga tao sa kongregasyon



at ang mga ginagawa nila. Pagkatapos kinausap namin ang inyong mga kapitbahay—ang mga taong nakatira malapit sa stake center ninyo—at tinanong namin sila kung anong klaseng tao ang mga Mormon."

"Kung ganoon, ano po ang masasabi ninyo?" ang itinanong ko, na medyo kinakabahan. Sumagot siya, "Natuklasan namin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pinakamalapit sa orihinal na Simbahan ni Jesucristo kaysa sa iba pang mga simbahan na alam namin." Muntik na akong tumutol at magsabing, "Hindi tumpak iyan! Hindi iyan ang simbahan na pinakamalapit; iyan *talaga* ang Simbahan ni Jesucristo—ang kaparehong Simbahan, ang totoong Simbahan!" Pero pinigilan ko ang aking sarili at tahimik na lamang na nagdasal para magpasalamat. Pagkatapos ay sinabi sa amin ng alkalde na, base sa natuklasan nila, ang kanilang grupo ay hindi tumututol na magtayo kami ng templo sa kanilang komunidad.

Ngayon, kapag iniisip ko ang mahimalang karanasang iyon, nagpapasalamat ako sa karunungan at kakayahang makahiwatig ng alkalde. Alam niya na ang susi para makilala ang Simbahan ay hindi makikita sa panlabas na anyo ng mga gusali nito o sa pagiging organisadong institusyon nito kundi sa pamamagitan ng milyun-milyong matatapat na miyembro nito, na nagsisikap bawat araw na tularan ang halimbawa ni Jesucristo.

Ang kahulugan ng *Simbahan* ay marahil na nagmula sa isang talata sa Aklat ni Mormon na nagsasabing, "At sila [ibig sabihin ang mga disipulo ng Panginoon] na nabinyagan sa pangalan ni Jesus ay tinawag na simbahan ni Cristo."[1]

Sa madaling salita, ang Simbahan ay tungkol sa mga tao. Ito ay tungkol sa inyo, ang mga disipulo ng Panginoon—ang mga nagmamahal at sumusunod sa kanya at tinaglay ang Kanyang pangalan sa pamamagitan ng tipan.

Minsan ay inihalintulad ni Pangulong Russell M. Nelson ang Simbahan sa isang magandang sasakyan. Gustung-gusto natin kapag malinis

at makintab ang ating sasakyan. Pero ang gamit ng sasakyan ay hindi para maging isang magandang makina lamang; kundi upang dalhin sa ibang lugar ang mga *tao* na nakasakay rito.[2] Sa gayon ding pamamaraan, tayo, bilang mga miyembro ng Simbahan, ay nagpapasalamat dahil malilinis at maaayos na napapangalagaan ang magaganda nating mga gusali, at maayos na naisasagawa ang mga programa natin. Ngunit ang mga ito ay pangsuporta lamang. Ang tanging layunin natin ay anyayahan ang bawat anak na lalaki at babae ng Diyos na lumapit kay Cristo at gabayan sila sa landas ng tipan. Wala nang mas mahalaga pa kaysa riyan. Ang ating gawain ay tungkol sa mga tao at mga tipan.

Hindi ba't napakaganda na sa pangalang ibinigay sa pamamagitan ng paghahayag para sa ipinanumbalik na Simbahan, ay pinagsama ang dalawang mahahalagang elemento sa bawat tipan ng ebanghelyo? Una ay ang pangalang *Jesucristo.* Sa Kanya ang Simbahang ito, at ang Kanyang nakapagpapabanal na Pagbabayad-sala ang tanging landas sa kaligtasan at kadakilaan. Ang pangalawang pangalan ay tumutukoy sa *atin:* ang mga Banal, o sa madaling salita, ang Kanyang mga saksi at Kanyang mga disipulo.

Natutuhan ko ang kahalagahan ng pagtutuon ng pansin sa mga tao nang maglingkod ako bilang stake president sa France. Sa simula ng aking paglilingkod, nag-isip ako ng matatayog na mga mithiin para sa stake: mag-organisa ng mga bagong ward, magtayo ng mga bagong meetinghouse, pati na ang makapagtayo ng templo sa aming nasasakupan. Nang ma-release ako pagkaraan ng anim na taon, wala ni isa sa mga mithiin ko ang natupad. Maaaring isipin na ito ay isang malaking kabiguan, pero sa loob ng anim na taong iyon, malaki ang ipinagbago ng mga hangarin ko.

Habang nakaupo ako sa pulpito sa araw na ako'y i-release, nag-uumapaw ang puso ko sa pasasalamat at tagumpay. Minasdan ko ang mga mukha ng daan-daang miyembrong naroon. Naalala ko ang mga espirituwal na karanasan ko sa bawat isa sa kanila.

Naroon ang mga kapatid na nagpabinyag, ang mga taong pinirmahan ko ang kauna-unahan nilang recommend para matanggap ang mga sagradong ordenansa sa templo, at ang mga kabataan at mga mag-asawa na aking na-set-apart o ini-release bilang mga full-time missionary. Naroon din ang iba pa na aking pinayuhan at tinulungan nang dumanas sila ng mga pagsubok at paghihirap sa buhay. Mahal na mahal ko ang bawat isa sa kanila na parang tunay kong mga kapatid. Nakadama ako ng dalisay na kagalakan sa paglilingkod sa kanila at labis na natutuwa sa kanilang ibayong katapatan at pananampalataya sa Tagapagligtas.



Itinuro ni Pangulong M. Russell Ballard, "Ang pinakamahalaga sa mga responsibilidad natin sa Simbahan ay hindi ang estadistikang iniuulat o mga miting na idinaraos kundi kung ang bawat tao—na pinaglingkurang isa-isa tulad ng ginawa ng Tagapagligtas—ay napasigla at nahikayat at sa huli'y nagbago."[3]

Mahal kong mga kapatid, tayo ba ay aktibo sa ebanghelyo, o abala lamang tayo sa maraming gawain sa Simbahan? Ang mahalaga ay tularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas sa lahat ng bagay. Kung gagawin natin iyan, magiging likas na sa atin na pagtuunan ang pagliligtas ng mga tao sa halip na ang pagsasagawa at pagpapatupad ng mga programa.

Naitanong na ba ninyo sa inyong sarili kung ano kaya ang mararamdaman ninyo kung bumisita sa inyong ward o branch ang Tagapagligtas sa susunod na Linggo? Ano ang Kanyang gagawin? Aalamin pa ba Niya kung maganda ang mga visual aid o kung tama ang pagkakaayos ng mga silya sa mga kwarto? O maghahanap siya ng taong Kanyang mamahalin, tuturuan, at pagpapalain? Marahil ay maghahanap Siya ng isang bagong miyembro o isang kaibigan na Kanyang sasalubungin, isang kapatid na may karamdaman na nangangailangan ng kapanatagan, o isang nanghihinang kabataan na kailangang palakasin o hikayatin.

Ano kayang mga klase ang bibisitahin ni Jesus? Hindi ako magugulat kung una Niyang bibisitahin ang mga bata sa Primary. Marahil luluhod Siya at kakausapin sila habang nakatingin sa kanilang mga mata. Ipadarama Niya ang Kanyang pagmamahal sa kanila, kukwentuhan sila, pupurihin ang kanilang mga drowing, at magpapatotoo tungkol sa Kanyang Ama sa Langit. Ang Kanyang ikikilos ay simple, tapat, at

walang pagkukunwari. Magagawa rin ba natin ito?

Ipinapangako ko na habang sinisikap ninyong gawin ang nais ng Panginoon, walang magiging mas mahalaga pa kaysa sa hanapin ang mga taong maaari ninyong tulungan at pagpalain. Sa simbahan pag-uukulan ninyo ng pansin ang pagtuturo sa mga tao at pag-antig sa kanilang mga puso. Ang hahangarin ninyo ay magkaroon sila ng espirituwal na karanasan sa halip na mag-organisa ng perpektong aktibidad, paglingkuran ang mga kapwa miyembro ninyo sa halip na bilangin lamang ang mga pagbisitang ginawa ninyo. Hindi ito tungkol sa inyo kundi tungkol sa *kanila* na tinatawag nating ating mga kapatid.

Kung minsan pinag-uusapan natin ang *pagpunta* sa simbahan. Ngunit ang Simbahan ay higit pa sa isang gusali o isang partikular na lugar. Kung gaano ito katotoo at buhay sa headquarters ng Simbahan sa Salt Lake City ay ganoon din ito katotoo at buhay sa mga pinakahamak na mga tirahan sa mga liblib na lugar sa mundo. Sinabi mismo ng Panginoon, "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila."[4]



Dala-dala natin ang Simbahan saan man tayo pumunta: sa trabaho, sa paaralan, sa bakasyon, at lalo na sa ating mga tahanan. Ang ating mismong presensya at impluwensya ay sapat na para gawing banal na lugar ang ating kinalalagyan saan man tayo naroroon.

Naaalala ko ang pag-uusap namin ng isang kaibigan na hindi miyembro ng ating relihiyon. Nagulat siya nang malaman na sinumang karapat-dapat na lalaki sa ating Simbahan ay maaaring tumanggap ng priesthood. Itinanong niya, "Ilan ang may priesthood sa ward ninyo?"

Sagot ko, "Nasa pagitan ng 30 at 40."

Nagtatakang nagpatuloy siya, "Sa kongregasyon namin, iisa lang ang pari namin. Bakit kailangan ninyo ng maraming pari kapag Linggo ng umaga?"

Nagkainteres ako sa tanong niya, kaya natutuwa akong sumagot ng, "Tama ka. Palagay ko nga hindi namin kailangan ng ganoon karaming mayhawak ng priesthood sa araw ng Linggo. Pero *talagang* kailangan namin ng isang mayhawak ng priesthood sa bawat tahanan. At kapag walang mayhawak ng priesthood sa isang tahanan, inaatasan ang ibang mga mayhawak ng priesthood na pangalagaan at tulungan ang pamilyang iyon."

Ang simbahan natin ay hindi lamang pang-Linggo. Ang pagsamba natin ay patuloy buong linggo, saanman tayo naroon o anuman ang ating ginagawa. Higit sa lahat ang mga tahanan natin "ang mga pangunahing santuwaryo ng ating pananampalataya."[5] Sa mga tahanan natin tayo madalas na nagdarasal, nagbibigay ng basbas, nag-aaral, nagtuturo ng salita ng Diyos, at naglilingkod nang may dalisay na pagmamahal. Mapatototohanan ko mula sa personal na karanasan na ang ating mga tahanan ay mga sagradong lugar kung saan madarama nang lubos ang Espiritu—na katulad, at kung minsa'y higit pa, sa mga lugar na ating pinagsasambahan.

Pinatototohanan ko na ang Simbahang ito ay ang Simbahan ni Jesucristo. Ang kalakasan at kasiglahan nito ay nagmumula sa araw-araw na ginagawa ng Kanyang milyun-milyong mga disipulo na nagsisikap bawat araw na tularan ang Kanyang dakilang halimbawa sa pangangalaga sa iba. Si Cristo ay buhay, at pinapatnubayan Niya ang Simbahang ito. Si Pangulong Russell M. Nelson ang propeta na Kanyang pinili upang pamunuan at gabayan tayo sa ating panahon. Ang mga bagay na ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. 3 Nephi 26:21.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, general conference leadership meeting, Abr. 2012.
3. M. Russell Ballard, "O Maging Marunong," *Liahona,* Nob. 2006, 20.
4. Mateo 18:20.
5. Russell M. Nelson, "The Doctrinal Importance of Marriage and Children" (worldwide leadership training meeting, Peb. 2012), broadcasts.lds.org.



**Ni Elder Quentin L. Cook**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Maghandang Humarap sa Diyos

*Ang pagsisikap na gampanan ang mga tungkuling itinalaga ng Diyos nang may kabutihan, pagkakaisa, at pagkapantay-pantay ay maghahanda sa atin sa pagharap sa Diyos.*

Si Eliza R. Snow, na pinatutungkulan ang paglalaan ng Kirtland Temple (na dinaluhan niya) ay nagsabi: "Ang mga seremonya ng paglalaang iyon ay maaaring isalaysay na muli, ngunit walang salitang makapaglalarawan sa mga pagpapakita ng langit sa di-malilimutang araw na iyon. Nagpakita ang mga anghel sa ilan, habang ang lahat ng naroon ay nakadama ng kabanalan, at bawat puso ay may galak na di-masayod at puspos ng kaluwalhatian."[1]

Ang mga banal na pagpapakita na nangyari sa Kirtland Temple ay mahalaga para sa layunin ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo na isakatuparan ang kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng ating Ama sa Langit.[2] Sa paghahanda natin sa pagharap sa Diyos, malalaman natin ang mga itinalaga ng Diyos na tungkulin kung muli nating pag-iisipan ang mga sagradong susing ipinanumbalik sa Kirtland Temple.

Sa panalangin ng paglalaan, mapagpakumbabang isinamo ni Propetang Joseph Smith sa Panginoon "na tanggapin ang bahay na ito . . . na inyong ipinag-utos na aming gawin."[3]

Makalipas ang isang linggo, sa Linggo ng Pagkabuhay, nagpakita ang Panginoon sa kagila-gilalas na pangitain at tinanggap ang Kanyang templo. Ito ay naganap noong Abril 3, 1836, halos eksaktong 182 taon na ang nakalipas mula sa Linggo ng Pagkabuhay na ito. Panahon din ito ng Paskua—isa sa mga bihirang pagkakataong nagkasabay ang pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay at Paskua. Nang matapos ang pangitain, tatlong sinaunang propeta, sina Moises, Elias, at Elijah, ang nagpakita at ipinagkatiwala ang mga susi na kailangan para maisakatuparan ang layunin ng Panginoon para sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan sa dispensasyong ito. Ang layuning iyan ay simple, ngunit napakahusay, na nailarawan bilang pagtitipon ng Israel, ibinubuklod sila bilang mga pamilya, at inihahanda ang mundo sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon.[4]

Ang pagpapakita nina Elijah at Moises ay may "malaking pagkakatulad . . . [sa] tradisyon ng mga Judio, na ayon dito ay magkasamang darating sina Moises at Elijah sa 'katapusan ng panahon.'"[5] Sa ating doktrina, naisakatuparan ng pagpapakitang ito ang pangunahing pagpapanumbalik ng ilang susi "na itinalaga . . . para sa mga huling araw at para sa huling panahon, na siyang dispensasyon ng kaganapan ng panahon."[6]

Ang Kirtland Temple, kapwa sa lugar at laki nito, ay di kapansin-pansin. Ngunit pagdating sa napakalaking kahalagahan nito sa sangkatauhan, ang *epekto nito ay*



*walang hanggan*. Ipinanumbalik ng mga sinaunang propeta ang mga susi ng priesthood para sa mga nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo para sa kawalang-hanggan. Dahil dito napuno ng kagalakan ang matatapat na miyembro.

Ang mga susing ito ay nagbibigay ng "kapangyarihan mula sa kaitaasan"[7] para sa mga itinalaga ng Diyos na tungkulin, na bumubuo sa pangunahing layunin ng Simbahan.[8] Sa maluwalhating Pasko ng Pagkabuhay na iyon sa loob ng Kirtland Temple, tatlong susi ang naipanumbalik:

**Una,** nagpakita si Moises at ibinigay ang mga susi ng pagtitipon ng Israel mula sa apat na sulok ng mundo, at ito ay ang gawaing misyonero.[9]

**Pangalawa**, nagpakita si Elias at ibinigay ang mga susi ng dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, na kinabibilangan ng panunumbalik ng tipan ni Abraham.[10] Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na ang layunin ng mga susi ng tipan ay ihanda ang mga miyembro para sa kaharian ng Diyos. Sabi Niya, "Nalalaman natin kung sino tayo at [alam natin kung] ano ang inaasahan ng Diyos sa atin."[11]

**Pangatlo,** nagpakita si Elijah at ibinigay ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod sa dispensasyong ito, at ito ay ang gawain sa family history at paggawa ng mga ordenansa sa templo para sa kaligtasan ng mga buhay at mga patay.[12]

Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawa, may tatlong executive council sa headquarters ng Simbahan na nangangasiwa sa mga tungkuling ito na itinalaga ng langit batay sa mga susing ipinanumbalik sa Kirtland Temple. Ang mga ito ay ang Missionary Executive Council, ang Priesthood and Family Executive Council, at ang Temple and Family History Executive Council.

#### Ano ang Ginagawa Natin para Maisagawa ang mga Itinalaga ng Diyos na Tungkuling Ito?

Una, tungkol sa pagpapanumbalik ni Moises ng mga susi ng pagtitipon ng Israel, ngayon halos 70,000 missionary ang nasa iba't ibang bahagi ng mundo



at ipinangangaral ang Kanyang ebanghelyo upang tipunin ang Kanyang mga hinirang. Ito ang simula ng katuparan ng dakila at kagila-gilalas na gawain na nakinita ni Nephi sa mga Gentil at sa sambahayan ni Israel. Nakita ni Nephi ang ating panahon kung kailan ang mga Banal ng Diyos ay nakakalat sa lahat ng dako ng mundo, ngunit kaunti lamang ang bilang nila dahil sa kasamaan. Gayunman, nakinita niya na sila ay "[masasandatahan] ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian."[13] Kung iisipin ang maikling kasaysayan ng ipinanumbalik na Simbahan, napakalaki na ang nagawa ng gawaing misyonero. Nakikita natin ang katuparan ng pangitain ni Nephi. Bagama't kaunti lamang tayo, patuloy tayong magsisikap at tuturuan ang mga taong makikinig sa mensahe ng Tagapagligtas.

Pangalawa, nagpakita si Elias at ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, sinasabi na sa pamamagitan natin at ng ating binhi lahat ng susunod na salinlahi na susunod sa atin ay pagpapalain. Sa kumprensyang ito, napakahalagang gabay ang ibinigay upang matulungan tayo na magawang sakdal ang mga Banal at maihanda sila para sa kaharian ng Diyos.[14] Ang pahayag na ibinigay sa sesyon ng priesthood kaugnay sa elders at high priests quorum ay magpapamalas sa natatagong kapangyarihan at awtoridad ng priesthood. Ang home at visiting teaching, na tinatawag na ngayong "ministering," na mahusay na naituro sa sesyong ito, ay maghahanda sa mga Banal sa mga huling araw na humarap sa Diyos.

Pangatlo, ipinagkatiwala ni Elijah ang mga susi ng pagbubuklod ng dispensasyong ito. Para sa atin na nabubuhay sa panahong ito, ang pagdami ng templo at gawain sa family history ay kamangha-mangha. Ang ganitong pagdami ay magpapatuloy at mas bibilis pa hanggang sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas at baka ang buong mundo "ay lubusang mawawasak sa kanyang pagparito."[15]

Ang gawain sa family history, sa tulong ng biyaya ng teknolohiya, ay malaki ang itinaas ng bilang sa nakalipas na ilang taon. Hindi tayo dapat maging kampante sa tungkuling ito na itinalaga ng Diyos at hayaang ibang kamag-anak na lang natin ang magasikaso nito. Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang diretsahang sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Lahat ay kasali sa dakilang obligasyong ito. Kailangan dito ang apostol at maging ang pinakaordinaryong elder [o sister]. Ang posisyon, o naiibang katayuan, o matagal na paglilingkod sa Simbahan . . . ay hindi magbibigay ng karapatan sa isa na balewalain ang kaligtasan ng kanilang mga patay."[16]

May mga templo na tayo sa iba't ibang panig ng mundo at may pondo para sa mga taong malayo ang tirahan

sa templo na kailangan ng tulong para makapunta sa templo.

Bilang mga indibiduwal, dapat nating alamin ang mga nagagawa na natin para sa gawaing misyonero, sa templo, at sa family history, at paghahanda sa pagharap sa Diyos.

#### Ang Kabutihan, Pagkakaisa, at Pagkapantay-pantay sa Harapan ng Panginoon ang Batayan ng mga Sagradong Tungkuling Ito

**Patungkol sa kabutihan,** ang buhay na ito ang panahon para makapaghanda tayong lahat sa pagharap sa Diyos.[17] Ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng maraming halimbawa ng masasamang nangyayari kapag hindi sumusunod ang isang indibiduwal o grupo sa mga utos ng Diyos.[18]

Sa buong buhay ko, ang mga isyu at alalahanin ng mundo ay patindi nang patindi—mula sa mga bagay na walang kabuluhan at halaga hanggang sa malalang imoralidad. Mabuti na lamang at ilan sa imoralidad na sapilitang ginagawa sa mga tao ay ibinunyag at tinuligsa.[19] Ang gayong imoralidad ay labag sa batas ng Diyos at ng lipunan. Yaong nakauunawa ng plano ng Diyos ay dapat ding sumalungat sa imoralidad na kusang ginagawa, na isa ring kasalanan. Ang pagpapahayag sa mundo tungkol sa mag-anak ay nagbabala na "ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak [o sinuman] . . . ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos."[20]

Kapag tumingin tayo sa paligid, nakikita natin ang kasamaan at adiksyon sa lahat ng lugar. Kung tayo, bilang mga indibiduwal, ay talagang nag-aalala tungkol sa huling paghuhukom ng Tagapagligtas, dapat nating hangaring magsisi. Nangangamba ako na maraming tao ang hindi na nadaramang mananagot sila sa Diyos at hindi bumabaling sa mga banal na kasulatan o sa mga propeta para mapatnubayan. Kung tayo, bilang isang lipunan, ay pagninilayan ang mga ibubunga ng mga kasalanan, maraming tao ang sasalungat sa pornograpiya at sa paggamit sa kababaihan bilang bagay na pagnanasaan.[21] Tulad ng sinabi ni Alma sa



kanyang anak na si Corianton sa Aklat ni Mormon, "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan."[22]

**Tungkol sa pagkakaisa,** sinabi ng Tagapagligtas, "Kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin."[23] Alam natin na ang diwa ng pagtatalo ay sa diyablo.[24]

Sa ating panahon, ang utos sa banal na kasulatan hinggil sa pagkakaisa ay karaniwang binabalewala, at para sa maraming tao, mas pinapahalagahan nila ang tribalismo,[25] na kadalasang nakabatay sa katayuan, kasarian, lahi, at kayamanan. Sa maraming bansa, kundi man halos lahat, lubhang magkaiba ang pananaw ng mga tao sa uri ng pamumuhay. Sa Simbahan ng Panginoon, ang tanging kultura na sinusunod at itinuturo natin ay ang kultura ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagkakaisang hangad natin ay ang maging kaisa ng Tagapagligtas at ng Kanyang mga turo.[26]

Sa pagtingin natin sa mga pangunahing layunin ng Simbahan, lahat ng ito ay batay sa **pagkakapantay-pantay sa harap ng Panginoon**[27] at pagsunod sa kultura ng ebanghelyo ni Jesucristo. Hinggil sa gawaing misyonero, ang mga pangunahing kwalipikasyon para sa binyag ay ang pagpapakumbaba ng sarili sa harapan ng Diyos at pagkakaroon ng may bagbag na puso at nagsisising espiritu.[28] Ang edukasyon, kayamanan, lahi o bansang pinagmulan ay hindi isinasaalang-alang.

Bukod pa rito, ang mga missionary ay mapagpakumbabang naglilingkod kung saan sila tinawag. Hindi nila tinatangkang maglingkod para kilalanin ayon sa mga pamantayan ng mundo o makapaghanda para sa trabaho. Naglilingkod sila nang kanilang buong puso, kaluluwa, pag-iisip, at lakas saan man sila italaga. Hindi nila pinipili ang kanilang kompanyon sa misyon, at nagsisikap na taglayin ang mga katangiang katulad ng kay Cristo,[29] na nasa sentro ng kultura ni Jesucristo.

Ang mga banal na kasulatan ay gabay para sa ating pinakamahahalagang ugnayan. Itinuro ng Tagapagligtas na ang una at dakilang kautusan ay "iibigin mo ang Panginoon mong Dios." At ang pangalawa ay "iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili."[30]

Ipinaliwanag din ng Tagapagligtas na lahat ng tao ay ating kapwa-tao.[31] Nilinaw ng Aklat ni Mormon na hindi dapat magkaroon ng anumang uri ng mga -ita, tribo, o uri.[32] Dapat tayo ay nagkakaisa at pantay-pantay sa harapan ng Diyos.

Ang mga sagradong ordenansa at responsibilidad ay nakasalig sa pahayag na ito. Inaasahan ko na ang sarili ninyong mga karanasan sa templo ay magiging katulad ng sa akin. Kapag tapos na ako sa aking regular na trabaho sa San Francisco at nakarating na sa Oakland Temple, makadarama na ako ng nag-uumapaw na pagmamahal at kapayapaan. Ang malaking dahilan niyan ay ang pakiramdam na mas nalalapit ako sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ang nakapagliligtas na mga ordenansa ang unang pinagtutuunan ko, ngunit malaking dahilan ng kasiyahan ko ang makita ang pagkakapantay-pantay at pagkakaisa na namamayani sa templo. Lahat ay nakasuot ng puting damit. Hindi mo makikita rito ang yaman, lahi, o pinag-aralan; lahat tayo ay magkakapatid na mapagkumbabang humaharap sa Diyos.

Sa sagradong silid-bukluran, ang ordenansa ng walang hanggang kasal ay pare-pareho sa lahat. Nakasisiya sa akin na ang mag-asawang mula sa napakaabang kalagayan at ang mag-asawang napakayaman ay

parehong-pareho lamang ang karanasan. Magkakapareho ang suot nilang bata (robe) at pare-pareho ang mga tipang ginagawa sa parehong altar. Pareho rin ang tinatanggap nila na walang-hanggang basbas ng priesthood. Naisasagawa ito sa magandang templong itinayo buhat sa mga ikapu ng mga Banal bilang sagradong bahay ng Panginoon.

Ang pagtupad sa mga responsibilidad na itinalaga ng Diyos, batay sa kabutihan, pagkakaisa, at pagkakapantay-pantay sa harap ng Panginoon, ay nagdudulot ng kaligayahan at kapayapaan sa mundong ito at inihahanda tayo para sa daigdig na darating.[33] Inihahanda tayo nito sa pagharap sa Diyos.[34]

Dalangin namin na ang bawat isa sa inyo, anuman ang inyong kasalukuyang sitwasyon, ay makikipagkausap sa inyong bishop at magiging karapat-dapat sa temple recommend.[35]

Nagpapasalamat kami na dumarami ang mga miyembro na naghahandang pumunta sa templo. Malaki ang nadagdag sa bilang ng mga karapatdapat na miyembro na may temple recommend sa loob ng maraming taon. Ang mga limited-use recommend ng mararapat na kabataan ay mabilis na dumadami sa nakalipas na dalawang taon. Malinaw na ang matatapat na miyembro ng Simbahan ay mas matatag kaysa dati.




Bilang katapusan, mangyaring mapanatag kayo na ang mga senior na lider ng Simbahan na namumuno sa mga layunin ng Simbahan na itinalaga ng Diyos ay nakatatanggap ng banal na tulong. Ang patnubay na ito ay mula sa Espiritu at kung minsan ay mula mismo sa Tagapagligtas. Parehong ibinibigay ang dalawang uring ito ng espirituwal na patnubay. Nagpapasalamat ako na makatanggap ng gayong tulong. Subalit ang patnubay ay ibinibigay sa itinakdang panahon ng Panginoon, nang taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin,[36] kapag ang "isang Panginoon na nakababatid ng lahat ay ipinasiyang turuan tayo."[37] Ang patnubay para sa Simbahan sa kabuuan ay dumarating lamang sa Kanyang propeta.

Lahat tayo ay nagkaroon ng pribilehiyong sang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson bilang ating propeta at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa kumperensyang ito. Ang Labindalawa, bilang isang grupo at bilang inbiduwal, ay nagkaroon ng mahalagang espirituwal na karanasan nang ipatong namin ang aming mga kamay sa ulunan ni Pangulong Nelson at si Pangulong Dallin H. Oaks, na nagsilbing tinig, ay inorden at itinalaga siya bilang Pangulo ng Simbahan. Pinatototohanan ko na siya ay inorden noon pa man at sa buong buhay niya ay inihanda siya na maging propeta ng Panginoon para sa ating panahon. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Eliza R. Snow, sa Janiece Johnson at Jennifer Reeder, *The Witness of Women: Firsthand Experiences and Testimonies from the Restoration* (2016), 124; tingnan din sa Eliza R. Snow, sa Edward Tullidge, *The Women of Mormondom* (1877), 65.
2. Tingnan sa *Handbook* 2: *Administering the Church* (2010), 2.2.
3. Doktrina at mga Tipan 109:4.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Epistles of the Lord" (mensaheng ibinigay sa seminar for new mission presidents, Hunyo 25, 2015), 1–2.
5. Stephen D. Ricks, "The Appearance of Elijah and Moses in the Kirtland Temple and the Jewish Passover," *BYU Studies*, tomo 23, blg. 4 (1983), 485.
6. Doktrina at mga Tipan 112:30.
7. Doktrina at mga Tipan 38:38; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 43:16; 84:20–21.
8. Tingnan sa *Handbook* 2, 2.2. Ang ikaapat na responsibilidad, na pagkalinga sa mga maralita at nangangailangan, ay hindi kailangan ng mga ipinanumbalik na susi ngunit umaasa sa organisasyon ng Simbahan na may inspirasyon ng langit.
9. Ang Missionary Executive Council ang namamahala sa tungkuling ito na itinalaga ng Diyos. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:11.
10. Ang Priesthood and Family Executive Council ang namamahala sa tungkuling ito na itinalaga ng Diyos. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:12.
11. Russell M. Nelson, "Mga Tipan," *Liahona,* Nob. 2011, 88.
12. Ang Priesthood and Family Executive Council ang namamahala sa tungkuling ito na itinalaga ng Diyos. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16.
13. 1 Nephi 14:14; tingnan din sa 1 Nephi 14:5, 7, 12.
14. Tingnan sa Mosias 18:9; Alma 6:1; 32:37; tingnan din sa Jeffrey R. Holland, "Mga Sugo sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2016, 61–62, 67.
15. Doktrina at mga Tipan 2:3.
16. Joseph Fielding Smith, *Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie (1955), 2:148–49.
17. Tingnan sa Alma 34:32.
18. Ang paulit-ulit na tema sa Aklat ni Mormon ay na kung susundin ng mga tao ang mga utos, sila ay uunlad sa lupain, subalit kung hindi nila susundin ang mga utos, sila ay itatakwil mula sa harapan ng Panginoon. Tingnan din sa 2 Nephi 1:9; 4:4; Alma 9:13.
19. Ito ay naganap sa #MeToo movement.
20. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
21. Tingnan sa Ross Douthat, "Let's Ban Porn," *New York Times,* Peb. 11, 2018, SR11.
22. Alma 41:10.
23. Doktrina at mga Tipan 38:27.
24. Tingnan sa 3 Nephi 11:29.
25. Tingnan sa David Brooks, "The Retreat to Tribalism," *New York Times,* Ene. 2, 2018, A15.
26. Tingnan sa Juan 17:21–22.
27. Tingnan sa 2 Nephi 26:33: "Pantay-pantay ang lahat sa Diyos," kabilang na ang "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae."
28. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37.
29. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (2004), kabanata 6.
30. Tingnan sa Mateo 22:36–39.
31. Tingnan sa Lucas 10:29–37.
32. Tingnan sa 4 Nephi 1:17.
33. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 59:23.
34. Tingnan sa Alma 34:32.
35. Ang mga tanong sa interbyu para sa temple recommend ay magandang pagsusuri kung gaano natin kahusay ipinamumuhay ang ebanghelyo.
36. Tingnan sa 2 Nephi 28:30; Doktrina at mga Tipan 98:12; 128:21.
37. Neal A. Maxwell, *All These Things Shall Give Thee Experience* (2007), 31.



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Magpatuloy Tayo

*Ang hangarin ninyong sumunod ay titindi habang inaaalala at pinag-iisipan ninyo ang mga nadama ninyo nitong nakaraang dalawang araw.*

Mga minamahal kong kapatid, sa pagtatapos ng makasaysayang kumperensyang ito, nakikiisa ako sa inyo sa pasasalamat sa Panginoon para sa kanyang patnubay at nakahihikayat na impluwensya. Napakaganda at nakasisigla ang musika. Hindi lamang nagbigay inspirasyon ang mga mensahe, ngunit ang mga ito ay nagpapabago ng buhay!

Sa kapita-pitagang kapulungan ay sumang-ayon tayo sa bagong Unang Panguluhan. Dalawang dakilang kalalakihan ang natawag sa Korum ng Labindalawang Apostol. At walong bagong mga General Authority Seventy ang tinawag.

Ngayon ang isang paboritong himno ang nagbubuod sa ating panibagong pangako, ang hamon sa atin, at ating mga tungkulin sa pagsulong:

*Magpatuloy tayo sa gawain ng Diyos,*
*Nang gantimpala ay mapasa'tin*
*nang lubos;*
*Sa katuwiran tayo'y makipaglaban,*
*Sandata'y katotohanan.*
*Sulong, ang kalaba'y harapin;*
*Giting! Diyos ay kaisa natin.*
*Di susuko sa wika ng masama,*
*At ang Diyos, ang tanging susundin.*[1]



Pinapayuhan ko kayo na pag-aralan ang mga mensahe ng kumperensyang ito nang madalas—kahit paulit-ulit—sa susunod na anim na buwan. Matapat na maghanap ng paraan para maisama ang mga mensaheng ito sa inyong family home evening, inyong pagtuturo ng ebanghelyo, inyong pakikipag-usap sa pamilya at mga kaibigan, at maging mga pakikipag-usap ninyo sa mga hindi natin kamiyembro. Maraming mabubuting tao ang aayon sa mga katotohanan na itinuro sa kumperensyang ito kapag ibinahagi ng may pagibig. Ang hangarin ninyong sumunod ay titindi habang inaaalala at pinagiisipan ninyo ang mga nadama ninyo nitong nakaraang dalawang araw.

Ang pangkalahatang kumperensya na ito ang simula ng bagong araw ng paglilingkod. Ang Panginoon ay gumawa ng mahahalagang mga pagbabago sa paraan ng pangangalaga natin sa isa't isa. Ang mga kapatid na babae at lalaki—matanda at bata—ay magsisilbi sa isa't isa sa bago at mas banal na paraan. Ang mga elders quorum ay mapalalakas upang pagpalain ang buhay ng mga kalalakihan, kababaihan, at mga bata sa buong mundo. Ang mga kababaihan ng Relief Society ay patuloy na maglilingkod sa kanilang natatangi at mapagmahal na paraan, at magbibigay ng pagkakataon sa mga nakababatang kababaihan na sumama sa kanila ayon sa wastong pagtatalaga.

Ang ating mensahe sa mundo ay simple at taos-puso: inaanyayahan natin ang lahat ng anak ng Diyos sa magkabilang panig ng tabing na lumapit sa kanilang Tagapagligtas, tanggapin ang mga pagpapala ng banal na templo, magkaroon ng walang-hanggang kagalakan, at maging karapat-dapat sa buhay na walang hanggan.[2]

Ang kadakilaang makakamit sa hinaharap ay nangangailangan ng ating lubos na katapatan ngayon sa mga tipan na ginagawa natin at sa mga ordenansang tinatanggap natin

sa bahay ng Panginoon. Sa ngayon, mayroon tayong 159 na mga templo, at marami pa na kasalukuyang ginagawa. Nais namin na dalhin ang mga templo nang mas malapit sa lumalaking bilang ng mga miyembro ng Simbahan. Kaya masaya kaming ianunsyo ang plano na magtayo ng pito pang mga templo. Ang mga templong ito ay itatayo sa mga sumusunod na lokasyon: Salta, Argentina; Bengaluru, India; Managua, Nicaragua; Cagayan de Oro, Philippines; Layton, Utah; Richmond Virginia; at isa pang pangunahing siyudad sa Russia na aalamin pa lamang.

Mga kapatid, ang pagtatayo ng mga templong ito ay maaaring hindi makapagbago ng inyong buhay, ngunit ang oras ninyo sa loob ng templo ay tiyak na magagawa ito. Binabasbasan ko kayo para matukoy ninyo ang mga bagay na maaaring maisantabi ninyo upang makapaglaan kayo ng mas maraming oras sa loob ng templo. Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng higit na pagkakasundo at pagmamahal sa inyong mga tahanan at ng mas masidhing hangaring pangalagaan ang inyong walang hanggang mga ugnayan sa pamilya. Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng mas malakas na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at ng karagdagang abilidad na sundin Siya bilang Kanyang tunay na mga disipulo.

Binabasbasan ko kayo para mas maitaas ninyo ang inyong mga tinig sa pagpapatotoo, tulad ng ginagawa ko ngayon, na ang ginagawa natin ay gawain ng Makapangyarihang Diyos! Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan na pinamamahalaan Niya sa pamamagitan ng Kanyang hinirang na mga tagapaglingkod. Pinatototohanan ko ito, nang may pagmamahal para sa bawat isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Magpatuloy Tayo," Mga Himno, blg. 148.
2. Binigyang kahulugan sa Doktrina at mga Tipan 14:7 na "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos."

sa bahay ng Panginoon. Sa ngayon, mayroon tayong 159 na mga templo, at marami pa na kasalukuyang ginagawa. Nais namin na dalhin ang mga templo nang mas malapit sa lumalaking bilang ng mga miyembro ng Simbahan. Kaya masaya kaming ianunsyo ang plano na magtayo ng pito pang mga templo. Ang mga templong ito ay itatayo sa mga sumusunod na lokasyon: Salta, Argentina; Bengaluru, India; Managua, Nicaragua; Cagayan de Oro, Philippines; Layton, Utah; Richmond Virginia; at isa pang pangunahing siyudad sa Russia na aalamin pa lamang.

Mga kapatid, ang pagtatayo ng mga templong ito ay maaaring hindi makapagbago ng inyong buhay, ngunit ang oras ninyo sa loob ng templo ay tiyak na magagawa ito. Binabasbasan ko kayo para matukoy ninyo ang mga bagay na maaaring maisantabi ninyo upang makapaglaan kayo ng mas maraming oras sa loob ng templo. Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng higit na pagkakasundo at pagmamahal sa inyong mga tahanan at ng mas masidhing hangaring pangalagaan ang inyong walang hanggang mga ugnayan sa pamilya. Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng mas malakas na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at ng karagdagang abilidad na sundin Siya bilang Kanyang tunay na mga disipulo.

Binabasbasan ko kayo para mas maitaas ninyo ang inyong mga tinig sa pagpapatotoo, tulad ng ginagawa ko ngayon, na ang ginagawa natin ay gawain ng Makapangyarihang Diyos! Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan na pinamamahalaan Niya sa pamamagitan ng Kanyang hinirang na mga tagapaglingkod. Pinatototohanan ko ito, nang may pagmamahal para sa bawat isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Magpatuloy Tayo," Mga Himno, blg. 148.
2. Binigyang kahulugan sa Doktrina at mga Tipan 14:7 na "pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos."

# Ulat sa Estadistika, 2017

Para sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, nag-isyu ang Unang Panguluhan ng sumusunod na ulat sa estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2017.

| | |
|---|---|
| **Mga Unit ng Simbahan** | |
| Mga Stake | 3,341 |
| Mga Mission | 421 |
| Mga District | 553 |
| Mga Ward at Branch | 30,506 |
| **Mga Miyembro ng Simbahan** | |
| Kabuuang Bilang ng mga Miyembro | 16,118,169 |
| Mga Bagong Children of Record | 106,771 |
| Mga Nabinyagan | 233,729 |
| **Mga Missionary** | |
| Mga Full-Time Missionary | 67,049 |
| Mga Church-Service Missionary | 36,172 |
| **Mga Templo** | |
| Mga Templong Inilaan noong 2017 (Paris France, Tucson Arizona, Meridian Idaho, Cedar City Utah) | 4 |
| Mga Templong Muling Inilaan Noong 2017 (Idaho Falls Idaho) | 1 |
| Mga Templong Gumagana sa Pagtatapos ng Taon | 159 |

## Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

*Ang sumusunod ay listahan ng mga piling karanasan na ikinuwento noong pangkalahatang kumperensya. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.*

| Tagapagsalita | Kuwento |
|---|---|
| **Reyna I. Aburto** | (78) Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Chile, Peru, Mexico, at Estados Unidos ay nagbigay ng tulong matapos ang mga kalamidad. |
| **Neil L. Andersen** | (24) Binasa ni Kathy Andersen ang nakaraang mga mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya at nagdasal na nagkaroon ng mas matibay na katiyakan sa kanyang papel bilang propeta. |
| **M. Russell Ballard** | (9) Nang makita niya kung gaano kaliit ang buto ng mustasa sa Jerusalem, naalala ni M. Russell Ballard ang mga turo ng Tagapgligtas sa pananampalataya. |
| **David A. Bednar** | (30) Tinanggap nina Russell M. Nelson at Henry B. Eyring ang paanyaya ni Pangulong Thomas S. Monson na pag-aralan ang Aklat ni Mormon at ipamuhay ang mga katotohanan nito. |
| **Jean B. Bingham** | (104) Isang Relief Society sister ang nagminister sa isang "nalulumbay at nag-iisang" bagong ina. Isang kapatid na babae mula sa Africa ang nagminister sa isa pang kapatid na babae na binugbog at ninakawan. Nangalaga ang mga miyembro ng ward sa isang kapatid na babaeng may kanser. Ang mga kabataang babae ay gumawa upang punan ang pangangailangan ng isang kapitbahay. |
| **Gérald Caussé** | (111) Bago aprubahan ang pagtatayo ng Paris France Temple, dumalo sa isang sacrament meeting ang mga lokal na miyembro ng konseho ng lungsod. Bilang isang stake president, nagalak si Gérald Caussé sa dagdag na katapatan at pananampalataya ng mga miyembro sa Tagapagligtas. Sinabi ni Gérald Caussé sa isang kaibigan na ang bawat pamilya ay nangangailangan ng isang mayhawak ng priesthood sa bawat tahanan. |
| **D. Todd Christofferson** | (55) Nag-ani ang mga miyembro ng elders quorum ng mga pananim ng isang magsasaka matapos mamatay ang ilan sa kanyang mga kamag-anak dahil sa influenza. |
| **Quentin L. Cook** | (114) Ang mga banal na pagpapahayag ay pinuno ang mga miyembro ng kaligayahan sa paglaan sa Kirtland Temple. Nakararamdam ng pagmamahal at kapayapaan si Quentin L. Cook sa Oakland California Temple. |
| **Massimo De Feo** | (81) Sinabi ng anak ni Massimo De Feo sa kanyang mga kamag-aral na ang kanyang ama ay "pinuno ng sansinukob." Ipinakita ng malapit nang mamatay na ina ni Massimo De Feo na higit na mahal siya nito kaysa sa kanyang sarili. |
| **Devin G. Durrant** | (42) Isang palaro sa family home evening ang nagpalakas ng kumpiyansa sa sarili ni Devin G. Durrant. Ang pamilya Durrant ay nagpakuha ng retrato sa labas ng templo. |
| **Larry J. Echo Hawk** | (15) Inalo ng pamilya Echo Hawk ang mga magulang ng isang lasing na drayber na nakapatay sa kapatid na lalaki at hipag ni Larry J. Echo Hawk. |
| **Henry B. Eyring** | (61) Nagkaibigan ang lolo at lola ni Henry B. Eyring habang tumatawid sa kapatagan. Naintindihan ng isang kabataang lalaki ang magagawa ng mga mayhawak ng priesthood sa paglilingkod sa Panginoon. Naglingkod sa isang pamilyang may matinding pangangailangan ang isang inspiradong home teacher.<br>(86) Nang mamatay ang ina ni Henry B. Eyring, nakatanggap ang kanyang ama ng alo mula sa Espiritu Santo. |
| **Taylor G. Godoy** | (34) Ang pagkamatay ng anak na lalaki ng isang kaibigan ay nag-udyok kay Taylor G. Godoy na gamitin ang "isa pang araw" nang mas makabuluhan. Isang kapatid na babae mula sa Peru ay sineryoso ang kanyang mga tipan matapos magsakripisyo upang makapunta sa templo. Ninais ni Taylor G. Godoy na maging pinakamahusay na estudyante matapos magsakripisyo ng kanyang ina para sa kanyang araling dental. |
| **Gerrit W. Gong** | (97) Kinukuwentuhan at kinakantahan ni Gerrit W. Gong ang kanyang mga anak na lalaki para makatulog ang mga ito. |
| **Jeffrey R. Holland** | (101) Isang kapatid na lalaki na may asawang biglang nagkasakit ay awtomatikong napatawag sa kanyang home teacher para humingi ng tulong. |
| **Douglas D. Holmes** | (50) Nagbahagi ang mga mayhawak ng Aaronic priesthood ng kanilang patotoo sa kanilang mga kaibigan. Naunawaan ng mga miyembro ng priests quorum ang kahulugan ng " naatasan ni Jesucristo." |
| **Russell M. Nelson** | (68) Nakaligtaan ng mga mayhawak ng priesthood na magbigay ng totoong pagpapala sa mga kamag-anak o mga kapatid na babaeng may bagong tungkulin. Tinulungan ni Russell M. Nelson ang isang lalaki na makabalik sa Simbahan.<br>(93) Noong bata pa si Russell M. Nelson gustung-gusto niyang matuto tungkol sa ebanghelyo at lubos ninais na mabuklod sa kanyang mga magulang. Binasag ng batang Russell M. Nelson ang mga bote ng alak dahil nais niyang sundin ng kanyang mga magulang ang Word of Wisdom. |
| **Dallin H. Oaks** | (65) Pinayuhan ng isang pangulo ng elders quorum ang isang miyembro ng korum na huwag tumigil sa pag-aaral sa kolehiyo. |
| **Bonnie L. Oscarson** | (36) Noong dalagita pa si Bonnie L. Oscarson, naatasan siyang gawin ang mga tungkulin na kadalasan ay ginagawa ng matatanda. |
| **Dale G. Renlund** | (46) Ang pagmamahal ni Parley at Orson Pratt para sa kanilang mga ninuno ay tinulungan silang ayusin ang kanilang relasyon. Tinulungan ng mga biyaya ng templo na maghilom ang isang pamilya na may anak na ibinigay ang kanyang puso nang siya ay mamatay. |
| **Lynn G. Robbins** | (21) Hinikayat ng isang propesor ni Lynn G. Robbins sa kolehiyo ang mga estudyante na pumulot ng aral mula sa kabiguan at pagkatapos ay magpatuloy. |
| **Ulisses Soares** | (98) Nakatanggap ng visa nang mabilis si Ulisses Soares at ang kanyang asawa matapos magpakita ng pananampalataya na gagawa ng himala ang Panginoon para sa kanila. |
| **Gary E. Stevenson** | (17) Nakatanggap si Gary E. Stevenson ng patotoo sa humahaliling mga propeta matapos mamatay ni Pangulong David O. McKay. Pinuri ng isang dating estudyante ang estilo sa pagtuturo ni Dr. Russell M. Nelson. |
| **Brian K. Taylor** | (12) Natatandaan ni Brian K. Taylor ang mapagpasensiya niyang mga guro sa Primary. Matapos ang isang aksidente sa sasakyan dahil sa kanya, nakahanap ang isang kabataang babae ng kapayapaan sa pagkakaalam na siya ay anak ng Diyos. |
| **Taniela B. Wakolo** | (39) Matapos dumalo sa simbahan sa loob ng 39 na taon, nabinyagan at nakumpirma ang isang lalaki at kalaunan ay nabuklod sa kanyang asawa sa templo. |
| **Larry Y. Wilson** | (75) Sa pamamagitan ng pagsunod sa espirituwal na pag-uudyok, tumulong ang isang LDS chaplain na magligtas ng isang barko at mga crew nito mula sa isang bagyo. |
| **Claudio D. Zivic** | (83) "Magtiis at ikaw ay magtatagumpay," sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson kay Claudio D. Zivic at sa kanyang asawa. Dahil sa isang bitak sa kayak ni Claudio D. Zivic, ang kayak ay naging imposibleng kontrolin. |



# Elder Gerrit W. Gong

*Korum ng Labindalawang Apostol*

"Ngayong Linggo ng Pagkabuhay, ako ay masayang umaawit ng 'Alleluia,'" sabi ni Elder Gerrit W. Gong sa kanyang unang pagsasalita sa kumperensya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Ang awit ng pagmamahal ng ating buhay na Tagapagligtas ay ipinagdiriwang ang pagkakaisa ng mga tipan . . . at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo."

Buong buhay na ikinagagalak ni Elder Gong ang pagkakaisang iyan. Alam niya na ang kapangyarihan ng ating mga tipan, lakip ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ay "nagpapalakas at nagpapadakila" sa atin. "Ang mga ito ay nagpapatamis, nagpapanatili, nagpapabanal, at tumutubos," sabi niya.

Sa isang kasal sa templo isang araw, ang kapangyarihan ng mga tipan, kaakibat ang Pagbabayad-sala, ay nakita sa mga salamin ng templo. Parang nakikita niya sa kanyang isipan ang mga henerasyon ng kanyang pamilya na nagpapatuloy sa kawalang-hanggan, mula sa kanyang kilalang kanunununuan, si First Dragon Gong, na isinilang noong AD 837, hanggang sa 36 na henerasyon ng kanyang sariling apo at nagpatuloy pa nang nagpatuloy sa magkabi-kabila.

"Naunawaan ko ang aking asawa at ang aking sarili bilang mga anak sa aming mga magulang at mga magulang sa aming mga anak, bilang mga apo sa aming mga lolo't lola at mga lolo't lola sa aming mga apo," ang sabi niya. "Ang magagandang aral sa buhay ay nagpapadalisay sa ating kaluluwa habang natututo at nagtuturo tayo sa ating mga walang hanggang papel na ginagampanan, kabilang na ang pagiging anak at magulang, magulang at anak."

Si Elder Gong ay naglingkod bilang General Authority mula pa noong Abril 2010 at bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu mula pa noong Oktubre 2015. Siya ay sinang-ayunan bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Marso 31, 2018, na kanyang inilarawan bilang "sagradong tawag mula sa Panginoon na nagpamangha sa akin."

Mula 2011 hanggang 2015, si Elder Gong ay naglingkod bilang miyembro ng Asia Area Presidency, at nagtapos sa paglilingkod na iyon bilang Area President. Siya ay naglingkod bilang full-time missionary sa Taiwan Taipei Mission, high councilor, high priests group leader, stake Sunday School president, seminary teacher, bishop, stake mission president, stake president, at Area Seventy.

Si Elder Gong ay nakatapos ng bachelor of arts degree in Asian Studies at University Studies mula sa Brigham Young University noong 1977. Noong 1979, nagtamo siya ng master of philosophy degree at noong 1981, nagtamo siya ng doctorate in international relations mula sa Oxford University, kung saan siya ay isang Rhodes Scholar. Noong 1985 siya ay naglingkod bilang special assistant sa undersecretary of state sa U.S. State Department, at noong 1987 nagtrabaho siya bilang special assistant sa U.S. Ambassador sa Beijing, China. Simula noong 1989, naglingkod siya sa ilang katungkulan sa Center for Strategic and International Studies sa Washington, D.C. Siya ay dating assistant ng pangulo sa planning and assessment sa Brigham Young University hanggang Abril 2010.

Ang mga lolo't lola ni Elder Gong ay nandayuhan sa Estados Unidos mula sa China. Si Elder Gong ay ipinanganak sa Redwood City, California, USA, noong 1953. Pinakasalan niya si Susan Lindsay noong Enero 1980, at sila ay may apat na anak at tatlong apo.

"Bawat bagay na mabuti at walang hanggan ay nakasentro sa katotohanang buhay ang Diyos, ang ating Walang Hanggang Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Kanyang Pagbabayad-sala, na pinatototohanan ng Espiritu Santo," sabi ni Elder Gong sa kumperensyang ito. "Mapitagan akong sumasaksi at mataimtim na pinatototohanan ang buhay na Cristo—Siya ay . . . kasama natin sa simula, kasama natin Siya hanggang sa huli." ■







# Elder Ulisses Soares

*Korum ng Labindalawang Apostol*

Ang mga buhay na propeta, kabilang si Pangulong Russell M. Nelson, ay tanda ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak, ang pinatotohanan ni Elder Ulisses Soares sa kanyang unang pagsasalita sa kumperensya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol.

"Hindi ba isang biyaya ang magkaroon ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mundo sa mga araw na nabubuhay tayo na hinahangad ang kagustuhan ng Panginoon at sinusunod ito? Nakakapanatag na malaman na hindi tayo nag-iisa sa mundo sa kabila ng mga pagsubok na kinakaharap natin sa buhay."

Bagama't nakaramdam siya ng kakulangan para sa kanyang sagradong tungkulin bilang Apostol, sinabi ni Elder Soares, "ang mga salita at mahabaging tingin [ni Pangulong Nelson] habang pinapaabot niya sa akin ang responsibilidad na ito ay nagpadama sa akin ng yakap ng Tagapagligtas."

Sa pagsang-ayon sa kanya noong Marso 31, 2018, si Elder Soares ang unang naging Apostol ng Simbahan mula sa Latin America. Bago matawag sa tungkuling ito, siya ay miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu mula noong Enero 6, 2013, at naglilingkod sa isang special assignment para sa Presiding Bishopric sa Salt Lake City.

Si Elder Soares ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 2, 2005. Sa tungkuling iyan, naglingkod siya bilang tagapayo sa Africa Southeast Area at Brazil South Area at bilang Pangulo ng Brazil Area.

Si Elder Soares ay naglingkod sa maraming iba pang tungkulin sa Simbahan. Siya ay naging full-time missionary sa Brazil Rio de Janeiro Mission, elders quorum president, tagapayo sa bishopric, high councilor, stake executive secretary, regional welfare agent, stake president, at pangulo ng Portugal Porto Mission mula 2000 hanggang 2003.

Isa sa kanyang pinakamahahalagang tungkulin ay dumating noong siya ay 15 anyos, nang atasan siya ng kanyang bishop na pansamantalang magturo sa Sunday School para sa klase ng mga kabataan. Bilang paghahanda sa ituturong lesson tungkol sa paano magkaroon ng patotoo, nagpasiya ang binatilyong si Ulisses na ipagdasal kung totoo nga ang ebanghelyo.



"Nang lumuhod ako at tanungin ang Panginoon kung totoo ang ebanghelyo," ang paggunita niya, "may nadama akong napakatamis sa puso ko, isang munting tinig na nagpatibay sa akin na totoo ang ebanghelyo at dapat akong magpatuloy dito. Napakalakas niyon kung kaya't hindi ko kailanman masasabing hindi ko alam."

Noong 1985 nagtapos siya ng bachelor of arts degree sa accounting at economics mula sa School of Economic Science sa São Paulo Pontifical Catholic University. Matapos magtamo ng master of business administration degree, nagtrabaho siya bilang isang accountant at auditor sa multinational corporations sa Brazil at bilang director for temporal affairs sa Simbahan sa São Paulo area office.

Si Ulisses Soares ay ipinanganak sa São Paulo, Brazil, noong Oktubre 2, 1958. Pinakasalan niya si Rosana Fernandes noong Oktubre 1982. Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, pinasalamatan ni Elder Soares ang kanyang asawa para sa pagmamahal at suporta nito.

"Ehemplo siya ng kabutihan, pagmamahal at katapatan sa Panginoon at sa akin at sa aking pamilya," kabilang ang kanilang tatlong anak at tatlong apo, ang sabi niya sa kanyang mensahe sa kumperensya. "Mahal ko siya sa bawat tibok ng aking puso, at nagpapasalamat ako sa kanyang positibong impluwensya sa amin." ■





## Elder Carl B. Cook

*Panguluhan ng Pitumpu*

Naniniwala si Elder Carl B. Cook na ang pribilehiyong makapaglingkod ay isa sa malalaking pagpapala ng pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Subalit, alam din niya, na ang pagtanggap at pagganap sa mga tungkulin ay nangangailangan ng pananampalataya.

Si Elder Cook, na sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Marso 31, 2018, ay inihalintulad ang mga miyembro ng Simbahan—na magkakasamang naglilingkod sa mga branch at ward, korum, at auxiliary—sa "compound gear" ng isang sasakyan, na lumilikha ng mas maraming metalikang kuwintas.

Sa sabay na paggamit ng compound gear at four-wheel drive, "maaari mong makuha ang kinakailangang puwersa para mapaandar ito," sabi niya sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2016. "Tulad ng mga gear na nakapagbibigay ng mas malakas na puwersa kapag magkakasama, mas malakas ang ating puwersa kapag nagsama-sama tayo. Kapag nagkaisa tayo sa paglilingkod sa isa't isa, mas marami tayong magagawa nang magkakasama kaysa kung nag-iisa lang tayo. Masayang makibahagi at magkaisa sa ating paglilingkod at pagtulong sa gawain ng Panginoon."

Si Elder Cook ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 2, 2011. Bago matawag sa kanyang bagong tungkulin, si Elder Cook ay naglingkod sa Church headquarters, kung saan tumulong siya sa pangangasiwa sa North America West Area, maliban pa sa iba pang mga responsibilidad. Siya ay naglingkod noon bilang Pangulo ng Africa Southeast Area.

Hinikayat ni Elder Cook ang mga Banal sa mga Huling Araw na alalahanin na ang mga tungkulin sa Simbahan ay nanggagaling sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga hinirang na tagapaglingkod.

"Dumarating ang mga pagpapala kapag nagpapatuloy tayo sa ating mga tungkulin at responsibilidad at nagtitiis nang may pananampalataya."

Si Elder Cook ay nagtapos ng bachelor of arts degree mula sa Weber State College sa Utah at ng master degree sa business administration mula sa Utah State University. Bago siya matawag sa Pitumpu, nagtrabaho siya sa commercial real estate development.

Kabilang sa mga naging tungkulin ni Elder Cook ang pagiging full-time missionary sa Hamburg, Germany, at bilang bishop, stake president, Area Seventy, at pangulo ng New Zealand Auckland Mission.

Siya ay ipinanganak sa Ogden, Utah, USA, noong Oktubre 15, 1957. Pinakasalan niya si Lynette Hansen noong Disyembre 1979. Sila ay may limang anak. ■



## Elder Robert C. Gay

*Panguluhan ng Pitumpu*

Noong naglilingkod bilang mission president sa Ghana, nadama ni Elder Robert C. Gay isang araw na hintuan ang isang batang lalaking humahagulgol. Noong una, hindi niya pinansin ang pahiwatig ngunit ilang sandali pa ay iniutos niya sa isang miyembro ng Simbahan na hanapin ang bata at dalhin sa kanya.

Nalaman ni Elder Gay, na sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Marso 31, 2018, na nagtitinda ng tuyo ang bata para sa kanyang tagapag-alaga. Nang araw na iyon, nalaglag lahat ang kinita ng bata mula sa butas na bulsa nito.

"Kung babalik siya nang walang dalang pera, tatawagin siyang sinungaling, malamang na bugbugin, at saka siya itataboy sa lansangan," sabi ni Elder Gay. "Pinawi namin ang kanyang pangamba, pinalitan ang nawala sa kanya, at ibinalik siya sa tagapag-alaga niya."

Tulad ng ipinaliwanag niya sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, ang karanasang iyon ay nagturo kay Elder Gay ng dalawang dakilang katotohanan: "Una, noon ko lang [higit na] nalaman na nagmamalasakit ang Diyos sa bawat isa sa atin at hindi Niya tayo pababayaan kailanman; at pangalawa, nalaman ko na kailangan nating dinggin palagi ang tinig ng Espiritu sa ating kalooban at 'kaagad' sumunod anuman ang mangyari, kahit may pangamba tayo o hindi ito madali para sa atin."

Si Elder Gay ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Marso 31, 2012. Bago siya matawag sa kanyang tungkulin sa Panguluhan ng Pitumpu, siya ay naglilingkod bilang Pangulo ng Asia North Area. Siya ay dating naglingkod sa Church headquarters bilang chairman ng Self-Reliance Services/ Perpetual Education Fund Committee, na may mga responsibilidad sa self-reliance services sa iba't ibang dako ng mundo.

Bago siya matawag sa kanyang tungkulin sa Pitumpu, siya ay chief executive officer ng isang investment firm na kasama siyang nagtatag. Kasama rin siyang nagtatag at naglingkod bilang direktor sa ilang pandaigdigang organisasyon sa pagkakawanggawa at nagtrabaho sa investment banking sa Wall Street, bilang management consultant, at nagturo ng economics sa Harvard University.

Si Elder Gay ay nagtapos ng bachelor of arts degree sa economics na major ang statistics mula sa University of Utah at PhD sa business economics mula sa Harvard University.

Si Elder Gay ay naglingkod bilang full-time missionary sa Spain, high priests group leader, ward Young Men president, high councilor, tagapayo sa bishopric, at Area Seventy.

Siya ay ipinanganak sa Los Angeles, California, USA, noong Setyembre 1, 1951. Pinakasalan niya si Lynette Nielsen noong Abril 1974. Sila ay may pitong anak. ■



## Elder Terence M. Vinson

*Panguluhan ng Pitumpu*

Naniniwala si Elder Terence M. Vinson na kahit kailan hindi malayo ang Tagapagligtas. "Lagi Siyang nariyan, lalo na sa mga sagradong lugar at sa oras ng pangangailangan," ang pinatotohanan niya noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013. "Kung minsan, kung kailan ko hindi inaasahan, halos parang tinatapik Niya ako sa balikat para ipaalam sa akin na mahal Niya ako."

Minsan, habang naglalakad si Elder Vinson kasama si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, inakbayan ni Elder Holland si Elder Vinson at sinabi sa kanya na mahal siya nito. Sabi ni Elder Vinson, "Naniniwala ako na kung magkakaroon tayo ng pribilehiyong makasabay sa paglalakad ang Tagapagligtas, mararamdaman nating nakaakbay Siya sa atin tulad niyon."

Sabi ni Elder Vinson, na sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Marso 31, 2018, na ang pagmamahal ng Diyos "ang pinakamasayang pakiramdam."

Si Elder Vinson, na magsisimulang maglingkod sa kanyang bagong tungkulin sa Agosto 1, 2018, ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy ng Simbahan noong Abril 6, 2013. Nang panahong iyon siya ay naglilingkod bilang miyembro ng Eighth Quorum of the Seventy sa Pacific Area. Siya ay kasalukuyang naglilingkod bilang Pangulo ng Africa West Area.


Si Elder Vinson ay nagtamo ng bachelor's degree sa mathematics and statistics, diploma para sa edukasyon at pagtuturo, at master's degree sa applied finance. Kasama sa kanyang propesyon ang pagtuturo, pagbibigay ng training, at pagbibigay ng lecture sa mga unibersidad. Ang pangunahin niyang trabaho ay bilang financial adviser at funds manager.

Habang nagsisiyasat sa Simbahan noong binata pa siya, nakadama si Elder Vinson ng malakas na espirituwal na pahiwatig. Malinaw niyang naramdaman na kailangan siyang sumapi sa Simbahan para umunlad at makahanap ng mga sagot sa mga nalalabi pa niyang tanong. Siya ay nabinyagan at nakumpirma nang sumunod na linggo.

Mula noon, "Nalaman ko ang inaasahan ng Panginoon na gawin ko at natuklasan ko na may sagot ang lahat ng aking tanong."

Mula nang mabinyagan noong 1974, si Elder Vinson ay nakapaglingkod bilang tagapayo sa bishopric, bishop, high councilor, tagapayo sa stake presidency, regional representative, tagapayo sa mission presidency, temple ordinance worker, at Area Seventy.

Siya ay ipinanganak sa Sydney, Australia noong Marso 12, 1951. Pinakasalan niya si Kay Anne Carden noong Mayo 1974. Sila ay may anim na anak. ■



## Elder José A. Teixeira

*Panguluhan ng Pitumpu*

Ginunita ni Elder José A. Teixeira ang isang aral na natutuhan niya noong bata pa lang sa Portugal. Sa isang family reunion, lumabas siya para mangisda. Sasabihin sana niya sa kanyang mga magulang kung saan siya pupunta, pero nagpasiya na huwag na lang dahil abala pa ang mga ito sa pag-uusap.

Ilang oras ang nakalipas, natagpuan siya ng kanyang nag-aalalang mga magulang sa pampang ng ilog. Mula sa karanasang iyon, natutuhan niyang sumunod hindi lamang sa kanyang mga magulang kundi sa mga pagbulong ng Espiritu Santo.

Mula noon, naging ugali na ni Elder Teixeira na palaging pakinggan at sundin ang marahan at banayad na tinig. Nalaman niya at ng kanyang pamilya ang ebanghelyo noong 1976, matapos buksan ang Portugal sa gawaing misyonero. Siya ay nabinyagan sa edad na 16 at kalaunan ay naglingkod bilang missionary sa Lisbon Portugal Mission.

"Ang ating mga desisyon ay may kapangyarihang baguhin ang ating buhay," sabi ni Elder Teixeira, na sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Marso 31, 2018. "Ang kaloob na ito ay di-pangkaraniwang tanda ng pagtitiwala sa atin at kaakibat nito ang personal na responsibilidad na gamitin ito nang matalino," ang itinuro niya sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2009.

Si Elder Teixeira ay nagtapos ng kursong accounting at business management at nagtrabaho sa Simbahan bilang international controller. Naglingkod din siya sa Portuguese Air Force bilang bahagi ng isang yunit ng NATO. Noong panahong iyon, natawag siya bilang national public affairs director para sa Simbahan. Hindi nagtagal, nakilala niya ang kanyang napangasawa, si Maria Filomena Lopes Teles Grilo. Ikinasal sila noong 1984 sa Bern Switzerland Temple at nagkaroon ng tatlong anak.

Si José Augusto Teixeira da Silva ay ipinanganak sa Vila Real, Portugal, noong Pebrero 24, 1961. Naglingkod siya bilang tagapayo sa bishopric, district president, stake president, Area Seventy, at pangulo ng Brazil São Paulo South Mission. Siya ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 5, 2008. Siya ay kasalukuyang naglilingkod bilang Pangulo ng South America South Area at magsisimula sa kanyang paglilingkod sa Panguluhan ng Pitumpu sa Agosto 1, 2018.

Higit sa lahat, pinayuhan tayo ni Elder Teixeira sa kumperensya ng Abril 2015 na "[palawakin] ang ating pang-unawa tungkol sa Tagapagligtas. . . . Huwag na nating ipagpabukas ang magagawa natin ngayon. Ngayon tayo kailangang lumapit kay Cristo." ■



## Elder Carlos A. Godoy

*Panguluhan ng Pitumpu*

Noong mga huling taon ng 1980s, si Elder Carlos A. Godoy ay kaka-release pa lang bilang bishop. Nakatapos na rin siya sa kolehiyo, nagtatrabaho sa isang malaking kumpanya, at kontento na sa buhay—hanggang sa bisitahin siya ng isang kaibigan.

Binati siya ng kaibigan niyang iyon sa magagandang nangyayari sa kanya pero pagkatapos ay may itinanong na nagpabagabag sa kanya: "Kung patuloy kang mamumuhay nang ganito, matutupad kaya ang mga pagpapalang ipinangako sa patriarchal blessing mo?"

Napag-isip-isip ni Elder Godoy na kailangan niyang gumawa ng mga pagbabago kung gusto niyang matanggap ang lahat ng ipinangakong pagpapala sa kanya. Kahit kuntento na sa buhay, nagdesisyon siyang kumuha ng master's degree. Umalis siya sa kanyang trabaho, ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian, at, kasama ang kanyang pamilya, ay iniwan ang nakamulatan nang pamumuhay sa Brazil at nag-aral sa Estados Unidos.

Sinabi ni Elder Godoy, na tinawag sa Panguluhan ng Pitumpu noong Marso 31, 2018, na itinuro sa kanya ng karanasang ito ang maraming bagay tungkol sa pagtitiwala sa plano ng Panginoon at pagiging handang iwan ang kanyang komportableng kalagayan.


"Alam ko na ang Panginoon ay may plano para sa atin sa buhay na ito," ang pinatotohanan niya noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014. "Kilala Niya tayo. Alam Niya ang pinakamainam para sa atin. Hindi dahil nasa ayos ang mga bagay-bagay ay hindi na natin dapat isipin paminsan-minsan kung mayroon pang mas maganda."

Si Elder Godoy ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Abril 5, 2008. Siya ay kasalukuyang naglilingkod bilang Pangulo ng South America Northwest Area at magsisimula sa kanyang paglilingkod sa Panguluhan ng Pitumpu sa Agosto 1, 2018.

Bago siya tinawag sa Pitumpu, si Elder Godoy ay nagtrabaho bilang human resources manager para sa dalawang malaking korporasyon bago nagsimula ng kanyang sariling consulting company. Siya ay nagtapos ng bachelor's degree sa economics at political science mula sa São Paulo Pontifical Catholic University noong 1987 at ng master's degree sa organizational behavior mula sa Brigham Young University noong 1994.

Si Elder Godoy ay naglingkod bilang full-time missionary sa Brazil São Paulo South Mission, bishop, high councilor, regional welfare agent, Area Seventy, at pangulo ng Brazil Belém Mission.

Siya ay ipinanganak sa Porto Alegre, Brazil, noong Pebrero 4, 1961. Pinakasalan niya si Monica Soares Brandao noong Marso 1984, at sila ay may apat na anak. ■



## Elder Steven R. Bangerter

*General Authority Seventy*

Sa isang camping trip noong siya ay bata pa, sumakay sa mga motorsiklong pangharabas sina Elder Steven R. Bangerter at kanyang pamilya paakyat sa tuktok ng bundok. Nang pababa na, naligaw siya at napahiwalay sa iba.

Habang nakaluhod nang hapong iyon at humihingi ng tulong sa kanyang Ama sa Langit, nakita niya sa kanyang isipan ang bulaos na dapat niyang daanan. Nang magsisimula na siyang bumaba, "narating na ng aking kapatid ang tuktok ng bulaos sakay ng kanyang motorsiklo, niyakap ako, at inalalayan sa madilim na daang pabalik sa kampo, na ilang oras pa bago marating."

Ang pangyayaring iyon ay isa lamang sa maraming pagkakataon na nakadama siya ng pagmamahal noong kanyang kabataan. "Hindi ko naisip kahit kailan sa buhay ko kung ako ba ay minamahal o pinagmamalasakitan," sabi ni Elder Bangerter.

Si Elder Bangerter ay isinilang sa Salt Lake City, Utah, USA kina Max E. at Thelma R. Bangerter noong Hulyo 29, 1961. Lumaki siya sa Granger, Utah.

Ilang linggo pa lang siyang nakababalik mula sa paglilingkod sa Canada Vancouver Mission, nakilala ni Elder Bangerter si Susann Alexis Hughes. Sa kanilang unang pagdedeyt, naramdaman niya na may balak itong maglingkod kaya naramdaman niyang kailangan na niya itong yayaing pakasal sa susunod na pagdedeyt nila. Sila ay ibinuklod sa Salt Lake Temple noong Marso 17, 1983. Anim ang kanilang naging anak.

Si Elder Bangerter ay nagtapos ng bachelor of arts degree mula sa Arizona State University sa religious studies at juris doctor degree mula sa Western State University College of Law. Mula sa nakalipas na 25 taon, naging kinatawan si Elder Bangerter ng mga simbahan at mga organisasyong may kaugnayan sa relihiyon sa mga usaping legal sa Southern California at southern Utah. Siya ay bahagi ng Cooksey, Toolen, Gage, Duffy, at Woog mula 1993 hanggang 2003 at naging katuwang na tagapamahala ng Bangerter, Frazier, at Graff noong 2004.

Si Elder Bangerter ay naglingkod bilang Area Seventy, stake president, tagapayo sa stake presidency, bishop, elders quorum president, at ward Young Men president. ■



## Elder Matthew L. Carpenter

*General Authority Seventy*

Ginunita ni Elder Matthew L. Carpenter ang unang pagkakataon na nadama niya ang Espiritu Santo. Maliit pa lang siya noon, mga pitong taong gulang, na nakaupo sa klase nila sa junior Primary. May liwanag na pumasok sa silid, at nakadama siya ng mainit na pakiramdam na noon lang niya naramdaman.

"May pumukaw sa puso ko—hindi dahil nainitan ako," sabi niya. "Alam kong totoong may Diyos; nadama ko ito."

Nong siya ay 11 taong gulang, dumalo siya ng sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake Tabernacle kasama ng kanyang ama. Unang beses iyon na nakasama niya sa iisang silid ang propeta, si Pangulong Joseph Fielding Smith.

"Noong makita ko siya," sabi niya, "pinagtibay sa akin ng Espiritu na siya ay propeta."

Ang mga simpleng espirituwal na pagpapatibay na ito na kanyang nadama sa murang edad ay nakatulong sa kanya na gawing gabay ang Espiritu sa buong buhay niya.

"Ang aking patotoo ay hindi sa minsanang pagpapakita ng mga anghel," sabi ng General Authority Seventy, na sinang-ayunan noong Marso 31, 2018, "ngunit ito ay nabuo at lumakas sa paglipas ng panahon."

Si Matthew Leslie Carpenter ay ipinanganak sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Oktubre 21, 1959, kina Leone Erekson at Robert Allred Carpenter. Siya ang bunso sa walong magkakapatid, na may limang kapatid na babae na mas matanda sa kanya.

Sa huling buwan niya sa high school, nakilala niya si Michelle "Shelly" Brown. Nagsimula silang magdeyt ngunit itinigil muna pansamantala ang pagliligawang ito nang maglingkod siya sa Swiss Geneva Mission mula 1979 hanggang 1981. Pagkabalik niya sa misyon, ikinasal ang magkasintahan sa Salt Lake Temple noong Hulyo 9, 1982. Sila ay may limang anak.

Si Elder Carpenter ay nagtapos ng bachelor's degree sa finance mula sa Brigham Young University at ng master of business administration degree mula sa Harvard Business School. Nitong huli ay nagtrabaho siya bilang managing director ng Foundation Specialty Financing Fund.

Si Elder Carpenter ay naglingkod bilang bishop, tagapayo sa bishopric, stake Young Men president, high councilor, stake president, at Area Seventy. ■



## Elder Jack N. Gerard

*General Authority Seventy*

Noong bata pa lang, si Elder Jack N. Gerard ay gumigising mga bandang alas-5:00 ng umaga araw-araw para tumulong sa pag-aalaga ng mga ginagatasang baka ng pamilya. Ang paglaki sa komunidad na pagsasaka ang ikinabubuhay malapit sa Mud Lake, Idaho, USA, ay hindi lamang nagturo sa kanya na maging masipag at maging responsable kundi pahalagahan ang lahat ng tao bilang mga anak ng Diyos.

"Lahat ay may tungkuling ginagampanan at lahat ay may dahilan kaya sila naririto anuman ang kanilang katayuan o kalagayan sa buhay," sabi ni Elder Gerard, na sinang-ayunan noong Marso 31, 2018, bilang General Authority Seventy. Ang aral na iyan ay naging pagpapala sa kanya habambuhay.

Ang kanyang propesyon, na kinabibilangan ng responsibilidad na mamahala sa ilang kompanya—tulad ng National Mining Association, America Chemistry Council, at, kamakailan, ang American Petroleum Institute—ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong makasalamuha ang mga tao mula sa lahat ng antas ng lipunan.

Si Elder Gerard ay ipinanganak noong 1957 kina James at Cecil Gasser Gerard. Matapos maglingkod sa Sydney Australia Mission, nag-aral si Elder Gerard sa University of Idaho, kung saan siya nagtamo ng internship at ng full-time na posisyon sa mga staff ng isang kongresista sa Idaho.

Habang nagtatrabaho sa Washington, D.C., nakilala niya si Claudette Neff, na nagtatrabaho bilang staff assistant sa isang senador sa Utah. "Nababanaag sa kanya ang liwanag ng ebanghelyo," ang paglalarawan ni Elder Gerard sa kanilang pagkikita. Sila ay ikinasal noong Abril 4, 1984, sa Salt Lake Temple. Sila ay may walong anak at apat na apo.

Si Elder Gerard ay nagtapos ng bachelor of arts degree sa political science at juris doctor degree mula sa George Washington University.

Si Elder Gerard ay naglingkod bilang bishop, stake president, Area Seventy, Gospel Doctrine teacher, at Sunday School president.

Sinabi ni Elder Gerard na pareho nilang hangad na mag-asawa na gawin ang kalooban ng Panginoon. "Bilang mahihinang mortal, matapat ang pangako naming gawin ang anumang ipagawa sa amin ng Panginoon, at buong pagpapakumbaba at karangalan naming . . . ilalaan ang aming panahon at pagsisikap sa gawain ng Panginoon." ■



## Elder Mathias Held

*General Authority Seventy*

Si Elder Mathias Held at ang kanyang asawang si Irene, ay masasabing perpektong paglalarawan ng isang pandaigdigang Simbahan. Pareho silang taga Colombia na may lahing Aleman. Dahil sa trabaho at pag-aaral kinailangan nilang umalis sa kanilang sariling bayan sa South America para pumunta sa Canada, Germany, Guatemala, Brazil, at sa huli, bumalik sa Colombia. Sa bawat bansa, kinailangan nilang matuto ng mga bagong wika at kultura.

"Pero kahit saan man kami pumunta parehong-pareho ang Simbahan," sabi ni Elder Held, na sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Marso 31, 2018.

Ang espirituwal na "pagkakaparehong" iyan ang nagbigay sa mag-asawa ng matibay na saligan habang nagpapalaki ng kanilang tatlong anak sa ebanghelyo.

Ang mag-asawang Held ay magkaklase noong mga bata pa silang estudyante sa German-language school sa kanilang bayan sa Bogotá, Colombia. Sila ay ibinuklod noong Hunyo 13, 1989, sa Frankfurt Germany Temple, matapos matamo ni Mathias ang kanyang mechanical engineering degree sa Bogotá at master's degree sa business administration sa Canada.

Dahil sa mga oportunidad sa trabaho, nagpunta ang batang mag-asawa sa Hanover, Germany, kung saan nakatanggap si Sister Held ng malakas na inspirasyon na hindi magtatagal ay may mababago sa buhay nila.

"Sinabi ko kay Mathias na naramdaman ko na makakatanggap kami ng mensahe mula sa langit," sabi niya. Ang mensaheng iyon na mula sa langit ay dumating noong isang maulan na hapon ng 1987 nang may kumatok sa pintuan. Nakatayo sa labas ang dalawang Mormon missionary na nagsasalita ng Aleman sa puntong Amerikano.

Sa sumunod na 10 buwan, ang mga Held ay nagpaturo sa mga missionary at nagkaroon ng mga kaibigan sa kongregasyon ng LDS doon. Matapos ang maraming panalangin, tumanggap sila ng espirituwal na pagpapatibay sa katotohanan ng ebanghelyo at nabinyagan noong 1988.

Si Elder Held ay nagtrabaho nang mahigit 25 taon sa kumpanya ng mga sasakyan, ang Daimler-Benz, at nakalibot na sa buong mundo dahil sa kanyang posisyon dito bilang tagapamahala. Ang pamilya Held ay umasa sa Panginoon sa bawat lugar na kanilang tirahan.

Ipinanganak noong Hunyo 5, 1960, kina Michael at Elisabet Held, si Elder Held ay naglingkod bilang tagapayo sa stake presidency, tagapayo sa bishopric, at Area Seventy sa South America Northwest Area. ■



## Elder David P. Homer

*General Authority Seventy*

Isa sa mga pinakaunang alaala ni Elder David P. Homer ukol sa ebanghelyo ay noong maatasan siya sa edad na 14 na maging kapartner sa home teaching ang isang miyembro ng kanyang ward na "may pambihirang pamamaraan sa home teaching," sabi ni Elder Homer. "Hindi ito tungkol sa pagpunta sa bahay at pagbisita sa mga tao; tungkol ito sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan."

Bilang magkompanyon, ipinagdarasal nila at pinag-uusapan ang mga pamilyang nakaatas sa kanila, hindi bilang matanda na nakikipag-usap sa bata kundi bilang magkasamang naglilingkod sa priesthood. "Natutuhan ko na kaakibat at kaugnay ng Espiritu ang paglilingkod," sabi ni Elder Homer.

Ang aral na iyon ay hindi niya nalimutan sa buong buhay niya at sa mga sumunod na paglilingkod sa Simbahan, ito man ay bilang Area Seventy, nursery leader, o bulletin board specialist—isang tungkuling ginampanan niya noong nakatira sila ng kanyang asawa sa Melbourne, Australia.

Si David Paul Homer ay ipinanganak noong Abril 25, 1961, sa Salt Lake City, Utah, USA, kina Frederick at Phyllis LeNila Homer. Pagkatapos ng kanyang misyon sa Hong Kong mula 1980 hanggang 1982, nakilala niya si Nancy Dransfield, na nagtapos sa Brigham Young University, sa isang institute fireside sa Salt Lake City, kung saan ito nagtatrabaho at dumadalo sa mga klase sa University of Utah. Ikinasal sila sa Salt Lake Temple noong Hulyo 31, 1984. Sila ay nakapagpalaki na ng limang anak na babae at isang anak na lalaki.

Si Elder Homer ay nagtapos ng bachelor's degree in economics mula sa University of Utah at ng master's degree in business administration mula sa Wharton School sa University of Pennsylvania.

Sa kanyang 30-taong propesyon bilang executive sa General Mills, nanirahan sila ng kanyang asawa sa Miami, Florida, USA; Minneapolis, Minnesota, USA; Burlington, Ontario, Canada; at Saint-Sulpice, Vaud, Switzerland.

Si Elder Homer ay naglingkod bilang stake president, bishop, elders quorum president, at ward executive secretary. Bilang Area Seventy nagsimula siyang maglingkod sa Canada at nagpatuloy sa Europe, kung saan siya naglingkod sa nakalipas na apat na taon bago masang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Marso 31, 2018. ■



## Elder Kyle S. McKay

*General Authority Seventy*

Bukod sa kanyang pamilya at sa Simbahan, ang pinakapaboritong bagay ni Elder Kyle S. McKay ay mangabayo sa kabundukan.

"Hindi ko ito relihiyon," sabi niya, "ngunit walang alinlangang pinalalakas nito ang aking [pananampalataya]. Pinaghahalinhinan ko ang mga kabundukan ng Panginoon at ang bundok ng bahay ng Panginoon. Nadarama ko Siya sa parehong lugar."

Inihalintulad ni Elder McKay ang kabundukan sa Huntsville, Utah, USA, sa mga tubig at kagubatan ng Mormon at ang kahalagahan ng mga ito para sa mga tao ni Alma—sa mga lugar na ito niya nalaman, noong bata pa siya, ang tungkol sa kanyang Manunubos.


Si Elder McKay ay isinilang noong Pebrero 14, 1960, sa Chicago, Illinois, USA, kina Barrie Gunn McKay at Elaine Stirland McKay, na pinasasalamatan niya na humubog sa pagkataong taglay niya ngayon.

Huminto muna siya sa kanyang pag-aaral sa Brigham Young University noong 1979 upang magmisyon nang full-time sa Kobe, Japan. Hindi nagtagal matapos makabalik mula sa misyon nag-aral siya para tapusin ang kanyang degree sa English, nakilala ni Elder McKay si Jennifer Stone, na kauuwi lang mula sa England Bristol Mission. Nag-aaral din ito ng English. Ikinasal ang dalawa sa Oakland California Temple noong Hunyo 12, 1984.

Dahil napakahalaga sa buhay niya ang pamilya, sinabi ni Elder McKay na ang labis na nagpapasaya sa kanila ni Sister McKay ay ang kanilang angkan. Habang namamalagi ang mga McKays sa Kaysville, Utah, USA, palagi silang nag-uukol ng panahon sa kanilang siyam na anak sa Huntsville, kung saan nanirahan ang kanyang mga ninuno noon pang 1860s.

Si Elder McKay ay nagtapos ng juris doctor degree noong 1987 mula sa J. Reuben Clark School of Law sa BYU at kaagad tumanggap ng trabaho sa malaking regional law firm sa Portland, Oregon, USA. Kalaunan ay bumalik siya sa Utah para maghanap ng oportunidad sa ibang law firm bago tinanggap ang isang posisyon sa Kroger Company. Nagtrabaho siya bilang vice president para sa Smith's at Fry's, dalawang dibisyon ng Kroger sa Utah at Arizona, USA, mula 2000 hanggang 2017.

Si Elder McKay ay naglingkod noon bilang bishop, high councilor, stake president, at Area Seventy. ■



## Elder Juan Pablo Villar

*General Authority Seventy*

Nalaman ni Elder Juan Pablo Villar ang tungkol sa Simbahan sa Santiago, Chile, nang ibalita sa pamilya ng kanyang panganay na kapatid na si Ivan, na nabinyagan ito nang walang pahintulot mula sa kanyang mga magulang at sinabi kalaunan na plano nitong magmisyon. Nang tanungin kung bakit, ibinahagi ni Ivan ang kanyang patotoo at pagnanais na maglingkod.

"Hindi ko naunawaan ang lahat ng kahulugan niyon," paggunita ni Elder Villar, na 17 anyos noon. "Pero sa sandaling iyon, nakapagtanim siya ng binhi sa puso ko."

Ang binhing iyon ay nabigyan ng pagkakataong lumago nang ipakilala siya ng kanyang kapatid sa mga missionary. Sa unang lesson na itinuro sa kanya, nagkaroon si Elder Villar ng sariling patotoo sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.

"Para sa sarili ko, hindi na kinailangang lumuhod ako at magdasal, dahil nang sandaling ibinahagi nila ang kanilang mga patotoo, alam ko sa puso ko na ito ay totoo," sabi niya. "Nang malaman ko iyon, lahat ng iba pa ay nalaman kong totoo."

Si Ivan, na naglilingkod sa isang kalapit na mission, ay pinahintulutang magbinyag kay Elder Villar noong 1988. Kalaunan, ang kanilang ina at isa pang kapatid, si Claudio, ay sumapi na rin sa Simbahan.

Isang taon pagkatapos ng kanyang binyag, nagsimulang maglingkod si Elder Villar sa Chile Viña del Mar Mission, na simula na ng habambuhay na paglilingkod na kinabibilangan ng paglilingkod bilang stake president, bishop, tagapayo sa bishopric, tagapayo sa Chile Santiago East Mission, at Area Seventy sa South America South Area. Siya ay sinang-ayunan noong Marso 31, 2018, bilang General Authority Seventy.

Si Elder Villar ay isinilang noong Setyembre 11, 1969, sa Valparaiso, Chile, kina Sergio Villar Vera at Genoveva Saaverdra. Pinakasalan niya si Carola Cristina Barrios noong Marso 31, 1994, sa Santiago Chile Temple. Sila ay may tatlong anak.

Matapos magtamo ng bachelor's degree sa social communications and public relations at ng master's degree sa marketing, nagtrabaho siya sa pharmaceutical at medical devices industry. Noong 2007 kumuha pa siya ng master's degree sa business administration mula sa Brigham Young University. Pagkatapos ay bumalik siya sa Chile para magtrabaho sa Orica, isang mining services company, bilang senior manager nito lang. ■



## Elder Takashi Wada

*General Authority Seventy*

Noong isang malamig na araw ng Nobyembre, hindi nakaiwas si Takashi Wada nang magtanong sa kanya ang isang Amerikanong missionary ng direksyon papunta sa local postal office.

Ang 15-anyos na binatilyo ay binalaan ng kanyang ama na umiwas sa mga Mormon, na nakikipag-usap sa mga tao sa mga lansangan ng Nagano, Japan, mga tatlong minuto lang ang layo mula sa kanilang tahanan. Pero napahanga si Takashi ng pagsasalita ng Hapones ng mga Amerikanong elder.

Lumipas ang ilang araw, isa pang missionary ang kumausap kay Takashi. Bago pa lang siya sa Japan. Sa baluktot na pagsasalita ng Hapones, sinikap niyang ibahagi ang kuwento tungkol kay Joseph Smith.

Hindi ito gaanong maintindihan ni Takashi, "pero nadama ko na dapat akong makinig," paggunita niya.

Itinuro sa kanya ng mga missionary ang mga hakbang sa panalangin at ang mga lesson. Dumalo siya sa mga pulong ng Simbahan at naantig sa mga patotoo ng mga miyembro sa lugar. Dahil naiisip niya ang inaasahan sa kanya ng kanyang pamilyang Buddhist, panay ang sabi ni Takashi sa mga missionary na, "Hindi ako puwedeng sumapi sa Simbahan, pero gusto kong may malaman pa."


Dalawang taon kalaunan, bago umalis si Takashi para mag-aral sa Estados Unidos sa edad na 17, pinayagan na siya ng kanyang mga magulang, at sumapi siya sa Simbahan.

Si Elder Wada, na isinilang noong Pebrero 5, 1965, kina Kenzo at Kazuko Wada, ay nagtapos ng bachelor of arts degree in linguistics noong 1990 at ng master's degree in business administration noong 1996, kapwa mula sa Brigham Young University.

Siya ay nagmisyon sa Utah Salt Lake City North Mission at pinakasalan si Naomi Ueno noong Hunyo 18, 1994, sa Tokyo Japan Temple. Sila ay may dalawang anak na lalaki.

Kabilang sa naging trabaho ni Elder Wada ang iba't ibang posisyon sa mga multinational corporation sa Estados Unidos at Japan, gayundin ang pagiging director for temporal affairs ng Simbahan sa North America West, North America Northwest, at Asia North Areas.

Si Elder Wada ay dating bishop, high councilor, at seminary teacher. Naglingkod siya bilang pangulo ng Japan Tokyo South Mission mula 2013 hanggang 2016. Siya ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Marso 31, 2018. ■



## Bonnie H. Cordon

*Young Women General President*

Ang paboritong talata ni Sister Bonnie H. Cordon ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 123:17: "Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag."

Para sa kanya ang talatang ito ay naglalarawan ng mga aral na natutuhan niya sa buong buhay niya. "Magagawa natin ang mahihirap na bagay, ngunit magagawa rin natin ang mga ito nang masaya," sabi ni Sister Cordon, na sinang-ayunan noong Marso 31, 2018, bilang bagong Young Women General President.

Ang kaalamang iyan ay ikinintal sa kanya ng "masayang kabataan" habang nagtatrabaho sa maliit na bukirin sa southeast Idaho at noong nahihirapan siyang matutuhan ang bagong wika bilang missionary sa Portugal. Ito rin ay mensahe na paulit-ulit niyang sinasabi sa mga missionary noong naglilingkod pa siya kasama ng kanyang asawa na pangulo ng Brazil Curitiba Mission. At ito ang pinaplano niyang ibahagi ngayon sa mga kabataang babae sa buong mundo.

Ang mga kabataang babae ngayon, sabi niya, ay inaasahang mas maging aktibo at isulong ang gawain ng Panginoon. "At magagawa natin ito," dagdag pa niya.

Si Bonnie Hillam Cordon ay ipinanganak noong Marso 11, 1964, kina Harold at Carol Rasmussen Hillam sa Idaho Falls, Idaho, USA. Pagkatapos ng kanyang misyon tinapos niya ang kanyang bachelor's degree in education sa Brigham Young University, kung saan niya nakilala si Derek Lane Cordon. Ikinasal sila noong Abril 25, 1986, sa Salt Lake Temple. Sila ay may apat na anak at apat na apo.

Kabilang sa mga naging tungkulin niya sa Simbahan ang pagiging nursery leader at seminary teacher. Dalawang taon bago siya matawag na maglingkod bilang tagapayo sa Primary General Presidency, si Sister Cordon ay masayang naglilingkod bilang stake Young Women president. Kahit na-release na siya sa tungkuling iyon, "Hindi ako tumigil kahit kailan na ipagdasal ang mga kabataang babae," sabi niya.

Ang mensaheng gustung-gusto niyang ibahagi sa mga kabataang babae sa buong mundo ay na mahal niya sila at, higit sa lahat, na mahal sila ng Diyos. ■



## Michelle D. Craig

*Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency*

Noong siya ay 16 anyos, nalaman ni Sister Michelle D. Craig na lilipat ang kanyang pamilya sa Harrisburg, Pennsylvania, USA, mula sa Provo, Utah, USA, para magsimula na ang kanyang ama sa paglilingkod bilang mission president.

Masaya siyang makasama ang kanyang pamilya, ngunit dahil bagong lipat "wala siyang mga kaibigan" noong nasa junior at senior high school siya.


"Iyon ang mga taon na madali kang maimpluwensyahan," sabi ni Sister Craig. "Sa halip na umasa ako mga kaibigan, umasa ako sa aking pamilya at sa aking patotoo, at ang simbahan ang naging lakas ko." Pinahalagahan niya nang lubos ang kaugnayan niya sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas.

Si Michelle Daines Craig ay ipinanganak noong Hulyo 13, 1963, sa Provo, Utah, at pinakamatanda sa pitong anak nina Janet Lundgren at Robert Henry Daines III. Sa Provo siya nakatira bago lumipat ang kanyang pamilya sa Pennsylvania. Pagkaraan ng dalawang taon, bumalik si Sister Craig sa Provo para mag-aral sa Brigham Young University, kung saan siya nagtapos ng bachelor's degree in elementary education. Noong 1984 tinanggap niya ang tawag na magmisyon sa Dominican Republic Santo Domingo Mission.

"Malakas na ang pananampalataya ko noon pa man," sabi ni Sister Craig, na sinang-ayunan bilang Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency noong Marso 31, 2018. "Mula noong bata ako, alam ko nang ako ay anak ng Diyos. Pero naaalala ko [noong nasa misyon ako] na tuwing magpapatotoo ako tungkol kay Propetang Joseph Smith, nararamdaman ko ang Espiritu. Napakagandang pagpapatibay iyon na nagpalakas sa aking patotoo."

Ilang araw pa lang siyang nakakauwi nang sabihin ng kapatid na lalaki ni Sister Craig na kailangan niyang makipagdeyt kay Boyd Craig, ang naging kaibigan nito sa misyon. Walong buwan kalaunan naging magkasintahan na sila. Sila ay ikinasal noong Disyembre 19, 1986, sa Salt Lake Temple. Sila ay may tatlong anak at anim na apo.

Nakapaglingkod na siya sa maraming tungkulin, kabilang ang pagiging ordinance worker sa Provo Utah Temple at bilang Gospel Doctrine teacher. Nang tawagin siya sa Young Women General Presidency, siya ay kasalukuyang naglilingkod sa Primary general board. ■



## Becky Craven

*Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency*

May kasabihang laging binabanggit ni Sister Becky Craven noong siya ay missionary: "Kapag alam mo kung sino ka, iba ang ikikilos mo."

"At sa lahat ng aspetong iyan—mula sa iyong pananamit, pagsasalita, pagkilos, at sa mga aktibidad na sinasamahan mo," sabi ni Sister Craven, na naglingkod kasama ng kanyang asawang si Ronald L. Craven, nang mangulo ito sa North Carolina Charlotte Mission mula 2012 hanggang 2015.

Si Sister Craven ay sinang-ayunan bilang Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency noong Marso 31, 2018. "Kapag nagsimulang maunawaan ng mga kabataang babae ang kanilang bahagi sa plano ng Diyos, makikita nila espirituwal na plano nila para sa kanilang sarili," sabi niya. "Kailangang may espirituwal na plano kayo. Kung wala kayong espirituwal na plano, hindi ninyo alam kung saan kayo pupunta at hindi ninyo alam kung ano ang gagawin para makarating doon."

Si Rebecca Lynn Craven ay ipinanganak noong Oktubre 26, 1959, sa Chardon, Ohio, USA, kina Corless Walter Mitchell at Linda Louise Kazsuk Mitchell. Ipinagmamalaki niyang tawagin ang sarili na "army brat" (batang may magulang na nasa militar). Lumaki siya sa Texas, USA, kung saan sumapi ang kanyang pamilya sa Simbahan; sa Germany, ibinuklod sila ng kanyang pamilya sa Swiss Temple; England; Utah, USA, kung saan siya nabinyagan noong unang madestino ang kanyang ama sa Vietnam; at sa Maryland, Kentucky, Missouri, at Kansas ng Estados Unidos.

Ikinasal siya noong Agosto 5, 1980, sa Salt Lake Temple. Ang mga Craven ay may limang anak.

Bago siya masang-ayunan sa kanyang bagong tungkulin, siya ay naglilingkod bilang tagapayo sa ward Relief Society presidency at bilang ordinance worker sa Bountiful Utah Temple. Naglingkod din siya bilang ward Young Women president, stake Relief Society board member, stake missionary, at lider ng Webelos.

Si Sister Craven ay nagtapos ng bachelor's degree in interior design sa Brigham Young University, kung saan siya naglingkod sa athletic advisory committee. Siya ay naglingkod din bilang executive board member of CHOICE Humanitarian, isang pandaigdigang organisayong pangkawanggawa na nakabase sa Utah.

Mahilig siya sa hiking, water sports, snowshoeing, pagbibiyahe, pagpipinta, pananahi, at paglalaro kasama ang kanyang pamilya. ■



## Lisa L. Harkness

*Unang Tagapayo sa Primary General Presidency*

Noon pa man mahilig ng pag-aralan ni Lisa L. Harkness ang mga bagay sa kanyang kapaligiran, isang ugaling namana niya mula sa kanyang mga magulang. Siya ay nag-aral ng political science at natuto pang humawak ng mga reptile—kasama na riyan ang mga ahas—habang nagtatrabaho sa Monte L. Bean Life Science Museum noong siya ay nasa Brigham Young University.

"Mayroon silang personalidad, maniwala ka man o hindi," sabi niya. "May isang nakikilala ako sa tuwing hahawakan ko siya." Si Howard, isang boa constrictor na may pulang buntot, ay gumagapang sa kanyang (Sister Craven) balikat, pumupulupot sa kanyang leeg, at inihihimlay ang ulo sa kanyang ulunan habang nagtuturo siya sa mga grupong pumupunta sa museo.

Hanggang ngayon, kaya pa rin niyang hawakan at tukuyin ang iba't ibang uri ng ahas—basta huwang lamang itong sasagitsit sa kanya.

Si Sister Harkness ay isinilang sa Los Angeles, California, USA, kina Ronald at LaRae Long noong Enero 13, 1965. Ang panganay sa limang anak, ang kanilang pamilya ay "mahilig pumunta sa iba't ibang lugar para maglibot, at pag-aralan ang kapaligiran." Dahil alam niyang maaari siyang magtanong sa kanyang mga magulang, sabi niya, "Naniniwala ako nang lubos na maaari din akong magtanong sa Ama sa Langit at makatanggap ng sagot."

Matapos maglingkod sa Spanish-speaking mission sa Louisiana Baton Rouge Mission, si Sister Harkness ay nagtapos sa BYU ng bachelor of science degree in political science and secondary teaching. Nagpakasal sila ni David S. Harkness noong Abril 22, 1988 sa Salt Lake Temple. Sila ay may limang anak at dalawang apo.

Si Sister Harkness—na tinawag bilang Unang Tagapayo sa Primary General Presidency noong Marso 31, 2018—ay naglingkod din bilang miyembro ng Primary general board, stake Young Women president, ward Relief Society president, tagapayo sa ward Young Women presidency, Mia Maid adviser, Young Women camp director, stake family history director, ward family history consultant, at Gospel Doctrine teacher.

Nagboluntaryo din siya sa parent-teacher association sa kanilang lugar, sa community council, sa Utah Symphony, at sa Timpanogos Storytelling Festival, gayundin sa kanyang lokal na pamahalaan sa iba't ibang posisyon. ■



# Pagtutuon sa Ministering

Ang home teaching at visiting teaching ay ititigil na, ang ipinabatid ni Pangulong Russell M. Nelson sa sesyon sa Linggo ng hapon ng pangkalahatang kumperensya. Sa "ministering," isang "bago at mas banal na pamamaraan" na pangangalaga sa iba na tulad ng pangangalaga ni Cristo, pagkakaisahin ang lahat ng pagsisikap at gawain upang tulungan ang mga miyembro sa kanilang espirituwal at temporal na pangangailangan.

Si Sister Jean B. Bingham, Relief Society General President, at si Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsalita rin tungkol sa kung paano mas maitutuon ng bagong pamamaraang ito ang mga gawain ng Melchizedek Priesthood quorum at Relief Society sa ministering tulad ng ginawa ng Tagapagligtas (tingnan sa mga pahina 101 at 104).

Ang mga Laurel at Mia Maid ay maglilingkod bilang kompanyon sa ministering ng kababaihan ng Relief Society. Sa interbyu na gagawin kada tatlong buwan, ang mga kapatid na lalaki at babae na nagministeryo ay makikipag-usap sa kanilang mga lider tungkol sa mga pangangailangan at kakayahan ng mga taong naka-assign sa kanila. Ang tanging pormal na report na gagawin ay ang bilang ng interbyu na ginawa ng mga lider kada tatlong buwan. Mahalagang magbisita hangga't maaari, ngunit sa ministering, walang tinukoy na partikular na paraan para makontak sila palagi bawat buwan.

"Ang mga kabataan ay maaaring maibahagi ang kanilang natatanging mga kaloob at paunlarin ang kanilang espirituwalidad habang naglilingkod sila kasama ang mga mas nakatatanda sa gawain ng kaligtasan," sabi ni Sister Bingham. Sa pakikibahagi ng mga kabataan madaragdagan din ang bilang ng mga miyembro na nangangalaga sa isa't isa at tumutulong sa mga kabataan na "maging [mas] handa para magampanan ang kanilang tungkulin bilang mga lider sa Simbahan at komunidad at bilang kapaki-pakinabang na katuwang sa kanilang pamilya."

"*Kami* sa Church headquarters ay hindi nangangailangan na malaman kung *paano* o *saan* o *kailan* ninyo kinokontak ang mga miyembro ninyo," ang sabi ni Elder Holland;" ang nais naming malaman ay na *ginagawa* ninyo ito at pinagpapala sila sa bawat paraan na kaya ninyong gawin."

Ayon sa isang liham ng Unang Panguluhan, maaaring matagalan ang pag-aakma sa ministering ngunit dapat na itong magawa sa lalong madaling panahon. Ang Ministering.lds.org ay nagbibigay ng mga karagdagang detalye, kasama ang mga sagot sa mga madalas itanong. Ang mga instructional video at iba pang mga sanggunian ay idaragdag sa website sa mga darating na linggo.

Simula sa Hunyo, magtatampok na sa *Liahona* ng buwanang lathalain na tatawaging "Mga Alituntunin ng Ministering" upang tulungan ang mga miyembro na maunawaan kung paano maging higit na tulad ni Cristo sa paglilingkod sa isa't isa. ■





# Pagbabago sa Istruktura ng mga Korum

Ang ward (o branch) high priests group at elders quorum ay pagsasamahin na ngayon sa isang elders quorum, ang ipinabatid ni Pangulong Russell M. Nelson sa sesyon sa priesthood ng pangkalahatang kumperensya. Ang stake presidency ay patuloy pa ring maglilingkod bilang panguluhan ng stake high priests quorum, ngunit ang korum na iyan ay kabibilangan lamang ng mga high priest na kasalukuyang naglilingkod sa stake presidency, sa bishopric, sa high council, at mga gumaganap na patriarch.

Ang elders quorum ay pamumunuan ng isang panguluhan na maaaring kabilangan ng mga elder at high priest. Ang elders quorum president ay magrereport sa stake president at regular na makikipag-usap sa bishop. Ang mga katungkulan sa Priesthood ay tulad pa rin ng dati. Ang kasalukuyang ward (o branch) elders quorum presidency at high priests group leadership ay ire-release, at tatawag ang stake president ng bagong elders quorum presidency. ■

# Pitong Bagong Templo Ibinalita

Magtatayo ng mga templo sa Salta, Argentina; Bengaluru, India; Managua, Nicaragua; Cagayan de Oro, Philippines; Layton, Utah, USA; Richmond, Virginia, USA; at isang pangunahing lungsod na aalamin pa sa Russia, ang ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng sesyon sa Linggo ng hapon ng pangkalahatang kumperensya.

Bago mag-kumperensya, ibinalita ng Unang Panguluhan ang paglalaan sa Rome Italy Temple sa Linggo, Marso 10, 2019, hanggang sa susunod na Linggo, Marso 17, 2019. Naglabas din ang Simbahan ng artistic rendering ng Bangkok Thailand Temple.


Noong Oktubre 2017, nagdaos ng groundbreaking para sa the Port-au-Prince Haiti Temple; ang Meridian Idaho Temple ay inilaan noong Nobyembre 2017; at ang Cedar City Utah (USA) Temple ay inilaan noong Disyembre 2017.

Dawalang templo ang malapit nang ilaang muli: ang Houston Texas Temple sa Linggo, Abril 22, 2018, matapos makumpuni ang mga pinsalang idinulot ng pagbaha; at ang Jordan River Utah Temple sa Linggo, Mayo 20, 2018, matapos ang mga renobasyon. At dalawang karagdagang templo pa ang ilalaan kalaunan sa taong ito: ang Concepción Chile Temple sa Linggo, Oktubre 28, 2018; at ang Barranquilla Colombia Temple sa Linggo, Disyembre 9, 2018.

Ang Hamilton New Zealand Temple ay isasara sa Hulyo 2018 para sa ekstensibong renobasyon at muling ilalaan sa 2021.

Kasalukuyang may 159 na ginagamit na templo sa buong mundo at 30 templo na itatayo o kasalukuyang itinatayo. ■

*Rome Italy Temple*



*Rendering ng Bangkok Thailand Temple*











# Family History: Pagtuklas, Pagtipon, Pagkonekta

Ang mga temple at family history consultant ay makatutulong sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba na madama ang kagalakang nagmumula sa pagtuklas, pagtipon, at pagkonekta sa mga ninuno, ayon kay Elder Bradley D. Foster, General Authority Seventy at Executive Director ng Family History Department ng Simbahan.

Lahat ay may kuwento mula sa kasaysayan ng kanilang pamilya. At magagandang bagay ang maaaring mangyari kapag sinimulan na ninyo ang pagsasaliksik at paghahanap sa mga ito.

"Ang ating bibigyang-diin sa darating na taon ay tulungan ang mga consultant na malaman ang kanilang tungkulin sa pagtulong sa mga miyembro na magkaroon ng karanasang ito," sabi ni Elder Foster. "Ginagawa namin iyan nang isa-isa. Pinupuntahan namin [ang mga tao] saanman sila naroon, na ang mas partikular na pinagtutuunan ay ang mga batang malapit nang mag-12 anyos at ang mga bagong miyembro." Ang dalawang grupong ito ay kaagad na mapagpapala kapag nakita nila kung paano pinalalakas ng gawain sa templo ang mga pamilya sa kawalang-hanggan, at karaniwan na sila ang mas malakas makahikayat sa kanilang mga kaibigan at pamilya.

Kahit hindi miyembro ng Simbahan ay magagawa ang pagtuklas-pagtipon-pagkonekta kapag isa-isa silang tinulungan sa kahit saan man sa mahigit 5,000 FamilySearch family history center sa iba't ibang panig ng mundo. ■





# Pagpapadali ng Gawaing Misyonero

Nitong huling anim na buwan, gumawa ang Simbahan ng ilang hakbang para mapadali ang gawaing misyonero.

*Mga tanong tungkol sa pamantayan*. Pinasimulan ng Unang Panguluhan ang isang set ng mga tanong tungkol sa mga pamantayan na gagamitin ng mga bishop at stake president sa pag-interbyu sa mga prospective full-time missionary. Hinikayat nila ang mga lider, mga magulang, at kabataan na maging pamilyar sa mga tanong.

Ang mga pamantayan na inilalahad sa mga tanong ay hindi magbabago o magdaragdag sa mga kinakailangan para sa full-time missionary service, ngunit ang pagrerepaso ng mga ito nang regular ay makatutulong sa prospective missionary at mga magulang na matuto ng mga alituntunin at matukoy ang mga aspeto na kailangang mapagbuti o mas mapaghandaan.

*Paggamit ng teknolohiya*. Ang bilang ng mga mission na gumagamit ng mga mobile device ay 162 na mula sa dating 87, at ang mga tablet ay pinapalitan na ngayon ng mga smartphone. Ang phone ay makatutulong sa mga missionary sa pag-aaral, paghahanap, at pagtuturo.

Ginagamit din ang teknolohiya sa pagbibigay ng impormasyon online sa mga tao na naghahanap ng sagot sa mga tanong na may kinalaman sa relihiyon. Sinimulan ng Simbahan ang paggamit ng online teaching center anim na taon na ang nakalipas at nagpapatakbo na ngayon ng 20 online teaching center sa iba't ibang panig ng mundo.

Salamat sa teknolohiya, ang mga miyembro na gustong paturuan sa mga missionary ang kanilang mga kaibigan ay maaari nang makipag-ugnayan sa mga missionary na nagtuturo sa kanilang kaibigan. Mapag-uusapan nila ng mga missionary ang kailangang gawin at makakabahagi sa lesson sa pamamagitan ng internet. Alamin kung paano sa **lds.org/referrals.**

*Pagtugon sa mga kasalukuyang pangangailangan*. Simula Hulyo 2018, babaguhin ng Simbahan ang mga lugar na sakop ng 19 na misyon, at 5 bagong misyon ang bubuuin. Dahil dito magiging 407 ang bilang ng misyon mula sa dating 421. Ang mga bagong mission ay ang Brazil Rio de Janeiro South, Cote d'Ivoire Yamoussoukro, Nigeria Ibadan, Philippines Cabanatuan, at Zimbabwe Bulawayo. Ang mga detalye tungkol sa pinagsanib na mga mission ay ipararating ng mga mission president sa mga magulang ng mga missionary sa mga apektadong mission.

Dahil sa pagbabago sa edad na kailangan sa gawaing misyonero na ibinalita noong 2012, bumuo ang Simbahan ng 76 na bagong mission para matugunan ang biglang paglaki ng bilang ng mga missionary na naging 88,000 mula sa dating 58,000. Ang biglang paglaki ng bilang na iyon ng mga missionary ay bumaba na, tulad nang inaasahan, at mga 68,000 missionary ang kasalukuyang naglilingkod ngayon. Ibig sabihin, sa ngayon, mas kaunting bilang ng mission ang kailangan. Ngunit nangangahulugan din na dapat bigyang-pansin ang nararapat na paglalagay ng mga missionary sa mga lugar sa iba't ibang panig ng mundo kung saan sila kailangan.

*Mga missionary training center.* Ang Provo Missionary Training Center sa Utah, USA, at ang MTC sa Pilipinas ay parehong pinalaki at inilaan, at ang bagong missionary training center sa Ghana ay inilaan na. Ang Spain at Chile training center ay isasara sa Enero 2019, at ang mga missionary na dapat sanang pupunta sa mga ito ay bibigyan ng training sa isa sa natitirang 13 missionary training center sa iba't ibang panig ng mundo. ■

# Bagong mga Patakaran, Pamamaraan, at mga Produkto

*Mga kabataan at gawain sa templo.* Ipinabatid ng Unang Panguluhan ang pagbabago sa mga patakaran ng templo na magbibigay sa mga kabataan ng mas maraming oportunidad sa templo at tulungan ang mga bata sa Primary na mas makapaghandang maglingkod sa templo.

*Paghadlang, pagtukoy, at pagtugon sa pang-aabuso.* Sa patuloy na pagsisikap na mabigyan ng payo ang mga lider kung paano hadlangan, tukuyin at tumugon sa mga pang-aabuso, nagpadala ang Unang Panguluhan noong Marso 26, 2018, ng isang liham at resource document sa mga lider ng Simbahan sa Estados Unidos at Canada. Nakapaloob sa dokumento ang mga bagong patakaran tungkol sa kung paano papayuhan ng mga bishop at stake presidency ang mga biktima ng seksuwal na pang-aabuso at paano nila dapat interbyuhin ang mga miyembro ng Simbahan.

*Mga Pagbabago sa Young Women camp.* Kabilang sa mga pagbabago sa Young Women camp program ng Simbahan, na nakalahad sa bagong camp guide na ilalabas sa mga susunod na buwan, ang pag-aalis ng sertipikasyon at pagbibigay-pansin sa mga lider ng mga kabataan.

Nilayong maging "globally applicable" o angkop sa lahat ng young women na naninirahan sa iba't ibang panig ng mundo, ang bagong *Young Women Camp Guide* ay mababasa na ngayon sa Ingles (at kalaunan sa 23 wika) bilang sanggunian para sa mga panguluhan ng Young Women presidency, camp specialist at mga lider ng youth camp sa **youngwomen.lds.org.**

*Mga pagsusumite ng musika.* Sa mga pagbabago kamakailan sa pagsusumite ng mga musika sa Simbahan, magiging mas mabilis at madali na ang pagsumite ng mga orihinal na sagradong musika sa Simbahan. Ang musika ay maaaring isumite sa **apps.lds.org/artcomp.**

*"How To" video channel.* Naglunsad ang Simbahan ng bagong channel sa YouTube na tinawag na "How To" na nagbibigay ng simple at praktikal na tulong sa mga tunay na hamon sa buhay. Pinamagatang "one-stop channel for finding the help you need when you need it," ang channel ay kasalukuyang may mahigit 600 video na pinagbukud-bukod ayon sa siyam na kategorya, bawat isa ay may multiple playlist ng mga video tungkol sa iba't ibang magkakaugnay na paksa sa Ingles, na may kaunting nilalaman sa wikang Espanyol at Portuges. Tingnan ito sa **HowTo.lds.org.**

*Mga pagsasalin ng mga banal na kasulatan.* Ipinabatid ng Simbahan ang mga nakaplanong proyekto sa pagsasalin para sa 34 na karagdagang wika, at isang bagong proseso na magtutulot sa mga tao na pag-aralan ang draft ng mga naisaling bahagi bago ilathala ang final translation, ibig sabihin nito ay maa-access nang mas maaga ng mga miyembro ang mga banal na kasulatan sa kanilang wika. ■

*Mababasa ninyo ang karagdagang impormasyon tungkol dito sa* **news.lds.org.**





# PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN—

Para sa
Elders Quorum at
Relief Society

*Ang mga sangguniang ito ay matatagpuan din sa Gospel Library app at sa comefollowme.lds.org.*



# Bakit Tayo May

## mga Miting sa Korum at Relief Society?

Sa mga huling araw na ito, ipinanumbalik ng Diyos ang priesthood at inorganisa ang mga korum ng priesthood at Relief Society upang makatulong sa pagsasakatuparan ng Kanyang gawain ng kaligtasan. Dahil dito, bawat Linggo kapag nagtitipon tayo sa mga miting ng elders quorum at Relief Society, tinatalakay at pinaplano natin kung ano ang gagawin natin upang makatulong sa pagsasakatuparan ng gawain ng Diyos. Para maging epektibo, ang mga miting na ito ay dapat maging higit pa sa isang klase lamang. Ang mga ito ay mga oportunidad upang magsanggunian tungkol sa gawain ng kaligtasan, sama-samang matutuhan ang tungkol sa gawaing iyon mula sa mga turo ng mga lider ng Simbahan, at magplano at ayusin ang ating sarili upang maisakatuparan ito.

## Mga Council Meeting sa

# Unang Linggo

Sa unang Linggo ng bawat buwan, *hindi magtuturo ng lesson ang isang titser* sa mga miting ng elders quorum at Relief Society. Sa halip, pamumunuan ng mga panguluhan ng elders quorum at Relief Society ang mga council meeting. Sa mga council meeting na ito sa unang Linggo, ang mga elders quorum at Relief Society ay sama-samang nagsasanggunian tungkol sa mga lokal na responsibilidad, oportunidad, at hamon; natututo sa mga ideya at karanasan ng isa't isa; at nagpaplano ng mga paraan upang sundin ang mga pahiwatig na natanggap mula sa Espiritu. Ang mga talakayang ito ay dapat na nauugnay sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga buhay na propeta.

Hindi lahat ng council meeting ay pare-pareho. Narito ang ilang tuntuning makatutulong sa mga panguluhan sa pamumuno para sa isang matagumpay na pagpupulong.



## Mga Paksa Para sa mga Council Meeting sa Unang Linggo

Maaaring manggaling ang mga ideya sa mga paksang tatalakayin sa council meeting sa mga presidency meeting, ward council meeting, ang plano ng area, mga impresyong natanggap ng mga lider habang naglilingkod sila sa mga miyembro, at mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo. Ang mga paksa sa ibaba ay mga mungkahi lamang. Maaaring alam ng mga lider ang iba pang mga pangangailangan na nadarama nilang dapat talakayin.

- Ano ang magagawa natin para mapaglingkuran ang mga nasa paligid natin? (tingnan sa Mosias 23:18).
- Paano natin aayusin kung ano ang uunahin sa iba't iba nating mga responsibilidad?
- Paano natin ibabahagi ang ebanghelyo sa ating mga kaibigan at kapitbahay? (tingnan sa Alma 17).
- Paano natin mapoprotektahan ang ating sarili at ating pamilya mula sa di-angkop na media at pornograpiya?
- Ano ang gagawin natin para turuan at palakasin ang ating mga anak at ang mga kabataan sa ating ward?
- Paano tayo higit na makikibahagi sa gawain sa family history at pagsamba sa templo?
- Paano natin makakamtan ang tulong ng Panginoon kapag naghahanap tayo ng mga sagot sa ating mga katanungan at naghahangad na mas malalim na maunawaan ang ebanghelyo?
- Paano natin mapalalakas ang ating patotoo tungkol sa Panginoon at sa Kanyang ebanghelyo at matutulungan ang ating pamilya na maging espirituwal na self-reliant?

### BAGO MAG-COUNCIL MEETING

**GAWIN:**

- Tukuyin ang mga lokal na pangangailangan, oportunidad, at hamon.
- Mapanalanging piliin ang paksang pag-uusapan.
- Anyayahan ang mga miyembro ng korum o mga sister ng Relief Society na maghandang magbahagi ng mga nasa isip nila at karanasan.

**HINDI DAPAT GAWIN:**

- Maghanda ng lesson.
- Dumalo nang may partikular na solusyon o planadong aksiyon sa isipan.

### SA ORAS NG COUNCIL MEETING

**GAWIN:**

- Anyayahan ang mga miyembrong *magbahagi ng mga karanasan* nila sa pagsunod sa mga pahiwatig at plano mula sa nakaraang mga miting.
- Pasimulan ang paksa ng pulong at himukin ang mga miyembro na *magsanggunian* tungkol dito, naghahanap ng solusyon at patnubay mula sa mga banal na kasulatan, sa mga salita ng mga propeta, at sa Espiritu Santo.
- *Planuhin ang aksiyong gagawin* sa mga bagay na tinalakay. Maaaring kinapapalooban ito ng mga plano ng grupo o plano ng bawat indibidwal na sila mismo ang gumawa.

**HINDI DAPAT GAWIN:**

- Mangibabaw sa usapan.
- Subukang kumbinsihin ang iba sa iyong mga ideya.
- Talakayin ang mga isyung sensitibo o kumpidensyal.
- Magturo ng lesson.
- Pilitin ang sinuman na makibahagi.

### PAGKATAPOS NG COUNCIL MEETING

**GAWIN:**

- Mag-follow up sa mga plano at asignaturang ginawa sa council meeting.
- Humanap ng mga paraan upang maisama ang mga hindi nakadalo sa miting dahil sa mga tungkulin o iba pang kadahilanan. Ipaalam sa kanila ang tungkol sa mga planong ginawa.
- Bigyan ng pagkakataong makapagbahagi ng mga karanasan ang mga miyembro sa mga miting na gaganapin sa hinaharap.

*"Isa sa magagandang bagay tungkol sa council meeting na ito ay talagang makapagpaplano ka ng aksiyong gagawin sa pagtatapos ng miting."*

—Sister Jean B. Bingham, Pangkalahatang Pangulo ng Relief Society

Mga Miting sa

# Ikalawa at Ikatlong Linggo

Sa ikalawa at ikatlong Linggo ng bawat buwan, ang mga elders quorum at Relief Society ay mag-aaral mula sa mga turo ng mga lider ng Simbahan mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya. *Dapat na bigyang-diin ang mga mensahe ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.* Gayunman, batay sa mga lokal na pangangailangan at inspirasyon mula sa Espiritu, maaaring talakayin ang anumang mensahe mula sa pinakahuling kumperensya.

Kadalasan, ang elders quorum o panguluhan ng Relief Society ang pipili ng isang mensahe sa kumperensya na pag-aaralan batay sa mga pangangailangan ng mga miyembro, bagama't maaaring magbigay ng suhestiyon ang bishop o stake president. Ang mga lider ay maaaring pumili ng isang mensaheng nauugnay sa paksang tinalakay sa nakalipas na council meeting sa unang linggo, o maaari silang pumili ng isang mensahe na iba ang paksa, batay sa inspirasyon mula sa Espiritu.

Dapat na humanap ng mga paraan ang mga lider at titser na hikayatin ang mga miyembrong basahin ang mga piniling mensahe nang mas maaga at maghandang ibahagi ang mga katotohanan ng ebanghelyo at mga ideya kung paano gagawan ng aksiyon ang mga ito. Ang iminungkahing mga aktibidad sa pag-aaral na nasa ibaba, na batay sa mga alituntunin sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* ay makatutulong sa mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya.

*"Matapat na maghanap ng paraan para maisama ang mga mensaheng ito [mula sa pangkalahatang kumperensya] sa inyong family home evening, inyong pagtuturo ng ebanghelyo, [at] inyong pakikipag-usap sa pamilya at mga kaibigan."*

Pangulong Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118.

**M. Russell Ballard,** *"Mga Natatanging Kaloob mula sa Diyos," 9–11*

Ang mensahe ni Pangulong Ballard ay tumatalakay sa iba't ibang paksa—kabilang na ang mga propeta, pananampalataya kay Cristo, ang sakramento at paglilingkod—at maaaring ipalagay ng mga miyembro ng iyong korum o Relief Society ang magkakaibang paksa na mas makabuluhan. Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng isang bagay mula sa mensaheng ito na nagbigay-inspirasyon sa kanila. Anong mga paanyaya o ipinangakong pagpapala ang nakikita natin sa mensahe ni Pangulong Ballard? Sabihin sa mga miyembro na pagnilayan ng ilang minuto kung ano ang inspirado nilang gawin bunga ng talakayang ito.

**Gary E. Stevenson,** *"Ang Puso ng Isang Propeta," 17–20*

Para tulungan ang mga miyembrong "maunawaan ang kahalagahan" ng tungkulin ng isang bagong propeta, sabihin mo sa mga miyembrong saliksikin ang mensahe ni Elder Stevenson, na inaalam ang mga katotohanan at ideyang nakatutulong sa kanila na maunawaan ang kahalagahan at kasagraduhan ng banal na prosesong ito. Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng naramdaman nila noong mga oras ng kapita-pitagang kapulungan kung saan sinang-ayunan si Pangulong Nelson bilang Pangulo ng Simbahan. Magdrowing ka ng isang puso sa pisara at ipasulat dito sa mga miyembro ang mga salita o pariralang naglalarawan sa puso at pagkatao ni Pangulong Nelson. Ano ang itinuro niya na nagpala sa atin?

**Neil L. Andersen,** *"Ang Propeta ng Diyos," 24–27*

Ang pagtalakay sa mensahe ni Elder Andersen ay makapagpapatibay sa pananampalataya ng mga miyembro sa mga buhay na propeta. Sabihin mo sa kanila na maghanap sa kanyang mensahe ng isang bagay na makatutulong sa kanila na maunawaan kung bakit ang Diyos ay may mga propeta sa mundo at kung bakit sinusunod natin sila. Paano tayo pinagpapala dahil may propeta tayo? Maibabahagi ng mga miyembro kung paano sila nagkaroon ng patotoo na si Pangulong Russell M. Nelson ay propeta ng Panginoon at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

**David A. Bednar,** *"Maamo at May Mapagpakumbabang Puso," 30–33*

Para pukawin ang talakayan tungkol sa mensahe ni Elder Bednar, isulat mo sa pisara *Ang Kaamuan ay . . .* at *Ang Kaamuan ay hindi . . .* Pagkatapos ay maaari nang saliksikin ng mga miyembro ang mensahe ni Elder Bednar at ipasulat sa pisara ang mga pariralang makikita nila para kumpletuhin ang mga pahayag na ito. Ano ang matututuhan

natin mula sa mensaheng ito na humihikayat sa ating maging mas maamo? Anong mga halimbawa ng kababaang-loob ang naiisip natin? Paano natin maisasabuhay ang payo ni Elder Bednar na maging mas maamo?

**Bonnie L. Oscarson,** *"Mga Kabataang Babae sa Gawain," 36–38*

Ang mga tanong ay isang paraan para maanyayahan ang pagninilay. Isulat mo sa pisara ang ilang katanungang sinagot ng mensahe ni Sister Oscarson, gaya ng *Paano natin maisasali ang mga kabataang babae sa gawain ng Panginoon?* Sabihin sa mga miyembro na saliksikin ang kanyang mensahe para sa mga sagot sa mga tanong na ito at talakayin ang natutuhan nila. Anong mga pagpapala ang dumarating kapag kabilang ang mga kabataang babae sa paglilingkod? Maibabahagi ng mga miyembro ng klase ang mga naging karanasan nila sa paglilingkod kabalikat ang mga kabataang babae. Batay sa ating talakayan, ano ba ang inspirado nating gawin?

**Dale G. Renlund,** *"Family History at Gawain sa Templo: Pagbubuklod at Pagpapagaling," 46–49*

Nagsalita si Elder Renlund tungkol sa pangitain ni Ezekiel ng isang templong nilalabasan ng tubig (tingnan sa Ezekiel 47:8–9). Ipadrowing sa isang miyembro ng korum o Relief Society ang isang larawan ng pangitaing ito sa pisara. Paano nahahalintulad ang mga pagpapala ng temple at family history sa tubig sa pangitain ni Ezekiel? Sabihin mo sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng mga naging karanasan nila sa mga pagpapala ng templo at family history. Ano ang magagawa natin para maging bahagi na ng buhay natin ang family history at gawain sa templo?

**D. Todd Christofferson,** *"Ang Elders Quorum," 55–58*

Sa elders quorum, sabihin mo sa mga miyembro ng korum na basahin ang bahagi ng mensahe ni Elder Christofferson na may pamagat na "Ang Layunin ng mga Pagbabagong Ito." Ano ang magagawa natin para matiyak na maisasakatuparan natin ang mga layuning ito? Sa Relief Society, tumawag ka ng isang taong magbubuod ng mga pagbabago sa mga Korum ng Melchizedek Priesthood na inilarawan ni Elder Christofferson. Pagkatapos ay ipatukoy sa mga sister ang mga alituntuning ipinahiwatig sa mga pagbabagong ito na maiaangkop sa gawain ng Relief Society ninyo. Sa elders quorum o Relief Society, maaaring talakayin ng mga miyembro ang natutuhan nila mula sa kuwento ni Brother Goates at kung paano ito naaangkop sa kanilang gawain.

**Ronald A. Rasband,** *"Masdan! Hukbong Kaygiting," 58–61*

Marahil ang sama-samang pag-awit, pakikinig, o pagbasa ng mga titik ng "Masdan! Hukbong Kaygiting" (*Mga Himno,* blg. 153) ay makapagbibigay-inspirasyon sa talakayan tungkol sa mensahe ni Elder Rasband. Paano nahahalintulad ang mga korum ng priesthood at Relief Society sa isang maharlikang hukbo? Maaari ring hanapin at talakayin ng mga miyembro ang "napakaraming pagpapala" na binanggit ni Elder Rasband na sasapit sa pagsasaayos ng mga korum ng priesthood. Ano ang iba pang mga pagpapalang natanggap natin—o inaasahan nating matatanggap—mula sa pagpapatupad ng mga pagbabagong ito? Paano rin ganap na matatanggap ng mga Relief Society ang mga pagpapalang tulad ng "magkakaibang kaloob" at "pagtuturo"?

**Henry B. Eyring,** *"Inspiradong Pagmiministeryo," 61–64*

Ikinuwento ni Pangulong Eyring ang dalawang mensahe sa sacrament meeting tungkol sa pagmiministeryong hinangaan niya. Sabihin mo sa kalahati ng korum o Relief Society na rebyuhin ang mga salita ng 14-na-taong-gulang na binatilyo at sa natitirang kalahati naman ang kuwento tungkol sa home teacher. Habang nagbabasa sila, sabihin sa mga miyembro na mag-isip ng maipapayo nila sa isang binatilyo o dalagita na bagong itinalagang maglingkod sa isang tao. Paano tayo magiging "mas inspirado at mapagkawanggawa . . . sa pagmiministeryo natin"?

**Dallin H. Oaks,** *"Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood," 65–68*

Para simulan ang isang talakayan, isulat mo ang mga pamagat ng apat na bahagi ng mensahe ni Pangulong Oaks sa pisara. Pagkatapos ay sabihin sa bawat miyembro na basahin nang tahimik ang isang bahagi at magsulat pagkatapos sa pisara ng isang pangungusap na nagbubuod ng pangunahing mensahe ng bahaging iyon. Pagkatapos ay ipabahagi sa mga miyembro ang inspirado nilang gawin dahil sa nabasa nila. Paano bubuti ang paglilingkod natin bilang mga priesthood holder o sister ng Relief Society kapag ipinamuhay natin ang mga turo sa mensahe ni Pangulong Oaks?

**Russell M. Nelson,** *"Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," 68–75*

Inaanyayahan ni Pangulong Nelson ang mga priesthood holder na "bumangon" at gamitin ang priesthood upang pagpalain ang mga anak ng Ama sa Langit. Sabihin sa mga miyembro ng iyong korum o Relief Society na hanapin ang mga halimbawang ibinibigay niya at talakayin kung paano nakatutulong ang mga ito upang maunawaan natin kung paano magagamit ang priesthood para pagpalain ang kanilang pamilya at iba pa. Anong mga karanasan ang maibabahagi natin nang pinagpala tayo ng kapangyarihan ng priesthood? Paano natin matutulungan ang iba o ang ating sarili na magkaroon ng pananampalatayang gamitin ang priesthood ng Diyos na "maglingkod sa Kanyang pangalan"?

**Reyna I. Aburto,** *"Matibay na Nangagkakaisa," 78–80*

Nagbibigay ng pagkakataon ang mensahe ni Sister Aburto sa iyong quorum o sa Relief Society na suriin kung gaano kayo kahusay sa pakikiisa sa paggawa ng gawain ng Panginoon. Para matulungan ang mga miyembrong gawin ito, ipakita mo ang mga larawan ng mga monarch butterfly, ang pagdalaw ng Tagapagligtas sa mga Nephita (tingnan sa *Aklat ng Sining ng Ebanghelyo,* 82, 83, 84), at pagkakawanggawa ng Simbahan (tingnan sa LDS.org). Maaaring saliksikin ng mga miyembro ang mensahe at tuklasin kung paano ginamit ni Sister Aburto ang mga halimbawang ito upang ituro ang tungkol sa mga layunin at pagpapala ng pagkilos nang may pagkakaisa. Ano ang magagawa natin para kumilos "nang may pagkakaisa"?

**Henry B. Eyring,** *"Mapasainyo ang Kanyang Espiritu,"86–89*

Para maragdagan ang ating hangarin at abilidad na tanggapin ang Espiritu Santo, nagbahagi si Pangulong Eyring ng ilang personal na karanasan at nagbibigay ng partikular na tagubilin. Matapos rebyuhin ang kanyang mga karanasan, anong kaparehong mga alaala ang maibabahagi ng mga miyembro ng iyong korum o Relief Society noong maantig

## Pattern para sa Ating mga Miting

**1. Magbahagi ng mga karanasang** bunsod ng pagkilos sa mga impresyon at paanyayang natanggap sa mga nakaraang miting ng priesthood o Relief Society (na pinamunuan ng isang miyembro ng panguluhan).

**2. Sama-samang matuto** (na pinamumunuan ng isang tinawag na titser). Madalas na makatutulong na anyayahan ang mga miyembro na:

a. Maghanap sa mga mensahe sa kumperensya (tulad ng sagot sa isang tanong, isang nagbibigay-inspirasyong talata o halimbawa ng isang alituntunin).

b. Ibahagi at talakayin ang nahanap nila.

c. Isipin kung paano naaangkop ang mga mensahe sa kanilang buhay at mga karanasan.

**3. Planuhin ang aksiyong gagawin** bilang mga indibidwal o isang grupo (na pinamumunuan ng isang miyembro ng panguluhan).



ng Espiritu Santo ang kanilang mga puso o pinagtibay nito ang katotohanan? Maisusulat ng mga miyembro sa pisara ang mga patnubay na ibinahagi ni Pangulong Eyring para makatulong na "buksan ang ating mga puso para matanggap ang tulong ng Espiritu." Paano tayo matutulungan ng kanyang tagubilin sa sariling buhay natin at pamilya? sa ating korum o Relief Society?

**Dallin H. Oaks,** *"Maliliit at mga Karaniwang Bagay," 89–92*

Naglalaman ang mensahe ni Pangulong Oaks ng mga talinghaga, na nagtuturo kung paano makaaapekto nang malaki ang maliliit at karaniwang bagay sa ikabubuti man o ikasasama. Napapaloob sa mga talinghagang ito ang mga ugat ng puno, isang pangkat ng tagasagwan, mga hibla ng lubid, at tubig na pumapatak. Ipabasa sa mga miyembro ang mga talinghagang ito at pag-usapan ang itinuturo nito tungkol sa kapangyarihan ng palagiang paggawa ng maliliit at karaniwang bagay. Anu-ano ang maliliit at karaniwang bagay na naghahatid ng impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay? Sabihin sa mga miyembro na pag-isipang mabuti kung ano ang impresyon sa kanila na dapat nilang gawin upang masunod ang payo ni Pangulong Oaks.

**Russell M. Nelson,** *"Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," 93–96*

Sa kanyang mensahe, nagsumamo sa atin si Pangulong Nelson na dagdagan ang ating "espirituwal na kakayahan na tumanggap ng paghahayag." Para tulungan ang mga miyembrong sundin ang kanyang tagubilin, isulat mo ang mga sumusunod na tanong sa pisara: Bakit kailangan natin ng paghahayag? Paano natin malilinang ang ating kakayahang tumanggap ng paghahayag—para sa bawat isa at sama-samang nagsasanggunian? Anong mga pagpapala ang ipinangako ni Pangulong Nelson kung maghahangad tayo ng paghahayag? Hatiin sa mga grupo ang mga miyembro, at sabihin sa bawat grupo na humanap at ibahagi ang mga sagot sa isa sa mga tanong.

**Gerrit W. Gong,** *"Si Cristo Ngayo'y Nabuhay," 97–98*

Ano ang matututuhan ng mga miyembro ng iyong korum o ng Relief Society mula sa mensahe ni Elder Gong tungkol sa ating mga tipan at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo? Sabihin mo sa mga miyembrong saliksikin ang mensahe, na inaalam ang mga pagpapalang inihahandog ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at ng ating mga tipan—nang magkaagapay— sa atin. Pagkatapos ay itanong ang katulad ng mga sumusunod tungkol sa nalaman nila: Paano magkaagapay na "nagpapalakas at nagpapadakila" sa atin ang mga tipan natin at ang Pagbabayad-sala? Ano ang itinutulong nito sa mga bagay na kailangan nating panghawakan at sa kailangang pakawalan na?

**Ulisses Soares,** *"Ang mga Propeta ay Nagsasalita sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo," 98–99*

Makapagbibigay-inspirasyon sa atin ang mensahe ni Elder Soares na kumilos nang may pananampalataya kapag nadarama natin ang ating kakulangan para maisagawa ang kalooban ng Panginoon. Paano nakatanggap si Elder Soares ng kapanatagan at katiyakan nang matanggap niya ang kanyang bagong tungkulin bilang isang Apostol? Ano ang natutuhan niya mula sa kanyang karanasan nang matawag siyang mission president? Ano ang matututuhan natin mula sa kanyang mga naging karanasan? Bigyan ng pagkakataon ang mga miyembrong makapagbahagi ng mga karanasan noong nakadama sila ng pag-aalinlangan sa isang bagay na nais ipagawa sa kanila ng Panginoon. Ano ang ginawa ninyo para matagpuan ang pananampalatayang magpatuloy sa pag-usad?

**Jeffrey R. Holland,** *"Makapiling at Palakasin Sila," 101–3*

Nang malaman ng mga miyembro ng iyong korum o ng Relief Society ang tungkol sa mga pagbabago "sa konsepto sa ministering ng priesthood at Relief Society," ano ang mga naging tanong nila? Makapagbibigay ng mga sagot ang mensahe ni Elder Holland. Ipahanap sa mga miyembro ang mga alituntunin ng ebanghelyong itinuro ni Elder Holland na siyang pundasyon ng mga pagbabagong ito. Anong paanyaya ang makikita natin sa kanyang mensahe? Anu-anong biyaya ang ipinangako? Paano tayo matutulungan ang mga bagong paraan ng paglilingkod para maging "tunay na mga disipulo ni Cristo"?

**Jean B. Bingham,** *"Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," 104–7*

Sa kanyang mensahe, inaanyayahan tayo ni Sister Bingham na tanungin natin

ang sarili ng mga bagay na makapagbibigay ng gabay sa ating mga pagsisikap na makapaglingkod. Ipatalakay sa mga miyembro kung paano magagabayan ng mga tanong na ito ang kanilang mga pagsisikap at pagkatapos ay maghanap ng mga sagot sa tanong si Sister Bingham, "Kung gayon, ano ang [paglilingkod na] mga ito?" Mag-ukol ng oras para rebyuhin ang ilan sa mga halimbawang ibinahagi ni Sister Bingham tungkol sa mga indibidwal na nagsisipaglingkod at sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga sarili nilang halimbawa. Ano ang nakita natin sa mensahe ni Sister Bingham na nagpalawak sa ating pang-unawa kung bakit at paano tayo maglilingkod?

**Dieter F. Uchtdorf,** *"Narito, ang Tao!," 107–10*

Paano natin tutulungan ang isang tao na maunawaan na ang nagbabayad-salang sakripisyo at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo ang pinakamahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng mundo? Sabihin sa mga miyembro na pagnilayan ang tanong na ito habang binabasa nila ang mga bahagi ng mensahe ni Elder Uchtdorf. Ano ang nalaman nila na makatutulong na ipaliwanag kung bakit napakahalaga sa kanila ng mga pangyayaring ito? Matapos ang talakayang ito, sabihin sa mga miyembro ng klase na pag-usapan ang kahulugan para sa kanila ng "narito [pagmasdan] ang tao." Paano natin natutuhang "narito [pagmasdan] ang tao"?

**Quentin L. Cook,** *"Maghandang Humarap sa Diyos," 114–17*

Simulan mo ang iyong pagtalakay sa mensahe ni Elder Cook sa pamamagitan ng pagsasabi sa isang miyembro na ibuod ang panunumbalik ng mga susi ng priesthood sa Kirtland Temple. Ayon sa mensahe ni Elder Cook, ano ang mga responsibilidad ng Simbahan kaugnay ng mga susing ito? Paano nakikita ang mga responsibilidad na ito sa Simbahan ngayon? Isulat ang mga salitang *kabutihan, pagkakaisa,* at *pagkakapantay-pantay* sa pisara, at ipabahagi sa mga miyembro ang mga ideyang nakamtan nila sa bawat alituntuning ito mula sa mensahe ni Elder Cook. Paano nakatutulong ang mga alituntuning ito para magampanan natin ang mga sagradong responsibilidad ng Simbahan?



## Mga Miting sa
# Ikaapat na Linggo

Sa ikaapat na Linggo ng bawat buwan, tatalakayin ng mga elders quorum, at Relief Society ang isang paksang pinili ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang mga paksang ito sa ikaapat na Linggo ay ia-update pagkatapos ng bawat pangkalahatang kumperensya. Mula ngayon hanggang sa susunod na pangkalahatang kumperensya, ang paksa ay "Paglilingkod sa Iba." Kada buwan, pamumunuan ng mga lider o titser ang mga talakayan sa alinman sa sumusunod na mga alituntunin na may kaugnayan sa paglilingkod.

Para sa karagdagang sanggunian upang suportahan ang mga talakayan tungkol sa paglilingkod, tingnan sa ministering.lds.org at mga artikulo sa "Mga Alituntunin ng Paglilingkod" sa mga isyu ng *Liahona* sa hinaharap.

### Ano ang ibig sabihin ng maglingkod?

Ano ang kahulugan ng *paglilingkod* sa mga miyembro ng iyong ward o branch? Para malaman ito, isulat mo sa pisara ang [salitang] *paglilingkod* at pagkatapos ay magpasulat sa mga miyembro ng mga salita sa paligid nito na maiuugnay nila sa paglilingkod. Makahahanap ang mga miyembro ng mga salita o parirala para idagdag sa listahan mula sa mga banal na kasulatan na tulad ng mga sumusunod: Mateo 25:34–40; Lucas 10:25–37; 2 Nephi 25:26; Mosias 18:8–9; 3 Nephi 18:25; at Doktrina at mga Tipan 81:5. Ano ang natututuhan natin mula sa mga talatang ito tungkol sa paglilingkod? Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa ng paglilingkod na nasaksihan nila. Paano nakatutulong ating paglilingkod para matugunan ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan ng mga tao? Paano ito makatutulong sa mga tao na mas mapalapit pa kay Cristo?

### Ang Tagapagligtas ang ating perpektong halimbawa ng paglilingkod.

Para matutuhan kung paano maglingkod nang epektibo, makapagbabahagi ng mga kuwento ang mga miyembro mula sa mga banal na kasulatan kung saan

naglingkod ang Tagapagligtas sa iba—ang ilang halimbawa ay matatagpuan sa Juan 4–6 at Marcos 2:1–12. Makapagbabahagi ang mga miyembro ng mga kuwentong hinangaan nila at kung ano ang mga alituntuning natutuhan nila tungkol sa paglilingkod. Halimbawa, paano ginawang personal ng Tagapagligtas ang Kanyang paglilingkod sa iba? Paano Niya tinugunan ang mga espirituwal na pangangailangan pati na ang temporal na pangangailangan ng mga tao? Maibabahagi ng mga miyembro ng klase ang mga pagkakataong nakakita sila ng mga taong ginamit ang mga alituntuning ito sa kanilang paglilingkod.

### Ang paglilingkod ay bunsod ng pag-ibig ni Cristo.

Para tuklasin ang kapangyarihan ng paglilingkod na bunsod ng pag-ibig ni Cristo, isulat mo sa pisara ang mga sumusunod na pangungusap at sabihin sa mga miyembro na magmungkahi ng mga paraan para punan ang mga patlang: *Kapag talagang mahal ko ang mga taong pinaglilingkuran ko, ako ay ________. Kapag naglilingkod ako na iba ang mga dahilan, ako ay _______.* Ano ang magagawa natin para matiyak na ang ating paglilingkod sa iba ay bunsod ng pag-ibig ni Cristo? Paano natin lilinangin ang pag-ibig ni Cristo para sa mga taong itinakda na paglingkuran natin? (tingnan sa Moroni 7:45–48). Makapagbabahagi ang mga miyembro ng mga halimbawa ng paglilingkod na binigyang-inspirasyon ng pag-ibig ni Cristo.

### Nais ng Diyos na mabantayan at kalingain ang lahat ng Kanyang mga anak.

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "Ang katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon ay ang organisado at nakadirektang pagsisikap na maglingkod sa mga indibidwal na anak ng Diyos at sa kanilang mga pamilya" ("Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 69.). Ano ang itinuturo ni Pangulong Nelson na ilang paraan ng "organisado, nakadirektang" pamamaraan ng pagtulong sa atin ng Simbahan para mas mahusay na mapangalagaan ang mga indibidwal? Bakit ang mga pagsisikap na ito ay "[isang] katangian ng totoo at buhay na Simbahan ng Panginoon"? (tingnan sa Mosias 18:21–22 at Moroni 6:4–6 para sa ilang ideya). Anong mga pagpapala ang dumating sa ating buhay o sa buhay ng iba dahil naglingkod ang mga tao sa kanilang mga tungkulin o asignatura sa Simbahan?

### Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos.

Inilalarawan ng mga karanasan ng mga anak ni Mosias na nakaaapekto ang tingin natin sa mga tao sa kung paano natin sila paglilingkuran. Isulat mo sa pisara *Paano tingnan ng mga Nephita ang mga Lamanita* at *kung paano tingnan ng mga anak ni Mosias ang mga Lamanita.* Pagkatapos ay ipasaliksik sa mga miyembro ang Mosias 28:1–3 at Alma 26:23–26 upang humanap ng mga salita at pariralang isusulat nila sa ilalim ng bawat pahayag na ito. Ano ang itinuturo sa atin ng paghahambing na ito sa kung paano nakaaapekto ang tingin natin sa mga tao sa paraan ng paglilingkod natin sa kanila? Paano natin matututuhang tingnan ang mga tao na tulad ng tingin sa kanila ng Diyos? (tingnan sa D at T 18:10–16).

### Ang mga tunay na tagapaglingkod ay nakatuon sa mga pangangailangan ng iba.

Para tulungan ang mga miyembro na mas maunawaan ang kahalagahan ng pagtutuon ng pansin sa mga pangangailangan ng iba sa ating paglilingkod, ihambing mo ang paglilingkod sa pagbibigay at pagtanggap ng mga regalo. Nakatanggap na ba tayo ng mahalagang regalo mula sa isang taong alam na alam ang kailangan o gusto natin? Paano katulad ng pagbibigay ng isang pinag-isipang regalo ang paglilingkod? Pag-isipan ang pagtalakay sa mga kuwento mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensiya na nagpapakita kung paano naglingkod ang mga tao ayon sa mga pangangailangan ng iba (tingnan, halimbawa, Jean B. Bingham, "Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," *Liahona,* Mayo 2018). Makapagbabahagi rin ang mga miyembro ng iba pang mga kuwento na nagpapakita ng mga alituntuning ito.

Paano natin malalaman ang mga pangangailangan ng iba? Sabihin sa bawat miyembro na gumawa ng listahan ng ilan sa mga taong pinaglilingkuran nila. Sa tabi ng bawat pangalan, isulat nila ang sagot sa tanong na "Ano ang kailangan ng taong ito para mas mapalapit kay Cristo?" Kung naaangkop, sabihin sa mga miyembro na isulat na rin ang mga ordenansang kailangang matanggap ng bawat taong ito. Sabihin sa mga miyembro na patuloy na pag-isipan ang tungkol sa tanong na ito at humingi ng inspirasyon na tulungan silang matugunan ang mga pangangailangan ng iba.

### Nais ng Panginoon na tumanggap tayo ng paglilingkod mula sa iba.

Sinabi ni Elder Robert D. Hales: "Ang plano ng ebanghelyo ay nangangailangan ng pagbibigay at pagtanggap. . . . Madalas sabihin ng mga taong nahihirapan: 'Gagawin ko ito nang mag-isa,' . . . 'Kaya kong pangalagaan ang sarili ko.' Minsan nang may nagsabi na walang taong napakayaman na hindi na niya kailangan pa ang tulong ng iba, walang taong napakahirap na hindi makatutulong sa anumang paraan sa kanyang kapwa. Ang disposisyong humingi ng tulong mula sa iba nang may tiwala, at ipagkaloob ito nang may kabaitan, ay dapat na maging bahagi ng ating pagkatao" ("We Can't Do It Alone," *Ensign,* Nob. 1975, 91, 93). Bakit alanganin tayo kung minsan sa pagtanggap ng tulong mula sa iba? Paano nakatutulong ang pagpayag nating tumanggap ng tulong na mapagpala ang mga taong naglilingkod sa atin? Bigyan ang mga miyembro ng ilang sandali para pag-isipan ang mga paraan na maaari silang maging mas handang tumanggap ng paglilingkod ng iba. Ano ang ipinahihiwatig sa 1 Mga Taga Corinto 12:13–21 kung bakit kailangan natin ang isa't isa?


### Maraming paraan para makapaglingkod tayo sa iba.

Para matulungan ang mga miyembro na isaalang-alang ang maraming paraan para mapaglingkuran natin ang iba, sabihin sa kanila na rebyuhin ang mensahe ni Elder Jeffrey R. Holland na "Makapiling at Palakasin Sila" (*Liahona,* Mayo 2018, 101–3; tingnan din sa "Mga Alituntunin ng Paglilingkod" sa susunod mga isyu ng *Liahona*). Hatiin ang mga miyembro sa maliliit na grupo, at sabihin sa bawat grupo na mag-isip ng ilang sitwasyon kung saan kakailanganin ng isang tao ang tulong. Pagkatapos ay pag-usapan nila ang iba't ibang paraan kung paano makapaglilingkod ang mga tao sa espirituwal at temporal na pangangailangan ng mga indibidwal sa mga sitwasyong ito. Sabihin sa mga grupo na ibahagi ang kanilang mga ideya at isiping mabuti kung may alinman sa mga ideyang tinalakay ang magpapala sa mga taong pinaglilingkuran nila. ■



Ang Korum ng Labindalawang Apostol

*Nakaupo, mula sa kaliwa: Pangulong M. Russell Ballard, Elder Jeffrey R. Holland, Elder Dieter F. Uchtdorf, Elder David A. Bednar, Elder Quentin L. Cook. Nakatayo, mula sa kaliwa: Elder D. Todd Christofferson, Elder Neil L. Andersen, Elder Ronald A. Rasband, Elder Gary E. Stevenson, Elder Dale G. Renlund, Elder Gerrit W. Gong, Elder Ulisses Soares.*



“Binabasbasan ko kayo para matukoy ninyo ang mga bagay na maaaring maisantabi ninyo upang makapaglaan kayo ng mas maraming oras sa loob ng templo,” sabi ni Pangulong Russell M. Nelson sa pagtatapos ng huling sesyon ng ika-188 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng higit na pagkakasundo at pagmamahal sa inyong mga tahanan at ng mas masidhing hangaring pangalagaan ang inyong walang hanggang mga ugnayan sa pamilya. Binabasbasan ko kayo para magkaroon kayo ng mas malakas na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at ng karagdagang abilidad na sundin Siya bilang Kanyang tunay na mga disipulo.

“Binabasbasan ko kayo para maitaas ninyo ang inyong mga tinig sa pagpapatotoo, tulad ng ginagawa ko ngayon, na ang ginagawa natin ay gawain ng Makapangyarihang Diyos! Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan na pinamamahalaan Niya sa pamamagitan ng Kanyang hinirang na mga tagapaglingkod.”

TAGALOG
4 02147 51893 4

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW